

Liahona

A family of six is walking on a sidewalk during a rain shower. They are all smiling and holding black umbrellas. The father is on the left, wearing a dark suit and a patterned tie. The mother is in the center, wearing a white top, a bright green cardigan, and a black and white floral skirt. They are surrounded by four young boys in school uniforms (white shirts, dark ties, and dark pants). The background shows a large, ornate building with many windows and trees.

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Bagong Tawag na mga
Pitumpu, Presiding Bishopric,
at Relief Society General
Presidency



© ELSPETH YOUNG, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Nang Nagbubukang Liwayway Na, ni Elspeth Young

“At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena [nakalarawan sa itaas], at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome ay nagsisilbi ng mga pabango, upang siya’y pahiran.

“At pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw” (Marcos 16:1–2).

- 2 Buod ng Ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Sa Pagtitipon Nating Muli
Pangulong Thomas S. Monson
- 6 Papatnubayan Sila ng Munting Bata
Pangulong Boyd K. Packer
- 10 Turuan ang Ating mga Anak na Umunawa
Cheryl A. Esplin
- 13 Nagbalik-loob sa Kanyang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Kanyang Simbahan
Elder Donald L. Hallstrom
- 16 Talagang Mahal Niya Tayo
Elder Paul E. Koelliker
- 19 Sakripisyo
Elder Dallin H. Oaks
- 23 Mga Bundok na Aakyatin
Pangulong Henry B. Eyring

SESYON SA SABADO NG HAPON

- 27 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 29 Ulat ng Church Auditing Department, 2011
Robert W. Cantuwell
- 30 Ulat sa Estadistika, 2011
Brook P. Hales
- 31 Ang mga Manggagawa sa Ubasan
Elder Jeffrey R. Holland
- 34 Pagkilala sa Ating Sarili: Ang Sakramento, ang Templo, at Sakripisyo sa Paglilingkod
Elder Robert D. Hales
- 37 Pananampalataya, Katatagan, Kapanatagan: Isang Mensahe para sa mga Magulang na Walang Asawa
Elder David S. Baxter
- 39 Manatili sa Teritoryo ng Panginoon!
Elder Ulisses Soares
- 41 Makinig sa Himig ng Pananampalataya
Elder Quentin L. Cook
- 45 Paano Makatatanggap ng Paghahayag at Inspirasyon sa Inyong Personal na Buhay
Elder Richard G. Scott

SESYON SA PRIESTHOOD

- 48 Ang mga Kapangyarihan ng Langit
Elder David A. Bednar

- 52 Ang Pagsagip para sa Totoong Pag-unlad
Bishop Richard C. Edgley
- 55 Aaronic Priesthood: Bumangon at Gamitin ang Kapangyarihan ng Diyos
Adrián Ochoa
- 58 Ang Layunin ng Paglilingkod sa Priesthood
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 62 Mga Pamilyang Nakipagtipan
Pangulong Henry B. Eyring
- 66 Handa at Karapat-dapat na Maglingkod
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 70 Ang Mahabagin ay Kahahabagan
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 77 Salamat sa Diyos
Elder Russell M. Nelson
- 80 Natatanging mga Aral
Elder Ronald A. Rasband
- 83 Ang Pananaw ng mga Propeta tungkol sa Relief Society: Pananampalataya, Pamilya, Kaginhawahan
Julie B. Beck
- 86 Ang Doktrina ni Cristo
Elder D. Todd Christofferson
- 90 Ang Takbo ng Buhay
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 94 Ang Kapangyarihang Magligtas
Elder L. Tom Perry
- 97 Upang Mahanap ang Naliligaw
Elder M. Russell Ballard
- 101 Magkaroon ng Mithiing Kumilos
Elder O. Vincent Haleck
- 103 Tanging Alinsunod Lamang sa mga Alituntunin ng Kabutihan
Elder Larry Y. Wilson
- 106 Sulit Ba Ito?
Elder David F. Evans
- 109 Panatiliing Sagrado
Elder Paul B. Pieper
- 111 Ano ang Iniisip ni Cristo tungkol sa Akin?
Elder Neil L. Andersen
- 115 Sa Pagtatapos Nitong Kumperensya
Pangulong Thomas S. Monson

PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN

- 117 Bumangon at Magliwanag
Ann M. Dibb
- 120 Maghangad na Matuto: May Gawain Kayong Gagawin
Mary N. Cook
- 123 Panahon na para Bumangon at Magliwanag!
Elaine S. Dalton
- 126 Maniwala, Sumunod, at Magtiis
Pangulong Thomas S. Monson
- 72 Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 130 Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya
- 132 Indeks ng mga Nangyari sa Kumperensya
- 133 Mga Turo para sa Ating Panahon
- 133 Mga General Auxiliary Presidency
- 134 Mga Balita sa Simbahan



Buod ng Ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

SABADO NG UMAGA, MARSO 31, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder John B. Dickson. Pangwakas na panalangin: Elder Wilford W. Andersen. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4; “Praise the Lord with Heart and Voice,” *Hymns*, blg. 73; “Kaya Mong Paningningin,” *Mga Himno*, blg. 138, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Salgang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47; “Dito ay May Pag-ibig,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 102–3, isinaayos ni Cardon, hindi inilathala; “Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Hinshaw.

SABADO NG HAPON, MARSO 31, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder William R. Walker. Pangwakas na panalangin: Elder Bruce A. Carlson. Musikang handog ng pinagsamang koro mula sa Provo Missionary Training Center; Douglas Brenchley at Ryan Eggett, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “Luwalhati sa Ating Diyos,” *Mga Himno*, blg. 37, isinaayos ni Manookin, inilathala ng Jackman; “Liwanag sa Gitna Nitong Dilim,” *Mga Himno*, blg. 53, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman; “Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod,” *Mga Himno*, blg. 151; “Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman.

SABAGO NG GABI, MARSO 31, 2012, SESYON SA PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder Yoon Hwan Choi. Pangwakas na panalangin: Elder Larry R. Lawrence. Musikang handog ng isang priesthood choir mula sa Salt Lake university institutes; Hal W. Romrell, Craig Allen, at Dennis Nordfelt, mga tagakumpas; Richard Elliott, organista: “O Jesus, Maging Gabay Ko,” *Mga Himno*, blg. 58, isinaayos ni Longhurst, inilathala ng Jackman; “Adhikain Ninyo’y Ituloy,” *Mga Himno*, blg. 157, isinaayos ni Durham, inilathala ng Jackman; “Mga Elder ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 198; “Nasa Puso ng Pastol,” *Mga Himno*, blg. 134, isinaayos ni Beebe, inilathala ng Larice.

LINGGO NG UMAGA, ABRIL 1, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder Brent H. Nielson. Pangwakas na panalangin: Elder Per G. Malm. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: “O mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 30; “Praise to the Lord, the Almighty,” *Hymns*, blg. 72, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; “Turuang Lumakad sa Liwanag,” *Mga Himno*, blg. 192, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Panginoo’y Hari!” *Mga Himno*, blg. 33; “Tayo Nang Mag-usap nang Marahan,” *Mga Himno*, blg. 143, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Come, Thou Fount of Every Blessing,” *Hymns* (1948), blg. 70, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford.

LINGGO NG HAPON, ABRIL 1, 2012, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder W. Craig Zwick. Pangwakas na panalangin: Elder Jairo Mazzagardi. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Magsilapit kay Jesucristo,” *Mga Himno*, blg. 68, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Pag-asa ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 161; “Kailangan Ko Kayo,” *Mga Himno*, blg. 54, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

SABADO NG GABI, MARSO 24, 2012, PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Elaine S. Dalton. Pambungad na panalangin: Abigail Pinegar. Pangwakas na panalangin: Katee Elizabeth Garff. Musikang handog ng Young Women choir mula sa mga stake sa American Fork, Utah; Merrilee Webb, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “O mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 30, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman; “Bilang mga Kabataang Sion,” *Mga Himno*, blg. 158, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; “Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 42–43, “Beautiful Savior,” *Children’s Songbook*, 62–63, medley na isinaayos ni Webb, hindi inilathala (cello: Daphne O’Rullian); “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4.

MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para maakses ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bisitahin ang conference.lds.org. Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan pagkatapos ng kumperensya, mayroon nang mga audio recording sa mga distribution center.

MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING


Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, mangyaring pumili ng isang mensaheng lubos na tutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Derek Israelsen. Likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Ang mga tagpo sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City at kinunan nina Craig Dimond, Welden C. Andersen, John Luke, Matthew Reier, Christina Smith, Cody Bell, Les Nilsson, Weston Colton, Sarah Jensen, Derek Israelsen, Scott Davis, Kristy Jordan, at Randy Collier; sa Albania ni Rebekah Atkin; sa Argentina ni Mariano Gabriel Castillo; sa Brazil nina Lauren Fochetto at Sandra Rozados; sa England ni John Krebs; sa France ni Sebastien Mongas; sa Guam ni Susan Anderson; sa Guatemala ni Jordan Francis; sa Idaho, USA, ni Luke Phillips; sa India ni Margaret Elliott; sa Minnesota, USA, ni Rhonda Harris; at sa Russia ni Andrey Semenov.



MAYO 2012 TOMO 15 BLG. 5**LIAHONA 10485 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:**

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Paul B. Pieper**Mga Tagapayo:** Keith R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:**

Jennifer L. Greenwood, Adam C. Olson

Associate na mga Patnugot: Susan Barrett, Ryan Carr**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBergh, Marissa A. Widdison, Melissa Zenteno**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Colleen Hinckley,

Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy

Staff sa Produksyon: Collette Nebeker Aune, Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen**Pagsasalain:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa liahona@ldschurch.orgAng *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.**For Readers in the United States and Canada:**May 2012 Vol. 15 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

**INDEX NG MGA TAGAPAGSALITA**

Andersen, Neil L., 111
 Ballard, M. Russell, 97
 Baxter, David S., 37
 Beck, Julie B., 83
 Bednar, David A., 48
 Christofferson, D. Todd, 86
 Cook, Mary N., 120
 Cook, Quentin L., 41
 Dalton, Elaine S., 123
 Dibb, Ann M., 117
 Edgley, Richard C., 52
 Esplin, Cheryl A., 10
 Evans, David F., 106
 Eyring, Henry B., 23, 62
 Haleck, O. Vincent, 101
 Hales, Robert D., 34
 Hallstrom, Donald L., 13
 Holland, Jeffrey R., 31
 Koelliker, Paul E., 16
 Monson, Thomas S., 4, 66, 90, 115, 126
 Nelson, Russell M., 77
 Oaks, Dallin H., 19
 Ochoa, Adrián, 55
 Packer, Boyd K., 6
 Perry, L. Tom, 94
 Pieper, Paul B., 109
 Rasband, Ronald A., 80
 Scott, Richard G., 45
 Soares, Ulisses, 39
 Uchtdorf, Dieter F., 27, 58, 70
 Wilson, Larry Y., 103

INDEKS NG MGA PAKSA

Aaronic Priesthood, 55
 Aklat ni Mormon, 41, 94
 Awa, habag, 70
 Awtoridad, 48, 86
 Banal na kasulatan, mga, 41
 Ebanghelyo, 13
 Edukasyon, 120
 Espiritu Santo, 10, 45, 58, 101, 109, 115
 Gawaing misyonero, 16, 19, 101, 106
 Gawain sa templo, 19, 34, 62
 Halimbawa, 16, 39, 55, 117, 123
 Inspirasyon, 45, 109
 Jesucristo, 19, 23, 31, 39, 77, 86, 90, 111
 Kaalaman, 120
 Kabanalan, 123
 Kabutihan, 48
 Kalayaan, 39, 103
 Kamatayan, 90
 Kapansanan, mga, 80
 Kapatawaran, pagpapatawad, 31, 70
 Kasagraduhan, 109
 Kasal, pag-aasawa, 6, 97
 Magulang na walang asawa, mga, 37
 Mga Bata, 6, 10
 Organisasyon ng Simbahan, 13
 Pag-asa sa sarili, 34
 Pagbabalik-loob, pagpapabinyag, 13
 Pagbabayad-sala, 19, 31
 Paghahayag, 45
 Paghahirap, 4, 23, 80, 94, 115

Pagiging ina, 37, 120
 Pag-ibig, pagmamahal, 16, 106
 Pagiging magulang, 6, 37, 103
 Pag-iimbot, 31, 77
 Pagkabuhay na Mag-uli, 90
 Pagkadisipulo, 101, 111
 Pagkamarapat, 55
 Paglago ng Simbahan, 4
 Pagliligtas, kaligtasan, 94
 Paglilingkod, 19, 34, 37, 58, 66, 83
 Pagpapaaktibo, 52, 55, 106
 Pagsisisi, 70
 Pagsunod, 39, 126
 Pagtititis, 126
 Pagtuturo, 10
 Pamantayan, mga, 117, 123
 Pamilya, 6, 16, 37, 41, 62, 70, 83, 97, 115
 Pananampalataya, 23, 37, 41, 83, 111, 126
 Pananaw, 90
 Pangitain, pananaw, 101
 Pangkalahatang kumperensya, 4
 Pasasalamat, 4, 77
 Plano ng kaligtasan, 13, 77, 80, 90
 Prayoridad, mga, 97
 Priesthood, 48, 52, 55, 58, 62, 66, 103
 Propeta, mga, 83, 86
 Relief Society, 83
 Sakramento, 34
 Sakripisyo, 19
 Tapang, lakas ng loob, 117
 Tipan, mga, 39, 62
 Tungkulin, 66



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Sa Pagtitipon Nating Muli

Mahal tayong lahat ng ating Ama sa Langit at alam Niya ang ating mga pangangailangan. Nawa'y mapuspos tayo ng Kanyang Espiritu habang nakikibahagi tayo sa mga kaganapan nitong kumperensya.


Minamahal kong mga kapatid, sa pagtitipon nating muli sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan, binabati ko kayo at sinasabing mahal ko kayo. Nagpupulong tayo kada anim na buwan upang patatagin ang isa't isa, upang manghikayat, magdulot ng kapanatagan, palakasin ang pananampalataya. Narito tayo para matuto. Ang ilan sa inyo ay maaaring naghahanap ng mga sagot sa mga tanong at hamon na nararanasan ninyo sa buhay. Ang ilan ay hirap na nakikibaka sa kalungkutan at pagkawala [ng mahal sa buhay]. Bawat isa ay mabibigyan ng kaliwanagan at mapasisigla at maaalo kapag nadama ang Espiritu ng Panginoon.

Kung may mga pagbabagong kailangang gawin sa inyong buhay, nawa'y mahanap ninyo ang dahilan para dito at ang lakas ng loob na gawin ito habang nakikinig sa bibigkasing mga salita. Nawa magkaroon tayo ng panibagong determinasyon na mumahay sa paraan na tayo ay magiging

karapat-dapat na mga anak ng ating Ama sa Langit. Nawa patuloy nating labanan ang masama kapag nakaka-harap natin ito.

Napakapalad nating maparito sa lupa sa panahong tulad nito—isang kagila-gilalas na panahon sa matagal nang kasaysayan ng mundo. Hindi tayo maaaring magsama-samang lahat sa iisang bubong, ngunit kaya na natin ngayong makibahagi sa kaganapan nitong kumperensya dahil sa hiwagang hatid ng telebisyon, radyo, cable, satellite transmission, at Internet—maging sa mobile devices. Nagkakaisa tayong nagtitipon, nagsasalita ng maraming wika, nakatira sa maraming lupain, ngunit lahat ay may iisang pananampalataya at isang doktrina at isang layunin.

Mula sa munting simulain 182 taon na ang nakaraan, ang ating presensya ngayon ay dama na sa iba't ibang panig ng mundo. Ang dakilang layuning ito na ating kinabibilangan ay patuloy na lalaganap, at babaguhin



at pagpapalain nito ang mga buhay. Walang adhikain, walang puwersa sa buong mundo na makapipigil sa gawain ng Diyos. Anuman ang mangyari, ang dakilang gawaing ito ay susulong. Alalahanin ninyo ang mga salita ni Propetang Joseph Smith: “Walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitgit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa lahat ng



lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na.”¹

Maraming bagay na mahirap at puno ng hamon sa mundo ngayon, mga kapatid, ngunit marami rin ang kabutihan at nagbibigay-sigla. Gaya ng sinasabi natin sa ating ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, “Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.” Nawa patuloy nating gawin iyan.

Salamat sa inyong pananampalataya at katapatan sa ebanghelyo. Salamat

sa pagmamahal at malasakit ninyo sa isa’t isa. Salamat sa paglilingkod ninyo sa inyong mga ward at branch at sa inyong mga stake at district. Sa gayong paglilingkod naisasakatuparan ng Panginoon ang Kanyang mga layunin dito sa lupa.

Ipinaaabot ko ang pasasalamat sa kabaitan ninyo sa akin saanman ako magtungo. Salamat sa inyong mga dalangin para sa akin. Nadama ko ang mga dalanging iyon at pinasasalamatan ang mga ito.

Ngayon, mga kapatid, naparito tayo para maturuan at mabigyang-inspirasyon. Maraming mensahe ang ibabahagi sa susunod na dalawang araw. Tinitiyak ko sa inyo na ang mga

lalaki at babaeng magsasalita sa atin ay hingi ang tulong at patnubay ng langit habang inihahanda ang kanilang mga mensahe. Nabigyang-inspirasyon sila hinggil sa mga bagay na ibabahagi nila sa atin.

Mahal tayong lahat ng ating Ama sa Langit at alam Niya ang ating mga pangangailangan. Nawa’y mapuspos tayo ng Kanyang Espiritu habang nakikibahagi tayo sa mga kaganapan nitong kumperensya. Ito ang taimting kong dalangin sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.



Ni Pangulong Boyd K. Packer
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Papatnubayan Sila ng Munting Bata

Dapat maunawaan ng mga mag-asawa na ang kanilang unang tungkulin—kung saan hindi sila kailanman mare-release—ay sa isa’t isa at pagkatapos ay sa kanilang mga anak.

Maraming taon na ang nakalipas, isang gabing malamig sa istasyon ng tren sa Japan ay narinig ko ang pagtuktok sa bintana ng aking tulugan. Doo’y nakatayo ang isang batang lalaking giniginaw suot ang sira-sirang kamiseta at may nakataling nanlilimahid na basahan sa kanyang namamagang panga. Puno ng galis ang kanyang ulo. May hawak siyang makalawang na lata at kutsara, na simbolo ng pulubing ulila. Habang hirap kong binubuksan ang pinto para bigyan siya ng pera, umandar na ang tren.

Hindi ko kailanman malilimutan ang nagugutom na musmos na naiwang nakatayo sa lamig, hawak ang basyong lata. At hindi ko malilimutan na wala akong nagawa habang dahan-dahang papalayo ang tren at naiwan siyang nakatayo sa platform.

Makalipas ang ilang taon sa Cusco, na isang mataas na lungsod sa Andes ng Peru, kami ni Elder A. Theodore Tuttle ay nagdaos ng sacrament meeting sa mahaba, makitid na silid na nakaharap sa kalye. Gabi na noon,

at habang nagsasalita si Elder Tuttle, isang batang lalaki, marahil mga anim na taong gulang, ang lumitaw sa may pintuan. Ang tanging suot niya ay sira-sirang kamiseta na hanggang tuhod niya.

Sa aming kaliwa ay may maliit na mesa na may plato ng tinapay para sa sacrament. Nakita nitong nagugutom na pulubi ang tinapay at dahan-dahang lumapit dito. Halos nasa mesa na siya nang makita siya ng isang babaing nakaupo sa gilid ng upuan. Naitaboy niya ang bata sa kadiliman ng gabi sa

pamamagitan ng isang galaw ng kanyang ulo. Nakaramdam ako ng awa.

Bumalik ang bata kalaunan. Dahan-dahan niyang ginaygay ang dingding, na sumusulyap sa tinapay at sa akin. Nang nasa punto na siyang makikita siyang muli ng babae, iniunat ko ang aking mga kamay, at nagtatakbo siya papunta sa akin. Kinandong ko siya.

Pagkatapos, parang puno ng simbolo, iniupo ko siya sa silya ni Elder Tuttle. Pagkatapos ng pangwakas na panalangin, nalungkot akong makitang tumakbo paalis ang gutom na batang lalaki sa dilim ng gabi.

Pagkauwi ko, ikinuwento ko kay Pangulong Spencer W. Kimball ang aking karanasan. Labis siyang naantig at sinabi niya sa akin, “Kinandong mo ang isang bansa.” At hindi lang niya minsang sinabi sa akin, “Higit na makahulugan ang karanasang iyon kaysa nalalaman mo.”

Sa halos 100 beses na pagbisita ko sa mga bansa ng Latin America, hinanap ko ang batang iyon sa mukha ng mga tao. Ngayon ay alam ko na ang ibig sabihin noon ni Pangulong Kimball.

May isa pa akong nakitang giniginaw na batang lalaki sa mga lansangan ng Salt Lake City. Malalim na ang gabi noon isang gabi ng taglamig. Lilisanin na namin ang Pamaskong hapunan sa isang hotel. Sa kalye ay may anim o walong maiingay na batang lalaki na paparating. Silang lahat ay dapat na nasa bahay na at hindi nakalantad sa lamig.

Isang bata ang walang pangginaw. Panay ang talon niya para mawala ang ginaw. Naglaho siya sa isang



kanto, walang dudang patungo sa isang maliit at hamak na apartment at higaan na walang sapat na kumot para mainitan siya.

Sa gabi, kapag nagkukumot na ako, nagdarasal ako para sa mga taong walang mainit na kamang mahigaan.

Nadestino ako noon sa Osaka, Japan, nang magwakas ang Ikalawang Digmaang Pangdaigdig. Nawasak ang lungsod, at ang mga kalye ay puno ng mga bato, labi, at mga butas na sanhi ng bomba. Bagamat tinamaan ng bomba ang halos lahat ng mga puno, may ilan sa mga ito na nakatayo pa rin at sira na ang mga sanga at puno at may ilang dahon na umusbong.

Isang maliit na batang babae na nakasuot ng lumang dekolor na kimono ang abalang nagtitipon ng mga dilaw na dahon ng sycamore at ginagawa itong isang pumpon. Tila walang alam ang batang ito sa pinsalang nakapalibot sa kanya habang namumulot siya sa mga labi para dagdagan ang mga dahon na napulot niya. Nakita niya ang nag-iisang kagandahan na naiwan sa kanyang daigdig. Marahil masasabi kong *siya* ay isang magandang bahagi ng kanyang mundo. Kahit paano, kapag naiisip ko siya ay nadaragdagan ang aking pananampalataya. Makikita sa bata ang pag-asa.

Itinuro ni Mormon na ang “maliliit na bata ay buhay kay Cristo”¹ at hindi kailangang magsisi.

Sa paglipat ng siglo, may dalawang misyonerong naglingkod sa kabundukan ng katimugang Estados Unidos. Isang araw, mula sa tuktok ng isang burol, nakakita sila ng mga taong nagtitipon sa kapatagan sa ibaba. Madalang magkaroon ng maraming matuturuan ang mga misyonero, kaya’t bumaba sila sa kapatagan.

Nalunod ang isang batang lalaki, at idaraos ang libing. Ipinasundo ng kanyang mga magulang ang ministro upang “basbasan” ang kanilang anak. Nanatili sa likuran ang mga misyonero samantalang hinaharap ng palakad-lakad na ministro ang nagdadalamhating ama at ina at sinimulan ang kanyang sermon. Kung umasa ang mga magulang na makatanggap ng pag-alo mula sa lalaking ito na



nakaabito, masisiphayo sila.

Pinagalitan niya ang mga magulang sa hindi pagpapabinyag sa bata. Ipinagpaliban nila ito sa kung anong dahilan, at ngayon ay huli na ang lahat. Tuwiran niyang sinabi sa kanila na ang kanilang anak ay napunta sa impiyerno. Sila ang may kasalanan. Sila ang sisisihin sa kanyang walang katapusang kaparusahan.

Nang matapos ang sermon at natabunan na ang puntod, nilapitan ng mga elder ang nagdadalamhating mga magulang. “Kami po ay mga lingkod ng Panginoon,” ang sabi nila sa ina, “at naparito kami para maghatid ng mensahe sa inyo.” Habang nakikinig ang humihikbing mga magulang, binasa ng dalawang elder ang mga paghahayag at nagpatotoo tungkol sa panunumbalik ng mga susi para sa ikatutubos kapwa ng mga buhay at patay.

Naawa ako sa mangangaral na iyon. Ginagawa niya ang lahat batay sa taglay niyang liwanag at kaalaman.

Ngunit dapat ay higit pa roon ang kaya niyang ialok. Nariyan ang kabuuan ng ebanghelyo.

Ang mga elder ay nagsilbing mga taga-alo, mga guro, mga lingkod ng Panginoon, mga awtorisadong ministro ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang mga batang ito na nabanggit ko ay kumakatawan sa lahat ng mga anak ng ating Ama sa Langit. “Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon: at . . . maginhawa ang lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon.”²

Ang paglikha ng buhay ay malaking responsibilidad ng mag-asawa. Hamon ng mortalidad ang maging karapat-dapat at responsableng magulang. Ang lalaki ni ang babae ay hindi maaaring magkaanak nang mag-isa. Nilayon na magkaroon ang mga bata ng dalawang magulang—kapwa ama at ina. Walang ibang huwaran o proseso ang maaaring maging kapalit nito.

Isang babae noon ang umiiyak na nagsabi sa akin na noong estudyante pa siya sa kolehiyo ay nakagawa siya at ang kanyang nobyo ng malaking pagkakamali. May kinausap ang nobyo na maglalaglag sa sanggol. Dumating ang panahon na nakatapos sila ng pag-aaral at ikinasal sila at nagkaroon ng iba pang mga anak. Sinabi niya sa akin kung gaano ang kanyang paghihirap kapag tinitingnan ang kanyang pamilya, ang magaganda niyang mga anak, at makinita sa kanyang isipan ang dapat sanang kalagayan ng isang batang iyon na ipinalaglag.

Kung nauunawaan at ipinamumuhay ng mag-asawang ito ang Pagbabayad-sala, malalaman nila na ang mga karansang iyon at ang hapding dulot nito ay maaaring mapawi. Walang sakit o pait na tatagal habampanahon. Hindi madali, ngunit ang buhay ay hindi nilayong maging madali o patas. Ang pagsisisi at ang pag-asang dulot ng kapatawaran ay palaging sulit na pagsikapang kamtin.

Isa pang mag-asawa na bata pa ang umiiyak na nagsabi sa akin na kagagaling lamang nila sa isang doktor na nagsabing hindi sila maaaring magkaroon ng sariling mga anak. Labis silang nalungkot sa balita. Nagulat sila nang sabihin ko na kung tutuusin ay napakapalad nila. Nagtaka sila kung bakit ko nasabi iyon. Sinabi kong mas maganda ang kanilang kalagayan kaysa ibang mga mag-asawa na kayang maging mga magulang ngunit tinanggihan at buong kasakimang iniwasan ang responsibilidad na iyon.

Sinabi ko sa kanilang, “Kahit paano gusto ninyong magkaanak, at ang hangaring iyan ay makabubuti sa inyo sa inyong buhay sa lupa at sa kabila, dahil magdudulot ito ng espirituwal at emosyonal na katatagan. Sa huli, mas maigi ito para sa inyo dahil nais ninyong magkaanak pero hindi kayo magkaroon ng mga ito, kumpara sa mga taong kayang magkaanak ngunit ayaw nilang magkaroon ng mga anak.”

Ang iba ay hindi pa rin nagpapakasal at dahil dito’y wala pa silang anak. Ang ilan, dahil sa mga kalagayan



na hindi nila kayang kontrolin, ay nagpapalaki ng mga anak bilang nag-iisang magulang. Ang mga ito ay pansamantalang kalagayan. Doon sa kawalang-hanggan—hindi palaging sa mortalidad—ang mabubuting hangarin at pangarap ay matutupad.

“Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag.”³

Ang mahalagang mithiin ng lahat ng aktibidad sa Simbahan ay na ang isang lalaki at ang kanyang asawa at kanilang mga anak ay maging maligaya sa tahanan, protektado ng mga alituntunin at batas ng ebanghelyo, ligtas na ibinuklod sa mga tipan ng walang hanggang priesthood. Dapat maunawaan ng mga mag-asawa na ang kanilang unang tungkulin—kung saan hindi sila kailanman

mare-release—ay sa isa’t isa at pagkatapos ay sa kanilang mga anak.

Isa sa mga pinakamagandang tuklas ng pagiging magulang ay ang higit nating natututuhan kung ano ang talagang mahalaga mula sa ating mga anak kaysa natutuhan natin mula sa ating mga magulang. Nakikilala natin ang katotohanan sa propesiya ni Isaias na “papatnubayan sila ng munting bata.”⁴

Sa Jerusalem, “[Pinalapit ni Jesus] sa kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila,

“At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo’y magsipapnumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

“Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang

pinakadakila sa kaharian ng langit.”⁵

“Sinabi ni Jesus, Pabayaang ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka’t sa mga ganito ang kaharian ng langit.

“At ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis doon.”⁶

Mababasa natin sa Aklat ni Mormon ang pagbisita ni Jesucristo sa Bagong Daigdig. Pinagaling at binasbasan Niya ang mga tao at inutusan na dalhin ang kanilang maliliit na bata sa Kanya.

Itinala ni Mormon, “Inilapit nila ang kanilang maliliit na anak at inilapag sa lupa na nakapalibot sa kanya, at si Jesus ay tumayo sa gitna; at ang maraming tao ay nagbigay-daan hanggang sa ang lahat ay madala sa kanya.”⁷

Pagkatapos ay inutusan Niya ang mga tao na lumuhod. Habang nakapalibot sa Kanya ang mga bata, ang Tagapagligtas ay lumuhod at nag-alay ng panalangin sa ating Ama sa Langit. Pagkatapos ng panalangin, tumangis ang Tagapagligtas, “at kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

“At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis.”⁸

Nauunawaan ko ang nadama ng Tagapagligtas sa mga bata. Napakaraming matututuhan sa pagsunod sa Kanyang halimbawa ng panalangin para sa, pagbabasbas, at pagtuturo sa “mga musmos na iyon.”⁹

Ako ay pang-10 sa 11 magkakapatid. Batay sa nalalaman ko, ang tatay ni ang nanay ko ay hindi nagkaroon ng mataas na katungkulan sa Simbahan.

Ang aming mga magulang ay tapat na naglingkod sa kanilang pinakamahalagang tungkulin—bilang mga magulang. Pinamunuan ng aming ama ang aming tahanan sa kabutihan, hindi sa pamamagitan ng galit o takot. At ang mabisang halimbawa ng aming ama ay nagampanang mabuti sa pamamagitan ng magiliw na payo ng aming ina. Ang ebanghelyo ay malakas na impluwensya sa buhay ng bawat isa sa amin sa pamilya Packer at sa kasunod na henerasyon at sa mga sumunod pa, ayon sa aming namasdan.

Sana ay masabing kasingbuti ako ng aking ama. Bago ko marinig ang mga salitang “mabuting gawa” mula sa aking Ama sa Langit, sana ay marinig ko muna ito mula sa aking ama sa lupa.

Maraming beses akong naguluhan kung bakit dapat akong tawaging Apostol at pagkatapos ay bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa kahit na nagmula ako sa isang tahanan kung saan ang ama ay masasabing hindi gaanong aktibo. Hindi lamang ako ang miyembro ng Labindalawa na ganyan ang karanasan.

Sa huli, nakikita at nauunawaan ko na marahil dahil sa kalagayang iyon kung kaya’t ako’y tinawag. At nauunawaan ko kung bakit sa lahat ng ginagawa natin sa Simbahan ay kailangang ituro natin ang daan bilang mga lider, para ang mga magulang at mga anak ay magkasama-sama bilang isang pamilya. Dapat maging maingat ang mga lider ng priesthood at gawing pampamilya ang Simbahan.

Napakaraming bagay tungkol sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo na hindi masusukat ng bagay na nabibilang o nailalagay sa talaan ng dumadalo. Abala tayo sa mga pagtatayo ng gusali at badyet at programa at mga pamamaraan. Sa paggawa nito, posibleng makaligtaan ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Madalas may lumalapit sa akin at nagsasabing, “President Packer, hindi po ba maganda kung . . . ?”

Karaniwan ay pinatitigil ko sila at sinasabing hindi, dahil baka ang maging kasunod ay isang bagong aktibidad o programa na magiging pabigat sa panahon at pananalapi ng pamilya.

Ang oras ng pamilya ay sagradong oras at dapat mapangalagaan at igalang. Hinihikayat namin ang ating mga miyembro na magpakita ng katapatan sa kanilang mga pamilya.

Noong bagong kasal pa lang kami, nagpasiya kaming mag-asawa na tanggapin ang mga anak na ibibigay sa amin kaakibat ang responsibilidad na may kaugnayan sa kanilang pag-silang at paglaki. Dumating ang oras

na bumuo na sila ng kani-kanilang pamilya.

Dalawang beses sa aming pag-sasama, nang isilang ang dalawa sa aming mga anak na lalaki, may doktor na nagsabi sa aming, “Sa palagay ko hindi mabubuhay nang matagal ang anak ninyong ito.”


Sa kapwa pagkakataon ay sinabi naming ibibigay namin ang aming buhay mabuhay lamang ang aming munting anak. Sa gayong pag-aalok, napag-isip namin na ganito rin ang pagmamahal na nadarama ng ating Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin. Napakakahanga-hangang isipin.

Ngayon sa dapit-hapon ng aming buhay, nauunawaan namin ni Sister Packer at may patotoo kami na ang mga pamilya ay magkakasama-sama magpakailanman. Habang sinusunod natin ang mga tipan at ipinamumuhay ang ebanghelyo nang lubusan, tayo ay poprotektahan at babasbasan. Sa aming mga anak at mga apo at ngayon mga apo-sa-tuhod, dalangin namin na ang aming lumalaking pamilya ay magkaroon ng gayunding katapatan sa mahal na mga musmos na iyon.

Mga ama at ina, sa susunod na kakalungin ninyo ang isang bagong silang na sanggol, mas mauunawaan ninyo ang mga hiwaga at mga layunin ng buhay. Mas mauunawaan ninyo kung bakit ganito ngayon ang Simbahan at kung bakit ang pamilya ang pangunahing organisasyon sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Nagpapatotoo ako na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo, na ang plano ng pagtubos, na tinatawag na plano ng kaligayahan, ay isang plano para sa mga pamilya. Dalangin ko na nawa’y pagpalain ang mga pamilya ng Simbahan, ang mga magulang at mga anak, na ang gawaing ito ay sumulong gaya ng balak ng Ama. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moroni 8:12.
2. Mga Awit 127:3, 5.
3. I Mga Taga Corinto 15:19.
4. Isaias 11:6.
5. Mateo 18:2–4.
6. Mateo 19:14–15.
7. 3 Nephi 17:12.
8. 3 Nephi 17:21–22.
9. 3 Nephi 17:24.



Ni Cheryl A. Esplin

Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

Turuan ang Ating mga Anak na Umunawa

Ang pagtuturo sa ating mga anak na makaunawa ay higit pa sa pagbabahagi ng impormasyon. Ito'y pagtulong sa ating mga anak na maitanim ang doktrina sa kanilang mga puso.

Sa paglipas ng mga taon, maraming mga pangyayari sa buhay ko ang hindi ko na gaanong maaalala, ngunit ilan sa mga alaalang nanaatiling sariwa sa aking isipan ay ang pagsilang ng bawat isa sa aming mga anak. Tila napakalapit lang ng langit, at kung iisipin kong mabuti, parang nararamdaman ko pa rin ang gayong paggalang at pagkamanghang nadama ko sa pagkarga ko sa bawat isa sa mga espesyal na sanggol na iyon.

Ang ating “mga anak ay mana na mula sa Panginoon” (Mga Awit 127:3). Kilala at mahal Niya ang bawat isa nang may puspos na pag-ibig (tingnan sa Moroni 8:17). Napakasagradong responsibilidad ang inatang ng Ama sa Langit sa atin bilang mga magulang upang maging katuwang Niya sa pagtulong sa Kanyang piling mga espiritu na marating ang batid Niyang maaaring kahinatnan nila.

Ang banal na pribilehiyong ito ng pagpapalaki ng ating mga anak ay isang napakalaking responsibilidad na hindi natin magagawang mag-isa, kung wala ang tulong ng Panginoon. Batid Niya kung ano talaga ang kailangang malaman ng ating mga

anak, ano ang kanilang dapat gawin, at kung ano ang kailangan nilang marating para makabalik sa Kanyang piling. Binibigyan Niya ang mga ama at ina ng tiyak na mga tagubilin at gabay sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, Kanyang mga propeta, at ng Espiritu Santo.

Sa modernong paghahayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inuutusan ng Panginoon ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na *maunawaan* ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo, pagbibinyag, at ang kaloob na Espiritu Santo. Pansinin na hindi lamang sinabi ng Panginoon na kailangan nating “ituro ang doktrina”; ang tagubilin Niya ay turuan ang ating mga anak na “*maunawaan* ang doktrina.” (Tingnan sa D at T 68:25, 28; idinagdag ang pagbibigay-diin.)

Sa Mga Awit mababasa natin, “Bigyan mo ako ng pagkaunawa at aking iingatan ang iyong kautusan; oo, aking susundin ng aking buong puso” (Mga Awit 119:34).

Ang pagtuturo sa ating mga anak na makaunawa ay higit pa sa pagbabahagi ng impormasyon. Ito'y

pagtulong sa ating mga anak na maitanim ang doktrina sa kanilang mga puso na nagiging bahagi na ito ng kanilang pagkatao at nakikita na sa kanilang pag-uugali at kilos sa buong buhay nila.

Itinuro ni Nephi na ang tungkulin ng Espiritu Santo ay magdala ng katotohanan “sa puso ng mga anak ng tao” (2 Nephi 33:1). Ang tungkulin natin bilang mga magulang ay gawin ang lahat ng makakaya natin upang makalikha ng kapaligiran kung saan maaaring madama ang impluwensya ng Espiritu at pagkatapos ay tulungan silang malaman kung ano ang kanilang nadarama.

Naaalala ko ang tawag sa telepono na natanggap ko ilang taon na ang nakalilipas mula sa anak kong si Michelle. Mangiyak-ngiyak na sinabi niya, “Inay, kani-kanina lang, may napakapambihirang nangyari sa amin ni Ashley.” Si Ashley ay ang anak niyang babae na limang taong gulang noon. Inilarawan ni Michelle na ang umagang iyon ay puno ng pag-aaway sa pagitan ni Ashley at ng kanyang tatlong-taong-gulang na anak na si Andrew—ayaw magpahiram ang isa at ang isa ay nananakit. Matapos niya silang pagbatiin, umalis si Michelle para tingnan ang kanyang baby.

Maya-maya lang, tumatakbong dumating si Ashley, galit dahil ayaw magpahiram ng laruan si Andrew. Ipi-naalala ni Michelle kay Ashley ang pangakong ginawa nila sa family home evening na magiging mas mabait sila sa isa't-isa.

Tinanong niya si Ashley kung gusto niyang magdasal at hingin ang tulong ng Ama sa Langit, pero sagot ng galit pa ring si Ashley, “Ayoko po.” Nang tinanong niya kung naniniwala siyang sasagutin ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin, sinabi ni Ashley na hindi niya alam. Hiniling ng kanyang ina na subukan niya at marahang kinuha ng ina ang mga kamay nito at sabay silang lumuhod.

Iminungkahi ni Michelle na ipagdasal niya sa Ama sa Langit na tulungan si Andrew na maging mapagbigay—at tulungan naman siyang maging mabait. Ang ideya

na tutulungan ng Ama sa Langit ang maliit niyang kapatid na maging mapagbigay ay nakapukaw sa interes ni Ashley, at nagsimula siyang magdasal, una na tulungan sana ng Ama sa Langit si Andrew na maging mapagbigay. Habang ipinagdarasal niya sa Ama na tulungan siyang maging mabait, napaiyak siya. Tinapos niya ang pagdarasal at isinubsob niya ang kanyang ulo sa balikat ng kanyang nanay. Niyakap siya ni Michelle at tinanong kung bakit siya umiiyak. Sinabi ni Ashley na hindi niya alam.

Sabi ng nanay niya, “Sa palagay ko, alam ko kung bakit ka umiiyak. Maganda ba ang nararamdaman mo?” Tumango si Ashley, at nagpatuloy ang nanay niya, “Iyan ang Espiritu na tumutulong sa iyong madama ang ganyan. Paraan iyan ng Ama sa Langit para sabihin sa iyo na mahal ka Niya at tutulungan ka Niya.”

Tinanong niya si Ashley kung naniwala ba siya rito, at kung naniniwala ba siya na matutulungan siya ng Ama sa Langit. Maluha-luhang sinabi ni Ashley na naniniwala siya.

Minsan ang pinakamabisang pagtuturo sa ating mga anak para maunawaan ang doktrina ay ituro ito ayon sa nadarama nila sa mga sandaling iyon. Ang mga sandaling ito ay kusang nangyayari at hindi nakaplano at nagaganap sa normal na kalagayan ng pamilya. Mabilis itong dumarating at madaling mawala, kaya kailangan tayong maging maagap at malaman ang mga sandali ng pagtuturo kapag may tanong o nag-aalala ang ating mga anak, kapag hindi nila nakakasundo ang kanilang mga kapatid o kaibigan, kapag kailangan nilang magtimpi ng galit, kapag nakagagawa sila ng mali, o kapag kailangan nilang magdesisyon. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* [2000], 167; *Marriage and Family Relations Instructor's Manual* [2000], 61.)

Kung lagi tayong handa at kung hayaan natin ang Espiritu na gumabay sa mga sitwasyong ito, mas mabisa ang ating pagtuturo at pagpapaunawa sa ating mga anak.



Kasinghalaga nito ang mga sandali ng pagtuturo na dumarating sa regular nating pagpapalano ng mga okasyon gaya ng panalangin ng pamilya, pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan, family home evening, at iba pang mga aktibidad ng pamilya.

Sa bawat sitwasyon ng pagtuturo lahat ng pagkatuto at pagkaunawa ay mabisang naisasakatuparan sa kapaligirang puno ng pagmamahalan kung saan naroon ang Espiritu.

Mga dalawang buwan bago sumapit ang ikawalong kaarawan ng kanyang mga anak, isang ama ang nag-ukol ng oras bawat linggo para ihanda sila sa pagpapabinyag. Sinabi ng anak niyang babae na noong pagkakataon na niya, binigyan siya ng ama ng isang journal at nag-usap sila, silang dalawa lamang, at nag-usap at ibinahagi ang mga nadarama tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ipinaguhit sa kanya ng kanyang ama ang isang larawan habang nagpatuloy sila sa pag-aaral. Ipinakita nito ang buhay bago pa ang buhay sa mundo, ang buhay dito sa lupa, at ang bawat hakbang na kailangan niyang tahakin upang makabalik at mamuhay kasama ang Ama sa Langit. Nagbigay siya ng patotoo tungkol


sa bawat hakbang ng plano ng kaligtasan habang itinuturo ito sa kanya ng ama.

Nang ikinuwento ng kanyang anak na babae ang karanasang ito noong lumaki na siya, sinabi ng anak: “Hindi ko kailanman malilimutan ang pagmamahal na nadama ko sa aking ama habang iniuukol niya ang panahong iyon sa akin. . . . Naniniwala ako na ang karanasang ito ang isang mahalagang dahilan na mayroon akong patotoo sa ebanghelyo nang ako ay mabinyagan.” (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, 170.)

Ang pagtuturo para makaunawa ay kailangan ng determinado at tuluytuloy na pagsisikap. Kailangan dito ang pagtuturo sa pamamagitan ng tuntunin at halimbawa at lalo na sa pamamagitan ng pagtulong sa ating mga anak na ipamuhay ang kanilang mga natututuhan.

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee, “Kung hindi naipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo, mas mahirap paniwalaan ang alituntuning iyon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2000], 142).

Una akong natutong magdasal sa pamamagitan ng pagluhod kasama ang aking pamilya sa panalangin ng



mag-anak. Naituro sa akin ang wika ng pagdarasal habang nakiking ako sa pagdarasal ng aking mga magulang at habang tinutulungan nila ako sa mga unang pagkakataon kong mag-dasal. Natutuhan ko na maaari akong makipag-usap sa Ama sa Langit at humiling ng patnubay.

Tuwing umaga, walang palya ang aking ama at ina sa pagtipon sa amin sa hapag-kainan bago kumain ng almusal, at nakaluhod kaming nagdarasal bilang pamilya. Nagdarasal kami sa bawat oras ng pagkain. Sa gabi bago matulog, sama-sama kaming lahat na nakaluhod sa sala at tinatapos ang araw sa panalangin ng mag-anak.

Bagama't marami akong hindi nauunawaan tungkol sa pagdarasal noong bata pa ako, naging bahagi ito ng buhay ko na nakintal sa akin. Patuloy pa rin akong natututo, at ang aking pagkaunawa sa kapangyarihan ng panalangin ay patuloy na lumalalim.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland, "Nauunawaan nating lahat na ang tagumpay ng mensahe ng ebanghelyo ay nakasalalay sa pagtuturo at pag-unawa rito at pamumuhay

sa paraang makakamtan ang ipinangako nitong kaligayahan at kaligtasan" ("Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan" [pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, Feb.10, 2007], *Liahona*, Hunyo 2007, 57).

Ang pag-aaral upang lubos na mauunawaan ang mga doktrina ng ebanghelyo ay panghabambuhay na proseso at dumarating nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kakaunti rito at kakaunti roon" (2 Nephi 28:30). Habang natututo at ipinapamuhay ng mga bata ang natututuhan nila, lumalawak ang kanilang nauunawaan na humahantong sa karagdagang pagkatuto, pagsasabuhay, at maging ng lubos at higit na pangmatagalang pagkaunawa.

Malalaman natin kung nauunawaan na ng ating mga anak ang doktrina kapag nakikita na natin ito sa kanilang pag-uugali at kilos nang hindi pinipilit o ginagantimpalaan. Habang nauunawaan ng ating mga anak ang mga doktrina ng ebanghelyo, mas aasa sila sa kanilang sarili at sila ay nagiging mas responsable. Sila ay nagiging bahagi na ng solusyon sa mga hamon

sa ating pamilya at nakapagbibigay ng positibong kontribusyon sa kapaligiran sa tahanan at sa tagumpay ng ating pamilya.

Matuturuan natin ang ating mga anak na umunawa sa pagsasamantala natin sa bawat sandali ng pagtuturo, pag-imbata sa Espiritu, pagpapakita ng halimbawa, at pagtulong sa kanilang ipamuhay ang kanilang natututuhan.

Kapag tumititig tayo sa mga mata ng isang munting sanggol, naaalala natin ang awiting:

*Ako ay anak ng Diyos,
Nangangailangang;
Matutuhan kanyang aral
Habang bata pa lang.*

*Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
Turuan ng gagawin
Nang Siya'y makapiling.
"Ako ay Anak ng Diyos"
(Mga Himno, blg. 189; idinagdag ang pagbibigay-diin)*

Nawa'y magawa natin ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Donald L. Hallstrom
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Nagbalik-loob sa Kanyang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Kanyang Simbahan

Ang layunin ng Simbahan ay tulungan tayong ipamuhay ang ebanghelyo.

Mahal ko ang ebanghelyo ni Jesucristo at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kung minsan napagpapalit natin ang mga salitang *ebanghelyo* at *Simbahan*, pero hindi magkapareho ang mga ito. Gayunpaman, napakaganda ng pagkakaugnay ng mga ito, at pareho nating kailangan.

Ang ebanghelyo ang dakilang plano ng Diyos kung saan tayo, bilang Kanyang mga anak, ay binigyan ng pagkakataong matanggap ang lahat ng mayroon ang Ama (tingnan sa D at T 84:38). Tinatawag itong buhay na walang hanggan at inilarawan bilang “pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos” (D at T 14:7). Mahalagang bahagi ng plano ang mga karanasan natin sa lupa—isang panahon para magkaroon ng pananampalataya (tingnan sa Moroni 7:26), magsisi (tingnan sa Mosias 3:12), at makipagkasundo sa

Diyos (tingnan sa Jacob 4:11).

Dahil alam ng Diyos na magiging napakahirap ng buhay natin sa lupa bunga ng ating mga kahinaan at “pag-salungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11), at dahil hindi natin malilinis ang sarili nating mga kasalanan, kinailangan ang isang Tagapagligtas. Nang ilahad ni Elohim, ang Amang Walang Hanggan at Ama ng ating mga espiritu, ang Kanyang plano ng kaligtasan, isa sa atin ang nagsabi, “Narito ako, isugo ako” (Abraham 3:27). Ang pangalan niya ay Jehova.

Bilang anak ng Ama sa Langit, kapwa sa espirituwal at pisikal, taglay Niya ang kapangyarihang daigin ang sanlibutan. Bilang anak ng mortal na ina, mararanasan Niya ang sakit at dusang dulot ng mortalidad. Ang dakilang Jehova ay pinangalanan ding Jesus at dinagdagan ng titulong Cristo, na ibig sabihin ay Mesias o Ang Pinahiran. Ang pinakadakilang ginawa Niya ay ang

Pagbabayad-sala, kung saan si Jesus na Cristo ay “nagpakababa-baba sa lahat ng bagay” (D at T 88:6), at dahil dito makakaya Niyang tubusin ang bawat isa sa atin.

Itinatag ni Jesucristo ang Simbahan noong Kanyang ministeryo sa lupa, na “kinasaligan ng mga apostol at ng mga propeta” (Mga Taga Efeso 2:20). Dito sa “dispensasyon ng kaganapan ng panahon” (D at T 128:18) ay ipinanumbalik ng Panginoon kung ano ang dati, at partikular na sinabi kay Propetang Joseph Smith, “Ako ay magtatatag ng simbahan sa pamamagitan ng iyong kamay” (D at T 31:7). Si Jesucristo ang pinuno ng Kanyang Simbahan noon at ngayon, na kinakatawan sa mundo ng mga propeta na mayhawak ng awtoridad ng apostol.

Ito ay isang natatanging Simbahan. Ang organisasyon, kapakinabangan, at ganap na kabutihan nito ay iginagalang ng lahat ng taos na naghahangad na maunawaan ito. Ang Simbahan ay may mga programa para sa mga bata, kabataan, kalalakihan, at kababaihan. May magagandang meetinghouse ito na mahigit 18,000 ang bilang. Ang mariringal na templo—na ngayon ay 136 na—ay matatagpuan sa iba’t ibang panig ng mundo, at may 30 pa na itinatayo o itatayo. Ang mga full-time missionary nito na kinabibilangan ng mahigit 56,000 mga kabataan at nakatatanda, ay naglilingkod sa 150 mga bansa. Ang pagtulong ng Simbahan sa buong daigdig sa gawaing humanitarian ay kahanga-hangang halimbawa ng kabaitan ng ating mga miyembro. Ang ating welfare program ay nanganalaga sa ating mga miyembro at naghihikayat ng pag-asa sa sariling kakayahan sa paraang hindi mapantayan saanman. Sa Simbahang ito ang mga lider natin ay hindi suwelduhan at ang mga Banal sa mga Huling Araw ay handang paglingkuran ang isa’t isa sa kagila-gilalas na paraan. Walang katulad ang Simbahang ito sa buong daigdig.

Noong ipanganak ako, nakatira ang pamilya namin sa maliit na kubo sa bakuran ng isa sa mariringal at maka-saysayang meetinghouse ng Simbahan, ang Honolulu Tabernacle. Gusto

kong humingi ng paumanhin ngayon sa mga minamahal kong kaibigan sa Presiding Bishopric, na nangangasiwa sa mga pasilidad ng Simbahan, dahil noong maliit pa ako, akyat-baba ako at paroo't parito sa bawat sulok ng gusaling iyon, mula sa ilalim ng pool hanggang sa itaas ng toreng may ilaw. Naglalambitin pa kami na parang si Tarzan sa mahahabang baging ng malalaking puno ng banyan na naroroon.

Ang Simbahan ang lahat-lahat sa amin. Nagpupunta kami sa maraming miting, na mas marami pa kaysa ngayon. May klase kami sa Primary tuwing Huwebes ng hapon. Ang mga miting ng Relief Society ay tuwing Martes ng umaga. Sa Miyerkules ng gabi ang Mutual para sa kabataan. Ang Sabado ay para sa mga aktibidad ng ward. Tuwing Linggo, pumupunta ang kalalakihan at mga kabataang lalaki sa miting ng priesthood sa umaga. Sa tanghali ang Sunday School. Pagkatakapos babalik kami sa gabi para sa sacrament meeting. Sa pagpunta-punta sa mga miting na ito, parang nauubos na lahat ang oras namin sa mga aktibidad ng Simbahan nang buong maghapon tuwing Linggo at sa iba pang mga araw.

Bagamat gustung-gusto ko sa Simbahan, noong kamusmusan kong iyon ko nadama, sa unang pagkakataon, na hindi sapat na gusto ko lang dito. Noong limang taong gulang ako, may malaking kumperensyang ginanap sa tabernakulo. Naglakad kami mula sa aming tirahan at tumawid sa maliit na tulay papunta sa magandang meeting-house at naupo sa pangsampung hanay sa malaking chapel. Ang namumuno at nagsasalita sa miting ay si David O. McKay, ang Pangulo ng Simbahan. Hindi ko na matandaan ang sinabi niya, ngunit tandang-tanda ko pa ang nakita ko at nadama. Nakasuot si Pangulong McKay ng kulay kremang terno at, sa kanyang alun-alon at maputing buhok ay napakaringal niyang tingnan. Bilang tradisyon sa isla, may suot siyang kuwintas na gawa sa mga pulang bulaklak. Nang magsalita siya, may nadama ako na napakataindi at napakapersonal. Nalaman ko kalaunan na ang nadama ko ay ang

impluwensya ng Espiritu Santo. Inawit namin ang pangwakas na himno.

*Sino'ng panig sa Diyos?
Ipatatid ngayon.*

*Ito'ng aming tanong:
Sino'ng panig sa Diyos?
("Sino'ng Panig sa Diyos?"
Mga Himno, blg. 162)*


Ang mga katagang iyon na inawit ng halos 2,000 tao ay tanong na parang sa akin lang inukol, at gusto kong tumayo at sabihing, "Ako!"

Iniiisip ng ilan na ang pagiging aktibo sa Simbahan ang siyang sukdulang mithiin. Nakababahala iyan. Posibleng maging aktibo sa Simbahan at hindi gaanong aktibo sa ebanghelyo. Bibigyang-diin ko ito: ang pagiging aktibo sa Simbahan ay kanais-nais na mithiin; subalit, hindi ito sapat. Ang pagiging aktibo sa Simbahan ay panlabas na pagpapakita ng

ating espirituwal na hangarin. Kapag dumadalo tayo sa ating mga miting, ginagampanan ang ating mga tungkulin sa Simbahan, at naglilingkod sa iba, nakikita iyan nang hayagan.

Taliwas dito, ang mga bagay ng ebanghelyo ay karaniwang hindi gaanong napapansin at mas mahirap sukatin, ngunit higit ang kahalagahan nito sa walang-hanggan. Halimbawa, gaano ba kalaki ang ating pananampalataya? Gaano ba ang ating pagsisisi? Gaano ba kahalaga ang mga ordenansa sa ating buhay? Gaano ba ang pagtutuon natin ng pansin sa ating mga tipan?

Uulitin ko: kailangan natin ang ebanghelyo at ang Simbahan. Sa katunayan, layunin ng Simbahan na tulungan tayong ipamuhay ang ebanghelyo. Madalas nating itanong: Paano nangyaring ang isang tao na aktibo sa Simbahan noong bata pa ay hindi na ganoon nang lumaki na? Paano



nangyaring bigla na lamang hindi nagsimba ang isang taong palaging nagsisimba at naglilingkod? Paano hahayaang mangyari ng isang tao na hindi na magsimba dahil lamang sa hindi niya nakita sa isang lider o miyembro ang inaasahan niya? Siguro dahil hindi sapat ang pagsampalataya nila sa ebanghelyo—sa mga bagay na walang hanggan.

May tatlong mahahalagang paraan akong imumungkahi para maging saligan natin ang ebanghelyo:

1. *Kilalanin pa nating mabuti ang Diyos.* Ang patuloy na pagkilala at pagmamahal sa tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos ay lubhang kailangan. Laging alalahaning manalangin sa Ama, sa pangalan ng Anak, at humingi ng patnubay sa Espiritu Santo. Lakipan ang panalangin ng palagiang pag-aaral at mapagpakumbabang pagninilay upang patuloy na mapatibay ang pananampalataya kay Jesucristo. “Sapagkat paano makikilala ng isang tao ang panginoon na . . . kung sino ay dayuhan sa kanya, at malayo sa pag-iisip at mga hangarin ng kanyang puso?” (Mosias 5:13).
2. *Pagtuunan ng pansin ang mga ordenansa at tipan.* Kung mayroon mang mahahalagang ordenansa na kailangan pang gawin sa inyong buhay, masigasig na paghandaang matanggap ang bawat isa sa mga ito. Pagkatapos ay kailangan tayong magkaroon ng disiplinang ipamuhay nang tapat ang ating mga tipan, ginagamit nang lubusan ang kaloob na sakramento sa bawat linggo. Marami sa atin ang hindi palagiang nababago ng nakapanlilinis na kapangyarihan nito dahil sa kulang tayong pagpipitagan sa banal na ordenansang ito.
3. *Pag-isahin ang ebanghelyo at ang Simbahan.* Kapag nakatuon tayong mabuti sa ebanghelyo, ang Simbahan ay lalong magiging pagpapala sa ating buhay at hindi magiging kabawasan nito. Kapag pumupunta tayong sa bawat miting nang handa para “maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral



at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118), ang Banal na Espiritu ang ating magiging guro. Kung pupunta tayong para malibang, karaniwang hindi tayong masisiyahan. Minsan ay itina-nong kay Pangulong Spencer W. Kimball, “Ano ang ginagawa mo kapag nakaiinip ang sacrament meeting?” Ang sagot niya: “Hindi ko alam. Hindi ko pa naranasang mainip doon” (sinipi ni Gene R. Cook, sa Gerry Avant, “Learning Gospel Is Lifetime Pursuit,” *Church News*, Mar. 24, 1990, 10).

Dapat nating hangarin sa buhay ang naganap matapos magpunta ang Panginoon sa mga tao sa Amerika at

itatag ang Kanyang Simbahan. Maba-basa sa mga banal na kasulatan na, “At ito ay nangyari na, na sa ganoon sila [ibig sabihin ang Kanyang mga disipulo] humayo sa lahat ng tao ni Nephi, at ipinangaral ang ebanghelyo ni Cristo sa lahat ng tao sa ibabaw ng lupain; at sila ay nagbalik-loob sa Panginoon, at sumapi sa simbahan ni Cristo, at sa gayon pinagpala ang mga tao ng salinlahing yaon” (3 Nephi 28:23).

Gusto ng Panginoon na ganap na sumampalataya sa Kanyang ebanghelyo ang mga miyembro ng Kanyang Simbahan. Ito lang ang tiyak na paraan para sa espirituwal na kaligtasan ngayon at kaligayahan sa kawalang-hanggan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Paul E. Koelliker
Ng Pitumpu

Talagang Mahal Niya Tayo

Dahil sa huwaran ng pamilya na nagmula sa langit, mas ganap nating nauunawaan kung paano tayo minamahal ng Ama sa Langit nang pantay-pantay at lubusan.

Gustung-gusto kong makasama ang mga full-time missionary. Puspos sila ng pananampalata, pag-asa, at tunay na pag-ibig sa kapwa-tao. Ang kanilang karanasan sa misyon ay parang isang buong buhay na naganap sa loob ng 18 hanggang 24 na buwan. Dumating sila sa misyon na parang mga espirituwal na sanggol na sabik matuto, at umuwi sila na husto na ang isipan, handang lupigin ang anuman at lahat ng hamong nakakaharap nila. Mahal ko rin ang matatapat na senior missionary, na puno ng tiyaga, karunungan, at panatag na katiyakan. Hatid nila ay kaloob na katatagan at pagmamahal sa masisiglang misyonerong nakapaligid sa kanila. Kapag nagkasama ang mga misyonero at senior couple, sila ay mapangyarihan, malakas na puwersa sa kabutihan, na may matinding epekto sa kanilang buhay at sa mga taong naaantig sa kanilang paglilingkod.

Kamakailan ay pinakinggan ko ang dalawa sa magigiting na misyonerong ito habang ikinukuwento ang kanilang mga karanasan at pagsisikap. Sa sandaling iyon ng pagmumuni ay inisip nila ang mga taong pinuntahan nila

sa araw na iyon, na ang ilan ay mas madaling tumugon kaysa sa iba. Habang pinag-iisipan ang mga sitwasyon, itinanong nila, “Paano natin matutulungang magkaroon ng hangarin ang bawat tao na makaalam pa tungkol sa Ama sa Langit? Paano natin sila tutulungang madama ang Kanyang Espiritu? Paano natin sila tutulungang malaman na mahal natin sila?”

Para kong nakinita ang dalawang binatang ito tatlo o apat na taon pagkatapos nilang magmisyon. Nakinita ko na natagpuan nila ang kanilang makakasama nang walang hanggan at naglilingkod sila sa elders quorum o nagtuturo sa isang grupo ng mga binatilyo. Ang mga tanong na itinanong nila para sa kanilang mga investigator ngayon, ay siya ring mga tanong na itinanong nila para sa mga miyembro ng kanilang korum o sa mga binatilyong pinaaaruga sa kanila. Nakita ko kung paano nagsisilbing huwaran ang kanilang karanasan sa misyon sa pangangalaga sa iba habang sila ay nabubuhay. Sa pagbabalik ng hukbong ito ng mga matwid na disipulo mula sa kanilang misyon sa mga bansa sa iba’t ibang panig ng mundo, nagiging

malaking tulong sila sa pagtatatag ng Simbahan.

Maaaring pinagninilayan din ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Lehi ang mga itinanong ng mga misyonerong ito nang pakinggan niya ang tugon ng kanyang mga anak sa patnubay at pangitaing ibinigay sa kanya: “At sa gayon sina Laman at Lemuel, na mga nakatatanda, ay bumulungbulong laban sa kanilang ama. At sila ay bumulungbulong sapagkat hindi nila nalalaman ang mga pakikitungo ng Diyos na siyang lumikha sa kanila” (1 Nephi 2:12).

Marahil ay nadama na nating lahat ang kabiguang nadama ni Lehi sa dalawang panganay niyang anak. Sa pagharap natin sa batang napalayo sa katotohanan, sa investigator na ayaw pang tanggapin ang ebanghelyo, o sa magiging elder na ayaw kumilos, nasasaktan ang ating puso na tulad ni Lehi at itinanong natin, paano ko sila matutulungang madama at mapakinggan ang Espiritu upang hindi sila makilahok sa mga makamundong gambala? Dalawang talata sa banal na kasulatan ang namukod-tangi sa isipan ko na makakatulong na malagpasan natin ang mga gambalang ito at madama natin ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos.

Binuksan ni Nephi ang pintuan ng pagkatuto sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan: “Ako, si Nephi, . . . ay may matinding pagnais na malaman ang mga hiwaga ng Diyos, dahil dito, ako ay nagsumamo sa Panginoon; at masdan, dinalaw Niya ako, at pinalambot ang aking puso kung kaya’t pinaniwalaan ko ang lahat ng salitang sinabi ng aking ama; anupa’t ako ay hindi naghimagsik laban sa kanya na tulad ng aking mga kapatid” (1 Nephi 2:16).

Ang pagpukaw sa hangaring makaalam ay nagbibigay sa atin ng espirituwal na kakayahang marinig ang tinig ng langit. Ang maghanap ng paraan na mapukaw at mapalago ang hangaring iyon ang mithiin at responsibilidad ng bawat isa sa atin—mga misyonero, magulang, guro, lider, at miyembro. Kapag nadama nating namumuo ang hangaring iyon sa ating



puso, handa na tayong makinabang sa matututuhan natin mula sa ikalawang talatang nais kong banggitin.

Noong Hunyo ng 1831, nang tawagin ang mga lider ng Simbahan noong araw, sinabihan si Joseph Smith na “si Satanas ay nagtungo sa lupa, at siya ay naglilibot [na] nililintang ang mga bansa.” Upang mapaglabanan ang nakagagambalang impluwensyang ito, sinabi ng Panginoon na bibigyan Niya tayo ng “isang huwaran sa lahat ng bagay, nang hindi [tayo] malinlang” (D at T 52:14).

Ang mga huwaran ay mga paggagayahan, mga gabay, paulit-ulit na mga hakbang, o mga landas na sinusundan ng isang tao para manatiling nakaayon sa layunin ng Diyos. Kung susundin natin ang mga ito, mananatili tayong mapagpakumbaba, nakamasid, at mahihiwatigan natin ang tinig ng Banal na Espiritu mula sa mga tinig na gumagambala at umaakay sa atin palayo. Pagkatapos ay itinuro sa atin ng Panginoon, “Siya na nanginginig sa ilalim ng aking kapangyarihan ay gagawing malakas, at magdadala ng bunga ng papuri at karunungan, alinsunod sa mga paghahayag at

katotohanan na aking ibinigay sa inyo” (D at T 52:17).

Ang pagpapala ng abang panalagin, na inialay nang may tunay na layunin, ay nagtutulot sa Banal na Espiritu na antigin ang ating puso at tinutulongan tayong maalala ang batid na natin bago pa tayo isinilang sa mortal na buhay na ito. Kapag malinaw nating naunawaan ang plano ng ating Ama sa Langit para sa atin, sinisimulan nating tanggapin ang responsibilidad nating tulungan ang iba na matutuhan at maunawaan ang Kanyang plano. Malapit na kaugnay ng pagtulong sa iba na makaalala ang paraan ng ating pamumuhay at pagsunod sa ebanghelyo. Kapag talagang ipinamuhay natin ang ebanghelyo ayon sa huwarang itinuro ng Panginoong Jesucristo, nag-iibayo ang kakayahan nating tulungan ang iba. Ang sumusunod na karanasan ay isang halimbawa kung paano mapagsisikap ang alituntuning ito.

Dalawang batang misyonero ang kumatok sa isang pinto, na umaasang makahanap ng isang taong tatanggap sa kanilang mensahe. Bumukas ang pinto, at isang malaking lalaki ang bumati sa kanila nang padabog: “Di

ba sabi ko huwag na kayong kakatok ulit sa pinto ko. Binalaan ko na kayo na kung bumalik pa kayo, may mangyayaring hindi ninyo magugustuhan. Kaya lubayan na ninyo ako.” Mabilis nitong isinara ang pinto.

Habang papalayo ang mga elder, inakbayan ng nakatatanda at mas bihasang misyonero ang nakababatang misyonero para aluin at palakasin ang loob nito. Hindi nila alam na nakamasid sa kanila ang lalaki sa bintana upang matiyak na naunawaan nila ang sinabi niya. Lubos niyang inasahan na makikita niya silang magtatawanan at magbibiruan tungkol sa walang-galang niyang tugon sa tangka nilang pagdalaw. Gayunman, nang makita niya ang kabaitan ng dalawang misyonero sa isa’t isa, biglang lumambot ang puso niya. Muli niyang binuksan ang pinto at pinabalik ang mga misyonero at ipinabahagi ang kanilang mensahe sa kanya.

Kapag nagpailalim tayo sa kalooan ng Diyos at sinundan natin ang Kanyang halimbawa, madarama natin ang Kanyang Espiritu. Itinuro ng Tagapagligtas, “Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking



mga alagad, kung kayo’y may pagibig sa isa’t isa” (Juan 13:35). Ang alituntuning ito ng pagmamahal sa isa’t isa at pagkakaroon ng kakayahang magtuon kay Cristo sa ating pag-iisip, pagsasalita, at pagkilos ay mahalaga sa pagiging mga disipulo ni Cristo at mga tagapagturo ng Kanyang ebanghelyo.

Ang pagpukaw sa hangaring ito ay inihahanda tayong hanapin ang ipinangakong mga huwaran. Ang paghahanap sa mga huwaran ay umaakay sa atin sa doktrina ni Cristo na itinuro ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga propeta. Isang huwaran ng doktrinang ito ang magtiis hanggang wakas: “At pagpalain sila na mga maghahangad na maitatag ang aking Sion sa araw na yaon, sapagkat mapapasakanila ang kaloob at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo; at kung sila ay makapagtiis hanggang wakas sila ay dadakilain sa huling araw, at maliligtas sa walang hanggang kaharian ng Kordero” (1 Nephi 13:37).

Ano ang sukdulang paraan para matamasa natin ang kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo? Ito ay ang kapangyarihang dumarating sa pagiging matatapat na disipulo ni Jesucristo. Ito ay ang ating *pagmamahal* sa Kanya at sa ating kapwa-tao.

Ang Tagapagligtas ang nagpaliwanag sa huwaran ng pagmamahal nang ituro Niya sa atin, “Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinibigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa” (Juan 13:34).

Pinagtibay ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang alituntuning ito nang sabihin niyang: “Ang ibigin ang Panginoon ay hindi lamang isang payo; hindi lamang ito paghahangad ng kabutihan ng iba. Ito ay isang kautusan. . . . Pagmamahal sa Diyos ang ugat ng lahat ng kabanalan, kabutihan, katatagan, at katapatang gawin ang tama” (“Words of the Living Prophet,” *Liahona*, Dis. 1996, 8).

Nakasaad sa plano ng Ama ang huwaran ng pagsasamahan sa pamilya upang tulungan tayong matutuhan, maipamuhay, at maunawaan ang kapangyarihan ng pagmamahal. Noong araw na mabuo ang sarili kong pamilya, nagtungo kami ng mahal kong si Ann sa templo at pumasok kami sa tipan ng kasal. Akala ko mahal na mahal ko na siya noong araw na iyon, ngunit nakita ko pa lang pala ang kahulugan ng pagmamahal. Nang isa-isang magdatingan ang mga anak

at apo sa buhay namin, lumawak ang aming pagmamahal sa bawat isa sa kanila nang pantay-pantay at lubusan. Tila walang hangganan ang lumalagong kakayahang magmamahal.

Ang damdamin ng pagmamahal mula sa ating Ama sa Langit ay parang humahatak na puwersa mula sa langit. Kapag inalis natin ang mga gambalang humihila sa atin na maging makamundo at ginamit natin ang ating kalayaang hanapin Siya, binubuksan natin ang ating puso sa isang selestiyal na puwersang humahatak sa atin palapit sa Kanya. Inilarawan ni Nephi ang tindi ng hatak nito na “hanggang sa madaig ang [kanyang] laman” (2 Nephi 4:21). Ang kapangyarihang ito ng pagmamahal ang sanhi ng pag-awit ni Alma ng “awit ng mapagtubos na pag-ibig” (Alma 5:26; tingnan din sa talata 9). Inantig nito si Mormon kaya niya tayo pinayuhang “manalangin . . . nang buong lakas ng [ating] puso” upang mapuspos tayo ng Kanyang pag-ibig (Moroni 7:48).

Ang makabago at sinaunang banal na kasulatan ay kapwa puno ng mga paalala ng walang-hanggang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Tiwala ako na palaging nakaunat ang mga bisig ng ating Ama sa Langit, laging handang yakapin ang bawat isa sa atin at sabihin sa bawat isa sa tahimik at nanunuot na tinig na, “Mahal kita.”

Dahil sa huwaran ng pamilya na nagmula sa langit, mas ganap nating nauunawaan kung paano tayo minamahal ng Ama sa Langit nang pantay-pantay at lubusan. Pinatotohanan ko na ito ay totoo. Kilala at mahal tayo ng Diyos. Inilarawan Niya sa atin ang Kanyang banal na lugar at tumawag siya ng mga propeta at apostol upang ituro ang mga alituntunin at huwaran magbabalik sa atin sa Kanya. Kapag sinikap nating pukawin sa ating sarili at sa iba ang hangaring makaalam at ipinamuhay natin ang mga huwaran natutuklasan natin, mapalalapit tayo sa Kanya. Pinatotohanan ko na si Jesus ang mismong Anak ng Diyos, ang ating Huwaran, ang ating pinakamamahal na Manunubos, at sinasabi ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Sakripisyo

Ang ating paglilingkod at sakripisyo ang pinaka-akmang pahayag ng ating pangakong maglingkod sa Panginoon at sa ating kapwa.

Ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay tinawag na ang “pinakadakila sa lahat ng kaganapan magmula pa noong paglikha hanggang sa kawalang hanggan.”¹ Ang sakripisyong iyon ang pinakamensahe ng lahat ng mga propeta. Iyon ay isinagisag ng paghahain ng mga hayop na iniutos ng batas ni Moises. Isang propeta ang nagpahayag na ang buong kahulugan ng mga ito ay “nakatuon sa yaong dakila at huling hain [ng] . . . Anak ng Diyos, oo, walang katapusan at walang hanggan” (Alma 34:14). Tiniis ni Jesucristo ang hindi matantong pagdurusa upang gawin ang Sarili Niya bilang sakripisyo para sa kasalanan ng lahat ng tao. Ang pagsasakripisyong iyon ay nag-alay ng pinakasukdulang kabutihan—Korderong walang kapintasan—para sa pinakasukdulang dami ng kasamaan—ang mga kasalanan ng buong sanlibutan. Sa di-malilimutang mga salita ni Eliza R. Snow:

*Ibinuhos N’ya ang sariling dugo;
Buhay N’ya ay isinuko,
Ang walang salang alay sa tao,
Upang iligtas ang mundo.²*

Ang sakripisyong iyon—ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo—ay nasa sentro ng plano ng kaligtasan.

Ang hindi matantong pagdurusa ni Jesucristo ang nagwakas sa pagsasakripisyo sa pamamagitan ng pagtigis ng dugo, ngunit hindi nito winakasan ang kahalagahan ng pagsasakripisyo sa plano ng ebanghelyo. Patuloy na hinihiling sa atin ng ating Tagapagligtas na mag-alay ng hain, ngunit ang hain na iniutos Niya ngayon ay na “[mag-alay] bilang pinaka-hain sa [Kanya] ng isang bagbag na puso at nagsisinging espiritu” (3 Nephi 9:20). Inuutos din Niya sa bawat isa sa atin na mahalín at paglingkuran ang isa’t isa—ibig sabihin, mag-alay ng isang maliit na pagtutulad sa Kanyang pagsasakripisyo sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng ating sariling oras at mga makasariling priyoridad. Sa isang inspiradong himno, inaawit natin, “Biyaya’y bunga ng pagpapasakit.”³

Magsasalita ako tungkol sa mga sakripisyong ipinagagawa sa atin ng ating Tagapagligtas. Hindi kabilang dito ang mga sakripisyo o kilos na napipilitan tayong gawin na para sa sariling kapakinabangan sa halip na para maglingkod o magsakripisyo (tingnan sa 2 Nephi 26:29).

I.

Ang relihiyong Kristiyano ay may kasaysayan ng pagsasakripisyo,

kabilang ang pinakadakilang sakripisyo. Noong mga unang taon ng Kristiyanismo, libu-libong tao ang pinaslang ng mga taga Roma dahil sa kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Sa mga huling siglo, habang pinaghihiwalay ng mga kontrobersiya sa doktrina ang mga Kristiyano, ilang mga grupo ang nanlibak at pinaslang ang mga miyembro ng iba pang grupo. Ang pagpatay ng mga Kristiyano sa kapwa Kristiyano ang labis na nakapanlulumong pagkitil sa buhay ng relihiyong Kristiyano.

Maraming Kristiyano ang nagsakripisyo dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo at kanilang hangaring paglingkuran Siya. Ang ilan ay piniling ilaan ang buong buhay nila sa paglilingkod sa Panginoon. Kabilang sa dakilang grupong ito ang mga nasa religious order ng Simbahang Katoliko at ang mga habambuhay na naglingkod bilang mga Kristiyanong misyonero sa relihiyong Protestante. Ang kanilang mga halimbawa ay mapanghamon at nagbibigay-inspirasyon, subalit karamihan sa mga naniniwala kay Cristo ay hindi inaasahan ni hindi kayang mag-ukol ng kanilang buong buhay sa gayong paglilingkod.

II.

Sa karamihang tagasunod ni Cristo, ang ating sakripisyo ay ang kung ano ang magagawa natin sa ating karniwan at pang araw-araw na buhay. Sa gayong halimbawa, wala akong nalalamang kahit anong grupo na ang mga miyembro ay labis ang pagsasakripisyo maliban sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang kanilang sakripisyo—ang inyong mga sakripisyo, mga kapatid—ay kabaligtaran ng paghahanap ng tagumpay sa mundo para sa pansariling kasiyahan.

Ang aking unang halimbawa ay ang mga Mormon pioneer. Ang kanilang matagal na pagsasakripisyo ng buhay, ugnayan ng pamilya, tahanan, at kaginhawahan ay kabilang sa pundasyon ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ikinuwento ni Sarah Rich kung ano ang nakaganyak sa mga pioneer na ito nang inilarawan niya ang kanyang asawang si Charles noong tinawag



siyang magmisyon: “Tunay na napakahirap ng panahong ito para sa akin at sa asawa ko, ngunit dahil sa tungkulin kailangan naming pansamantalang maghiwalay at dahil alam namin na sinusunod namin ang kalooban ng Panginoon, batid namin na kailangang isantabi muna ang aming sariling kalooban upang makatulong sa gawain . . . ang tumulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos dito sa lupa.”⁴

Ngayon ang lubos na nakikitang lakas ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang kusang-loob na paglilingkod at pagsasakripisyo ng mga miyembro nito. Bago ang paglalaan sa isa sa ating mga templo, isang Kristiyanong ministro ang nagtanong kay Pangulong Gordon B. Hinckley kung bakit walang krus na nakikita roon, ang pinaka-karaniwang simbolo ng relihiyong Kristiyano. Sumagot si Pangulong Hinckley na ang mga simbolo ng *ating* relihiyong Kristiyano ay ang “buhay ng aming mga miyembro.”⁵ Tunay nga na ang ating paglilingkod at sakripisyo ang pinaka-akmang

pahayag ng ating pangakong maglingkod sa Panginoon at sa ating kapwa.

III.

Wala tayong pinag-aral at bayarang mga pinuno sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Dahil dito, ang mga karaniwang miyembrong tinatawag na mamuno at maglingkod sa ating mga kongregasyon ay kailangang mangasiwa sa maraming miting, programa, at aktibidad sa Simbahan. Ginagawa nila ito sa mahigit 14,000 mga kongregasyon sa loob ng Estados Unidos at Canada. Siyempre pa, hindi tayo kaiba sa pagkakaroon ng karaniwang miyembro ng ating mga kongregasyon na naglilingkod bilang mga guro at pinuno. Ngunit ang oras na ginugugol ng ating mga miyembro upang magsanay at mangasiwa sa isa’t isa ay talagang napakalaki. Ang ating mga pagsisikap na bisitahin ng mga home teacher ang bawat pamilya sa ating kongregasyon bawat buwan at bisitahin ang bawat babaeng nasa hustong gulang ng mga visiting teacher ng

Relief Society bawat buwan ay mga halimbawa nito. Wala tayong alam na makakatulad sa paglilingkod na ito sa anumang organisasyon sa mundo.

Ang pinaka-kilalang halimbawa ng pambihirang paglilingkod at pagsasakripisyo ng mga Banal ay ang gawain ng ating mga misyonero. Sa kasalukuyan sila ay mahigit na sa 50,000 kabataang lalaki at kabataang babae at mahigit 5,000 may edad nang mga lalaki at babae. Inuukol nila ang mula anim na buwan hanggang dalawang taon ng kanilang buhay sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagbibigay ng mapagkawang-gawang paglilingkod sa halos 160 mga bansa sa buong mundo. Ang kanilang gawain ay palaging may kalakip na pagsasakripisyo, kabilang dito ang mga taon na inaalay nila sa gawain ng Panginoon at ang sakripisyong ginawa nila para matustusan ang kanilang sariling mga pangangailangan.

Ang mga naiwan sa tahanan—mga magulang at iba pang miyembro ng pamilya—ay nagsasakripisyo rin sa pagtititis na mawalay sa kanila at mawala ang tulong ng mga misyonerong kanilang ipinadala. Halimbawa, isang binatang taga-Brazil ang nakatanggap ng kanyang tawag sa misyon habang nagtatrabaho siya upang matustusan ang mga pangangailangan ng kanyang mga kapatid matapos pumanaw ang kanyang ama at ina. Inilarawan ng isang General Authority ang pagpulong ng mga batang ito at naalala nila na itinuro ng kanilang namayapang mga magulang na dapat lagi silang handang maglingkod sa Panginoon. Tinanggap ng binatang iyon ang tawag sa misyon, at ang kanyang 16 na taong-gulang na kapatid na lalaki ang pumalit sa kanyang responsibilidad na magtrabaho upang matustusan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya.⁶ Karamihan sa atin ay may alam na iba pang mga halimbawa ng sakripisyo para makapagmisyon o para matustusan ang pangangailangan ng isang misyonero. Wala tayong alam na iba pang boluntaryong paglilingkod at sakripisyong katulad nito sa anumang organisasyon sa mundo.

Madalas itinatanong sa atin, “Paano

ninyo nahihikayat ang inyong mga kabataan at mga may edad na miyembro na iwanan ang kanilang pag-aaral o ang kanilang pagreretiro para magsakripisyo sa ganitong paraan?” Marami akong naringgan na nagbigay ng ganitong paliwanag: “Dahil alam ko kung ano ang ginawa ng aking Tagapagligtas para sa akin—ang Kanyang awa kaya nagdusa Siya para sa aking mga kasalanan at pinagtagumpayan ang kamatayan upang mabuhay akong muli—ikinarrangal kong gawin ang maliit na sakripisyong hinihiling sa akin upang maglingkod sa Kanya. Nais kong ibahagi ang kaalamang ibinigay Niya sa akin.” Paano namin nahihikayat ang ganoong mga tagasunod ni Cristo na maglingkod? Tulad ng ipinaliwanag ng isang propeta, “Hinihilingan [lang] namin sila.”⁷

Ang iba pang pagsasakripisyong bunga ng paglilingkod ng misyonero ay ang sakripisyo ng mga tumutugon sa mga turo ng mga misyonero at nagiging miyembro ng Simbahan. Para sa maraming bagong miyembro, ang mga sakripisyong ito ay napakalaki, kabilang na ang pagkawala ng kaug-nayan sa mga kaibigan at kapamilya.

Maraming taon na ang nakalipas, sa ganitong kumperensya narinig ng mga tao ang kuwento tungkol sa isang binatang natagpuan ang ipinangambalik na ebanghelyo habang nag-aaral siya sa Estados Unidos. Noong naghahanda nang umuwi ang binatang ito sa kanyang bayang sinilangan, tinanong siya ni Pangulong Gordon B. Hinckley kung ano ang mangyayari kapag umuwi siyang Kristiyano na.

Patzicia, Guatemala



“Malulungkot ang pamilya ko,” sagot ng binata. “Maaaring itakwil nila ako at ituring na patay na. Tungkol naman sa hinaharap at trabaho ko, maaaring ipagkait sa akin ang lahat ng oportunidad.”

“Handa ka bang magpakasakit para sa ebanghelyo?” tanong ni Pangulong Hinckley.

Lumuluhang sumagot ang binata, “Totoo ang ebanghelyo, di po ba?” Nang iyon ay pinatotohanan, sagot niya, “Kung gayon, may iba pa bang mas mahalaga?”⁸ Iyan ang diwa ng pagsasakripisyo ng marami sa ating mga bagong miyembro.

Ang iba pang halimbawa ng paglilingkod at sakripisyo ay matatagpuan sa buhay ng matatapat na miyembro na naglilingkod sa ating mga templo. Ang paglilingkod sa templo ay bukod-tangi sa mga Banal sa mga Huling Araw, ngunit ang kahalagahan ng ganitong sakripisyo ay dapat naiintindihan ng lahat ng Kristiyano. Walang tradisyon ang mga Banal sa mga Huling Araw na maglingkod sa isang monasteryo, ngunit nauunawaan

at pinahahalagahan natin ang sakripisyo ng mga taong ang relihiyong Kristiyano ay naghihikayat sa kanilang iukol ang kanilang buhay sa ganoong gawain ng relihiyon.

Sa kumperensyang ito noong isang taon, ibinahagi ni Pangulong Thomas S. Monson ang halimbawa ng sakripisyo patungkol sa paglilingkod sa templo. Isang matapat na amang Banal sa mga Huling Araw sa liblib na pulo sa Pasipiko ang nagpagod sa pagtatrabaho sa napakalayong lugar sa loob ng anim na taon upang kumita ng perang kakailanganin upang dalhin ang asawa at 10 anak para maikasal at mabuklod sa kawalang-hanggan sa New Zealand Temple. Ipinaliwanag ni Pangulong Monson, “Alam ng mga nakauunawa sa walang hanggang mga pagpapalang nagmumula sa templo na walang sakripisyong napakalaki, walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapalang iyon.”⁹

Nagpapasalamat ako sa mga kahanga-hangang halimbawa ng

Kristiyanong pagmamahal, paglilingkod, at sakripisyo na nakita ko sa mga Banal sa mga Huling Araw. Nakikita ko kayong gumaganap sa inyong mga tungkulin sa Simbahan, kadalasang isinasakripisyo ang panahon at kabuhasan. Nakikita ko kayong nagmimisyon na sarili ninyo ang gastos. Nakikita ko kayong magiliw na ibinabahagi ang inyong mga kasanayan sa paglilingkod sa inyong kapwa. Nakikita ko kayong nangangalaga sa mga kapuspalad sa pamamagitan ng personal na tulong at pagbibigay sa gawaing pangkapakanan at pangkawanggawa ng Simbahan.¹⁰ Ang lahat ng ito ay pinatutunayan ng isang pag-aaral sa buong bansa na nagsasabi na ang mga aktibong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay “nagboboluntaryo at naghahandog ng higit pa sa inihahandog ng karaniwang Amerikano at naghahandog ng mas maraming panahon at salapi kaysa sa [20 porsiyento] ng mga pinakamayayaman na relihiyosong mamamayan sa Amerika.”¹¹

Pinapalakas tayong lahat ng gayong mga halimbawa. Ipinaaalala nito sa atin ang turo ng Tagapagligtas:

“Kung ang sinomang tao’y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili. . . .

“Sapagka’t ang sinomang mag-ibig iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin ay makasusumpung niyaon” (Mateo 16:24–25).

IV.

Marahil ang pinakapamilyar at pinakamahalagang halimbawa ng dimakasaring paglilingkod at pagsasakripisyo ay ginagawa sa ating pamilya. Inilalaan ng mga ina ang kanilang sarili sa pagluluwal at pag-aaruga ng kanilang mga anak. Iniuukol ng mga asawang lalaki ang kanilang sarili sa pagtustos sa pangangailangan ng kanilang asawa at mga anak. Ang mga sakripisyong kalakip sa napakahalagang paglilingkod sa ating mga pamilya ay napakarami para banggitin pa at napakapamilyar kaya’t hindi na kailangang banggitin.



Nakikita ko rin ang mga Banal sa mga Huling Araw na nag-aampon ng mga bata, kahit na ang may mga espesyal na pangangailangan, at tumutulong sa mga batang nasa pangangalaga ng pamahalaan upang mabigyan ng pag-asa at mga oportunidad na ipinagkait sa kanila ng dati nilang kalagayan. Nakikita ko kayong nag-aalaga sa mga kapamilya at kapitbahay na nagdurusa dahil sa mga depekto mula pagkabata, sakit sa katawan at pag-iisip, at mga sakit na dala ng pagtanda. Nakikita rin kayo ng Diyos, at hinayaan Niyang ipahayag ng Kanyang mga propeta na “sa inyong pagsasakripisyo sa isa’t isa at sa inyong mga anak, pagpapalain kayo ng Panginoon.”¹²

Naniniwala ako na ang mga Banal sa mga Huling Araw na kusang-loob na naglilingkod at nagsasakripisyo, na sumasamba sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa ay mas kumakapit sa mga walang hanggang pinapahalagahan kaysa alinmang grupo ng mga tao. Itinuturing ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga pagsasakripisyo ng panahon at kabuhasan bilang bahagi ng kanilang pagkatuto at pagiging marapat sa kawalang-hanggan. Ito ang katotohanang inihayag sa *Lectures on Faith*, na nagtuturo na “ang isang

relihiyong hindi nangangailangan ng sakripisyo sa lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na kapangyarihan na makapagbigay ng pananampalatayang kinakailangan ng buhay at kaligtasan. . . . Sa pamamagitan ng sakripisyong ito, at sa ganito lamang, inordena ng Diyos na ang tao ay magtamo ng buhay na walang hanggan.”¹³

Dahil ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay nasa sentro ng plano ng kaligtasan, tayong mga tagasunod ni Cristo ay kailangang magsakripisyo upang makamit ang tadhanang ibinibigay ng planong iyon para sa atin.

Alam ko na si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Diyos Amang Walang Hanggan. Alam ko na dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, nakatitiyak tayo sa imortalidad at sa pagkakataong mabuhay sa kawalang-hanggan. Siya ang ating Panginoon, Tagapagligtas, at Manunubos at pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Bruce R. McConkie, *The Promised Messiah: The First Coming of Christ* (1981), 218.
2. “Dakilang Karunungan at Pag-ibig,” *Mga Himno*, blg. 116.
3. “Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21.
4. Sarah Rich, sa Guinevere Thomas Woolstenhulme, “I Have Seen Many Miracles,” sa Richard E. Turley Jr. and Brittany A. Chapman, eds., *Women of Faith in the Latter Days: Tomo 1, 1775–1820* (2011), 283.
5. Gordon B. Hinckley, “Sagisag ng Aming Pananampalataya,” *Liahona*, Abr. 2005, 3.
6. Tingnan sa Harold G. Hillam, “Sacrifice in the Service,” *Ensign*, Nob. 1995, 42.
7. Gordon B. Hinckley, “Ang Himala ng Pananampalataya,” *Liahona*, Hulyo 2001, 84.
8. Gordon B. Hinckley, “It’s True, Isn’t It?” *Tambuli*, Okt. 1993, 3–4; tingnan din sa Neil L. Andersen, “Totoo ang Ebanghelyo, Di Ba? Kung Gayon may Iba pa Bang Mas Mahalaga?” *Liahona*, Mayo 2007, 74.
9. Thomas S. Monson, “Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2011, 91–92.
10. Tingnan, halimbawa, sa Naomi Schaefer Riley, “What the Mormons Know about Welfare,” *Wall Street Journal*, Feb. 18, 2012, A11.
11. Ram Cnaan and others, “Called to Serve: The Prosocial Behavior of Active Latter-day Saints” (draft), 16.
12. Ezra Taft Benson, “To the Single Adult Brethren of the Church,” *Ensign*, Mayo 1988, 53.
13. *Lectures on Faith* (1985), 69.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Bundok na Aakyat

Kung may pananampalataya tayo kay Jesucristo, ang pinakamahirap at maging ang pinakamadaling mga panahon sa buhay ay maaaring maging pagpapala.

Narinig kong hiniling ni Pangulong Spencer W. Kimball sa Diyos sa isang sesyon ng kumperensya na bigyan siya ng mga bundok na aakyat. Sabi niya: “Malaki ang mga hamong darating sa atin, malalaking oportunidad na haharapin. Tinatanggap ko ang magandang pagkakataong iyon at gusto kong sabihin sa Panginoon, nang mapagpakumbaba, ‘Ibigay ninyo sa akin ang bundok na ito,’ ibigay ninyo sa akin ang mga hamong ito.”¹

Naantig ang puso ko, dahil alam ko ang ilan sa mga hamon at hirap na dinanas niya. Higit kong ninais na maging katulad niya, isang magiting na lingkod ng Diyos. Kaya, isang gabi ipinagdasal kong bigyan ako ng pagsubok para mapatunayan ang aking katapangan. Tandang-tanda ko pa iyon. Pagsapit ng gabi ay lumuhod ako sa aking silid na may pananampalatayang halos mag-umapaw sa puso ko.

Sa loob ng isa o dalawang araw nasagot ang aking dalangin. Nagulat at napakumbaba ako sa pinakamahirap na pagsubok sa buhay ko. Dalawang aral ang natutuhan ko rito. Una, malinaw kong napatunayan na dininig at

sinagot ng Diyos ang aking taimtim na panalangin. At pangalawa, nalaman ko kung bakit ko nadama nang buong tiwala nang gabing iyon na darating ang malaking pagpapalang mula sa paghihirap na magiging sulit anuman ang mangyari.

Ang paghihirap na dinanas ko sa araw na iyon ay tila maliit na ngayon kumpara sa mga paghihirap na dumating magmula noon—sa akin at sa mga mahal ko sa buhay. Marami sa inyo ngayon ang dumaranas ng pisikal, mental, at emosyonal na mga pagsubok na maaaring magpatangis sa inyo tulad ng nangyari sa isang dakila at tapat na lingkod ng Diyos na kilalang-kilala ko. Narinig ng nars ang kanyang pagtangis sa nararanasang sakit, “Sinikap kong magpakabait sa buong buhay ko, bakit nangyari ito sa akin?”

Alam ninyo kung paano sinagot ng Panginoon ang tanong na iyon para kay Propetang Joseph Smith sa kanyang bilangguan:

“At kung ikaw ay itatapon sa hukay, o sa mga kamay ng mga mamamatay-tao, at ang kahatulan ng kamatayan ay ihahatol sa iyo; kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong

na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaaway; kung ang kalangitan ay magtipon ng kadiliman, at ang lahat ng elemento ay magsama-sama upang harangan ang daan; at higit sa lahat, kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

“Ang Anak ng Tao ay nagpakababababa sa kanilang lahat. Ikaw ba’y nakahihigit sa kanya?”

“Samakatwid, maging matatag sa iyong landas, at ang pagkasaserdote ay mananatili sa iyo; sapagkat ang kanilang hangganan ay nakatakda, sila ay hindi makararaan. Ang iyong mga araw ay nababatid, at ang iyong mga taon ay hindi nababawasan ng bilang; kaya nga, huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan.”²

Sa tingin ko wala nang mas magandang sagot sa tanong kung bakit dumarating ang mga pagsubok at kung ano ang gagawin natin kaysa mga salita ng Panginoon, na nagdanas ng mga pagsubok para sa atin na mas matindi kaysa maiisip natin.

Alalahanin ninyo ang Kanyang mga salita nang ipayo Niya na tayo, dahil sa pananampalataya natin sa Kanya, ay dapat magsisi:

“Kaya nga iniuutos ko sa iyong magsisi—magsisi, upang hindi kita masaktan ng pamalo ng aking bibig, at ng aking poot, at ng aking galit, at ang iyong mga pagdurusa ay maging masakit—kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.

“Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

“Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

“Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa



lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

“Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao.”³

Nananalig tayo na ang paraan para malagpasan ang mga pagsubok ay maniwala na may “balsamo sa Galaad”⁴ at na nangako ang Panginoon na, “Hindi kita . . . pababayaan.”⁵ Iyan ang itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson para tulungan tayo at yaong mga pinaglilingkuran natin na may malungkot at mabibigat na pagsubok.⁶

Ngunit matalino ring itinuro ni Pangulong Monson na ang pundasyon ng pananampalataya ay kailangang patatagin nang husto upang makamtan ang mga pagpapalang iyon. Marahil ay nakita na ninyo na kailangan ang pundasyong iyan, tulad ko, sa tabi ng higaan ng isang taong handa nang sumuko na magtiis hanggang wakas. Kung hindi matibay na nakatanim sa ating puso ang pundasyon ng pananampalataya, hindi tayo makatitiis.

Layon ko ngayong ilarawan ang nalalaman ko kung paano natin matatayo ang di-natitinag na pundasyong iyan. Mapagpakumbaba ko itong gagawin sa dalawang kadahilanan. Una, ang sasabihin ko ay maaaring magpahina sa ilan na nahihirapan sa gitna ng malaking pagsubok at nadaramang gumuguho ang pundasyon ng kanilang pananampalataya. At ikalawa, alam ko na makararanas ako ng matitinding pagsubok bago magwakas ang buhay. Samakatwid, ang ipapayo ko sa inyo ay kailangan pang patunayan ng sarili kong pagtitiis hanggang wakas.

Noong binata ako, nagtrabaho ako sa isang kontratista sa paglalagay ng mga footing at pundasyon para sa mga bagong bahay. Sa init ng araw mahirap ihanda ang lupa sa porma o hugis na pagbubuhusan namin ng semento para sa footing. Wala pang mga makinarya. Gumamit kami ng piko at pala. Mahirap gumawa ng matitibay na pundasyon para sa mga gusali sa mga panahong iyon.

Nangailangan din ito ng pagtitiyaga. Pagkatapos naming buhusan ng semento ang footing, hinintay namin itong matuyo. Gustuhin man naming mapabilis ang trabaho, naghintay rin kaming matapos ang pagbuhos ng

semento para sa pundasyon bago namin inalis ang mga porma.

At ang mas kahanga-hanga sa isang bagong karpintero ay ang tila mahirap at matagal na paglalagay ng mga bakal nang buong ingat sa loob ng mga porma para tumibay ang pundasyon.

Sa gayon ding paraan, kailangang ihandang mabuti ang lupa para sa pundasyon ng ating pananampalataya upang makayanan ang mga unos na darating sa buhay ng bawat isa. Ang matibay na batayan ng pundasyon ng pananampalataya ay integridad ng sarili.

Kapag lagi nating pinipili ang tama tuwing pumipili tayo, tumitibay ang pundasyon ng ating pananampalataya. Maaari itong magsimula sa pagkabata dahil bawat kaluluwa ay isinilang na may kaloob na Espiritu ni Cristo. Sa pamamagitan ng Espiritung iyan malalaman natin kapag nagawa natin ang tama sa harap ng Diyos at kapag mali ang ating nagawa sa paningin Niya.

Ang mga pagpiling iyon, na karaniwan ay daan-daan, ay inihahanda ang pundasyong kinasasaligan ng ating pananampalataya. Ang bakal sa paligid na pinagbuhusan ng ating pananampalataya ay ang ebanghelyo ni Jesucristo, kasama ang lahat ng tipan, ordenansa, at alituntunin nito.

Ang isa sa mga susi sa di-matitinag na pananampalataya ay ang tamang pagtantiya kung sapat na ba ang lakas nito. Kaya nga hindi ako naging matalino sa pagdarasal nang napakaaga sa buhay ko na bigyan ako ng mas matataas na bundok na aakyatin at mas malalaking pagsubok.

Hindi kaagad-agad tumitibay ang pananampalataya sa paglipas ng panahon, kundi nangangailangan ito ng sapat na panahon. Ang pagtanda ay hindi sapat. Masigasig na paglilingkod sa Diyos at sa kapwa nang buong puso at kaluluwa ang nagbubunga ng patotoo na nagiging matibay na espirituwal na lakas.

Ngayon, nais kong hikayatin yaong mga may mabibigat na pagsubok, na nakadarama na naglalaho na ang kanilang pananampalataya dahil sa pagdagsa ng problema. Ang problema mismo ay maaaring magpalakas at sa

huli ay magkaroon ng di-natitinag na pananampalataya. Sinabi sa atin ni Moroni, ang anak ni Mormon sa Aklat ni Mormon, kung paano mapapasaatin ang pagpapalang iyon. Itinuro niya ang simple at magandang katotohanan na ang pagkilos nang may maliit na pananampalataya ay nagtutulot sa Diyos na palakasin ito:

“At ngayon, ako, si Moroni, ay mangungusap nang bahagya hinggil sa mga bagay na ito; ipakikita ko sa sanlibutan na ang pananampalataya ay mga bagay na inaasahan at hindi nakikita; kaya nga, huwag magtalu-talo dahil sa hindi ninyo nakikita, sapagkat wala kayong matatanggap na patunay hangga’t hindi natatapos ang pagsu-bok sa inyong pananampalataya.

“Sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipinakita ni Cristo ang kanyang sarili sa ating mga ama, matapos siyang bumangon mula sa patay; at hindi niya ipinakita ang kanyang sarili sa kanila hanggang sa nagkaroon muna sila ng pananampalataya sa kanya; anupa’t kinakailangan na may pananampalataya sa kanya ang ilan, sapagkat hindi niya ipakikita ang kanyang sarili sa sanlibutan.

“Subalit dahil sa pananampalataya ng mga tao ay ipinakita niya

ang kanyang sarili sa sanlibutan, at niluwalhati ang pangalan ng Ama, at naghanda ng daan nang sa gayon ang iba ay maaaring maging kabahagi sa makalangit na handog, upang sila ay umasa sa mga yaong bagay na hindi nila nakikita.

“Kaya nga, maaari rin kayong magkaroon ng pag-asa, at maging kabahagi ng handog, kung kayo ay magkakaroon lamang ng pananampalataya.”⁷

Ang pananampalatayang iyan na pinakamahalaga at dapat ninyong protektahan at gamitin hangga’t kaya ninyo ay ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Itinuro ni Moroni ang kapangyarihan ng pananampalatayang iyan nang ganito: “At ni hindi kailanman nakagawa ang sinuman ng mga himala hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya; anupa’t sila ay unang naniwala sa Anak ng Diyos.”⁸

Nakausap ko ang isang babaeng tumanggap ng lakas na matiis ang diakalaing mga pagkabigo sa simpleng pag-uulit nang walang-tigil ng mga salitang, “Alam kong buhay ang aking Manunubos.”⁹ Ang pananampalataya at patotoong iyon ay naroon pa rin sa gitna ng ulap na lumalambong sa

kanya ngunit hindi nito kayang pawiin ang mga alaala ng kanyang kabataan.

Nagulat akong malaman na napatawad ng isa pang babae ang isang taong matagal nang nagkasala sa kanya. Nagulat ako at tinanong ko siya kung bakit niya ipinasiyang patawarin at kalimutan ang panlibak nito sa loob ng maraming taon.

Mahinahon niyang sinabi, “Isa ito sa pinakamahirap na bagay na ginawa ko, pero alam ko lang na kailangan kong gawin ito. Kaya ginawa ko.” Ang kanyang pananampalataya na patawarin siya ng Tagapagligtas kung patatawarin niya ang iba ay naghanda sa kanya na pumanaw nang payapa at may pag-asa ilang buwan lang matapos niyang patawarin ang kanyang hindi nagsisising kaaway.

Itinanong niya sa akin, “Kapag naroon na ako, ano ang magiging kalagayan ko sa langit?”

At sinabi ko, “Ang alam ko lang dahil sa nakita kong kakayahan mong manampalataya at magpatawad na ito ay magiging magandang pagbabalik.”

May isa pa akong panghihikayat sa mga nag-iisip ngayon kung sapat na ang pananampalataya nila kay Jesucristo para makapagtiis hanggang wakas. Mapalad akong makilala ang iba sa inyo na nakikinig ngayon noong mas bata pa kayo, masigla, matalino kaysa karamihan sa paligid ninyo, subalit pinili ninyong gawin ang gagawin ng Tagapagligtas. Sa inyong kasaganahan nakakita kayo ng mga paraang tulungan at pagmalasakitan ang mga taong maaari sanang hindi ninyo mapansin o mapahalagahan dahil sa inyong katayuan sa buhay.

Kapag dumating ang mga pagsu-bok, sasainyo ang pananampalatayang matiis ito nang husto, na tinaglay ninyo nang hindi napapansin nang kumilos kayo ayon sa dalisay na pag-ibig ni Cristo, na naglilingkod at nagpatawad sa kapwa na tulad ng gagawin ng Tagapagligtas. Pinatibay ninyo ang pundasyon ng pananampalataya dahil nagmahal kayo tulad ng Tagapagligtas at naglingkod para sa Kanya. Ang inyong pananampalataya sa Kanya ay humantong sa pag-ibig sa kapwa na magbibigay sa inyo ng pag-asa.

São Paulo, Brazil





Hindi pa huli ang lahat para palakasin ang pundasyon ng pananampalataya. Palaging may panahon. Sa pananampalataya sa Tagapagligtas, makapagsisisi kayo at makahihingi ng tawad. Mayroon kayong mapapatawad. Mayroon kayong mapasasalamatan. May tao kayong mapaglilingkuran at mapasisigla. Magagawa ninyo ito saanman kayo naroon at gaano man kayo kalumbay at nag-iisa.

Hindi ko maipapangakong magwawakas ang inyong paghihirap sa mundong ito. Hindi ko matitiyak sa inyo na panandalian lang ang inyong mga pagsubok. Ang isa sa mga katangian ng mga pagsubok sa buhay ay tila pinapabagal nito ang mga orasan at halos parang tumigil na ito.

May mga dahilan iyan. Ang malaman ang mga dahilang iyon ay maaaring hindi gaanong magbigay ng kapanatagan, ngunit makadarama kayo ng pagtitiis. Ang mga dahilang iyon ay mula sa isang katotohanang ito: sa sakdal na pagmamahal Nila sa

inyo, gusto kayong iwasto ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas para makapiling ninyo Sila at ang inyong pamilya magpakailanman. Ang mga taong nalinis lamang nang lubusan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang makaparoroon.

Nakibaka ang nanay ko sa kanser nang halos 10 taon. Ang mga pagpapagamot at operasyon at sa huli ay pagkaratay sa higaan ay ilan sa kanyang mga pagsubok.

Naalala kong sinabi ng tatay ko pagkatapos niyang makita ang paghugot ni Inay ng kanyang huling hininga, “Umuwi na ang batang musmos para magpahinga.”

Isa sa mga nagsalita sa kanyang burol si Pangulong Spencer W. Kimball. Sa mga papuring binigkas niya, may naalala akong isa na parang ganito ang pagkakasabi: “Maaaring naisip ng ilan sa inyo na nagdusa nang matagal at matindi si Mildred dahil may mali siyang ginawa na nangailangan ng gayong mga pagsubok.” Pagkatapos

sinabi niya, “Hindi ganoon, ginusto lang ng Diyos na dalisayin pa siya nang kaunti.” Naisip ko noon, “Kung ang babaeng ganoon kabait ay kailangan pang dalisayin, paano pa kaya ako?”

Kung may pananampalataya tayo kay Jesucristo, ang pinakamahirap at maging ang pinakamadaling mga panahon sa buhay ay maaaring maging pagpapala. Sa anumang sitwasyon, makapipili tayo ng tama sa patnubay ng Espiritu. Nasa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo na huhubog at gagabay sa ating buhay kung gusto natin. At dahil sa mga propetang naghahayag sa atin ng ating lugar sa plano ng kaligtasan, makapamumuhay tayo nang may lubos na pag-asa at kapayapaan. Hindi natin kailangang madama na tayo ay nag-iisa o hindi minamahal sa paglilingkod sa Panginoon, dahil hindi iyan totoo. Madarama natin ang pag-ibig ng Diyos. Nangako ang Tagapagligtas ng mga anghel na mapapasaating kaliwa at sa ating kanan, upang dalhin tayo.¹⁰ Lagi Siyang tumutapad sa pangako.

Pinatotohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak ang ating Manunubos. Pinagtibay ng Espiritu Santo ang katotohanan sa kumperensyang ito at muli Niya itong gagawin kung hahangarin, kung pakikinggan, at pag-aaralan ninyo kalaunan ang mga mensahe ng mga awtorisadong lingkod ng Panginoon, na narito. Si Pangulong Thomas S. Monson ang propeta ng Panginoon sa buong mundo. Pinangangalagaan kayo ng Panginoon. Ang Diyos Ama ay buhay. Ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Jesucristo, ay ating Manunubos. Walang hanggan ang Kanyang pagmamahal. Ito ang patotoo ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Spencer W. Kimball, “Give Me This Mountain,” *Ensign*, Nob. 1979, 79.
2. Doktrina at mga Tipan 122:7–9.
3. Doktrina at mga Tipan 19:15–19.
4. Jeremias 8:22.
5. Josue 1:5.
6. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Look to God and Live,” *Ensign*, Mayo 1998, 52–54.
7. Eter 12:6–9.
8. Eter 12:18.
9. “Buhay ang Aking Manunubos,” *Mga Himno*, blg. 78.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:88.



Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapag-hayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook,

D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Si Elder Steven E. Snow ay na-release bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Sa mga makikiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Elder Richard J. Maynes bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing i-release natin nang may pasasalamat sina Elder Gérald Jean Caussé at Gary E. Stevenson bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Pagkaraan ng maraming taon ng tapat at mabisang paglilingkod, iminumungkahing i-release natin sina Bishop H. David Burton, Richard C. Edgley, at Keith B. McMullin bilang Presiding Bishopric at hirangin sila bilang mga emeritus General Authority.

Sa mga makikiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin ang mga sumusunod bilang mga Area Seventy simula sa Mayo 1, 2012:

Richard K. Ahadjie, Climato C. A. Almeida, Fernando J. D. Araújo, Marvin T. Brinkerhoff, Mario L. Carlos, Rafael E. Castro, David L. Cook, César A. Dávila, Mosiah S. Delgado, Luis G. Duarte, Juan A. Etchegaray, Stephen L. Fluckiger, J. Roger Fluhman, Robert C. Gay,





Miguel Hidalgo, Garith C. Hill, David J. Hoare, David H. Ingram, Tetsuji Ishii, Kapumba T. Kola, Glendon Lyons, R. Bruce Merrell, Enrique J. Montoya, Daniel A. Moreno, Adesina J. Olukanni, Gamaliel Osorno, Patrick H. Price, Marcos A. Prieto, Paulo R. Puerta, Carlos F. Rivas, A. Ricardo Sant'Ana, Fabian L. Sinamban, Natã C. Tobias, Stanley Wan, Perry M. Webb, Richard W. Wheeler, at Scott D. Whiting.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin nang may taos na pasasalamat sina Sister Julie B. Beck, Silvia H. Allred, at Barbara Thompson bilang Relief Society general presidency.

Ini-rerelease din natin ang mga miyembro ng Relief Society general board.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa kababaihang ito sa kanilang pambihirang paglilingkod at katapatan, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Craig A. Cardon, Stanley G. Ellis, Larry Echo Hawk, Robert C. Gay, at Scott D. Whiting.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Gary E. Stevenson bilang Presiding Bishop ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama sina Gérald Jean Caussé bilang Unang Tagapayo at Dean Myron Davies bilang Pangalawang Tagapayo.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang mga bagong Area Seventy:

Pedro U. Adduru, Detlef H. Adler, Angel H. Alarcon, Aley K. Auna Jr., W. Mark Bassett, Robert M. Call, Hernando Camargo, Gene R. Chidester, Joaquin E. Costa, Ralph L. Dewsnup, Ángel A. Duarte, Edward Dube, Moroni Gaona, Taylor G. Godoy, Francisco D. N. Granja, Yuriy A. Gushchin, Richard K. Hansen, Todd B. Hansen, Clifford T. Herbertson, Aniefiok Udo Inyon, Luiz M. Leal, Alejandro Lopez, L. Jean Claude Mabaya, Alvin F. Meredith III, Adonay S. Obando, Jared R. Ocampo, Adeyinka A. Ojdiran, Andrew M. O'Riordan, Jesus A. Ortiz, Fred A. Parker, Siu Hong Pon, Abraham E. Quero, Robert Clare Rhien, Jorge Luis Romeu, Jorge Saldívar, Gordon H.

Smith, Alin Spannaus, Moroni B. Torgan, Steven L. Toronto, at Daniel Yirenya-Tawiah.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang. Ang hindi sang-ayon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Linda Kjar Burton bilang general president ng Relief Society, kasama sina Carole Manzel Stephens bilang unang tagapayo at Linda Sheffield Reeves bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, ipakita lamang.

Pangulong Monson, ayon sa naobserbahan ko, nagkakaisa ang lahat ng nasa Conference Center sa pagsang-ayon sa mga iminungkahi.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagsang-ayon at patuloy na pananam-palataya, katapatan, at mga dalangin.

Inaanyayahan namin ngayon ang mga bagong tawag na General Authority at Relief Society general presidency na lumapit at maupo sa harapan. ■

Ulat ng Church Auditing Department, 2011

Inilahad ni Robert W. Cantwell

Managing Director, Church Auditing Department

Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Mahal na mga Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ang council na ito ay binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric.

Ang council na ito ang nag-aaprubang mga badyet para sa mga departamento, pagpapatakbo, at kaugnay na mga alokasyon sa mga unit ng Simbahan. Ginugugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo ayon sa inapubahang mga badyet at alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan.

Pinahintulutan ang Church

Auditing Department na makita ang lahat ng rekord at sistemang kailangan upang masuri kung sapat ang kontrol sa mga pagtanggap ng mga pondo, paggastos, at pag-iingat ng mga ari-arian ng Simbahan. Ang Church Auditing Department ay hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento at pagpapatakbo ng Simbahan, at ang mga kawani ay binubuo ng mga certified public accountant, certified internal auditor, certified information systems auditor, at iba pang mga lisensyadong propesyonal.

Batay sa isinagawang mga audit, ipinasiya ng Church Auditing Department na sa lahat ng mahalagang aspeto, ang natanggap na mga kontribusyon, ginugol, at ari-arian ng Simbahan para sa taong 2011 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa angkop na mga kalakaran sa accounting, inapubahang badyet, at patakaran at pamamaraan ng Simbahan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Robert W. Cantwell
Managing Director ■



Ulat sa Estadistika, 2011

Inilahad ni Brook P. Hales

Kalihim sa Unang Panguluhan

Para sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, nag-isyu ang Unang Panguluhan ng sumusunod na ulat sa estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2011.

tagapayo sa Relief Society general presidency; *Sister Norma Voloy Sonntag*, asawa ni Elder Philip T. Sonntag, dating miyembro ng Pitumpu; *Sister Leola George*, asawa ni Elder Lloyd P. George, dating

miyembro ng Pitumpu; *Sister Argelia Villanueva de Alvarez*, asawa ni Elder Lino Alvarez, dati ring miyembro ng Pitumpu; at *Brother Wendell M. Smoot Jr.*, dating pangulo ng Tabernacle Choir. ■

Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake	2,946
Mga Mission	340
Mga District	608
Mga Ward at Branch	28,784

Mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro	14,441,346
Mga Batang Nadagdag sa Talaan noong 2011	119,917
Mga Nabinyagan noong 2011	281,312

Mga Misyonero

Mga Full-Time Missionary	55,410
Mga Church-Service Missionary	22,299

Mga Templo

Mga Templong Inilaan noong 2011 (San Salvador El Salvador at Quetzaltenango Guatemala)	2
Mga Templong Muling Inilaan noong 2011 (Atlanta)	1
Mga Templong Gumagana	136

Mga Dating Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan at Iba pang Pumanaw Simula noong Pangkalahatang Kumperensya ng Abril

Elder Marion D. Hanks, Jack H Goaslind Jr., Monte J. Brough, Ronald E. Poelman, Keith W. Wilcox, at Harold G. Hillam, lahat ay dating miyembro ng mga Korum ng Pitumpu; *Sister Joy F. Evans* at *Chieko N. Okazaki*, mga dating





Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga Manggagawa sa Ubasan

Makinig lamang sa pahiwatig ng Espiritu Santo na nagsasabi sa inyo ngayon, sa sandaling ito mismo, na dapat ninyong tanggapin ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo.

Sa mga tinawag at ini-release ng Unang Panguluhan kanina, hayaan ninyong sabihin ko para sa ating lahat na lagi nating aalalahanin at mamahalin ang mga naglingkod nang napakatapat, tulad ng pagmamahal at pagtanggap natin kaagad sa mga bagong manunungkulan ngayon. Taos-puso kaming nagpapasalamat sa inyong lahat.

Gusto kong magsalita ngayon tungkol sa talinghaga ng Tagapagligtas kung saan isang may-ari ng lupa ang “lumabas pagkaumagang-umaga, upang umupa ng manggagawa sa kaniyang ubasan.” Matapos makakuha ng mga manggagawa nang alas-6:00 ng umaga, bumalik siya nang alas-9:00 n.u., at nang alas-12:00 ng tanghali, at nang alas-3:00 ng hapon, para umupa ng iba pang mga manggagawa upang tiyak na matapos ang pag-ani. Sinabi sa banal na kasulatan na bumalik siya sa huling pagkakataon, “nang malapit na ang ikalabing-isang oras” (mga alas-5:00 ng hapon), at umupa ng

huling grupo ng mga manggagawa. Makalipas lamang ang isang oras, nagtipon ang mga manggagawa para sumahod sa araw na iyon. Nakagulat na *pare-pareho* ang natanggap nilang sahod kahit iba-iba ang oras na kanilang ipinagtrabaho. Agad nagalit ang unang grupong inupahan, at sinabing, “Isa lamang oras ang ginugol nitong mga huli, Sila’y ipinantay mo sa amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init na nakasusunog.”¹ Sa pagbasa ng talinghagang ito, marahil, tulad ng mga manggagawang iyon, iisipin din ninyo na hindi nga iyon makatarungan. Hayaan ninyong magsalita ako tungkol diyan.

Una sa lahat mahalagang malaman na wala *ni isa* na naagrabyado rito. Pumayag ang unang mga manggagawa sa buong araw na sahod, at natanggap nila iyon. Bukod pa rian, sa wari ko ay malaki ang pasasalamat nila na natanggap sila sa trabaho. Sa panahong iyon ng Tagapagligtas, ang karaniwang manggagawa at kanyang

pamilya ay umaasa lamang sa kita nila sa maghapon. Kung hindi ka nag-ani o nangisda o nagtinda, malamang na wala kang kakainin. Dahil mas maraming manggagawa kaysa gawain, pinakamasuwerte ang unang grupong ito sa lahat ng manggagawa sa umagang iyon.

Kaya nga, kung may dapat mangkaawaan, iyon ay ang kalalakihang *hindi* napili noong una na may mga pamilya ring pakakainin at daramitan. Tila hindi sinuwerte ang ilan sa kanila kahit kailan. Sa bawat pagbisita ng katiwala sa buong maghapon, nakita nila na palaging may ibang napipili.

Ngunit sa pagtatapos ng araw, bumalik sa ikalimang beses ang may-ari na may dalang pambihirang huling alok! Ang huli at lubhang pinanghiwaan ng loob na mga manggagawang ito, nang marinig na tatrathin sila nang patas, ay tinanggap ang alok kahit hindi nila alam kung magkano ang kanilang magiging sahod, batid na mas mabuti nang may *trabaho* kaysa wala, na matagal na nilang nararanasan. At nang kumuha na sila ng sahod, nagulat sila na pare-pareho ang ibinayad sa kanilang lahat! Gulat na gulat siguro sila at talagang labis na nagpasalamat! Tiyak na noon lang sila nakaranas ng gayon kalaking pagkahabag simula pa noong nagtrabaho sila.

Sa pagbabasa ko sa kuwentong ito ay nadama ko na kailangang makita ang pagrereklamo ng mga unang manggagawa. Tulad ng sinabi sa kanila ng may-ari ng lupa sa talinghaga (at iibahin ko lang nang kaunti): “Mga kaibigan, naging makatarungan ako sa inyo. Pumayag kayo sa magiging bayad sa inyo sa buong araw, magandang kita na ito. Napakasaya ninyo nang matanggap kayo sa trabaho, at napakasaya ko sa pagsisilbi ninyo. Binayaran kayo nang buo. Kunin ninyo ang inyong sahod at tamasahin ang pagpapala. Para sa iba naman, *malaya naman akong gawin ang gusto kong gawin sa pera ko.*” At narito ang nakapupukaw na tanong para sa sinuman noon o ngayon na kailangang makarinig nito: “*Bakit ka maiinggit kung piliin kong maging mabait?*”



Mga kapatid, may mga pagkaka-taon sa buhay natin na ibang tao ang nagtatamo ng di-inaasahang pagpapala o tumatanggap ng espesyal na pagkilala. Maaari ba akong magsumamo sa inyo na huwag kayong maghinanakit—at huwag mainggit—kapag nagkakaroon ng magandang kapalaran ang iba? Walang nababawas sa atin kapag may nadaragdag sa iba. Hindi tayo nagpapaligsahan para makita kung sino ang pinakamayaman o pinakamatalino o pinakamaganda o pinakamapalad. Ang paligsahang *talagang* pinasukan natin ay ang paligsahan laban sa kasalanan, at walang duda na inggit ang isa sa mga kasalananang maaaring pagdaanan ninuman.

Bukod pa rito, ang inggit ay isang pagkakamaling hindi mapigilan. Malinaw na nagdurusa tayo nang kaunti kapag may *kamalasang* dumarating sa atin, ngunit dahil sa inggit ay

nagdurusa tayo sa lahat ng *mabuting kapalarang* dumarating sa lahat ng kakilala natin! Wala kang pag-asa sa hinaharap kapag ganyan—napakalungkot mo tuwing may isang tao sa paligid mo na masaya! Mas nakakahiya pa kapag sa bandang huli, nalaman natin na tunay na ang Diyos ay kapwa makatarungan at maawain, na ibinibigay sa lahat ng panig sa Kanya “ang lahat niyang pagaari,”² tulad ng sabi sa banal na kasulatan. Kaya ang unang aral mula sa ubasan ng Panigunoon: ang pag-iimbot, pagmamalaki, o paninira ay *hindi* nag-aangat sa katayuan *mo*, ni hindi nagpapaganda ng reputasyon mo ang paghamak mo sa iba. Kaya maging mabait, at magpasalamat na mabait ang Diyos. Paraan iyan para mabuhay nang masaya.

Ang pangalawang nais kong talakayin mula sa talinghagang ito ay ang malungkot na pagkakamaling

maaaring gawin ng iba kung hindi nila tatanggapin ang kanilang sahod sa *pagtatapos* ng araw dahil naging abala sila sa pag-iisip ng mga problema sa *pagsisimula* ng araw na iyon. Hindi naman sinabi sa talata na may nagbato ng kanyang sahod sa mukha ng mayari at pagalit na umalis nang walang kapera-pera, pero palagay ko maaaring may gumawa nga niyon.

Pinakamamahal kong mga kapatid, ang nangyari sa kuwentong ito noong alas-9:00 o noong tanghali o noong alas-3:00 ay balewala kumpara sa kamangha-manghang ibinayad sa mga manggagawa sa pagtatapos ng araw na iyon. Ang pormula para manampalataya ay magpatuloy, magsumikap, magsimula hanggang matapos, at hayaang mapawi ang mga alalahanin noong una—totoo man iyon o inakalang—sa kasaganaan ng gantimpala sa bandang huli. Huwag isipin ang mga dating problema o hinanakit—sa sarili ninyo o sa kapwa ninyo o, idaragdag ko pa, maging sa Simbahang ito na totoo at buhay. Ang karingalan ng inyong buhay, ng buhay ng inyong kapwa, at ng ebanghelyo ni Jesucristo ay mahahayag sa huling araw, kahit hindi laging kilalanin ng lahat ang karingalang iyon sa simula. Kaya’t huwag gaanong mabahala sa anumang nangyari noong alas-9:00 ng umaga kapag sinisikap kayong gantimpalaan ng biyaya ng Diyos pagsapit ng alas-6:00 ng gabi—anuman ang napakasunduan ninyong sahod para sa buong maghapon.

Inuubos natin ang ating damdamin at espirituwalidad sa mahigpit na pagkapit sa alaala ng maling tikladong napindot natin noong bata pa tayo sa piano recital, o sa nasabi ng ating asawa 20 taon na o mahigpit pa ang nakalipas kaya determinado tayong ipaalala iyon sa kanya sa susunod na 20 taon pa, o sa isang pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan na nagpatunay na laging pipilitin ng mga mortal na tao na makaagapay sa mga inaasahan sa kanila ng Diyos. Kahit hindi sa inyo nagsimula ang isa sa mga hinanakit na iyon, maaaring sa inyo magtapos iyon. At may napakalaking gantimpalang darating dahil sa kontribusyong iyon

kapag tinitigan kayo ng Panginoon ng ubasan sa mata at lahat ng mali ay naitama sa katapusan ng buhay natin sa lupa.

At diyan pumapasok ang pangatlo at huling punto ko. Ang talinghagang ito—gaya ng lahat ng talinghaga—ay hindi talaga tungkol sa mga manggagawa o sahod tulad din na ang ibang talinghaga ay hindi naman talaga tungkol sa mga tupa at kambing. Tungkol ito sa kabutihan ng Diyos, sa Kanyang tiyaga at pagpapatawad, at sa Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Ito ay kuwento tungkol sa kabaitan at pagkahabag. Ito ay tungkol sa biyaya. Binibigyang-diin nito ang ideyang narinig ko maraming taon na ang nakalilipas na ang bagay na lubhang ikinatutuwa ng Diyos sa pagiging Diyos ay ang pagiging maawain, lalo na sa mga taong hindi ito inaasahan at kadalasan ay nadarama na hindi sila karapat-dapat dito.

Hindi ko alam kung sino sa inyong narito ngayon ang kailangang makarinig sa mensaheng ito ng pagpapatawad na nasa talinghagang ito, ngunit gaano man ninyo iniisip na huli na kayo, gaano man karaming pagkakataon ang iniisip ninyong lumagpas sa inyo, gaano man karaming pagkakamali ang inaakala ninyong nagawa ninyo o mga talentong wala kayo, o gaano man kayo napalayo sa inyong tahanan at pamilya at sa Diyos, pinatototohanan ko na *hindi* pa rin kayo ganap na napalayo sa pag-ibig ng Diyos. Hindi posibleng lumubog kayo nang mas malalim kaysa kayang abutin ng walang-hanggang liwanag ng Pagbabayad-sala ni Cristo.

Hindi man kayo kabilang sa aming relihiyon o nakasama man namin kayo noon at hindi kayo nanatili, wala kayong nagawang pagkakamali na hindi maitatama. Walang problemang hindi ninyo malulutas. Walang pangarap na hindi matutupad sa paglipas ng panahon at sa kawalang-hanggan. Kahit nadarama ninyo na kayo ang naligaw at huling manggagawa sa ikalabing-isang oras, nag-aanyaya pa rin ang Panginoon ng ubasan. “Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng



biyaya,”³ at magpatirapa sa paanan ng Banal ng Israel. Halinang magpakabusog “ng walang salapi at walang bayad”⁴ sa dulang ng Panginoon.

Nakikiusap ako lalo na sa mga asawa at ama, mga mayhawak ng priesthood o hahawak ng priesthood, na, sabi nga ni Lehi, “Gumising! at bumangon mula sa alabok . . . at magpakalalaki.”⁵ Hindi naman lagi ngunit madalas ay kalalakihan ang tumatanggi sa panawagang “maki-isa.”⁶ Tila mas may pagkukusa ang kababaihan at mga bata. Mga kapatid, panahon na para kumilos. Gawin ito para sa inyong sariling kapakanan. Gawin ito para sa kapakanan ng mga nagmamahal sa inyo at ipinagdarasal na tumugon kayo. Gawin ito para sa Panginoong Jesucristo, na nagbayad ng di-mawaring halaga para sa kinabukasang nais Niyang makamtan ninyo.

Pinakamamahal kong mga kapatid, sa inyo na napagpala ng ebanghelyo sa loob ng maraming taon dahil pinalad kayong matagpuan ito nang maaga, sa inyo na unti-unting nakabatid sa ebanghelyo kalaunan, at sa inyo—miyembro man kayo o hindi

pa—na nag-aalangan pang sumapi, sa bawat isa sa inyo, sa lahat-lahat, pinatototohanan ko ang nagpapabagong kapangyarihan ng pagmamahal ng Diyos at ang himala ng Kanyang biyaya. *Ang mahalaga sa Kanya ay ang pananampalatayang kakamtin ninyo, hindi kung kailan ninyo ito natamo.*

Kaya kung nakipagtipan na kayo, tuparin ninyo ang mga ito. Kung hindi pa, makipagtipan na kayo. Kung nakipagtipan na kayo at nilabag ninyo ang mga ito, magsisi at iwasto ang mga ito. Hindi pa huli *kailanman* hangga’t sinasabi ng Panginoon ng ubasan na may oras pa. Makinig lamang sa pahiwatig ng Espiritu Santo na nagsasabi sa inyo ngayon, sa sandaling ito mismo, na dapat ninyong tanggapin ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo at masiyahan kayo sa Kanyang ginawa. Huwag magpaliban. Baka mahuli na ang lahat. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mateo 20:1–15.
2. Lucas 12:44.
3. Sa mga Hebreo 4:16.
4. Isaias 55:1.
5. 2 Nephi 1:14, 21.
6. “Tayo ay Kasapi,” *Mga Himno*, blg. 152.



Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagkilala sa Ating Sarili: Ang Sakramento, ang Templo, at Sakripisyo sa Paglilingkod

Tayo ay napapabalik-loob at nakakaasa sa sarili nating espirituwalidad kapag mapanalangin nating ipinamuhay ang ating mga tipan.

Nagkuwento ang Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo tungkol sa isang anak na lalaking iniwan ang mayamang ama, at nagpunta sa malayong bayan, at winaldas ang kanyang mana. Nang dumating ang taggutom, nagtrabaho siya bilang hamak na tagapagpakain ng mga baboy. Gutom na gutom siya kaya gusto niyang kainin ang mga ipa na para sa mga hayop.

Malayo sa kanyang tahanan, malayo sa lugar na nais niyang kalagyan, at sa kanyang abang kalagayan, may nangyari sa buhay ng binatang ito na mahalaga sa kawalang-hanggan. Sa mga salita ng Tagapagligtas, “siya’y [na]kapagisip.”¹ Naalala niya kung sino siya, natanto niya kung ano ang

nawala sa kanya, at hinagad niya ang mga biyayang malaya niyang naku-kuha sa bahay ng kanyang ama.

Sa buong buhay natin, sa oras man ng problema, pagsubok, kalungkutan, o pagkakasala, maaari nating madama ang pagpapaalala ng Espiritu Santo na tayo ay tunay na mga anak ng mapagmalasakit na Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin, at maaari tayong magutom para sa mga sagradong pagpapalang Siya lamang ang makapagbibigay. Sa mga pagkakataong ito dapat nating sikaping *kilalanin ang ating sarili* at bumalik sa liwanag ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas.

May karapatan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit sa mga pagpapalang ito. Ang hangarin ang mga

pagpapalang ito, pati na ang masaya at maligayang buhay, ay mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin. Itinuro ng propetang si Alma, “Kahit na wala kayong higit na nais kundi ang mani-wala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo.”²

Kapag naragdagan ang ating mga espirituwal na hangarin, nakakaasa tayo sa sarili nating espirituwalidad. Kung gayon, paano natin tutulungan ang iba, ang ating sarili, at ang ating pamilya na mapag-ibayo ang ating mga hangaring sundin ang Tagapagligtas at ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo? Paano natin mapapalakas ang ating mga hangaring magsisi, magiging karapat-dapat, at magtiis hanggang wakas? Paano natin tutulungan ang ating mga kabataan at young adult na pairalin sa kanila ang mga hangaring ito hanggang sa mapabalik-loob sila at maging tunay na “[mga] banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo?”³

Tayo ay napapabalik-loob at nakakaasa sa sarili nating espirituwalidad kapag mapanalangin nating ipinamuhay ang ating mga tipan—sa pamamagitan ng karapat-dapat na pakikibahagi sa sakramento, pagiging marapat sa temple recommend, at pagsasakripisyo para mapaglingkuran ang iba.

Upang maging karapat-dapat na makibahagi sa sakramento, inaalala natin na tayo ay nagpapanibago ng tipang ginawa natin sa binyag. Para maranasan natin na espirituwal tayong nalilinis ng sakramento bawat linggo, kailangan nating ihanda ang ating sarili *bago* magpunta sa sacrament meeting. Ginagawa natin ito sa sadyang pag-iwan sa mga pang-araw-araw nating gawain at libangan at hindi pag-iisip ng mga makamundong ideya at alalahanin. Kapag ginawa natin ito, nag-iwan tayo ng puwang sa ating puso’t isipan para sa Espiritu Santo.

Sa gayon ay handa tayong pagnilayan ang Pagbabayad-sala. Maliban pa sa pag-iisip tungkol sa mga tunay na naganap sa pagdurusa at kamatayan ng Tagapagligtas, nakakatulong din ang pagninilay para mabatid natin na

dahil sa sakripisyo ng Tagapagligtas, mayroon tayong pag-asa, oportunidad, at lakas na tunay at taos-pusong baguhin ang ating buhay.

Habang tayo ay umaawit ng himno ng sakramento, nakikibahagi sa mga panalangin sa sakramento, at nakikibahagi sa mga simbolo ng Kanyang laman at dugo, mapanalangin tayong humihingi ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan at pagkukulang. Iniisip natin ang mga pangakong ginawa at sinunod natin noong nakaraang linggo at gumagawa tayo ng mga partikular na pangakong sundin ang Tagapagligtas sa susunod na linggo.

Mga magulang at lider, matutulongan ninyo ang mga kabataan na maranasan ang walang-kapantay na mga pagpapala ng sakramento sa pagbibigay sa kanila ng mga natatanging pagkakataong matutuhan, talakayin, at tuklasin ang kabuluhan ng Pagbabayad-sala sa kanilang buhay. Hayaang saliksikin nila mismo ang mga banal na kasulatan at turuan nila ang isa't isa mula sa sarili nilang mga karanasan.

Ang mga ama, lider ng priesthood, at panguluhan ng korum ay may natatanging responsibilidad na tulongan ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood na talagang maghandang isagawa ang kanilang mga sagradong tungkulin sa sakramento. Ginagawa ang paghahandang ito sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga pamantayan ng ebanghelyo sa buong linggo. Kapag naghahanda, nagbabasbas, at nagpapasa ng sakramento nang karapat-dapat at mapitagan ang mga kabataang lalaki, literal nilang sinusundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa Huling Hapunan⁴ at nagiging katulad Niya.

Pinatotohanan ko na binibigyan tayo ng sakramento ng pagkakataong *kilalanin ang ating sarili* at makaranas tayo ng “malaking pagbabago” ng puso⁵—na alalahanin kung sino tayo at kung ano ang pinakahahangad natin. Sa pagpapanibago natin ng tipang sundin ang mga kautusan, napapasaatin ang Espiritu Santo na siyang aakay sa atin tungo sa presensya ng ating Ama sa Langit. Hindi nakapagtataka na inutusan tayong “madalas

magtipun-tipong magkakasama upang makibahagi sa tinapay at [tubig]”⁶ at makibahagi sa sakramento ang ating kaluluwa.⁷

Bukod pa sa pakikibahagi sa sakramento, ang ating hangaring bumalik sa Ama sa Langit ay nag-iibayo kapag naging karapat-dapat tayong magtamo ng temple recommend. Nagiging karapat-dapat tayo sa patuloy at matatag na pagsunod sa mga kautusan. Nagsisimula ang pagsunod na ito sa pagkabata at pinatitindi ng mga karanasan sa Aaronic Priesthood at Young Women sa mga taon ng paghahanda. At, sana, ang mga priest at Laurel ay magtakda ng mga mithiin at talagang ihanda ang kanilang sarili na ma-endow at mabuklod sa templo.

Ano ang mga pamantayan sa pagkakaroon ng recommend? Ipinaalala sa atin ng Mang-aawit:

“Sinong aahon sa bundok ng Panginooon? At sinong tatayo sa kaniyang dakong banal?

“Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso.”⁸

Ang pagkamarapat na magkaroon ng temple recommend ay nagbibigay

sa atin ng lakas na tuparin ang ating mga tipan sa templo. Paano natin personal na natatamo ang lakas na iyan? Nagsisikap tayong magtamo ng patotoo tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, sa Espiritu Santo, sa pagiging totoo ng Pagbabayad-sala, at sa katapatan ni Joseph Smith at katotohanan ng Panunumbalik. Sina-sang-ayunan natin ang ating mga lider, mabait tayo sa ating pamilya, tumatayo tayong saksi ng totoong Simbahan ng Panginooon, dumadalo tayo sa mga pulong ng ating Simbahan, iginagalang natin ang ating mga tipan, ginagampanan natin ang ating mga obligasyon bilang magulang, at namumuhay tayo nang matwid. Maaari ninyong sabihin na para lang iyang pagiging matapat na Banal sa mga Huling Araw! Tama kayo. Ang pamantayan para sa mga may temple recommend ay hindi mahirap sundin. Ipamuhay mo lang nang tapat ang ebanghelyo at sundin ang mga propeta.

Pagkatapos, bilang mga na-endow na temple recommend holder, nagtatakda tayo ng mga huwaran ng pamumuhay na tulad ni Cristo. Kabilang





dito ang pagsunod, pagsasakripisyo para masunod ang mga kautusan, pagmamahalan, pagiging malinis sa isip at gawa, at paglalaan ng sarili sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sa pagsunod sa mahalagang huwarang ito ng katapatan, tumatanggap tayo ng “kapangyarihan mula sa itaas”⁹ sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Higit kailanman ay kailangan natin ang kapangyarihang ito ngayon. Ito ang kapangyarihang natatanggap lang natin sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Pinatotohanan ko na ang mga sakripisyong ginagawa natin para matanggap ang mga ordenansa sa templo ay karapat-dapat sa lahat ng ating pagsisikap.

Kapag nag-ibayo ang mga hangarin nating matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo, likas nating hahangaring paglingkuran ang isa’t isa. Sinabi ng Tagapagligtas kay Pedro, “Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagti-bayin mo ang iyong mga kapatid.”¹⁰ Natutuwa ako na ang mga kabataan ngayon ay may matinding hangaring paglingkuran at pagpalain ang iba—na makagawa ng kaibhan sa mundong ito. Minimithi rin nila ang galak na dulot ng kanilang paglilingkod.

Gayunman, mahirap maunawaan ng mga kabataan na ang mga ginagawa nila ngayon ay maghahanda sa kanila para sa o mag-aalis sa kanila ng mga pagkakataong maglingkod sa hinaharap. Lahat tayo ay may

“mahalagang tungkulin”¹¹ na ihanda ang ating mga kabataan para habambuhay silang makapaglingkod sa pagtulong sa kanila na umasa sa sariling kakayahan. Bukod pa sa pag-asa sa sariling espirituwalidad na tinatalakay natin, nariyan din ang sariling kakayahang temporal, at kabilang dito ang pagtatamo ng postsecondary education o vocational training, pagkatutong magtrabaho, at paggasta nang hindi lampas sa ating kita. Sa pag-iwas na magkautang at pag-iipon ng pera ngayon, handa tayong maglingkod nang full-time sa Simbahan sa darating na mga taon. Ang layunin ng sariling kakayahang temporal at espirituwal ay ilagay ang ating sarili sa mas mataas na lugar nang maiahon natin sa hirap ang ibang nangangailangan.

Bata man tayo o matanda, ang ginagawa natin ngayon ang magpapasaya kung anong paglilingkod ang maibibigay at matatamasa natin bukas. Gaya ng paalala sa atin ng makata, “Sa lahat ng malulungkot na katagang sinambit o isinulat, ito ang pinakamalungkot: ‘Sayang!’”¹² Huwag tayong mamuhay nang may panghihinayang sa ating ginawa o hindi ginawa!

Pinakamamahal kong mga kapatid, ang binatang binanggit ng Tagapagligtas, ang tinutukoy nating alibughang anak, ay *talagang umuwi*. Hindi siya nakalimutan ng kanyang ama; hinintay siya nito. At “samantalang nasa malayo pa [ang anak], ay natanawan siya ng kaniyang ama, at nagdalang habag,

at tumakbo, at . . . siya’y hinagkan.”¹³ Bilang parangal sa pagbalik ng kanyang anak, nagpakuha siya ng balabal, singsing, at nagpapatay ng pinatabang guya para sa pagdiriwang¹⁴—mga paalala na walang biyayang ipagkakait kung tapat tayong magtitiis sa pagtahak sa landas pabalik sa ating Ama sa Langit.

Sa Kanyang pagmamahal at sa pagmamahal ng Kanyang Anak na nasa aking puso, hinahamon ko ang bawat isa sa atin na sundin ang ating mga espirituwal na hangarin at *kilalanin ang ating sarili*. Kausapin natin at tanungin ang ating sarili sa salamin, “Ano na ang lagay ko sa pamumuhay ng aking mga tipan?” Nasa tamang landas tayo kapag masasabi nating, “Karapat-dapat akong nakikibahagi sa sakramento bawat linggo, karapat-dapat akong magkaroon ng temple recommend at magpunta sa templo, at nagsasakripisyo ako para mapaglingkuran at mapagpala ang iba.”

Ibinabahagi ko ang aking natatanging saksi na mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin “na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak”¹⁵ upang magbayad para sa ating mga kasalanan. Kilala Niya tayo at hinihintay Niya tayo, kahit napakalayo na natin. Kapag pinairal natin ang ating mga hangarin at kinilala natin ang ating sarili, tayo ay “[m]ayayakap magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal”¹⁶ at malugod tayong tatanggapin sa ating pag-uwi. Pinatotohanan ko ito sa banal na pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 15:17.
2. Alma 32:27.
3. Mosias 3:19.
4. Tingnan sa Mateo 26:17–28; Lucas 22:1–20.
5. Alma 5:12; tingnan din sa Mosias 5:2; Alma 5:13–14.
6. Moroni 6:6.
7. Tingnan sa Moroni 4:3; Doktrina at mga Tipan 20:77.
8. Awit 24:3–4.
9. Doktrina at mga Tipan 95:8.
10. Lucas 22:32.
11. Doktrina at mga Tipan 123:11.
12. John Greenleaf Whittier, “Maud Muller,” *The Complete Poetical Works of Whittier* (1894), 48.
13. Lucas 15:20.
14. Tingnan sa Lucas 15:22–24.
15. Juan 3:16.
16. 2 Nephi 1:15.



Ni Elder David S. Baxter
Ng Pitumpu

Pananampalataya, Katatagan, Kapanatagan: Isang Mensahe para sa mga Magulang na Walang Asawa

Nagsisikap kayong palakihin ang inyong mga anak sa kabutihan at katotohanan, batid na bagama't hindi na ninyo mababago ang nakaraan, mahuhubog naman ninyo ang hinaharap.

Ang aking mensahe ay para sa mga magulang sa Simbahan na walang asawa, na karamihan ay mga ina—kayong magigiting na kababaihan na sa kabila ng magkakaibang kalagayan sa buhay ay nagpapalaki ng mga anak at pinangangalagaan ang inyong tahanan. Marahil ay balo kayo o hiwalay sa asawa. Maaaring nahaharap kayo sa mga hamon ng pagiging nag-iisang magulang na bunga ng hindi pagsunod sa batas ng kalinisang-puri, ngunit ngayon ay namumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at nagbagong-buhay. Pagpalain kayo sa

pag-iwas sa uri ng relasyong maaaring humadlang sa pagiging mabuti ninyong disipulo. Napakalaking kabayaran niyan sa pagsuway.

Bagama't kung minsan ay naitatannong ninyong, bakit ako? umuunlad tayo sa pamamagitan ng mga paghihirap sa buhay patungo sa pagiging diyos habang nahuhubog ang ating pagkatao sa matitinding paghihirap, at nangyayari ang mga ito sa buhay dahil iginagalang ng Diyos ang kalayaan ng tao. Tulad ng sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, hindi natin mauunawaan ang lahat ng dahilan kung bakit

nangyayari ang mga bagay-bagay dahil “hindi natin alam ang buong katotohanan.”¹

Anuman ang inyong sitwasyon o mga dahilan para dito, kahanga-hanga kayo. Araw-araw ninyong hinaharap ang mga hirap ng buhay, na mag-isang ginagawa ang mga bagay na dapat ay dalawang tao ang gumagawa. Kailangan ninyong tumayo bilang ama at ina. Inaasikaso ninyo ang inyong tahanan, inaalagaan ang inyong pamilya, kung minsan ay nahihirapan kayong tugunan ang lahat ng pangangailangan, at himalang nakapaglilingkod pa kayo sa Simbahan sa makabuluhang mga paraan. Inaaruga ninyo ang inyong mga anak. Umiiyak kayo at nananalangin kasama sila at para sa kanila. Gusto ninyo ang pinakamainam para sa kanila ngunit nangangamba gabi-gabi na baka hindi sapat ang pagsisikap ninyo.

Bagama't atubili akong magkuwento nang personal, lumaki ako na iisa ang magulang. Halos buong pagkabata ko hanggang mag-tinedyer ako, mag-isa kaming pinalaki ng aking ina sa gitna ng kahirapan. Maingat niyang ibinadyet ang pera. Tiniis niya ang lumbay, na kung minsan ay kailangang-kailangan niya ng tulong at makakasama. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, may dangal ang aking ina, na pinagmumulan ng determinasyon at buong katatagan ng isang tunay na babaing Scottish.

Mabuti na lang at pinagpala ang huling bahagi ng kanyang buhay kaysa noong nag-iisa siyang magulang. Nagpakasal siya sa isang bagong miyembro, isang balo; nabuklod sila sa London at kalaunan ay naglingkod doon sandali bilang mga ordinance worker. Halos dalawampu't limang taon silang nagsama—masaya, kuntento, at panatag hanggang sa pumanaw sila.

Marami kayong mabubuting kababaihan sa Simbahan sa buong mundo na gayon din ang sitwasyon at nagpapamalas ng gayon ding katatagan sa paglipas ng mga taon.

Hindi naman ito ang inyong inasam at ipinlano, ipinagdasal o inasahan, nang magsimula kayo maraming taon

na ang nakalipas. Ang inyong paglalakbay sa buhay ay nagkaroon ng mga paghihirap at di-inaasahang pagbabago, na karamihan ay bunga ng buhay sa mundong puno ng kasamaan na siyang lugar para tayo subukan.

Samantala, nagsisikap kayong palakihin ang inyong mga anak sa kabutihan at katotohanan, batid na bagama't hindi na ninyo mababago ang nakaraan, mahuhubog naman ninyo ang hinaharap. Sa inyong buhay magtatamo kayo ng mga pagpapala, kahit hindi kaagad nakikita ang mga ito.

Sa tulong ng Diyos, hindi ninyo kailangang mangamba para sa hinaharap. Magsisilaki ang inyong mga anak at tatawagin kayong pinagpala, at bawat isa sa kanilang maraming tagumpay ay magiging papuri sa inyo.

Huwag sana ninyong isipin kailanman na mas mababa ang katayuan ninyo kaysa ibang mga miyembro ng Simbahan, na mas karapat-dapat silang tumanggap ng mga pagpapala ng Panginoon kaysa sa inyo. Sa kaharian ng Diyos, lahat ay pantay-pantay.

Kapag dumalo kayo sa mga pulong at nakakita ng mga pamilyang mukhang buo at masaya o nakarinig ng mensahe tungkol sa mga pamantayan ng pamilya, matuwa sana kayo na kabilang kayo sa isang simbahang nagtutuon sa mga pamilya at itinuturo ang mahalagang papel nila sa plano ng Ama sa Langit para sa kaligayahan ng Kanyang mga anak; na sa mundong puno ng kalamidad at imoralidad, nasa atin ang doktrina, awtoridad, mga ordenansa, at mga tipan na nag-aalok ng pinakamalaking pag-asa sa sanlibutan, pati na ng kaligayahan sa hinaharap ng inyong mga anak at ng kanilang magiging pamilya.

Sa pangkalahatang pulong ng Relief Society noong Setyembre 2006, ikinuwento ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang ibinahaging karanasan ng isang ina na hiwalay sa asawa at may pitong anak na ang edad ay mula 7 hanggang 16. Tumawid siya ng kalye para maghatid ng isang bagay sa kapitbahay. Sabi niya:

“Nang pauwi na ako, nakita kong maliwanag ang bahay. Naririnig ko pa ang boses ng mga anak ko paglabas



ko ng pintuan kani-kanina lang. Sabi nila: ‘Nay, ano ang hapunan natin?’ ‘Masasamahan ba ninyo ako sa library?’ ‘Kailangan kong bumili ng poster paper ngayong gabi.’ Pagod at nanghihina, tiningnan ko ang bahay na iyon at nakita kong bukas ang ilaw sa bawat kuwarto. Naalala ko ang lahat ng batang nasa bahay na naghihintay sa pagdating ko at pagtulong sa kanilang mga pangangailangan. Bumigat ang pasanin ko nang higit kaysa makakaya ko.

“Naaalala kong luhaan akong tumingnala sa langit, at sabi ko, ‘Mahal na Ama, hindi ko ito kaya ngayong gabi.’”²

Córdoba, Argentina



Pagod na pagod na ako. Hindi ko kayang harapin ito. Hindi ko kayang umuwi at mag-isang alagaan ang lahat ng bata. Puwede bang pumunta na lang ako sa Inyo at makapiling ko Kayo kahit isang gabi lang? . . .’

“Hindi ko talaga narinig ang sagot, pero narinig ko iyon sa aking isipan. Ang sagot ay: ‘Hindi, anak ko, hindi ka makakapunta sa akin ngayon. . . . Ngunit maaari kitang puntahan.’”²

Salamat sa inyong kababaihan sa lahat ng ginagawa ninyo para arugain ang inyong pamilya at mapanatili ang pagmamahalan sa tahanan kung saan may kabutihan, kapayapaan, at oportunidad.

Bagama't madalas ninyong madamang nag-iisa kayo, ang totoo ay hindi kayo *lubos* na nag-iisa kailanman. Kapag sumulong kayo nang may pagtitiis at pananampalataya, sasainyo ang Panginoon; ipagkakaloob ng langit ang kailangan ninyong mga pagpapala.

Ang inyong pananaw at pang-unawa sa buhay ay magbabago, sa halip na maging malungkot, kapag umasa kayo sa Diyos.

Natuklasan na ng marami sa inyo ang malaki at nagpapabagong katotohanan na kapag tinulungan ninyo ang iba, gagaan ang sarili ninyong mga pasanin. Bagama't maaaring hindi

nagbago ang sitwasyon, nagbago naman ang inyong pag-uugali. Higit ninyong natatanggap ang sarili ninyong mga pagsubok, nang may pusong higit na nakauunawa, at mas pinasalamatan ang anumang mayroon kayo, sa halip na hangarin ang wala sa inyo.

Natuklasan ninyo na kapag sinikap nating panatagin ang ibang tila nawawalan ng pag-asa, tayo mismo ay napapanatag; tunay na ang ating sarong “ay inaapawan” (Mga Awit 23:5).

Sa matwid na pamumuhay, balang-araw ay matatamasa ninyo ng inyong mga anak ang mga pagpapalang maging bahagi ng isang buong at walang-hanggang pamilya.

Mga miyembro at lider, may magagawa pa ba kayo para tulungan ang mga pamilyang iisa lang ang magulang nang hindi sila hinuhusgahan o pinipintasan? Maaari ba ninyong turuan ang mga kabataan sa mga pamilyang ito, na nagpapakita ng magagandang halimbawa lalo na sa mga binatilyo kung ano ang ginagawa ng mabubuting lalaki at paano sila namumuhay? Sa pagkawala ng mga ama, kayo ba ay nagpapakita ng magagandang huwarang dapat tularan?

Ngayon, mangyari pa ay may ilang pamilya na ama lamang ang tumatayang magulang. Mga kapatid, ipinagdarasal at pinupuri din namin kayo. Ang mensaheng ito ay para din sa inyo.

Mga magulang na walang asawa, pinatotohanan ko na kapag ginawa ninyo ang lahat sa pagharap sa pinakamatitindi ninyong hamon sa buhay, pagpapalain kayo ng langit. Tunay ngang hindi kayo nag-iisa. Hayaang pagpalain ng mapagtubos at mapagmahal na kapangyarihan ni Jesucristo ang inyong buhay ngayon at puspusin kayo ng pag-asa ng walang-hanggang pangako. Maging matatag. Manampalataya at umasa. Isaalang-alang ang kasalukuyan nang may katatagan at asamin ang hinaharap nang may tiwala. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Neal A. Maxwell, *Notwithstanding My Weakness* (1981), 68.
2. Sa Gordon B. Hinckley, “Sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal,” *Liahona*, Nob. 2006, 117.



Ni Elder Ulisses Soares
Ng Pitumpu

Manatili sa Teritoryo ng Panginoon!

Ang dapat nating itanong sa araw-araw ay, “Ang mga ginagawa ko ba ay naglalagay sa akin sa teritoryo ng Panginoon o sa teritoryo ng kaaway?”

Sinabing minsan ni Pangulong Monson: “Hayaan ninyong magbigay ako ng pormula na maaaring maging sukatan ng mga pagpiling ginagawa ninyo. Madaling tandaan ang: ‘Hindi ka matatama sa paggawa ng mali; hindi ka mamamali sa paggawa ng tama.’” (“Mga Landas Tungo sa Pagiging Perpekto,” *Liahona*, Hulyo 2002, 112). Ang pormula ni Pangulong Monson ay simple at tuwiran. Magagamit ito sa paraang katulad ng *Liahona* na ibinigay kay Lehi. Kung tayo ay mananampalataya at magsusumigasig sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon, madali nating makikita ang tamang landas na ating susundan, lalo na sa mga pagpapasiya natin sa araw-araw.

Pinayuhan tayo ni Apostol Pablo tungkol sa kahalagahan ng paghahasik ng sa Espiritu at ng pagkaalam na huwag maghasik ng sa laman. Sabi niya:

“Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro; sapagka’t ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya.

“Sapagka’t ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa’t ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa

Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan.

“At huwag kayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka’t sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod” (Mga Taga Galacia 6:7–9).

Ang ibig sabihin ng maghasik ng sa Espiritu ay na lahat ng ating iniisip, sinasabi, at ginagawa ay dapat magangat sa atin sa antas ng kabanalan ng ating mga magulang sa langit. Gayunman, tinutukoy sa mga banal na kasulatan ang laman bilang pisikal o makamundong katangian ng likas na tao, na nagtutulong sa mga tao na maimpluwensyahan ng silakbo ng damdamin, paghahangad, pagnanasa, at udyok ng laman sa halip na maghanap ng inspirasyong mula sa Espiritu Santo. Kung hindi tayo mag-iingat, ang mga impluwensyang iyon pati na ang pag-uudyok ng kasamaan sa mundo ay maaaring magtulak sa atin sa magaspang at masamang pag-uugaling maaaring maging bahagi ng ating pagkatao. Para maiwasan ang masasamang impluwensyang iyon, kailangan nating sundin ang bilin ng Panginoon kay Propetang Joseph

Smith na patuloy na maghasik ng sa Espiritu: “Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila” (D at T 64:33).

Para mapaunlad ang ating espiritu, kailangan ay “lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadalalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa [atin], pati ng lahat ng masasamang akala” (Mga Taga Efeso 4:31) at na tayo ay “maging matalino sa mga araw ng [ating] pagsubok [at] hubaran ang [ating] sarili ng lahat ng karumihan” (Mormon 9:28).

Sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, nalalaman natin na ang mga pangako sa atin ng Panginoon ay nakabatay sa ating pagsunod at naghihikayat ng matwid na pamumuhay. Ang mga pangakong iyon ay dapat magpalago sa ating kaluluwa, na nagdudulot sa atin ng pag-asa sa pamamagitan ng paghihikayat na huwag tayong sumuko maging sa harap ng araw-araw nating mga hamon sa buhay sa isang mundong ang mga pinahalagahan sa pag-uugali at moralidad ay unti-unting naglalaho, kaya lalo pang nauudyukan ang mga tao na maghasik ng sa laman. Ngunit paano natin matitiyak na ang ating mga pasiya ay tinutulungan tayong maghasik ng sa Espiritu at hindi ng sa laman?

Sinabing minsan ni Pangulong George Albert Smith, nang ulitin niya ang payo ng kanyang lolo: “May malinaw na hangganan sa pagitan ng teritoryo ng Panginoon at ng teritoryo ng diyablo. Kung mananatili kayo sa panig ng Panginoon kayo ay sasailalim sa kanyang impluwensya at hindi ninyo hahangaring gumawa ng mali; ngunit kung tatawid kayo sa panig ng diyablo nang kahit isang pulgada kayo ay nasa kapangyarihan ng manunukso at kung siya ay magtagumpay, hindi kayo makapag-iisip ni makapagdadhilan nang wasto dahil nawala na sa inyo ang Espiritu ng Panginoon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* [2011], 211).

Kung gayon, ang dapat nating itanong sa araw-araw ay, “Ang mga



ginagawa ko ba ay naglalagay sa akin sa teritoryo ng Panginoon o sa teritoryo ng kaaway?”

Itinuro ng propetang si Mormon sa kanyang mga tao ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kakayahang malaman ang mabuti sa masama:

“Anupa’t lahat ng bagay na mabuti ay nagmumula sa Diyos; at yaong masama ay nagmumula sa diyablo; sapagkat ang diyablo ay kaaway ng Diyos, at patuloy na nakikipaglaban sa kanya, at nag-aanyaya at nang-aakit na magkasala, at patuloy na gawin ang yaong bagay na masama.

“Ngunit masdan, yaong sa Diyos ay nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti” (Moroni 7:12–13).

Dapat tayong matulungan ng Liwanag ni Cristo pati na ng patnubay ng Espiritu Santo na matukoy kung ang pamumuhay natin ay inilalagay tayo sa teritoryo ng Panginoon o hindi. Kung mabuti ang ating pag-uugali, ito ay binigyang-inspirasyon ng Diyos, sapagkat lahat ng mabuting bagay ay nagmumula sa Diyos. Gayunman, kung masama ang ating ugali, ini-impluwensyahan tayo ng kaaway dahil hinihikayat niya ang mga tao na gumawa ng masama.

Naantig ako sa determinasyon at kasigasigan ng mga taga-Africa na manatili sa teritoryo ng Panginoon. Kahit mahirap ang buhay, yaong mga tuma-tanggap ng paanyaya na lumapit kay Cristo ay nagiging liwanag sa mundo. Ilang linggo lang ang nakararaan

nang bisitahin ko ang isa sa mga ward sa South Africa, nagkaroon ako ng pribilehiyong samahan ang dalawang binatilyong priest, kanilang bishop, at kanilang stake president na bumisita sa di-gaanong aktibong mga binatilyo sa kanilang korum. Labis akong humanga sa tapang at kababaang-loob na ipinakita ng dalawang priest na iyon nang anyayahan nila ang di-gaanong aktibong mga binatilyong iyon na bumalik sa simbahan. Habang kausap nila ang di-gaanong aktibong mga binatilyong iyon, nabanaag ko sa kanilang mukha ang liwanag ng Tagapagligtas at pinuspos din nito ng liwanag ang lahat ng nakapaligid sa kanila. Ginampanan nila ang kanilang tungkuling “tulongan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina” (D at T 81:5). Ang pag-uugali ng dalawang priest na iyon ay inilagay sila sa teritoryo ng Panginoon, at naging kasangkapan sila sa Kanyang mga kamay nang anyayahan nila ang iba na gawin din iyon.

Sa Doktrina at mga Tipan 20:37, itinuro sa atin ng Panginoon ang ibig sabihin ng maghasik ng sa Espiritu at kung ano talaga ang naglalagay sa atin sa teritoryo ng Panginoon, nang ganito: magpakumbaba tayo sa harapan ng Diyos, humarap nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, patunayan sa Simbahan na talagang pinag-sisihan na natin ang lahat ng ating kasalanan, taglayin natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, magkaroon ng matibay na hangaring paglingkuran

Siya hanggang wakas, ipakita sa ating mga gawa na natanggap natin ang Espiritu ni Cristo, at magpabinyag sa Kanyang Simbahan. Ang kahandaan nating tuparin ang mga tipang ito ay inihahanda tayong mamuhay sa piling ng Diyos bilang dinakilang mga nilalang. Ang pag-alaala sa mga tipang ito ay dapat gumabay sa ugaling ipinakitita natin sa ating pamilya, sa pakikisalamuha natin sa ibang tao, at lalo na sa ating Tagapagligtas.

Ipinakita ni Jesucristo ang perpektong huwaran ng pag-uugali na mapagbabatayan natin ng ating pag-uugali upang matupad ang mga sagradong tipang ito. Iwinaksi ng Tagapagligtas sa Kanyang buhay ang anumang impluwensyang makahahadlang sa pagtuon Niya sa Kanyang banal na misyon, lalo na nang tuksuhin Siya ng kaaway o ng mga alagad nito nang magministeryo Siya rito sa lupa. Bagama't hindi Siya nagkasala kailanman, Siya ay may bagbag na puso at nagsisising espiritu, puno ng pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa lahat ng tao. Nagpakumbaba Siya sa harapan ng ating Ama sa Langit, at hindi sinunod ang sarili Niyang kaloo-ban upang maisakatuparan ang utos sa Kanya ng Ama sa lahat ng bagay hanggang wakas. Maging sa sandaling iyon ng labis na pagdurusa ng katawan at espiritu, pasan ang bigat ng mga kasalanan ng buong sangkatauhan sa Kanyang mga balikat at nilalabasan ng dugo sa bawat butas ng Kanyang balat, sinabi Niya sa Ama, "Gayon ma'y hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Marcos 14:36).

Dalangin ko, mga kapatid, habang iniisip natin ang ating mga tipan na nawa'y mapanatili nating malakas ang ating sarili laban sa "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (1 Nephi 15:24), na sinusunod ang halimbawa ng Tagapagligtas upang makapaghasik tayo ng sa Espiritu at manatili sa teritoryo ng Panginoon. Alalahanin natin ang pormula ni Pangulong Monson: "Hindi ka matatama sa paggawa ng mali; hindi ka mamamali sa paggawa ng tama." Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Makinig sa Himig ng Pananampalataya

Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak. Nais Niyang makabalik silang lahat sa Kanya. Hangad niyang makinig ang lahat sa sagradong himig ng pananampalataya.

Kapag pinupulong ng mga General Authority ng Simbahan ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo, nakikita namin mismo ang mabuting impluwensya ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinupuri namin kayo sa lahat ng ginagawa ninyo na nagpapala sa buhay ng lahat ng tao.

Alam na alam naming mga nakatalaga sa public affairs na maraming maimpluwensyang tao at mamamahayag sa Estados Unidos at sa iba't ibang panig ng mundo ang lalo pang hayagang tinatalakay ang tungkol sa Simbahan at mga miyembro nito. Dahil sa kakaibang pagkakaugnay ng mga pangyayari ay higit na nakilala ang Simbahan.¹

Maraming taong nagsusulat tungkol sa Simbahan ang taos na nagsikap na maunawaan ang ating mga miyembro at doktrina. Naging mahinahon sila at nagsikap na walang kilingan, kaya pinasasalamatan namin iyan.

Alam din namin na maraming taong hindi nakikinig sa mga sagradong bagay. Napansin ni Chief Rabbi Lord Sacks ng England, nang mag-salita siya sa mga pinunong Katoliko

Romano noong Disyembre sa Pontifical Gregorian University, na lubha nang makamundo ang ilang bahagi ng daigdig. Sinabi niya na ang isang pinagmulan nito ay ang "agresibong kawalan ng paniniwala sa Diyos ng siyensyang hindi nakauunawa sa himig ng pananampalataya."²

Ang napakagandang pambungad sa Aklat ni Mormon ay ang panaginip ng propetang si Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay.³ Malinaw na inilalarawan ng pangitaing ito ang mga hamon sa pananampalataya na umiiral sa ating panahon at lubhang naghihiwalay sa mga taong nagmamahal, sumasamba, at nadaramang may pananagutan sila sa Diyos at sa mga taong wala nito. Ipinaliwanag ni Lehi ang ilang ugaling sumisira sa pananampalataya. Ang ilan ay palalo, mayabang, at hangal. Interesado lamang sila sa tinatawag na karunungan ng mundo.⁴ May kaunting interes ang iba sa Diyos ngunit nawala sa makamundong abu-abo ng kadiliman at kasalanan.⁵ Ang ilan ay nakatikim ng pag-ibig ng Diyos at ng Kanyang salita ngunit nahihiya sa mga nanlalait sa kanila at nahulog sa "mga ipinagbabawal na landas."⁶

Sa huli, may mga taong nakikinig sa himig ng pananampalataya. Alam ninyo kung sino kayo. Mahal ninyo ang Panginoon at ang Kanyang ebanghelyo at patuloy ninyong sinisikap na ipamuhay at ibahagi ang Kanyang mensahe, lalo na sa inyong pamilya.⁷ Sumusunod kayo sa mga pahiwatig ng Espiritu, batid na ninyo ang kapangyarihan ng salita ng Diyos, sinusunod ninyo ang turo ng inyong relihiyon sa inyong tahanan, at masigasig kayong nagsisikap na tularan ang pamumuhay ni Cristo bilang Kanyang mga disipulo.

Alam namin na marami kayong pinagkakaabalahan. Dahil wala tayong suwelduhang tagapaglingkod, ang responsibilidad na mangasiwa sa Simbahan ay nakasalalay sa inyo na matatapat na miyembro. Alam natin na karaniwan na sa mga miyembro ng mga bishopric at stake presidency at marami pang iba ang mag-ukol ng mahabang oras sa tapat na paglilingkod. Kahanga-hanga ang mga auxiliary at quorum presidency sa lubos nilang pagsasakripisyo. Ang paglilingkod at sakripisyong ito ay ginagawa ng lahat ng miyembro, magmula sa mga clerk, matatapat na home at visiting teacher, at mga nagtuturo sa mga klase. Nagpapasalamat kami sa magigiting na naglilingkod bilang mga Scoutmaster at gayundin sa mga lider ng nursery. Mahal at pinasasalamatan namin kayong lahat sa inyong ginagawa at sa kung sino kayo!

Alam namin na may mga miyembrong di-gaanong interesado at di-gaanong tapat sa ilang turo ng Tagapagligtas. Hangad namin para sa mga miyembrong ito na lubos silang sumampalataya at higit pang maging aktibo at tapat. Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak. Nais Niyang makabalik silang lahat sa Kanya. Hangad niyang makinig ang lahat sa sagradong himig ng pananampalataya. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay isang kaloob para sa lahat.

Kailangang maituro at maunawaan na mahal at iginagalang natin ang lahat ng taong inilarawan ni Lehi.⁸ Tandaan, wala tayong karapatang humatol. Ang Panginoon ang hahatol.⁹ Ipinakiusap ni Pangulong Thomas S.



Monson na magkaroon tayo ng “lakas ng loob na iwasang husgahan ang iba.”¹⁰ Pinakiusapan din niya ang lahat ng tapat na miyembro na *iligtas* yaong mga nakatikim ng bunga ng ebanghelyo at pagkatapos ay lumayo, gayundin yaong mga hindi pa natatagpuan ang makipot at makitid na landas. Dalangin namin na humawak sila sa gabay na bakal at makibahagi sa pagmamahal ng Diyos, na pupuspin ang kanilang “[mga] kaluluwa ng labis na kagalakan.”¹¹

Bagama’t kabilang sa pangitain ni Lehi ang lahat ng tao, ang pinakamahalagang konsepto sa doktrina ay ang walang-hanggang kahalagahan ng pamilya. “Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ito ang pinakamahalagang unit sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.”¹² Nang kumain ng bunga ng punungkahoy ng buhay (ang pag-ibig ng Diyos) si Lehi, ninais niyang “makakain din nito ang [kanyang] mag-anak.”¹³

Ang malaking hangarin natin ay mapalaki ang ating mga anak sa katotohanan at kabutihán. Ang isang alituntuning tutulong sa atin na maisagawa ito ay ang iwasan ang labis na panghuhusga sa mga kahangalan o kamangmangang hindi naman

masama. Maraming taon na ang nakalipas, nang magkaanak na kaming mag-asawa, itinuro ni Elder Dallin H. Oaks na mahalagang makilala ang mga pagkakamali ng kabataan na dapat itama at ang mga kasalanang kailangang pagdusahan at pagsisihan.¹⁴ Kung kulang sa karunungan, kailangang turuan ang ating mga anak. Kung may pagkakasala, mahalagang magsisi.¹⁵ Nakatulong ito sa sarili naming pamilya.

Ang pagsunod sa mga turo ng relihiyon sa tahanan ay nagpapala sa ating pamilya. Ang mabuting halimbawa ay lalo nang mahalaga. Ang ating mga kilos ay napakalakas ng impluwensya kaya maaaring hindi marinig ng ating mga anak ang sinasabi natin. Noong halos limang taong gulang na ako, nabalitaan ng nanay ko na nasawi ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki nang bombahin ang barkong pandigmang sinasakyan nito sa baybayin ng Japan bago natapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.¹⁶ Kahindik-hindik ang balitang ito sa kanya. Humagulol siya at pumasok sa kanyang silid. Makaraan ang ilang sandali sumilip ako sa silid para tingnan kung OK ba siya. Nakaluhod siya sa tabi ng kama at nagdarasal. Napanatag ako dahil tinuruan niya akong manalangin at mahalín ang Tagapagligtas. Ito ay karaniwang halimbawang madalas kong makita sa kanya. Ang pagdarasal ng mga ina at ama na kasama ang mga anak ay maaaring mas mahalaga pa kaysa anumang iba pang halimbawa.

Ang mensahe, ministryo, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, ay mahalagang ituro sa ating pamilya. Walang talata sa banal na kasulatan na naglalarawan sa ating pananampalataya nang higit kaysa 2 Nephi 25:26: “At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusululat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”


Ang isa sa pinakamahalagang mga

alituntunin sa pangitain ni Lehi ay na dapat humawak nang mahigpit ang matatapat na miyembro sa gabay na bakal upang manatili sila sa makipot at makitid na landas patungo sa punungkahoy ng buhay. Mahalaga para sa mga miyembro ang magbasa, magnilay-nilay, at mag-aral ng mga banal na kasulatan.¹⁷

Ang Aklat ni Mormon ay napakahalaga.¹⁸ Mangyari pa, laging magkakaroon ng mga taong hahamakin ang kahalagahan ng o pipintasan pa ang sagradong aklat na ito. Ang ilan ay ginagawa itong katatawanan. Bago ako nagmisyon, isang propesor sa unibersidad ang nagbanggit sa sinabi ni Mark Twain na kung aalisin mo ang mga katagang “At ito ay nangyari na” sa Aklat ni Mormon, ito ay magiging “polyeto na lamang.”¹⁹

Ilang buwan ang nakalipas, habang nagmimisyon ako sa London, England, isang kilalang guro sa London University na nag-aral sa Oxford, isang Egyptian na bihasa sa mga wikang Semitic, ang nagbasa ng Aklat ni Mormon, at nakipag-ugnayan kay Pangulong David O. McKay, at nakipagkita sa mga misyonero. Ipinalam niya sa kanila na kumbinsido siya na ang Aklat ni Mormon ay tunay na pagsasalin ng “natutuhan ng mga Judio at ng wikang Egyptian” sa loob ng mga panahong inilarawan sa Aklat ni Mormon.²⁰ Ang isang halimbawa ng maraming ginamit niya ay ang nag-uugnay na pariralang “At ito ay nangyari na,” na sinabi niyang naglalarawan kung paano niya isasalin ang mga katagang ginamit sa sinaunang mga sulat na Semitic.²¹ Ipinalam sa propesor na kahit nakatulong ang kanyang matalinong pamamaraan batay sa kanyang propesyon, mahalaga pa ring magkaroon ng espirituwal na patotoo. Sa pamamagitan ng pag-aaral at panalangin nagkaroon siya ng patotoo at nabinyagan. Kaya ang itinuring na katatawanan ng kilalang komedyan-teng iyon ay kinilala ng isang iskolar na napakalaking katibayan ng katotohanan ng Aklat ni Mormon, na pinagtibay sa kanya ng Espiritu.

Kailangan sa mahalagang doktrina ng kalayaan na ang isang patotoo tungkol sa ipinanumbalik na



ebanghelyo ay ibatay sa pananampalataya sa halip na sa panlabas na patunay o sa katibayan ng siyensya. Ang labis na pagtuon sa mga bagay na hindi pa lubos na inihayag, tulad ng kung paano isinilang sa isang birhen o Nabuhay na Mag-uli ang Tagapagligtas o paano talaga isinalin ni Joseph Smith ang ating mga banal na kasulatan, ay hindi epektibo o hindi hahantong sa espirituwal na pag-unlad. Kailangan dito ang pananampalataya. Sa huli, ang payo ni Moroni na basahin at pagnilayan at pagkatapos ay hilingin sa Diyos nang buong-puso, na may tunay na layunin, na pagtibayin ng pagsaksi ng Espiritu ang mga katotohanan sa banal na kasulatan ang siyang sagot.²² Bukod pa rito, kapag ikinintal natin sa ating buhay ang mga utos sa banal na kasulatan at ipinamuhay natin ang ebanghelyo, pinagpapala tayo ng Espiritu at natitikman natin ang Kanyang kabutihan sa mga damdamin ng kagalakan, kaligayahan, at lalo na ng kapayapaan.²³

Malinaw na ang linyang naghatati sa mga nakauunawa sa himig ng pananampalataya at sa mga hindi nakauunawa ay ang aktibong pag-aaral

ng mga banal na kasulatan. Naantig ako nang husto maraming taon na ang nakalipas nang bigyang-diin ng pinakamamahal nating propeta, si Pangulong Spencer W. Kimball, ang pangangailangang patuloy na basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Sabi niya: “Natuklasan ko na kapag nagiging mababaw ang pakikipag-ugnayan ko sa kabanalan at kapag tila walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na napakalayo ko na. Kapag ibinubuhos kong muli ang sarili ko sa mga banal na kasulatan, kumikitid ang agwat at nagbabalik na muli ang espirituwalidad.”²⁴

Sana ay regular nating binabasa ang Aklat ni Mormon sa ating mga anak. Pinag-usapan namin ito ng aking mga anak. Ibinahagi nila sa akin ang dalawang bagay na napansin nila. Una, ang masigasig na pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw bilang pamilya ang susi. Masayang inilarawan ng aking anak ng babae ang pagsisikap nila ng mga kasama niyang karamihan ay tinedyer na regular na basahin ang mga banal na kasulatan tuwing madaling araw. Gumigising

silang mag-asawa nang maagang-maaga at inaantok na humahawak nang mahigpit sa hawakan ng hagdan pababa kung saan nagtitipon ang pamilya para basahin ang salita ng Diyos. Pagsusumigasig ang sagot, at nakatulong ang pagbibiruan. Kailangan dito ang malaking pagsisikap ng bawat kapamilya araw-araw, pero sulit ito. Ang mga pansamantalang sagabal ay nadaraig ng pagsusumigasig.

Ang pangalawa ay kung paano binabasa ng aking bunsong anak na lalaki at ng kanyang asawa ang mga banal na kasulatan sa kanilang maliliit na anak. Dalawa sa kanilang apat na anak ang hindi pa marunong mag-basa. Para sa limang-taong-gulang, may mga senyas sila sa limang daliri na hudyat na tinutugunan niya para lubos siyang makalahok sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Ang senyas para sa unang daliri ay para ulitin niya ang, “At ito ay nang-yari na” kapag lumabas ito sa Aklat ni Mormon. Inaamin ko na natutuwa ako na madalas lumabas ang pariralang ito. Nagkataon naman, para sa kapakanan ng malilit na bata, ang senyas para sa pangalawang daliri ay “At sa gayon nakikita natin”; ang pangatlo, pang-apat, at panlimang daliri ay pinipili ng mga magulang batay sa mga salita sa kabanatang binabasa nila.

Alam natin na ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya at mga family home evening ay hindi palaging perpekto. Anuman ang mga hamong kinakaharap ninyo, huwag mawalan ng pag-as.

Unawain sana ninyo na pagsam-palataya sa Panginoong Jesucristo at pagsunod sa Kanyang mga utos ang laging magiging pinakamatinding pagsubok sa mortalidad. Higit sa lahat, dapat matanto ng bawat isa sa atin na kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang himig ng pananampalataya, wala sa kanya ang Espiritu. Tulad ng itinuro ng propetang si Nephi, “Narinig ninyo ang kanyang tinig . . . ; at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya’t hindi ninyo madama ang kanyang mga salita.”²⁵

Malinaw ang ating doktrina;

kailangan tayong maging positibo at magalak. Pinagtutuunan natin ang ating pananampalataya, hindi ang ating takot. Nagagalak tayo sa katiyakang bigay ng Panginoon na titindig siya sa ating tabi at gagabayan tayo at papatubayan.²⁶ Pinatotohanan ng Espiritu Santo sa ating puso na tayo ay may mapagmahal na Ama sa Langit, na ang maawaing plano para sa ating katubusan ay lubos na maisasakutuparan dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo.

Tulad ng isinulat ni Naomi W. Randall, may-akda ng “Ako ay Anak ng Diyos,” “Ang pangamba ay lilisan kung mananalig kailanman.”²⁷

Samakatwid, saanman tayo naroon sa landas ng pagkadisipulo sa pangitain ni Lehi, pagpasiyahan nating hangarin na makamtan sa ating sarili at sa ating pamilya ang malaking hangaring makamtan ang di-maunawaang kaloob ng Tagapagligtas na buhay na walang hanggan. Dalangin ko na manatili tayong nakikinig sa himig ng pananampalataya. Pinatotohanan ko ang kabanalan ni Jesucristo at ang katotohanan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:30.
2. Jonathan Sacks, “Has Europe Lost Its Soul?” (pananalitang ibinigay noong Dis. 12, 2011, sa Pontifical), chiefrabbi.org/ReadArtical.aspx?id=1843.
3. Tingnan sa 1 Nephi 8.
4. Tingnan sa 1 Nephi 8:27; 11:35.

São Paulo, Brazil



5. Tingnan sa 1 Nephi 8:23; 12:17.
6. 1 Nephi 8:28.
7. Tingnan sa 1 Nephi 8:12.
8. Ipinagbilin ng Tagapagligtas na hanapin ang nawawalang tupa; tingnan sa Mateo 18:12–14.
9. Tingnan sa Juan 5:22; tingnan din sa Mateo 7:1–2.
10. Thomas S. Monson, “Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas ng Loob,” *Liahona*, Mayo 2009, 124.
11. 1 Nephi 8:12.
12. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.1.1.
13. 1 Nephi 8:12.
14. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Sins and Mistakes,” *Ensign*, Okt. 1996, 62. Itinuro ni Elder Oaks ang ideyang ito noong siya ang pangulo ng Brigham noong bandang 1980.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:25–27.
16. Tingnan sa Marva Jeanne Kimball Pedersen, *Vaughn Roberts Kimball: A Memorial* (1995). Si Vaughn ay naglaro ng football bilang quarterback para sa Brigham Young University noong taglagas ng 1941. Sa araw matapos salakayin ang Pearl Harbor, Disyembre 8, 1941, sumali siya sa US Navy. Nasawi siya noong Mayo 11, 1945, nang bombahin ng kaaway ang USS *Bunker Hill* at nalibing ito sa karagatan.
17. Tingnan sa Juan 5:39.
18. Tingnan sa Ezra Taft Benson, “Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon,” *Ensign*, Nob. 1986, 4; o *Liahona*, Okt. 2011, 52.
19. Mark Twain, *Roughing It* (1891), 127–28. Bawat bagong henerasyon ay inilarawan na may lakip ang mga komento ni Twain na para bang mahalagang bagong tuklas ang mga ito. Karaniwan ay may bahagyang pagtukoy sa katotohanan na si Mark Twain ay walang ring pagpapahalaga sa Kristiyanismo at relihiyon sa pangkalahatan.
20. 1 Nephi 1:2.
21. Nakilala ko si Dr. Ebeid Sarofim sa London habang tinuturuan siya ng mga elder. Tingnan din sa N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Abr. 1962, 53. Maraming iskolar ng sinaunang mga sulat na Semitic at Egyptian ang nakapansin sa paulit-ulit na paggamit ng nag-uugnay na pariralang “At ito ay nangyari na” sa simula ng mga pangungusap; tingnan sa Hugh Nibley, *Since Cumorah*, ikalawang edisyon (1988), 150.
22. Tingnan sa Moroni 10:3–4; kakaunting kritiko ang tapat na sumubok dito nang may tunay na layunin.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23.
24. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 83.
25. 1 Nephi 17:45; tingnan din sa Ezra Taft Benson, “Seek the Spirit of the Lord,” *Tambuli*, Set. 1988, 5: “Madalas nating marinig ang mga salita ng Panginoon sa pamamagitan ng damdamin. Kung tayo ay mapagpakumbaba at matalas ang ating pakiramdam, magpapahiwatig ang Panginoon sa atin sa pamamagitan ng ating damdamin.”
26. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:6.
27. “Kung Mananalig Kailanman,” *Mga Himno*, blg. 72.



Ni Elder Richard G. Scott
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Paano Makatatanggap ng Paghahayag at Inspirasyon sa Inyong Personal na Buhay

Bakit nais ng Panginoon na manalangin tayo sa Kanya at humiling? Dahil sa ganyang paraan natatanggap ang paghahayag.

Si numang tumayo sa pulpitong ito para maghatid ng isang mensahe ay nadarama ang lakas at suporta ng mga miyembro sa buong mundo. Nagpapasalamat ako na maaaring dumating ang suporta ring iyon mula sa isang pinakamamahal na asawang nasa kabilang buhay. Salamat, Jeanene.

Ipinarating ng Espiritu Santo ang mahahalagang impormasyong ating kailangan upang magabayan tayo sa ating buhay sa lupa. Kapag ito ay matining at malinaw at mahalaga, marapat itong tawaging paghahayag. Kapag ito ay sunud-sunod na mga pahiwatig na madalas mapasaitin para gabayan ang ating bawat hakbang tungo sa isang karapat-dapat na mithiin, para sa layunin ng mensaheng ito, ito ay inspirasyon.

Ang isang halimbawa ng paghahayag ay ang utos na natanggap ni

Pangulong Spencer W. Kimball matapos ang matagal at patuloy niyang pagsamo sa Panginoon hinggil sa pagbibigay ng priesthood sa lahat ng karapat-dapat na lalaki sa Simbahan noong panahon na ilan lamang sa kanila ang mayhawak nito.

Ang isa pang halimbawa ng paghahayag ay ang patnubay na ito na ibinigay kay Pangulong Joseph F. Smith: “Naniniwala ako na kumikilos tayo at nabubuhay sa piling ng mga sugo ng langit at mga makalangit na nilalang. Hindi tayo nakahiwalay sa kanila. . . . Napakalapit ng ating kaugnayan sa ating mga kamag-anak, sa ating mga ninuno . . . na nauna sa atin sa daigdig ng mga espiritu. Hindi natin sila malilimutan; hindi tayo tumitigil sa pagmamahal sa kanila; lagi silang malapit sa ating puso, sa ating alaala, at dahil dito tayo ay kasalamuha at kaisa nila sa hindi mapapatid

na mga ugnayan. . . . Kung ganito ang kalagayan natin sa buhay na ito, na naliligiran ng ating mga mortal na kahinaan, . . . lalong dapat . . . paniwalaan na yaong mga naging tapat, na pumanaw na . . . ay mas nakikita tayo kaysa nakikita natin sila; na mas kilala nila tayo kaysa kilala natin sila. . . . Kasa-kasama natin sila, nakikita nila tayo, iniisip nila ang ating kapakanan, mahal nila tayo ngayon nang higit kailanman. Nakikita nila ngayon ang mga panganib na nakaamba sa atin; . . . ang pagmamahal nila sa atin at hangarin nila para sa ating mabuting kapakanan ay higit kaysa nadarama natin para sa ating sarili.”¹

Mapapatatag ang ating mga kaugnayan sa kabilang buhay sa mga taong kilala at mahal natin. Nagagawa ito sa determinasyon nating patuloy na gawin ang tama. Mapapatatag natin ang ating kaugnayan sa pumanaw nating mahal sa buhay sa pag-unawa na pansamantala lamang ang paghihiwalay at ang mga tipang ginawa sa templo ay walang hanggan. Kapag laging sinusunod ang mga tipang iyon, tinitiyak niyon ang katuparan ng mga pangakong kaakibat ng mga ito sa kawalang-hanggan.

Isang napakalinaw na paghahayag ang nangyari sa buhay ko nang lubos na ipadama sa akin ng Espiritu na hilingin kay Jeanene Watkins na mabuklod siya sa akin sa templo.

Ang isa sa mga dakilang aral na kailangang matutuhan ng bawat isa sa atin ay ang humiling. Bakit nais ng Panginoon na manalangin tayo sa Kanya at humiling? Dahil sa ganyang paraan natatanggap ang paghahayag.

Kapag may napakabigat akong problema, sa ganitong paraan ko sinisikap unawain kung ano ang gagawin. Nag-aayuno ako. Nagdarasal ako para mahanap at maunawaan ang mga banal na kasulatang makakatulong. Paulit-ulit lang ang proseso. Sinisimulan kong basahin ang isang talata ng banal na kasulatan; pinagninilayan ko ang kahulugan nito at nagdarasal ako para sa inspirasyon. Pagkatapos ay nagninilay ako at nagdarasal para malaman kung naunawaan ko ang lahat ng nais ipagawa sa akin ng

Panginoon. Kadalasan mas maraming impresyong dumarating matapos madagdagan ang ating pag-unawa sa doktrina. Natuklasan ko na mabuting paraan iyan para matuto mula sa mga banal na kasulatan.

May ilang praktikal na tuntuning nagpapaganda sa paghahayag. Una, ang pagpapatangay sa damdamin tulad ng galit o pait o pagtatanggol sa sarili ay nagtataboy sa Espiritu Santo. Dapat iwaksi ang mga damdaming iyon, at kung hindi ay kakatiting lamang ang tsansa nating tumanggap ng paghahayag.

Ang isa pang tuntunin ay mag-ingat sa pagpapatawa. Ang malakas at di-angkop na pagtawa ay nagpapagalit sa Espiritu. Ang mabuting pagpapatawa ay nakakatulong sa paghahayag; ang malakas na pagtawa ay hindi. Ang pagpapatawa ay isang paraan ng pagtakas sa mga problema sa buhay.

Ang isa pang kaaway ng paghahayag ay nagmumula sa pagpapalabis o paglalakas sa sinasabi. Ang maingat at tahimik na pananalita ay mainam sa pagtanggap ng paghahayag.

Sa kabilang banda, ang espirituwal na pakikipag-ugnayan ay mapapaigi ng mabubuting kagawiang pangkalusugan. Ang ehersisyo, sapat na oras ng pagtulog, at mabubuting ugali sa pagkain ay nagdaragdag sa kakayahan nating matanggap at maunawaan ang paghahayag. Mabubuhay tayo sa haba ng panahong itinakda sa atin. Gayunman, mapagbubuti natin kapwa ang kalidad ng ating paglilingkod at ang ating kapakanan sa paggawa ng maingat at angkop na mga pagpapasiya.

Mahalagang hindi makagambala ang araw-araw nating mga gawain sa pakikinig natin sa Espiritu.

Maipaparaan din sa panaginip ang paghahayag kapag halos hindi mapansin kung tulog nga ba tayo o gising. Kung sisikapin ninyong itala ito kaagad, marami kayong maisusulat na detalye, ngunit kung hindi ay mabilis itong maglalaho. Ang inspiradong pakikipag-ugnayan sa gabi ay karaniwang may kahalong sagradong damdamin sa buong karanasan. Ginagamit ng Panginoon ang mga taong malaki ang respeto natin upang turuan

tayo ng mga katotohanan sa panaginip dahil nagtitiwala tayo sa kanila at makikinig tayo sa kanilang payo. Ang Panginoon ang nagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Gayunman, maaaring sa panaginip ay magagawa Niya itong mas madaling maunawaan at mas malamang na maantig ang ating puso sa pagtuturo sa atin sa pamamagitan ng isang taong mahal at nirerespeto natin.

Kapag ito ay para sa mga layunin ng Panginoon, maipapaalala Niya sa atin ang lahat. Hindi iyan dapat magpahina sa determinasyon nating itala ang mga impresyong hatid ng Espiritu. Ang maingat na pagtatala ng inspirasyon ay nagpapakita sa Diyos na sagrado sa atin ang Kanyang mga pakikipag-ugnayan. Ang pagtatala ay magdaragdag din sa kakayahan nating maalala ang paghahayag. Hindi dapat tulutang mawala o mapakialaman ng iba ang gayong pagtatala ng patnubay ng Espiritu.

Mahusay na pinagtibay ng mga banal na kasulatan na ang katotohanan, kapag palaging ipinamuhay, ay nagbibigay-daan sa inspirasyon na malaman kung ano ang gagawin at sa pagkakaroon ng personal na kakayahang pinag-ibayo ng banal na kapangyarihan, kung saan kailangan. Ipinapakita ng mga banal na kasulatan kung paano pinalalakas ng Panginoon ang kakayahan ng isang tao na

madaig ang kahirapan, pag-aalinlangan, at tila napakalalaking hamon sa oras na kailangan ito. Habang pinag-ninilayan ninyo ang mga halimbawang iyon, may darating na tahimik na pagpapatunay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na ang kanilang mga karanasan ay totoo. Malalaman ninyo na darating din sa inyo ang gayong tulong.

Nakakita na ako ng mga taong nahaharap sa mga hamon na nalaman kung ano ang gagawin noong hindi na nila kaya dahil nagtiwala sila sa Panginoon at batid nila na gagabayan Niya sila sa mga kalutasang kailangang-kailangan.

Sinabi ng Panginoon: “At kayo ay kailangang maturuan mula sa kaitaasan. Pabanalin ang inyong sarili at kayo ay pagkakalooban ng kapangyarihan, nang kayo ay makapagbigay maging gaya ng aking sinabi.”² Ang mga salitang *pabanalin ang inyong sarili* ay maaaring nakalilito. Minsan ay ipinaliwanag ni Pangulong Harold B. Lee na maaari ninyong ipalit sa mga salitang iyon ang mga katagang, “sundin ang aking mga utos.” Kapag binasa sa gayong paraan, tila mas malinaw ang payo.³

Kailangang malinis ang kaisipan at katawan at dalisay ang hangarin ng isang tao para mabigyang-inspirasyon ng Panginoon. Ang taong masunurin sa Kanyang mga utos ay



pinagkakatiwalaan ng Panginoon. Ang taong iyon ay tatanggap ng Kanyang inspirasyon na malaman kung ano ang gagawin at ng banal na kapangyarihang gawin iyon, kung kailangan.


Para lalong lumago at mapasainyo ang espirituwalidad kapag kailangan, dapat itong itanim sa mabuting kapaligiran. Ang pagmamataas, kapalaluan, at kayabangan ay tulad ng mabatong lupa na hindi magkakaroon ng espirituwal na bunga kailanman.

Ang kababaang-loob ay mayamang lupa kung saan lumalago ang espirituwalidad at nagbubunga ng inspirasyon para malaman kung ano ang gagawin. Ito ang daan patungo sa banal na kapangyarihan upang maisakatuparan ang kailangang gawin. Ang isang taong pinakikilos ng hangaring mapuri o makilala ay hindi karapat-dapat na maturuan ng Espiritu. Ang taong mayabang o hinahayaang maimpluwensyahan ng kanyang damdamin ang kanyang mga desisyon ay hindi maaakay ng Espiritu.

Kapag nagsisilbi tayong mga kasangkapan para sa kapakanan ng iba, mas madali tayong makatanggap ng inspirasyon kaysa kung sarili lang natin ang ating iniisip. Sa pagtulong sa iba, maaaring magdagdag ng mga tagubilin ang Panginoon para sa ating ikabubuti.

Hindi tayo inilagay ng ating Ama sa Langit sa lupa upang mabigo kundi upang maluwalhating magtagumpay. Tila kabalintunaan, ngunit ito ang dahilan kung bakit ang pagkilala sa mga sagot sa dalangin ay maaaring napakahirap kung minsan. Kung minsan walang ingat nating sinusubukang harapin ang buhay sa pamamagitan ng pagdepende sa sarili nating karanasan at kakayahan. Mas matalino ang hangarin natin sa pamamagitan ng panalangin at banal na inspirasyon na malaman kung ano ang gagawin. Ang ating pagsunod ay tumitiyak na kapag kailangan, maaari tayong maging marapat sa banal na kapangyarihang masagawa ang isang inspiradong mithiin.

Tulad ng marami sa atin, hindi nakilala ni Oliver Cowdery ang katibayan ng mga sagot sa dalangin na ibinigay na ng Panginoon. Para mabuksan



ang kanyang mata at ating mga mata, ibinigay ang paghahayag na ito sa pamamagitan ni Joseph Smith:

“Pinagpala ka dahil sa iyong ginawa; sapagkat ikaw ay nagtanong sa akin, at masdan, sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatanggap ng tagubilin mula sa aking Espiritu. Kung hindi magkagayon, ikaw ay hindi makararating sa lugar na kinaroroonan mo sa ngayon.

“Masdan, iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa akin at aking nilinaw ang iyong pag-iisip; at ngayon ipinaalam ko sa iyo ang mga bagay na ito upang iyong malaman na ikaw ay naliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan.”⁴

Kung nadarama ninyo na hindi pa sinasagot ng Diyos ang inyong mga dalangin, pagnilayan ang mga banal na kasulatang ito—pagkatapos ay maghanap na mabuti ng katibayan sa sarili ninyong buhay na maaaring nasagot na Niya kayo.

Ang dalawang palatandaan na ang isang damdamin o pahiwatig ay nagmumula sa Diyos ay na nagdudulot ito ng kapayapaan sa inyong puso at ng payapa at mainit na pakiramdam. Sa pagsunod ninyo sa mga alituntuning tinalakay ko, magiging handa kayong matukoy ang paghahayag sa mahahalagang panahon ng inyong buhay.

Kapag higit ninyong sinunod ang banal na patnubay, higit kayong liligaya rito at sa kawalang-hanggan—bukod pa rito, lalo kayong uunlad at magkakaroon ng kakayahang

maglingkod. Hindi ko lubos na nauunawaan kung paano ito nagagawa, ngunit hindi inaalis ng patnubay na iyan sa inyong buhay ang inyong kalayaang pumili. Maipapasiya ninyo ang gusto ninyong ipasiya. Ngunit tandaan, ang disposisyong gawin ang tama ay naghahatid ng kapayapaan ng isipan at ng kaligayahan.

Kung magkamali kayo sa inyong mga pasiya, maaaring itama ang mga ito sa pamamagitan ng pagsisisi. Kapag natugunan nang lubusan ang mga kundisyon nito, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, ang nagpapalaya mula sa mga hinihingi ng katarungan para sa mga maling nagawa. Napakasimple nito at walang katulad sa ganda. Kapag patuloy kayong namuhay nang matwid, lagi ninyong mahihiwatigan kung ano ang dapat gawin. Kung minsan ang pagkatuklas sa gagawing hakbang ay maaaring mangailangan ng matinding pagsisikap at pagtitiwala sa inyong panig. Subalit ipapahiwatig sa inyo kung ano ang gagawin kapag tinugunan ninyo ang mga kundisyon para matamo ang banal na patnubay na iyon sa inyong buhay, tulad ng pagsunod sa mga utos ng Panginoon, pagtitiwala sa Kanyang banal na plano ng kaligayahan, at pag-iwas sa anumang bagay na salungat dito.

Ang pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit ay isang bagay na mahalaga. Ito ay sagradong pribilehiyo. Ito ay batay sa mga walang-hanggang alituntuning hindi nagbabago. Tumatanggap tayo ng tulong mula sa ating Ama sa Langit bilang tugon sa ating pananampalataya, pagsunod, at wastong paggamit ng kalayaan.

Nawa'y bigyan kayo ng inspirasyon ng Panginoon na maunawaan at gamitin ang mga alituntuning humahantong sa personal na paghahayag at inspirasyon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph F. Smith, sa Conference Report, Abr. 1916, 2–3; tingnan din sa *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 430–31.
2. Doktrina at mga Tipan 43:16.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Harold B. Lee (2001), 36.
4. Doktrina at mga Tipan 6:14–15.



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga Kapangyarihan ng Langit

Kailangan ng mga mayhawak ng priesthood na bata at matanda ng awtoridad at kapangyarihan—ang mahalagang pahintulot at espirituwal na kakayahang maging kinatawan ng Diyos sa gawain ng kaligtasan.

Mahal kong mga kapatid, salamat at nakasasamba tayo nang sama-sama bilang isang malaking grupo ng mga mayhawak ng priesthood. Mahal ko kayo at hanga ako sa inyong pagkamarapat at mabuting impluwensya sa buong mundo.

Inaanyayahan ko kayong lahat na pag-isipan kung ano ang isasagot ninyo sa tanong na ito ni Pangulong David O. McKay sa mga miyembro ng Simbahan maraming taon na ang nakalilipas: “Kung ngayon mismo ay ipasabi sa bawat isa sa inyo sa isang pangungusap o kataga kung ano ang namumukod-tanging katangian ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ano ang isasagot ninyo?” (“The Mission of the Church and Its Members,” *Improvement Era*, Nob. 1956, 781). Ang sagot ni Pangulong McKay

sa sarili niyang tanong ay ang “banal na awtoridad” ng priesthood. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay namumukod-tangi sa ibang mga simbahan na nagsasabing ang kanilang awtoridad ay nagmula sa sunud-sunod na pagpapasa nito sa paglipas ng mga panahon, sa mga banal na kasulatan, o sa natutuhan nila sa teolohiya. Gumagawa tayo ng kakaibang pahayag na ang awtoridad ng priesthood ay ipinagkaloob nang ipatong ng mismong mga sugo ng langit ang kanilang mga kamay kay Propetang Joseph Smith.

Ang mensahe ko ay nakatuon sa banal na priesthood na ito at sa mga kapangyarihan ng langit. Taimtim akong nagdarasal para sa tulong ng Espiritu ng Panginoon habang sama-sama nating pinag-aaralan ang mahalagang katotohanang ito.

Awtoridad at Kapangyarihan ng Priesthood

Ang priesthood ay ang awtoridad ng Diyos na ibinigay sa mga tao sa lupa upang kumilos sa lahat ng bagay para sa kaligtasan ng sangkatauhan (tingnan sa Spencer W. Kimball, “The Example of Abraham,” *Ensign*, Hunyo 1975, 3). Priesthood ang ginagamit ng Panginoon upang makakilos sa pamamagitan ng kalalakihan sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Isa sa mga namumukod-tanging katangian ng Simbahan ni Jesucristo, kapwa noong unang panahon at ngayon, ay ang Kanyang awtoridad. Hindi maaaring maging totoo ang Simbahan kung wala itong banal na awtoridad.

Ang ordinaryong kalalakihan ay binibigyan ng awtoridad ng priesthood. Pagkamarapat at kahandaan—hindi karanasan, kahusayan, o pinag-aaralan—ang kailangan para maorden sa priesthood.

Ang huwaran para magkaroon ng awtoridad ng priesthood ay inilarawan sa ikalimang saligan ng pananampalataya: “Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.” Sa gayon, ang isang binatilyo o isang lalaki ay tumatanggap ng awtoridad ng priesthood at inoorden sa isang katungkulan ng isang taong mayhawak na ng priesthood at binigyan ng awtoridad ng isang lider na mayhawak ng kailangang mga susi ng priesthood.

Ang isang mayhawak ng priesthood ay inaasahang gagamitin ang sagradong awtoridad na ito ayon sa isipan, kalooban, at mga layunin ng Diyos. Walang anumang tungkol sa priesthood ang makasarili. Ang priesthood ay palaging ginagamit para maglingkod, magbasbas, at magpalakas sa ibang tao.

Ang mas mataas na priesthood ay tinatanggap sa pamamagitan ng sagradong tipan na kinabibilangan ng obligasyong kumilos sa awtoridad (tingnan sa D at T 68:8) at katungkulan (tingnan sa D at T 107:99) na



Kapag ginawa natin ang lahat para magampanan ang mga responsibilidad natin sa priesthood, mabibiyayaan tayo ng kapangyarihan ng priesthood. Ang kapangyarihan ng priesthood ay kapangyarihan ng Diyos na gumagana sa pamamagitan ng mga lalaki at binatilyong katulad natin at nangangailangan ng personal na kabutihan, katapatan, pagsunod, at kasigasigan. Ang isang binatilyo o lalaki ay maaaring tumanggap ng awtoridad ng priesthood sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ngunit mawawalan ng kapangyarihan ng priesthood kung siya ay suwail, hindi karapat-dapat, o ayaw niyang maglingkod.

“Ang mga karapatan ng pagkasa-serdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, at . . . ang *kapangyarihan* ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan.

“Na ito ay maaaring igawad sa atin, ito ay totoo; subalit kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, masdan, ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon” (D at T 121:36–37; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Mga kapatid, ang matanggap ng isang binatilyo o isang lalaki ang awtoridad ng priesthood ngunit kaligtang gawin ang kailangan para maging marapat sa kapangyarihan ng priesthood ay hindi katanggap-tanggap sa Panginoon. Kailangan ng mga mayhawak ng priesthood na bata at matanda ng awtoridad at kapangyarihan—ang mahalagang pahintulot at espirituwal na kakayahang maging kinatawan ng Diyos sa gawain ng kaligtasan.

Isang Aral mula sa Aking Ama

Lumaki ako sa isang tahananang may matapat na ina at napakabait na ama.

natanggap. Bilang mga maytaglay ng banal na awtoridad ng Diyos, tayo ay mga kinatawan na kikilos at hindi mga bagay na pakikilusin (tingnan sa 2 Nephi 2:26). Ang priesthood ay likas na kumikilos sa halip na pinakikilos.

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson:

“Hindi sapat na matanggap ang priesthood at pagkatapos ay maupo na lang at maghintay na pakilusin tayo ng ibang tao. Kapag natanggap natin ang priesthood, may obligasyon tayong maging abala sa pagsusulong ng layon ng kabutihan sa mundo, dahil sinabi ng Panginoon:

“ . . . Siya na hindi gumagawa ng

anumang bagay hangga’t hindi siya inuutusan, at tumatanggap ng kautusan na may pusong nag-aalinlangan, at tinutupad ito nang may katamaran, siya rin ay mapapahamak’ [D at T 58:29]” (*So Shall Ye Reap* [1960], 21).

Binigyang-diin din ni Pangulong Spencer W. Kimball ang pagiging likas na aktibo ng priesthood: “Nilalabag ng isang tao ang tipan ng priesthood kapag nilabag niya ang mga utos—gayundin kapag hindi niya ginampanan ang kanyang mga tungkulin. Kaya nga, *para malabag ang tipan na ito ang kailangan lang ay huwag kumilos ang isang tao*” (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 96).

Ang nanay ko ay inapo ng mga pioneer na nagsakripisyo ng lahat para sa Simbahan at kaharian ng Diyos. Ang tatay ko ay hindi miyembro ng ating Simbahan at, noong binata siya, ginusto niyang maging pari sa simbahan Katoliko. Sa huli, pinili niyang huwag pumasok sa seminaryo at sa halip ay nag-aral siya para maging tagagawa ng mga tool at die.

Simula noong ikasal siya sa aking ina, dumalo sa mga pulong ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang aking ama kasama ang aming pamilya. Katunayan, hindi alam ng karamihan sa ward namin na hindi miyembro ng Simbahan ang tatay ko. Nagkunwari siya at nag-coach sa aming ward softball team, tumulong sa mga aktibidad ng mga Scout, at sinuportahan ang nanay ko sa iba't iba nitong tungkulin at responsibilidad. Gusto kong ikuwento sa inyo ang isa sa pinakamagandang aral na natutuhan ko sa aking ama tungkol sa awtoridad at kapangyarihan ng priesthood.

Noong bata ako bawat linggo ay maraming beses kong tinatanong ang tatay ko kung kailan siya magpapabinyag. Magiliw ngunit matatag niyang isinasagot tuwing tatanungin ko siya: “David, hindi ako sasapi sa Simbahan para sa nanay mo, sa iyo, o kaninuman. Sasapi ako sa Simbahan kapag alam ko nang ito ang tamang gawin.”

Tinedyer pa lang yata ako noon nang magkausap kami nang ganito ng tatay ko. Kauwi pa lang namin mula sa mga pulong ng Linggo, at tinanong ko ang tatay ko kung kailan siya magpapabinyag. Ngumiti siya at sinabing, “Lagi mo na lang akong tinatanong kung kailan ako magpapabinyag. May tanong ako sa iyo ngayon.” Agad kong naisip na may maganda nang nangyayari sa amin!

Nagpatuloy ang tatay ko, “David, itinuturo ng simbahan ninyo na ang priesthood ay binawi sa lupa noong araw at ipinanumbalik ng mga sugo ng langit kay Propetang Joseph Smith, tama?” Sinabi kong tama ang sinabi niya. Pagkatapos ay sinabi niya, “Ito ang tanong ko. Bawat linggo sa priesthood meeting nakikinig ako



sa paalala, pakiusap, at pagsamo ng bishop at iba pang mga lider ng priesthood sa kalalakhian na gawin ang kanilang home teaching at gampanan ang kanilang mga tungkulin sa priesthood. Kung talagang nasa simbahan ninyo ang ipinanumbalik na priesthood ng Diyos, bakit hindi rin tinutupad ng napakaraming lalaki sa simbahan ninyo ang kanilang tungkulin na katulad ng kalalakhian sa simbahan ko?” Agad na lubusang nablango ang batang isipan ko. Wala akong maisagot sa tatay ko.

Palagay ko mali ang tatay ko na hatulan ang katotohanang inaangkin ng ating Simbahan ang banal na awtoridad nang dahil sa mga pagkukulang ng kalalakhian nakakasama niya sa aming ward. Ngunit nakapaloob sa tanong na ito sa akin ang isang tamang palagay na ang mga lalaking mayhawak ng banal na priesthood ng Diyos ay dapat na naiiba sa ibang kalalakhian. Ang kalalakhian mayhawak

ng priesthood ay hindi likas na mas mabuti kaysa ibang lalaki, kundi dapat ay naiiba ang kanilang pagkilos. Ang kalalakhian mayhawak ng priesthood ay hindi lamang dapat tumanggap ng awtoridad ng priesthood kundi maging marapat at tapat ding daluyan ng kapangyarihan ng Diyos. “Maging malinis kayo na nagtataglay ng sisidlan ng Panginoon” (D at T 38:42).

Hindi ko kailanman nalimutan ang mga aral tungkol sa awtoridad at kapangyarihan ng priesthood na natutuhan ko sa aking ama, isang mabuting lalaking hindi natin kasapi, na umasa ng higit pa sa kalalakhian nagsasabi na taglay nila ang priesthood ng Diyos. Dahil sa pag-uusap namin ng tatay ko noong Linggo ng hapong iyon maraming taon na ang nakararaan, nagkaroon ako ng hangaring maging “mabuting bata.” Ayaw kong maging masamang halimbawa at hadlang sa pag-unlad ng aking ama sa pagkatuto tungkol sa ipinanumbalik

na ebanghelyo. Gusto ko lang maging mabuting bata. Kailangan ng Panginoon na maging mararangal, mababait, at mabubuting bata tayong lahat na nagtataglay ng Kanyang awtoridad sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.

Maaaring interesado kayong malaman na ilang taon kalaunan ay nabinyagan ang aking ama. At sa mga tamang panahon, nagkaroon ako ng pagkakataong ipagkaloob sa kanya ang Aaronic at Melchizedek Priesthood. Isa sa mga dakilang karanasan ko sa buhay ang masaksihan ang pagtanggap ng tatay ko sa awtoridad at sa huli, sa kapangyarihan ng priesthood.

Ibinabahagi ko sa inyo ang malaking aral na natutuhan ko sa aking ama upang bigyang-diin ang isang simpleng katotohanan. Ang pagtanggap ng awtoridad ng priesthood sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ay isang mahalagang simula, ngunit hindi ito sapat. Ang ordinasyon ay nagkakaloob ng awtoridad, ngunit kabutihan ang kailangan upang makakilos nang may kapangyarihan sa pagpupunyagi nating magpasigla ng mga kaluluwa, magturo at magpatotoo, magbasbas at magpayo, at isulong ang gawain ng kaligtasan.

Sa mahalagang panahong ito ng kasaysayan ng mundo, tayo bilang mga maytaglay ng priesthood ay kailangang maging mabubuting lalaki at mabibisang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Kailangan nating magbangon bilang mga kalalakihan ng Diyos. Makabubuting matuto tayo at makinig sa halimbawa ni Nephi, na apo ni Helaman at una sa labin-dalawang disipulong tinawag ng Tagapagligtas sa simula ng Kanyang pangangaral sa mga Nephita. “At [si Nephi] ay nangaral ng maraming bagay sa kanila. . . . At si Nephi ay nangaral nang may kapangyarihan at dakilang karapatan” (3 Nephi 7:17).

“Pakitulungan ang Asawa Ko na Makaunawa”

Sa pagtatapos ng mga interbyu para sa temple recommend na isinagawa ko bilang bishop at stake president, madalas kong itanong sa mga babae kung paano ang asawa ko sila

lubos na mapaglilingkuran at ang kanilang pamilya. Ang palagiang sagot na natanggap ko mula sa matatapat na kababaihang iyon ay kapwa nakapagturo at nakabahala sa akin. Bihirang magreklamo o mamintas ang kababaihan, ngunit madalas silang sumagot nang ganito: “Pakitulungan po ang asawa ko na maunawaan ang kanyang responsibilidad bilang lider ng priesthood sa aming tahanan. Masaya akong mamuno sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, panalangin ng pamilya, at family home evening, at ipagpapatuloy ko ito. Pero sana maging kapantay ko sa gawain ang asawa ko at maglaan siya ng matatag na pamumuno bilang priesthood na siya lang ang makapagbibigay. Pakitulungan ang asawa ko na matuto kung paano maging isang patriarch at lider ng priesthood sa aming tahanan na namumuno at nangangalaga.”

Madalas kong pag-isipan ang katapatan ng kababaihang iyon at ang kanilang kahilingan. Iyon din ang mga problemang naririnig ng mga lider ng priesthood ngayon. Maraming babae ang nagsusumamo para sa mga asawang hindi lamang awtoridad ng priesthood ang taglay kundi pati na kapangyarihan nito. Sabik silang makapantay sa gawain ang isang matapat na asawa at katuwang na priesthood



sa paglikha ng isang tahananang nakatuon kay Cristo at sa ebanghelyo.

Mga kapatid, ipinapangako ko na kung mapanalangin nating pag-iisipan ang mga pagsamo ng kababaihang ito, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na makita ang ating tunay na pagkatao (tingnan sa D at T 93:24) at tutulungan tayong malaman ang mga bagay na kailangan nating baguhin at paghuhusayin. At panahon na para kumilos!

Maging mga Halimbawa ng Kabutihan

Ngayong gabi uulitin ko ang mga turo ni Pangulong Thomas S. Monson, na nag-imbata sa atin na maging “mga halimbawa ng kabutihan.” Paulit-ulit niyang ipinaaalala sa atin na tayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon at may karapatan sa Kanyang tulong kung karapat-dapat tayo (tingnan sa “Mga Halimbawa ng Kabutihan,” *Liahona*, Mayo 2008, 65–68). Taglay natin ang awtoridad ng priesthood na ibinalik sa mundo sa dispensasyong ito ng mga sugo ng langit, maging nina Juan Bautista at Pedro, Santiago, at Juan. At dahil dito direktang matutunton ng bawat lalaking tumatanggap ng Melchizedek Priesthood ang kanyang personal na linya ng awtoridad hanggang sa Panginoong Jesucristo. Sana’y pasalamat natin ang kagila-gilalas na pagpapalang ito. Dalangin ko na maging malinis at marapat tayong katawanin ang Panginoon sa paggamit ng Kanyang sagradong awtoridad. Nawa’y maging karapat-dapat tayong lahat sa kapangyarihan ng priesthood.

Pinatotohanan ko na tunay ngang ipinanumbalik sa lupa ang banal na priesthood sa mga huling araw na ito at matatagpuan ito sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Saksi rin ako na si Pangulong Thomas S. Monson ang namumunong high priest sa high priesthood ng Simbahan (tingnan sa D at T 107:9, 22, 65–66, 91–92) at ang tanging tao sa lupa na kapwa mayhawak at awtorisadong gumamit ng lahat ng susi ng priesthood. Pinatutunayan ko ang mga katotohanang ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



Ni Bishop Richard C. Edgley

Ini-Release Kamakailan na Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Ang Pagsagip para sa Totoong Pag-unlad

Ang pagliligtas ng mga kaluluwa ay gawain ng Tagapagliligtas na iniutos Niyang gawin nating lahat.

Sa nakaraang mga buwan lalo pang binigyang-diin ang pagkakaroon ng “tunay na pag-unlad” sa Simbahan, dinadala ang lahat ng taong handang tumanggap at tuparin ang mga nakapagliligtas na ordenansa at mga tipan at namumuhay nang may malaking pagbabago ng puso na gaya ng inilarawan ni Alma (tingnan sa Alma 5:14). Isa sa pinakamakabuluhan at pinakamahahalagang paraan upang magkaroon ng tunay na pag-unlad ay ang pagtulong at pagsagip sa mga nabinyagan ngunit hindi gaanong naging aktibo, hindi nagtamasa ng mga pagpapala at nakapagliligtas na mga ordenansa. Anuman ang tungkulin ng bawat isa sa atin—home o visiting teacher, guro sa Sunday School, bishop, ama, ina, o General Authority—lahat ay makababahagi sa pagsagip sa makabuluhang paraan. Tatal, ang pagdadala sa lahat ng tao—ang ating pamilya, mga hindi miyembro, di-gaanong aktibo, mga makasalanan—kay Cristo upang matanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansa ay banal na tungkulin nating lahat.

Isang Linggo ng umaga mga 30 taon na ang nakalipas, habang naglilingkod sa stake presidency,

tinawagan kami ng isa sa matatapat naming bishop. Ipinaliwanag niya na mabilis dumami ang mga miyembro sa kanyang ward at hindi na niya mabigyan pa ng makabuluhang tungkulin ang lahat ng karapat-dapat na miyembro. Nakiusap siya sa amin na hatiin ang ward. Habang naghihintay na maaprubahan, nagpasiya kaming stake presidency na bisitahin ang ward at tawagin ang lahat ng mabubuti at karapat-dapat na mga miyembro nito na maging mga stake missionary.

Ang pangatlong taong nakausap ko ay isang dalaga na nag-aaral sa unibersidad sa kanilang lugar. Matapos ang sandaling pag-uusap, sinabi kong bibigyan ko siya ng tungkulin bilang stake missionary. Nagkaroon ng sandaling katahimikan. Pagkatapos ay sinabi niya, “President, hindi ba ninyo alam na hindi ako aktibo sa Simbahan?”

Sandali akong natahimik at pagkapatapos sinabi ko, “Hindi, hindi ko alam na hindi ka aktibo.”

Sumagot siya, “Ilang taon na po akong hindi aktibo sa Simbahan.” At sinabi pa niya, “Alam po ba ninyo na kapag hindi kayo aktibo, hindi ganoon kadalang bumalik?”

Sumagot ako ng, “Hindi. Nagsisimula ang inyong ward nang alas-9:00 n.u. Dumating ka sa chapel, at makakasama ka na namin.”

Sagot niya, “Hindi po, hindi ganoon kadali. Marami kang bagay na inaalala. Nag-aalala ka kung may babati ba sa iyo o mag-isa kang uupo at hindi mapapansin sa buong pulong. At nag-aalala ka kung tatanggapin ka ba at kung sino ang magiging bago mong mga kaibigan.”

Lumuluhang sinabi pa niya, “Alam ko na ilang taon na akong ipinagdarasal ng nanay at tatay ko para makabalik ako sa Simbahan.” Pagkaraan ng ilang sandali ng katahimikan, sinabi niya, “Nitong nakaraang tatlong buwan nagdasal ako na magkaroon ng tapang, lakas, at paraan para makabalik sa Simbahan.” At itinanong niya, “President, sa palagay po ba ninyo ang tungkuling ito ang sagot sa mga panalanging iyon?”

Naluluha akong sumagot, “Naniniwala ako na sinagot ng Panginoon ang iyong mga panalangin.”

Hindi lamang niya tinanggap ang tungkulin, siya ay naging mahusay na misyonera. At nakatitiyak ako na hindi lamang siya nagdulot ng malaking kagalakan sa kanyang sarili kundi maging sa kanyang mga magulang at marahil sa iba pang miyembro ng kanyang pamilya.

May ilang bagay akong natutuhan dito o naalala ko dito at sa mga kahalintulad na interbyu:

- Nalaman ko na maraming miyembro hindi gaanong aktibo ang mayroong mga mahal sa buhay na araw-araw na nagdarasal na tulong sila ng Panginoon na masagip ang mga mahal nila sa buhay.
- Nalaman ko na hindi madali o komportable para sa isang hindi gaanong aktibong miyembro na basta na lang bumalik sa Simbahan. Kailangan nila ng tulong. Kailangan nila ng suporta. Kailangan nila ng kaibigan.
- Nalaman ko na may mga hindi gaanong aktibong miyembro tayo na nagsisikap at handang maging aktibo muli.



- Nalaman ko na maraming hindi gaanong aktibong miyembro ang tatanggap ng tungkulin kung bibigyan sila nito.
- Nalaman ko na dapat pakitunguhan nang pantay at ituring na anak na lalaki o babae ng mapagmahal na Diyos ang hindi gaanong aktibong miyembro.

Sa paglipas ng mga taon naisip ko kung ano kaya ang kinalabasan ng interbyung ito kung kinausap ko siya bilang isang hindi gaanong aktibong miyembro ng Simbahan. Kayo ang bahalang magpasiya.

Ang pagpapaaktibo ay palaging mahalagang bahagi ng gawain ng Panginoon. Bagama't ang pagpapaaktibo ay responsibilidad ng lahat ng miyembro, ang mga mayhawak ng Aaronic at Melchizedek Priesthood ay may responsibilidad na manguna sa gawaing ito. Tatal, iyan ang kahulugan ng paglilingkod ng priesthood—pagdadala sa lahat ng tao sa mga tipang nagpapadakila; nagdulot ng kapayapaan, kaligayahan, at

pagpapahalaga sa sarili.

Mula sa Aklat ni Mormon, magugunita ninyo na noong matuklasan ni Nakababatang Alma na nag-apostasiya ang mga Zoramita mula sa Simbahan, bumuo siya ng grupo ng mga lider para sagipin ang mga taong ito. Nang hahayo na sila para gampanan ang kanilang gawain, nagsumamo si Alma sa Panginoon sa ganitong mga salita:

“O Panginoon, nawa’y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa *muling* pagdadala sa kanila sa inyo sa pamamagitan ni Cristo.

“Masdan, O Panginoon, ang kaniyang mga kaluluwa ay mahahalaga, at *marami sa kanila ay aming mga kapatid*; kaya nga, ipagkaloob ninyo sa amin, O Panginoon, ang kapangyarihan at karunungan, upang madala naming muli sila, na aming mga kapatid, sa inyo” (Alma 31:34–35; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ilang buwan na ang nakalipas matapos makausap ang mga bagong miyembro at hindi gaanong aktibo miyembro, isang lalaking napabalik sa

pagiging aktibo na mga kasing edad ko ang lumapit sa akin at nagsabing, “Halos buong buhay ko ay hindi ako gaanong aktibo. Lumayo ako sa Simbahan noong kabataan ko. Ngunit nakabalik na ako ngayon, at naging temple worker kaming mag-asawa.”

Upang maipadama sa kanya na maayos na ang lahat, ganito ang sagot ko: “Hindi bale naging maayos naman ang lahat sa huli.”

Sagot niya, “Hindi, hindi maayos ang lahat. Nakabalik ako sa Simbahan, pero nawala sa akin ang lahat ng aking mga anak at apo. At ngayon nakikita ko ang pagkawala ng aking mga apo-sa-tuhod—wala silang lahat sa Simbahan. Hindi maayos ang lahat.”

Sa aming pamilya may ninuno kaming sumapi sa Simbahan sa Europa sa mga unang taon ng Simbahan. Isang anak na lalaki ang naging hindi aktibo. Sinikap namin ni Sister Edgley na matunton ang mga hindi aktibong inapo ng ninunong ito.

Madali sa aming mag-asawa ang magsabing sa loob ng sumunod na anim na henerasyon at sa



Tagapagligtas na iniutos Niyang gawin nating lahat.

Kanina ay nabanggit ko ang pana- langin na inalay ni Alma nang simulan niya at ng kanyang mga kasama ang pagsagip sa mga Zoramita. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig tinatayang 500 sundalong Amerikano at lokal na mga mamamayan na sumusuporta sa kanila ang dinakip at ibinilanggo. Dahil sa paghihirap at pag-aalala para sa kanilang ka- ligtasan, isang hukbo ng tinatayang 100 sundalong Amerikano ang pinili para iligtas ang mga bilanggong ito. Matapos maorganisa ang mga bolun- taryo, ganito ang bilin sa kanila ng namumunong opisyal: “Sa gabing ito kausapin ninyong mga kalalakihan ang inyong mga lider sa simbahan, lumuhod kayo, at mangako sa Diyos na habang kayo ay nabubuhay, hindi ninyo tutulutang magdusa pa ang kahit isa sa mga taong ito.” (Tingnan sa Hampton Sides, *Ghost Soldiers: The Forgotten Epic Story of World War II’s Most Dramatic Mission* [2001], 28–29.)

Ang matagumpay na pagsagip na ito ay pagsagip mula sa pisikal at tempo- ral na pagdurusa. Hindi ba tayo dapat maging magiting sa pagsagip sa mga taong maaaring dumaranas ng mga pagdurusang espirituwal at walang hanggan? Hindi ba tayo dapat matibay na mangako sa Panginoon?

Sa huli, ang matibay nating pa- ngako bilang mga miyembro ng totoong Simbahan ni Cristo ay nag- mumula sa katotohanang nagdusa ang Panginoon para sa bawat isa sa atin—sa hindi miyembro, hindi ga- anong aktibong miyembro, maging sa makasalanan, at sa bawat miyembro ng sarili nating pamilya. Naniniwala ako na magkapagdadala tayo ng libu- libo tungo sa kagalakan, kapayapaan, at kasiyahang dulot ng ebanghelyo, at daang-daang libo, maging milyun- milyon, sa kasunod nilang mga henerasyon. Naniniwala ako na mag- tatagumpay tayo dahil ito ang Simba- han ng Panginoon, at sa bisa ng ating priesthood at pagiging miyembro, tayo ay tinawag upang magtagumpay. Pina- tototohanan ko ito sa inyo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

makatwirang hinuha, maaaring ang nawala ay umaabot sa 3,000 mga miyembro ng pamilya. Ngayon isipin ang mangyayari pagkatapos ng da- lawa pang henerasyon. Tinatayang 20,000 hanggang 30,000 ang maaaring mawala sa mga anak ng ating Ama sa Langit.

Ang atas na sumagip ay batay sa isa sa pinakamahahalagang doktrina ng Simbahan.

“Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos;

“Sapagkat, masdan, ang Panginoon na inyong Manunubos ay nakaranas ng kamatayan sa laman; dahil dito kanyang tiniis ang mga pasakit ng *lahat ng tao*, upang ang *lahat ng tao ay magsisi at lumapit sa kanya*. . . .

“At kung mangyayaring kayo ay ga- gawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!” (D at T 18:10–11, 15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Nagkaroon ako ng pribilehiyo sa buhay na sagipin ang ilang hindi gaanong aktibong miyembro. Ngayon kapag tumutulong ako sa pagpapaak- tibo sa isang tao sa Simbahan, hindi ko siya nakikita bilang isang kalu- luwa; ang nakikita ko ay anim, pito, o marami pang henerasyon—libu-libong kaluluwa. At naiisip ko ang talata sa banal na kasulatan: “Magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakan” (D at T 18:15).

Sa Kanyang mga Apostol, sinabi ng Panginoon, “Katotohana’y ang aanihin ay marami, datapuwa’t kakaunti ang mga manggagawa” (Mateo 9:37). Hindi kailangang maging kakaunti ang mga manggagawa. Libu-libo ang may kakayahan, karapat-dapat na mga mayhawak ng priesthood at milyun- milyon ang matatapat na miyembro ng ating Simbahan sa lahat ng dako ng mundo. Mayroon tayong mga ward council, priesthood quorum, Relief Society, at iba pang organisasyon na kumikilos na pawang may respon- sibilidad na sumagip. Ang paglilig- tas ng mga kaluluwa ay gawain ng



Ni Adrián Ochoa

Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

Aaronic Priesthood: Bumangon at Gamitin ang Kapangyarihan ng Diyos

Ang priesthood ay kailangang gamitin upang may maisagawang kabutihan. Kayo ay tinawag upang “bumangon at magliwanag,” hindi upang itago ang inyong liwanag sa dilim.

Kamakailan lang nasa South Africa ako at bumisita sa isang tahanan kasama si Thabiso, ang unang assistant sa priests quorum ng Kagiso Ward. Si Thabiso at ang kanyang bishop, na namumuno at nagtataglay ng mga susi ng korum, ay matagal nang nagdarasal para sa di-gaanong aktibong mga miyembro ng korum, at humihiling ng inspirasyon kung sino sa kanila ang kanilang bibisitahin at tutulungan. Nadama nila na dapat nilang bisitahin ang tahanan ni Tebello, at pinasama nila ako sa kanila.

Nang makalampas kami sa mabangis na asong bantay, nakasama na namin sa sala si Tebello, isang mahinahong binatilyo na hindi na nagsisimba dahil may iba na siyang pinagkakaabalahan tuwing Linggo. Kinakabahan siya ngunit masaya niya kaming tinanggap at niyaya pa ang

kanyang pamilya sa pagharap sa amin. Ipinahayag ng bishop ang kanyang pagmamahal sa pamilya at ang hangarin niya na tulungan silang maging walang-hanggang pamilya sa pamamagitan ng pagbubuklod sa templo. Naantig ang kanilang puso, at nadama naming lahat ang malakas na presensya ng Espiritu Santo na gumabay sa aming bawat salita at damdamin.

Ngunit ang mga sinabi ni Thabiso ang naging kaiba sa pagbisitang iyon. Sa wari ko ang priest na ito ay nagsasalita sa wikang gamit ng mga anghel—magigiliw na salita na lubusan naming naiintindihan at lalong nakaantig sa kanyang kaibigan. “Masaya ako kapag kausap kita palagi sa simbahan,” sabi niya. “Palagi kang may magandang sinasabi tungkol sa akin. At alam mo, nawala na ang soccer team natin ngayong hindi ka na

namin kasama. Ang galing mo kasing maglaro.”

“Pasensiya ka na,” sagot ni Tebello. “Hayaan mo, sasali ulit ako sa inyo.”

“Maganda ‘yan,” sabi ni Thabiso. “At naaalala mo pa ba ‘yung mga paghahanda natin sa pagmimisyon? Puwede ba nating gawin ulit ‘yon?’”

“Oo,” pag-ulit ni Tebello, “Gusto kong bumalik.”

Marahil ang pinakamasayang nararanasan ko bilang tagapayo sa Young Men general presidency ay ang makita ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa buong mundo na ginagamit ang kapangyarihan ng Aaronic Priesthood. Subalit kung minsan ay nasasaksihan ko rin, at malungkot ang puso ko, kung gaano karaming kabataang lalaki ang hindi nakauunawa kung gaano kalaking kabutihan ang magagawa nila sa taglay nilang kapangyarihan.

Ang priesthood ay ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos na kumilos at maglingkod sa Kanyang mga anak. O, kung mauunawaan lamang nang lubusan ng bawat kabataang lalaki, ng bawat mayhawak ng Aaronic Priesthood, na taglay ng priesthood na hawak nila ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel. Kung naiintindihan lamang nila na sila ay may banal na tungkuling tulungan ang kanilang mga kaibigan na mahanap ang landas tungo sa Tagapagligtas. Kung alam lamang nila na bibigyan sila ng Ama sa Langit ng kapangyarihang mai-paliwanag ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo nang napakalinaw at taos na madarama ng iba ang hindi maikakailang katotohanan ng mga salita ni Cristo.

Mahal naming mga kabataang lalaki sa Simbahan, may itatanong ako sa inyo na inaasahan kong isasapuso ninyo habambuhay. Anong higit pang kapangyarihan ang maaari ninyong taglayin dito sa mundo bukod sa priesthood ng Diyos? Anong kapangyarihan ang maaaring higit pa kaysa sa kakayahang tulungan ang ating Ama sa Langit na baguhin ang buhay ng inyong kapwa, upang matulungan sila sa landas tungo sa walang hanggang kaligayahan sa pamamagitan



ng pagkalinis mula sa kasalanan at maling gawain?

Tulad ng iba pang kapangyarihan, ang priesthood ay kailangang gamitin upang may maisagawang kabutihan. Kayo ay tinawag upang “bumangon at magliwanag” (D at T 115:5), hindi upang itago ang inyong liwanag sa dilim. Ang matatapang lamang ang mapapabilang sa mga pinili. Sa paggamit ninyo ng kapangyarihan ng inyong banal na priesthood, ang inyong tapang at tiwala sa sarili ay madaragdagan. Mga kabataang lalaki, alam ninyo na ang pinakamainam ninyong nagagawa ay kapag naglingkod kayo sa Diyos. Alam ninyo na maligayang-maligaya kayo kapag sabik kayo sa paggawa ng mabuting bagay. Palakas ang kapangyarihan ng inyong priesthood sa pagiging malinis at karapat-dapat.

Inuulit at sinasang-ayunan ko ang panawagan ni Elder Holland mula sa pulpitong ito anim na buwan na ang nakararaan. “Naghahanap ako,” sabi

niya, “ng mga lalaking bata at matanda na may sapat na malasakit upang sumali at magtanggol sa labanang ito sa pagitan ng mabuti at masama. Tayo ay nasa digmaan.” Pagpapatuloy niya, “Hiling ko ang matatag na tinig, hindi lamang ang tinig na laban sa kasamaan . . . kundi maging ang tinig para sa kabutihan, isang tinig para sa ebanghelyo, isang tinig para sa Diyos” (“Tayo ay Kabilang,” *Liahona*, Nob. 2011, 44, 47).

Oo, mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, tayo ay nasa digmaan. At sa digmaang ito, ang pinakamabisang paraan upang magtagumpay laban sa kasamaan ay ang itaguyod ang kabutihan. Hindi ninyo maaaring pakinggan ang mahahalay na pananalita at magkunwaring wala kayong naririnig. Hindi ninyo maaaring panorin, mag-isa man o may kasama, ang malalawang panoorin at magkunwaring hindi ninyo ito nakikita. Hindi ninyo maaaring hawakan ang isang maruming bagay at magkunwaring

wala itong ibubungang masama. Hindi kayo maaaring magsawalangkibo habang hinahangad ni Satanas na wasakin ang bagay na mabuti at dalisay. Sa halip, buong tapang na ipagtanggol ang alam ninyong totoo! Kapag nakikita ninyo o naririnig ang anumang labag sa mga pamantayan ng Panginoon, alalahanin kung sino kayo—isang kawal sa hukbo ng Diyos mismo, na binigyan ng kapangyarihan ng Kanyang banal na priesthood. Walang ibang mas magaling na sandata laban sa kalaban, ang ama ng kasinungalingan, maliban sa katotohanang mamumutawi sa inyong bibig kapag ginamit ninyo ang kapangyarihan ng priesthood. Igagalang kayo ng halos lahat ng kaibigan ninyo dahil sa inyong tapang at dangal. May ibang hindi aayon. Ngunit hindi iyon mahalaga. Makakamit mo ang paggalang at tiwala ng iyong Ama sa Langit dahil ginamit mo ang Kanyang kapangyarihan upang isakatuparan ang Kanyang mga layunin.

Tinatawagan ko ang bawat panguluhan ng korum ng Aaronic Priesthood na muling itaas ang bandila ng kala-yaan at iorganisa at pamunuan ang inyong mga batalyon. Gamitin ang inyong kapangyarihan ng priesthood sa pag-anyaya sa mga nasa paligid ninyo na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapabinyag. Nasa inyo ang utos at kapangyarihan ng Ama sa Langit na gawin iyon.

Dalawang taon na ang nakalipas, habang nasa Santiago, Chile ako, labis akong humanga kay Daniel Olate, isang binatilyong madalas sumama sa mga misyonero. Hiniling ko na sumulat siya sa akin, at sa kanyang pahintulot, babasahin ko ang isang bahagi ng kanyang huling e-mail: “Kasapit lang po ng aking ika-16 na kaarawan, at noong Linggo inorden ako sa tungkulin ng priest. Sa araw ding iyon bininyagan ko ang isang kaibigan; ang pangalan niya ay Carolina. Itinuro ko sa kanya ang ebanghelyo, at regular siyang nagsisimba at natanggap ang award sa Pansariling Pag-unlad, pero hindi siya pinayagan ng kanyang mga magulang na mabinyagan hangga’t hindi nila ako nakikilala at

napagkakatiwalaan. Gusto niyang ako ang magbinyag sa kanya, kaya naghintay pa kami ng isang buwan hanggang noong Linggo, nang maging 16 na taong gulang ako. Napakasarap po ng pakiramdam na natulungan ko ang isang napakabuting tao na mabinyagan, at masaya ako dahil ako ang nagbinyag sa kanya.”

Si Daniel ay isa lamang sa maraming kabataang lalaki sa buong mundo na namumuhay nang marapat sa kapangyarihan ng Diyos na ipinagkatiwala sa kanila. Ang isa pa ay si Luis Fernando, mula sa Honduras, na napansing nasa mapanganib na landas ang kanyang kaibigan at nagpatotoo siya sa kanyang kaibigan, at nailigtas ang buhay nito (tingnan sa “A Change of Heart,” lds.org/youth/video). Si Olavo ng Brazil ay isa pang halimbawa. Isang tunay na mangangaral sa kanyang tahanan (tingnan sa D at T 84:111), naging inspirasyon si Olavo sa kanyang ina para bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan (tingnan sa “Reunited by Faith,” lds.org/youth/video). Matatagpuan ninyo ang ilan sa mga kuwentong ito at marami pang tulad nito sa youth website ng Simbahan, youth.lds.org. Siyanga pala, ang Internet, social media, at iba pang teknolohiya ay mga kasangkapang ibinigay sa inyo ng Panginoon upang tulungan kayong magamit ang inyong mga tungkulin sa priesthood at mapalawak ang impluwensya ng katotohanan at kabutihang-asal.

Mahal naming mga kabataan, kapag ginagamit ninyo ang Aaronic Priesthood sa paraang nabanggit ko, inihahanda ninyo ang inyong sarili sa mga responsibilidad sa hinaharap. Ngunit ginagawa ninyo ngayon ang higit pa roon. Tulad ni Juan Bautista, na dakilang halimbawa ng mayhawak ng Aaronic Priesthood, inihahanda rin ninyo ang daan ng Panginoon at ginagawang tuwid ang Kanyang mga landas. Kapag buong tapang ninyong ipinapangaral ang ebanghelyo ng pagsisisi at pagbibinyag, tulad ng ginawa ni Juan, inihahanda ninyo ang mga tao para sa pagdating ng Panginoon (tingnan sa Mateo 3:3; D at T



65:1–3; 84:26–28). Madalas sabihin sa inyo ang tungkol sa inyong dakilang potensyal. Ngayon na ang panahon upang gamitin ang inyong potensyal, gamitin ang inyong mga kakayahan na ibinigay sa inyo ng Diyos para pagpalain ang iba, hanguin sila mula sa pagkatago tungo sa liwanag, at ihanda ang landas ng Panginoon.

Binigyan kayo ng Simbahan ng buklet na Tungkulin sa Diyos bilang sanggunian para matulungan kayong matutuhan at magampanan ang inyong mga tungkulin. Pag-aralan ito nang madalas. Lumuhod kayo, malayo sa teknolohiya, at hangarin ang gabay ng Panginoon. At pagkatapos ay bumangon at gamitin ang kapangyarihan ng Diyos. Ipinapangako ko na tatanggap kayo ng mga sagot mula sa Ama sa Langit kung paano iaayos ang inyong buhay at paano tutulong sa iba.

Babanggitin ko ang mga sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Huwag maliitin ang malawak na

impluwensya ng inyong patotoo. . . . May kakayahan kayong mapansin ang hindi napapansin. Kapag may mga mata kayong nakakakita, tingang nakaririnig, at pusong nakadarama, masasagip ninyo ang iba pang kaedad ninyo” (“Maging Uliran ng mga Nagsisisampalataya,” *Liahona*, Mayo 2005, 115).

Pinatotohanan ko sa inyo na ang kapangyarihan ng priesthood ay tunay. Nagkaroon ako ng patotoo sa paggamit ko mismo ng priesthood. Maraming himala akong nakita na isinagawa ng mga taong maytaglay ng kapangyarihan ng Aaronic Priesthood. Nasaksihan ko ang kapangyarihan ng paglilingkod ng mga anghel habang puspos ng Espiritung binibigkas ng matatapat na mayhawak ng Aaronic Priesthood ang mga salitang puno ng pag-asa, na nagbubukas sa puso ng taong nangangailangan ng liwanag at pagmamahal. Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon, ating pinuno, at Tagapagligtas, amen. ■



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Layunin ng Paglilingkod sa Priesthood

Ang pag-unawa sa layunin ng ebanghelyo at layunin ng priesthood ay tutulong sa atin na makita ang banal na layunin ng lahat ng ito.

Itinatangi ko ang magandang pagkatakataong ito na makapulung ang mga kapatid sa priesthood at magalak na kasama ninyo sa kagandahan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Pinupuri ko ang inyong pananampalataya, mabubuting gawa, at walang-maliw na kabutihan.

Nagkakaisa tayo dahil tinanggap nating lahat ang ordinasyon sa priesthood ng Diyos mula sa mga taong pinagkatiwalaang humawak ng banal na awtoridad ng priesthood. Malaking pagpapala ito. Ito ay isang sagradong responsibilidad.

Ang Kapangyarihan ng Layunin

Kamakailan lang ay pinag-iisipan ko ang dalawang mahalagang tungkuling tinanggap ko bilang mayhawak ng priesthood sa Simbahan.

Dumating ang isa sa mga tungkuling ito noong deacon ako. Nagsimba kami ng pamilya ko sa branch ng Simbahan sa Frankfurt. Mapalad kaming magkaroon ng maraming mababait

na tao sa maliit naming branch. Isa sa kanila ang aming branch president, si Brother Landschulz. Hangang-hanga ako sa kanya, kahit mukhang lagi siyang seryoso, napakapormal, at kadalasang nakasuot ng itim na amerikana. Naaalala ko pa noong binatilyo ako na nagbibiruan kami ng mga kaibigan ko tungkol sa pagiging makaluma ng branch president namin.

Natatawa akong isipin ito ngayon dahil napakaposibleng gayon din ang tingin sa akin ng mga kabataan ng Simbahan ngayon.

Isang araw ng Linggo, itinanong ni President Landschulz kung maaari niya akong kausapin. Ang una kong naisip ay, “Ano ang nagawa kong mali?” Pumasok sa isip ko ang maraming bagay na maaaring nagawa ko na naghikayat sa branch president na ito na kausapin ang isang deacon.

Pinapasok ako ni President Landschulz sa isang munting silid-aralan—walang opisina ang chapel namin para sa branch president—at doon ay

ibinigay sa akin ang tungkuling maging deacons quorum president.

“Mahalagang katungkulan ito,” wika niya, at nag-ukol ng oras na ipaliwanag ang dahilan. Ipinaliwanag niya ang inaasahan niya at ng Panginoon sa akin at kung paano ako makatatanggap ng tulong.

Hindi ko matandaan ang karamihan sa sinabi niya, ngunit tandangtanda ko ang nadama ko. Nadama ko ang sagrado at banal na Espiritu sa aking puso habang nagsasalita siya. Nadama ko na ito ang Simbahan ng Tagapagligtas. At nadama ko na ang tungkuling ibinigay niya ay binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo. Natatandaan ko na paglabas ko sa munting silid-aralang iyon ay parang lumulutang ako sa tuwa.

Halos 60 taon na ang nakalipas mula noon, at ramdam ko pa rin ang tiwala at pagmamahal na iyon.

Habang ginugunita ko ang karanasang ito, sinikap kong alalahanin kung ilan ang deacon sa branch namin noon. Ang pagkatanda ko, dalawa sila. Gayunman, maaaring malaking eksaherasyon ito.

Ngunit hindi talaga mahalaga kung may isa o isang dosenang deacon. Karangalan ko iyon, at nais kong maglingkod hangga’t kaya ko at hindi ko bibiguin ang branch president ko o ang Panginoon.

Natanto ko ngayon na maaaring basta na lang ako tawagin ng branch president sa katungkulang iyon nang hindi ito pinag-iisipan. Maaaring basta sabihan lang niya ako sa pasilyo o sa priesthood meeting namin na ako na ang bagong deacons quorum president.

Sa halip, pinag-ukulan niya ako ng oras at tinulungan akong maunawaan hindi lamang ang *kahulugan* ng tungkulin at bagong responsibilidad ko kundi, mas mahalaga, ang *layunin* nito.

Isang bagay iyan na hinding-hindi ko malilimitan.

Ang punto ng kuwentong ito ay hindi lamang para ilarawan kung paano magbigay ng mga tungkulin sa Simbahan (bagama’t magandang aral ito tungkol sa wastong paraan ng

paggawa niyon). Isang halimbawa ito sa akin ng kapangyarihang manghi-kayat ng pamumuno sa priesthood na nagpapasigla sa espiritu ng tao at nagbibigay ng inspirasyong kumilos.

Kailangan tayong paalalahanan paglali sa mga walang-hanggang dahilan ng mga bagay na ipinagagawa sa atin. Ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ay kailangang maging bahagi ng ating buhay, kahit mangahulugan ito na paulit-ulit natin itong pag-aralan. Hindi ibig sabihin niyan ay paulit-ulit lang o nakababagot ang prosesong ito. Sa halip, kapag nagturo tayo ng mga batayang alituntunin sa ating tahanan o sa simbahan, hayaang ang masigasig na pamumuhay sa ebanghelyo at malakas na patotoo ay maghatid ng kaalaman, kasiglahan, at kaligayahan sa puso ng mga tinuturuan natin.

Mula sa pinakahuling deacon na inorden hanggang sa pinaka-senior high priest, lahat tayo ay may listahan ng mga *bagay* na maaari at dapat nating gawin sa mga responsibilidad natin sa priesthood. Ang mga *bagay* na dapat gawin ay mahalaga sa ating gawain, at kailangan natin itong asikasuhin. Ngunit dito natin natutuklasan sa *layunin* ng paglilingkod sa priesthood ang kasiglahan, pagmamahal, at kapangyarihan ng priesthood.

Ang *kahulugan* ng paglilingkod sa priesthood ay nagtuturo sa atin ng dapat nating gawin. Ang *layunin* ay nagbibigay ng inspirasyon sa ating mga kaluluwa.

Ang *kahulugan* ay nagbibigay-kaalaman, ngunit ang *layunin* ay nagpapabago.

Sagana sa “Mabubuting” Bagay na Gagawin

Isa pang tungkulin sa priesthood na naisip kong napasaakin pagkaraan ng maraming taon ay noong magkapamilya na ako. Nagbalik kami sa Frankfurt, at katataas pa lang ng katungkulan ko sa trabaho na mangangailangan ng malaking oras at atensyon ko. Sa abalang panahong ito sa buhay ko, ibinigay sa akin ni Elder Joseph B. Wirthlin ang tungkuling maglingkod bilang stake president.



Nang interbyuhin niya ako, maraming pumasok sa isipan ko, at ang nakapag-alala sa akin ay baka wala akong sapat na oras para sa tungkuling ito. Bagama’t napakumbaba ako at karangalan kong matawag sa tungkuling ito, saglit kong pinag-isipan kung tatanggapin ko ito. Ngunit saglit lang iyon dahil alam ko na si Elder Wirthlin ay tinawag ng Diyos at ginagawa niya ang gawain ng Panginoon. Ano pa ang magagawa ko kundi tanggapin ito?

May mga pagkakataon na kailangan nating sumampalataya kahit hindi natin alam ang kahihinatnan, tiwala na sasagutin at papatnubayan tayo ng Diyos. Kaya nga masaya kong tinanggap iyon, batid na tutulungan ako ng Diyos.

Sa mga unang araw ko sa tungkuling ito, nagkaroon kami ng pribilehiyo bilang isang stake na tumanggap ng training mula sa ilan sa magagaling na guro at lider sa Simbahan—mga

lalaking gaya nina Elder Russell M. Nelson at Pangulong Thomas S. Monson. Ang kanilang pagtuturo ay parang pagpapala ng langit at isang inspirasyon sa amin. Nasa akin pa ang mga itinala ko mula sa mga training na ito. *Ipinanunaw* sa amin ng mga Kapatid na ito ang kahulugan ng pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling patotoo at pagpapalakas ng mga pamilya. Tinulungan nila kaming makita kung paano ipamuhay ang katotohanan at mga alituntunin ng ebanghelyo sa partikular naming mga sitwasyon at oras. Sa madaling salita, tinulungan kami ng mga inspiradong lider na makita ang *layunin* ng ebanghelyo, at kinailangan naming maghanda at kumilos.

Hindi nagtagal at natanto namin na maraming magagawa ang stake presidency—katunayan, napakarami, kaya kung hindi kami magtatakda ng mga prayoridad, baka hindi namin

magawa ang mahahalagang bagay. Naglitawan ang mga prayoridad na umagaw ng aming pansin, na naglihis sa aming tuon sa pananaw na ibinahagi ng mga Kapatid. Maraming “mabubuting” bagay na gagawin, ngunit hindi lahat ay pinakamahalaga.

May natutuhan kaming mahalagang aral: ang katotohanan na mabuti ang isang bagay ay hindi laging sapat na dahilan para kailanganin ang ating oras at kabuhayan. Ang ating mga aktibidad, inisyatibo, at plano ay dapat maging inspirado at isalig sa *layunin* ng ating paglilingkod sa priesthood at hindi sa anumang pansamantalang kalakaran o mababaw na hangarin. Kung hindi, maapektuhan nito ang ating mga pagsisikap, babawasan ang ating sigla, at ilululong tayo sa sarili nating espirituwal o temporal na mga gawi, na hindi mahalaga sa pagkadisipulo.

Mga kapatid, alam nating lahat na kailangan ng disiplina sa sarili para manatiling nakatuon sa mga bagay na lubos na tutulong sa atin na mapagibayo ang pagmamahal natin sa Diyos at sa kapwa-tao, mapasigla ang pagsasama ng mga mag-asawa, mapalakas ang mga pamilya, at maitayo ang kaharian ng Diyos. Katulad ng punungkahoy na mayabong sa mga sanga at dahon na pinupungusan, kailangang regular nating alisin ang mga gumagambala sa ating buhay para matiyak na ginagamit natin ang ating lakas at panahon upang isakatuparan ang tunay nating layunin—ang “magbunga ng mabuti!”¹

Hindi Kayo Nag-iisa

Kaya paano natin malalaman kung ano ang pipiliin? Responsibilidad ng bawat isa sa atin na pagpasiyahan ito para sa ating sarili. Gayunman, iniuutos sa atin na masigasig na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, sundin ang mga salita ng mga propeta, at gawin itong isang panalangin na puno ng pananampalataya, taimtim, at taos-puso.

Mga kapatid, ang Diyos ay tapat. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sasabihin Niya sa ating puso’t isipan kung anong landas ang dapat nating tahakin sa bawat yugto ng ating buhay.

Kung dalisay ang ating puso—kung hindi natin hahangarin ang sarili nating kaluwalhatian kundi ang sa Diyos na Maykapal, kung hangad nating pagpalain ang buhay ng ating pamilya at kapwa-tao—hindi tayo iiwanang mag-isa. Tulad ng madalas ipaalala sa atin ni Pangulong Monson, “Kapag tayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon.”²

Ang inyong Ama sa Langit “ay magpapauna sa inyong harapan. [Siyal] ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang [Kanyang] Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang [Kanyang] mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”³

Ang Kapangyarihan ng Paggawa

Mahal kong mga kapatid, ang mga banal na pagpapala para sa paglilingkod sa priesthood ay natatamo sa masigasig nating pagsisikap, kahandaan nating magsakripisyo, at hangaring gawin ang tama. Kumilos tayo at huwag na nating hintaying pakilusin tayo ng iba. Mabuti ang mangaral, ngunit ang mga pangaral na hindi humahantong

sa pagkilos ay parang apoy na walang init o tubig na hindi makatighaw ng uhaw.

Sa pagsasabuhay ng doktrina tumitindi ang nagpapadalisay na alab ng ebanghelyo at sumisigla ang kapangyarihan ng priesthood sa ating kaluluwa.

Sinabi ni Thomas Edison, ang lalaking nag-imbento ng bombilya, na “nagkakaroon lamang ng halaga ang isang ideya kapag ginamit ito.”⁴ Sa ganito ring paraan, nagiging mas mahalaga ang doktrina ng ebanghelyo kapag isinagawa ito.

Hindi natin dapat panatiliing hindi lumalalim ang mga doktrina ng priesthood sa ating puso at hindi ipinamumuhay. Kung may mag-asawa o pamilyang kailangang sagipin—marahil kahit ang sa atin—huwag na tayong maghintay pa. Bagkus, pasalamat natin ang Diyos para sa plano ng kaligayahan na kinapapalooban ng pananampalataya, pagsisisi, pagpapatawad, at pagbabagong buhay. Ang pagsasabuhay ng doktrina ng priesthood ay magpapamarapat sa atin bilang mga asawa, ama, anak na



nakauunawa sa *layunin* ng priesthood at sa kapangyarihan nitong muling makamit at maprotektahan ang ganda at kabanalan ng mga walang-hanggang pamilya.

Ang pangkalahatang kumperensya ay laging isang magandang pagkakataon para makinig at magsagawa. Samakatwid, tayo ay “maging tagatupad . . . ng salita, at huwag tagapakinig lamang.”⁵ Mga kapatid, pag-isipan ninyo ang mga salitang binigkas ng mga lingkod ng Diyos ngayong mga araw na ito. Pagkatapos ay lumuhod kayo. Hilingin sa Diyos, na ating Ama sa Langit, na liwanagin ang inyong isipan at antigin ang inyong puso. Magsumamo sa Diyos na patnubayan kayo sa inyong pang-araw-araw na buhay, sa inyong mga responsibilidad sa Simbahan, at sa nararanasan ninyong mga hamon sa panahong ito. Sundin ang mga panghihikayat ng Espiritu—huwag ipagpaliban. Kung gagawin ninyo ang lahat ng ito, ipinapangako ko na hindi kayo iiwanang mag-isa ng Panginoon.

Patuloy na Magtiyaga

Alam natin na sa kabila ng ating mabubuting intensyon, hindi laging umaayon sa plano ang mga bagay-bagay. Nagkakamali tayo sa buhay at sa paglilingkod natin sa priesthood. Nagkakamali tayo at nagkukulang paminsan-minsan.

Nang payuhan tayo ng Panginoon na “magpatuloy sa pagtiyaga hanggang sa [tayo] ay maging ganap,”⁶ kinikilala Niya na matagal ito at kailangan ng tiyaga. Ang pag-unawa sa *layunin* ng ebanghelyo at *layunin* ng priesthood ay tutulong sa atin na makita ang banal na layunin ng lahat ng ito. Hihikayatin tayo nito at bibigyan ng lakas na gawin ang mga tamang bagay, kahit mahirap pa ang mga ito. Bibiyayaan tayo ng kaliwanagan, karunungan, at direksyon sa pananatiling nakatuon sa mga pangunahing alituntunin ng pamumuhay sa ebanghelyo.

“Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain?”⁷ Oo, mga kapatid, magpapatuloy tayo!

Sa patnubay ng Banal na Espiritu,



matututo tayo sa ating mga pagkakamali. Kung tayo ay madapa, babangon tayo. Kung tayo ay mag-aalangan, magpapatuloy tayo. Hinding-hindi tayo mag-aatubili; hiding-hindi tayo susuko.

Bilang isang malakas na kapatiran ng walang-hanggang priesthood ng Diyos, tayo ay magsasama-sama, magtutulungan, na nakatuon sa mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at may pasasalamat na naglilingkod sa ating Diyos at kapwa-tao nang may katapatan at pagmamahal.

Buhay ang Diyos!

Mahal kong mga kapatid, pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito na ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay buhay. Sila ay totoo! Nariyan Sila!

Hindi kayo nag-iisa. Mahal kayo ng Inyong Ama sa Langit at hangad Niyang pagpalain at suportahan kayo sa kabutihan.

Mapanatag na ang Diyos ay nangungusap sa sangkatauhan sa ating panahon. Mangungusap Siya sa inyo!

Nakita ni Propetang Joseph Smith ang sinabi niyang nakita niya. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal

sa mga Huling Araw ay ipinanumbalik sa mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos na Maykapal.

Dalangin ko na bilang mga mayhawak ng Kanyang priesthood, lagi tayong manatiling nakaayon sa *layunin* ng paglilingkod sa priesthood at gamitin natin ang mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo upang baguhin ang buhay natin at ng mga pinaglilingkuran natin.

Kapag ginawa natin ito, pababalin, lilinisin, at dadalisayin ng walang-hanggang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang ating espiritu at pagkatao hanggang sa maging kalalakihan tayo na dapat nating kahinatnan. Ito ang aking patotoo sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 7:18.
2. Thomas S. Monson, “Para Matuto, Para Gawin, Para Maging,” *Liahona*, Nob. 2008, 62.
3. Doktrina at mga Tipan 84:88.
4. Thomas Edison, sa Elbert Hubbard, *Little Journeys to the Homes of Good Men and Great*, Book 2 (1910), 155.
5. Santiago 1:22.
6. Doktrina at mga Tipan 67:13.
7. Doktrina at mga Tipan 128:22.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Pamilyang Nakipagtipan

Walang dumating o darating sa inyong pamilya na kasinghalaga ng mga pagpapala ng pagbubuklod.

Pinasasalamatan kong makasama kayo sa pulong na ito kung saan imbitado ang lahat ng mayhawak ng priesthood ng Diyos sa lupa. Mapalad tayong mapamunuan ni Pangulong Thomas S. Monson. Bilang Pangulo ng Simbahan, siya ang tanging lalaking nabubuhay na may responsibilidad sa mga susing nagbubuklod sa mga pamilya at sa lahat ng kinakailangang ordenansang iyon ng priesthood para makamit ang buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.

May isang amang nakikinig ngayong gabi na naging aktibong muli dahil buong puso niyang hinahangad ang katiyakan ng kaloob na iyon. Mahal nilang mag-asawa ang dalawang musmos nilang anak, isang lalaki at isang babae. Gaya ng ibang mga magulang nakikinita niya ang kaligayahan sa langit kapag binabasa niya ang mga salitang ito: “At yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa.”¹

Alam ng amang kasama nating nakikinig ngayong gabi ang landas

patungo sa kaluwalhatian iyon. Hindi ito madali. Alam na niya iyon. Kinailangan niyang manampalataya kay Jesucristo, lubos na magsisi, at bahuin ang kanyang puso sa tulong ng isang mabait na bishop na nagpadama sa kanya ng mapagmahal na pagpapatawad ng Panginoon.

Nagpatuloy ang magagandang pagbabago nang magtungo siya sa banal na templo para sa endowment na inilarawan ng Panginoon sa mga taong binigyan Niya ng kapangyarihan sa unang templo sa dispensasyong ito. Iyon ay sa Kirtland, Ohio. Ganito ang sinabi ng Panginoon:

“Dahil dito, sa kadahilanang ito ako ay nagbigay sa iyo ng kautusan na ikaw ay nararapat na magtungo sa Ohio; at doon bibigyan kita ng aking batas; at doon ikaw ay [pagkakalooban] ng kapangyarihan mula sa kaitaasan;

“At mula roon, . . . sapagkat ako ay may mahalagang gawaing nakalaan, sapagkat ang Israel ay maliligtas, at akin silang aakayin saan ko man naisin, at walang kapangyarihan ang makapipigil sa aking kamay.”²

Sa kaibigan kong napaaktibo kamakailan at sa lahat ng priesthood,

isang dakilang gawaing haharapin ang manguna sa pagliligtas sa bahagi ng Israel na pananagutan natin, ang ating pamilya. Alam ng kaibigan ko at ng kanyang asawa na kailangan silang mabuklod sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood sa banal na templo ng Diyos.

Hiniling niyang ako ang magbuklod sa kanila. Gusto nilang mag-asawa na magawa ito sa lalong madaling panahon. Dahil abala tayo sa pagdating ng pangkalahatang kumperensya, pinakausap ko ang mag-asawa at kanilang bishop sa secretary ko para makahanap ng magandang petsa.

Nagulat ako at natuwa nang sabihin ng ama sa akin sa simbahan na nakatakda ang pagbubuklod sa Abril 3. Iyon ang araw noong 1836 nang isugo si Elijah, ang propetang nagbagongkalagayan, sa Kirtland Temple para ibigay ang kapangyarihang magbuklod kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Ang mga susing iyon ay nasa Simbahan ngayon at mananatili hanggang sa dulo ng panahon.³

Ito rin ang banal na awtoridad na ibinigay ng Panginoon kay Pedro nang ipangako Niya: “Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.”⁴

Ang pagbalik ni Elijah ay nagpala sa lahat ng mayhawak ng priesthood. Niliwanag ito ni Elder Harold B. Lee nang magsalita siya sa pangkalahatang kumperensya, habang binabanggit ang sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith. Pakinggan ninyong mabuti: “Hawak ko ang priesthood; hawak ninyong mga kapatid na narito ang priesthood; natanggap natin ang Melchizedek Priesthood—na hawak ni Elijah at ng iba pang mga propeta at nina Pedro, Santiago at Juan. Ngunit kahit may awtoridad tayong magbin-yag, magpatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo at magorden ng iba at gawin ang lahat ng bagay na ito, kung wala ang kapangyarihang magbuklod wala tayong magagawa, dahil walang bisa ang ating ginawa.”

Sinabi pa ni Pangulong Smith:

“Ang mas matataas na ordenansa, ang mas dakilang mga pagpapalang mahalaga sa kadakilaan sa kaharian ng Diyos, at na matatamo lamang sa partikular na mga lugar, walang taong may karapatang magsagawa nito maliban kung matanggap niya ang awtoridad na gawin ito mula sa taong mayhawak ng mga susi. . . .

“ . . . Walang sinuman sa balat ng lupang ito na may karapatang humayo at mangasiwa sa anumang ordenansa ng ebanghelyong ito maliban kung pahintulutan ito ng Pangulo ng Simbahan, na mayhawak ng mga susi. Binigyan niya tayo ng awtoridad, inilagay niya sa ating priesthood ang kapangyarihang magbuklod dahil hawak niya ang mga susing iyon.”⁵

Binanggit din ni Pangulong Boyd K. Packer ang katiyakang iyon nang sumulat siya tungkol sa kapangyarihang magbuklod. Napanatag ako sa kaalamang totoo ang mga salitang ito, at gayon din ang pamilyang ibubuklod ko sa Abril 3: “Si Pedro ang hahawak ng mga susi. Si Pedro ang hahawak ng kapangyarihang magbuklod, . . . magbigkis o magbuklod sa lupa o magkalag sa lupa at magiging gayundin sa kalangitan. Ang mga susing iyon ay [nasa] Pangulo ng Simbahan—sa propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang sagradong kapangyarihang magbuklod ay nasa Simbahan ngayon. Wala nang ibang higit na pinagtutuhan ng sagradong paghinay ang mga taong nakaalam sa kahalagahan ng karapatang ito. Walang ibang higit na pinanghahawakan. Iilan lamang ang kalalakihan na itinalagang humawak nitong kapangyarihang magbuklod sa lupa sa alinmang panahon—sa bawat templo ay may mga kapatid na pinagkalooban ng kapangyarihang magbuklod. Walang ibang makahahawak nito maliban na magmula ito sa propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.”⁶

Sa pagdating ni Elijah, hindi lamang ibinigay ang kapangyarihan sa priesthood, kundi ibinaling din ang mga puso: “Ang diwa, kapangyarihan, at tungkulin ni Elijah ay, upang magkaroon kayo ng kapangyarihang



hawakan ang susi sa mga paghahayag, ordenansa, orakulo, kapangyarihan at mga pagkaloob ng kabuuan ng Melchizedek Priesthood at sa kaharian ng Diyos sa lupa; at upang tanggapin, kamtin, at isagawa ang lahat ng ordenansa na nakapaloob sa kaharian ng Diyos, maging sa pagbaling ng mga puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga puso ng mga anak sa mga ama, pati na ang mga nasa langit.”⁷

Ang pagbaling ng puso ay dumating na sa aking kaibigan at sa kanyang pamilya. Maaaring dumating ito sa inyo na nasa pulong na ito. Maaaring nakikinita ninyo sa inyong isipan, katulad ko, ang mukha ng inyong ama o ina. Maaaring mukha ng kapatid ninyong babae o lalaki. O ng anak ninyong babae o lalaki.

Maaaring sila ay nasa daigdig na ng mga espiritu o sa isang lugar na malayo sa inyo. Ngunit ang kagalakan ay nagmumula sa damdamin na tiyak ang ugnayan ninyo sa kanila dahil kayo ay ibinuklod o maibubuklod sa kanila sa pamamagitan ng mga ordenansa ng

priesthood na kikilalanin ng Diyos.

Ang mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood na mga ama sa ibinuklod na mga pamilya ay naturuan ng kanilang gagawin. Walang dumating o darating sa inyong pamilya na kasinghalaga ng mga pagpapala ng pagbubuklod. Wala nang mas mahalaga kaysa paggalang sa mga tipan sa kasal at pamilya na ginawa o gagawin ninyo sa mga templo ng Diyos.

Malinaw kung paano iyan gagawin. Dapat ibuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako, sa pamamagitan ng ating pagsunod at pagsasakripisyo, ang ating mga tipan sa templo para makamantan ito sa mundong darating. Ipinaliwanag ni Pangulong Harold B. Lee ang kahulugan ng mabuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako sa pamamagitan ng pagbanggit sa sinabi ni Elder Melvin J. Ballard: “Malililing natin ang mga tao ngunit hindi ang Espiritu Santo, at ang ating mga pagpapala ay hindi magiging pangwalang-hanggan maliban kung ibuklod ng Banal na Espiritu ng pangako.



mga susi ng priesthood at hawak ito ng Pangulo ng Simbahan. Ipagdasal iyan araw-araw. Darating ang sagot na may ibayong determinasyong akayin ang inyong pamilya, nang may pag-asa, at may mas malaking kaligayahan sa inyong paglilingkod. Mas liligaya kayo at gaganda ang inyong pananaw, isang malaking pagpapala sa inyong asawa at pamilya.

Ang pangalawang dapat gawin ay mahalín ang inyong asawa. Kailangan ng pananampalataya at pagpapakumbaba na unahin ang interes niya kaysa ang sa inyo sa mga pakikibaka sa buhay. Responsibilidad ninyong paglaanan at pangalagaan ang pamilya kasama siya habang naglilingkod kayo sa iba. Maaaring ubusin niyan ang lahat ng sigla at lakas ninyo kung minsan. Maaaring maragdagan ang mga pangangailangan ng inyong asawa dahil sa edad at karamdaman. Kung pinili ninyo noon pa na unahin ang kanyang kaligayahan kaysa sarili ninyo, ipinapangako ko na mag-iibayo ang pag-ibig ninyo sa kanya.

Pangatlo, hilingin sa buong pamilya na magmahalan. Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson:

“Patungkol sa kawalang-hanggan, ang kaligtasan ay responsibilidad ng buong pamilya. . . .

“Higit sa lahat, kailangang malaman at madama ng mga anak na sila ay minamahal, kailangan, at pinahahalagahan. Kailangang tiyakin iyan sa kanila nang madalas. Malinaw na ito ay isang tungkuling dapat gampanan ng mga magulang, at kadalasang ang ina ang pinakamahasay na makagagawa nito.”¹⁰

Ngunit ang isa pang mahalagang bagay para madamang minamahal tayo ay ang pagmamahal ng iba pang mga anak sa pamilya. Ang walang-maliw na malasakit ng magkakapatid sa isa’t isa ay madarama lamang sa patuloy na pagsisikap ng mga magulang at sa tulong ng Diyos. Alam ninyong totoong nangyayari ito sa sarili ninyong pamilya. At tumitibay ito tuwing mababasa ninyo ang mga pag-aaway sa pamilya na naranasan ng matwid na si Lehi at ng kanyang asawang si Saria, na nakatala sa Aklat ni Mormon.

Nababasa ng Espiritu Santo ang puso’t isipan ng mga tao, at sumasang-ayon sa pagbubuklod sa mga pagpapalang ipinahayag sa kanilang uluhan. Sa gayon ito ay iiral, may bisa, at lubos na makakamtan.”⁸

Nang ibuklod kami ni Sister Eyring sa Logan Temple, hindi ko pa naunawaan noon ang lubos na kahalagahan ng pangakong iyon. Sinisikap ko pa ring unawain ang buong kahulugan niyon, ngunit ipinasiya naming mag-asawa sa simula pa lang ng halos 50 taon ng aming pagsasama na anyayahan ang Espiritu Santo sa aming buhay at sa aming pamilya hangga’t maaari.

Bilang bata pang ama, na ibinuklod sa templo at ibinaling ang aking puso sa aking asawa at sa mga anak kong bata pa, nakita ko si Pangulong Joseph Fielding Smith sa unang pagkakataon. Sa council room ng Unang Pangu-luhan, kung saan ako inanyayahan, dumating ang matibay na patotoo sa akin nang tanungin ako ni Pangulong Harold B. Lee, habang nakaturo kay Pangulong Smith, na nakaupo sa tabi niya, “Naniniwala ka ba na propeta ng Diyos ang lalaking ito?”

Kapapasok lang ni Pangulong

Smith sa silid at hindi pa nagsasalita. Lubos akong nagpapasalamat na nakasagot ako dahil sa ipinahiwatig sa aking puso, “Alam ko pong propeta siya,” at natitiyak ko tulad ng pagkaalam ko na sumisikat ang araw na hawak niya ang kapangyarihan ng priesthood na magbuklod para sa buong daigdig.

Ang karanasang iyan ay nagbigay ng matinding epekto sa mga sinabi niya sa aming mag-asawa nang ipayo ni Pangulong Joseph Fielding Smith, sa isang sesyon ng kumperensya noong Abril 6, 1972, na: “Kalooban ng Panginoon na palakasin at pangalagaan ang pamilya. Isinasamo namin sa mga ama na lumagay sa tama nilang kinalalagyan bilang namumuno sa tahanan. Hinihiling namin sa mga ina na tulungan at suportahan ang kanilang asawa at maging halimbawa sa kanilang mga anak.”⁹

Magmumungkahi ako ng apat na bagay na magagawa ninyo bilang amang mayhawak ng priesthood para muli ninyong mapasigla at maakay ang inyong pamilya pabalik sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas.

Una, magtamo at magkaroon ng matibay na patotoo na nasa atin ang

Ang kanilang mga tagumpay ay gumagabay sa atin. Itinuro nila ang ebanghelyo ni Jesucristo nang napakahusay at napakatiyaga kaya ang mga anak at maging ang ilang inapo ay lumambot ang puso sa Diyos at sa isa't isa sa sumunod na mga henerasyon. Halimbawa, sinulatan at tinulungan ni Nephi at ng iba pa ang mga kapamilyang naging kaaway nila. Kung minsan ay pinalalambot ng Espiritu ang puso ng libu-libo at pinapalitan ng pagmamahal ang poot.

Ang isang paraan para magtagumpay kayong tulad ni Amang Lehi ay sa paraan ng pamumuno ninyo sa panalangin ng pamilya at sa oras ng pamilya, tulad ng mga family home evening. Bigyan ng pagkakataong manalangin ang mga bata, kapag kaya nilang manalangin, para sa isa't isa na nasa grupo na kailangang mabiya-yaan. Alamin kaagad ang pinagsimulan ng mga pag-aaway at kilalanin ang di-makasariling mga paglilingkod, lalo na sa isa't isa. Kapag ipinagdasal at pinaglingkuran nila ang isa't isa, ang mga puso ay lalambot at babaling sa isa't isa at sa kanilang mga magulang.

Ang pang-apat na pagkakataon upang maakay ang inyong pamilya sa landas ng Panginoon ay dumarating kapag kailangang magdisiplina. Matutugunan natin ang ating obligasyong magwasto sa paraan ng Panginoon at pagkatapos ay akayin ang ating

mga anak tungo sa buhay na walang hanggan.

Maaalala ninyo ang mga salita, ngunit maaaring hindi pa ninyo nakita ang kapangyarihan nito para sa isang mayhawak ng Melchizedek Priesthood na inihahanda ang kanyang pamilya na makasalamuhang muli sa kahariang selestiyal ang mga taong nakasama nila rito: Maaalala ninyo ang mga salita. Pamilyar ang mga ito:

“Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

“Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya—

“Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway;

“Upang kanyang malaman na ang iyong katapatan ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan.”¹¹

At kalaunan ay nagiging napakahalaga ng pangako para sa atin

bilang mga ama sa Sion: “Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan.”¹²

Mataas na pamantayan iyan para sa atin, ngunit kapag nagpakahinhon tayo at nagpakumbaba nang may pananampalataya, sumasang-ayon ang Espiritu Santo, at nagiging tiyak ang mga sagradong pangako at tipan.

Magtatagumpay kayo sa pamamagitan ng inyong pananampalataya na ibinalik ng Panginoon ang mga susi ng priesthood na nasa atin pa rin—nang may matibay na bigkis ng pagmamahalan ninyong mag-asawa, nang may tulong ng Panginoon na ibaling ang puso ng inyong mga anak sa isa't isa at sa kanilang mga magulang, at pagmamahal na gumagabay sa inyo na magwasto at magpayo sa paraang nag-aanyaya sa Espiritu.

Alam kong si Jesus ang Cristo at ating Tagapagligtas. Pinatotohanan ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang mayhawak at gumagamit ng lahat ng susi ng priesthood sa lupa ngayon. Mahal ko siya at sinusupportahan. Mahal ko kayo at ipinagdarasal. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Tirana, Albania



MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 130:2.
2. Doktrina at mga Tipan 38:32–33.
3. Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Sealing Power and Salvation*, Brigham Young University Speeches of the Year (Ene. 12, 1971), speeches.byu.edu.
4. Mateo 16:19.
5. Joseph Fielding Smith, binanggit ni Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1944, 75.
6. Boyd K. Packer, “Ang Banal na Templo,” *Liahona*, Okt. 2010, 34.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith*, (2007), 364.
8. Melvin J. Ballard, sinipi ni Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1970, 111.
9. Joseph Fielding Smith, “Counsel to the Saints and to the World,” *Ensign*, Hulyo 1972, 27.
10. Ezra Taft Benson, “Salvation—a Family Affair,” *Tambuli*, Nob. 1992, 3, 4.
11. Doktrina at mga Tipan 121:41–44.
12. Doktrina at mga Tipan 121:46.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Handa at Karapat-dapat na Maglingkod

Ang mga himala ay matatagpuan saan man kapag ang priesthood ay naunawaan, kapag iginalang at ginamit nang tama ang kapangyarihan nito, at nanampalataya.

Mahal kong mga kapatid, napakasayang makasama kayong muli. Sa tuwing dadalo ako ng pangkalahatang pulong ng priesthood, iniisip ko ang mga turo ng ilan sa mararangal na pinuno ng Diyos na nagsalita sa mga pangkalahatang pulong ng priesthood ng Simbahan. Marami ang nagsipanaw na, subalit sa kanilang matalinong pag-iisip, sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa, at sa kanilang mabubuting puso, binigyan nila tayo ng mga natatanging tagubilin. Ibabahagi ko sa inyo ngayong gabi ang ilan sa kanilang itinuro tungkol sa priesthood.

Mula kay Propetang Joseph Smith: “Ang priesthood ay walang hanggang alituntunin, at umiral kasabay ng Diyos mula sa kawalang-hanggan, at hanggang sa kawalang-hanggan, walang simula o katapusan ng mga panahon.”¹

Mula sa mga salita ni Pangulong Wilford Woodruff, nalaman natin: “Ang Banal na Priesthood ang paraan

na gamit ng Diyos sa pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa mga tao sa mundo; at ang mga sugo ng langit na dumalaw sa mundo upang makipag-usap sa tao ay mga lalaking nagtaglay at gumalang sa priesthood noong nabubuhay pa sila sa mundo; at lahat ng bagay na ginawa ng Diyos para sa kaligtasan ng tao, simula pa sa pagdating ng tao sa mundo hanggang sa pagtubos sa mundo, ay sa bisa at magiging sa bisa ng walang hanggang priesthood.”²

Ipinaliwanag pa ito ni Pangulong Joseph F. Smith: “Ang priesthood ay . . . ang kapangyarihan ng Diyos na itinalaga sa tao upang ang tao ay makakilos sa mundo para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao, sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at kumilos nang may karapatan; hindi inaangkin ang awtoridad, ni hinihiram mula sa mga namayapa at nakalipas nang mga henerasyon, kundi awtoridad na ibinibigay, sa ating panahon, ng mga anghel na isinugo at mga

espiritung mula sa langit, *mula mismo sa presensya ng Makapangyarihang Diyos.*”³

At ang panghuli ay mula kay Pangulong John Taylor: “Ano ang priesthood? . . . Ito ang pamahalaan ng Diyos, maging sa lupa o sa langit man, dahil sa pamamagitan ng kapangyarihan, karapatan, o alituntuning ito ay pinamamahalaan ang lahat ng bagay sa lupa at sa langit, at sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ay pinagtiti-bay at sinasang-ayunan ang lahat ng bagay. Pinamamahalaan nito ang lahat ng bagay—pinangangasiwaan nito ang lahat ng bagay—sinasang-ayunan nito ang lahat ng bagay—at ito ay may kinalaman sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa Diyos at sa katotohanan.”⁴

Napakapalad natin na maparito sa mga huling araw na ito, sa panahong narito sa mundo ang priesthood ng Diyos. Malaking pribilehiyo para sa atin ang taglayin ang priesthood na iyan. Ang priesthood ay higit pa sa isang kaloob, ito ay isang tungkuling maglingkod, pribilehiyong magbigay ng inspirasyon, at pagkakataong pagpalain ang buhay ng iba.

Kaakibat ng mga oportunidad na ito ang mga responsibilidad at tungkulin. Gusto ko at pinahahalagahan ang salitang *tungkulin* at lahat ng ipinahihiwatig nito.

Sa aking iba’t ibang tungkulin, sa iba’t ibang pagkakataon, dumadalo ako ng mga pulong ng priesthood sa nakalipas na 72 taon—mula nang maorden akong deacon sa edad na 12. Lumilipas ang panahon. Sumasabay rito ang mga tungkuling dapat nating gawin. Hindi nangangaunti o nababawasan ang ating tungkulin. Dumaring at nawawala ang malalaking labanan, ngunit ang digmaan para sa kaluluwa ng tao ay nagpapatuloy nang walang humpay. Tulad ng tunog ng trumpeta dumarating ang salita ng Panginoon sa inyo, sa akin, at sa mayhawak ng priesthood sa lahat ng dako: “Dahil dito, ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang *tungkulin*, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig.”⁵

Ang tawag ng tungkulin ay ibinigay



kina Adan, Noe, Abraham, Moises, Samuel, at David. Ibinigay ito kay Propetang Joseph Smith at sa lahat ng humalili sa kanya. Ang tawag ng tungkulin ay ibinigay sa binatilyong si Nephi nang atasan siya ng Panginoon, sa pamamagitan ng kanyang amang si Lehi, na bumalik sa Jerusalem kasama ang kanyang mga kapatid para kunin ang mga laminang tanso kay Laban. Umangal ang mga kapatid ni

Nephi, at sinabing mahirap na bagay ang ipinagagawa sa kanila. Ano ang sagot ni Nephi? Sabi niya, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila.”⁶

Kapag ibinigay sa atin ang gayunding tungkulin, ano ang isasagot natin? Tayo ba ay aangal, na tulad nina Laman at Lemuel, at sasabihing, “Mahirap na bagay itong hinihingi sa amin?”⁷ O tayo ba, tulad ni Nephi, ay magsasabing “Hahayo ako. Gagawin ko”? Handa ba tayong maglingkod at sumunod?

Kung minsan ang karunungan ng Diyos ay itinuturing na kahangalan o napakahirap sundin, ngunit ang isa sa mga pinakamaganda at pinakama-halagang aral na matututuhan natin sa mortalidad ay na kapag nagsalita ang Diyos at sumunod ang tao, laging magiging tama ang taong iyon.

Kapag iniisip ko ang salitang *tungkulin* at kung paano mapabubuti ng tungkulin ang buhay natin at ang buhay ng iba, naaalala ko ang isinulat ng isang bantog na makata at awtor:

*Natulog ako at napanaginipan
Na ang buhay ay kagalakan
Nagising ako at nakita
Na ang buhay ay tungkulin
Tumalima ako at nakita
Ang tungkulin ay kagalakan.*⁸

Ganito ang pagkasabi rito ni Robert Louis Stevenson. Sabi niya, “Alam ko kung ano ang kasiyahan, dahil maganda ang ginawa ko.”⁹

Kapag ginampanan natin ang ating mga tungkulin at ginamit ang ating priesthood, nakadarama tayo ng tunay na kagalakan. Masisiyahan tayo dahil natapos natin ang ating gawain.

Itinuro sa atin ang mga partikular na tungkulin ng priesthood na hawak natin, ito man ay Aaronic o Melchizedek Priesthood. Hinihimok ko kayong pagnilayan ang mga tungkuling iyon at gawin ang lahat ng inyong makakaya para magampanan ang mga ito. Upang magawa iyan, bawat isa ay kailangang karapat-dapat. Magkaroon tayo ng mga kamay na laging handa, karapat-dapat, at nagkukusa upang makibahagi tayo sa pagbibigay ng anumang nais ng Ama sa Langit na matanggap ng iba mula sa Kanya. Kung hindi tayo karapat-dapat, mawawala sa atin ang kapangyarihan ng priesthood; at kung wala ito sa atin, nawala sa atin yaong kinakailangan

para sa ating kadakilaan. Maging karapat-dapat tayo na maglingkod.

Si Pangulong Harold B. Lee, isa sa mahuhusay na guro ng Simbahan ay nagsabi: “Kapag ang isang tao ay nagkaroon ng priesthood, siya ay nagiging kinatawan ng Panginoon. Dapat niyang ituring ang kanyang tungkulin na parang siya ay nasa paglilingkod sa Panginoon.”¹⁰

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa mga unang buwan ng 1944, isang karanasan tungkol sa priesthood ang nangyari habang nilulusob ng mga marino ng Estados Unidos ang Kwajalein Atoll, bahagi ng Marshall Islands at nasa bandang Pacific Ocean sa pagitan ng Australia at Hawaii. Ang pangyayaring ito ay iniulat ng isang reporter—na hindi miyembro ng Simbahan—na nagtatrabaho sa isang pahayagan sa Hawaii. Sa kanyang artikulo sa isyu ng pahayagan noong 1944, isinulat niya na siya at ang iba pang reporter ay nasa pangalawang grupong sumunod sa mga marino sa Kwajalein Atoll. Habang papalapit sila, napansin nila ang isang batang marino na nakadapang lumulutang sa tubig, na malubhang nasugatan. Ang mababaw na tubig sa palibot niya ay pulang-pula dahil sa kanyang dugo. Pagkatapos ay napansin nila ang isa pang marino na papunta sa kasamahang sugatan. May sugat din ang pangalawang marino, nakalaylay ang kaliwang kamay sa kanyang tagiliran. Iniangat niya ang ulo ng kasama na palutang-lutang para hindi ito tuluyang malunod. Balisa siyang humingi ng tulong. Tiningnang muli ng mga reporter ang lalaking kanyang inaalalayan at sinabi, “Iho, wala na tayong magagawa sa binatang ito.”

“Pagkatapos,” ayon sa isinulat ng reporter, “May nasaksihan ako na noon ko lang nasaksihan.” Ang lalaking ito, na malubha ring nasugatan, ay nakabalik sa baybayin akay-akay ang tila wala nang buhay na kasamahan. “Ipinatong niya sa kanyang tuhod ang ulo ng kasamahan. . . . Kamangha-mangha ang tagpong ito—dalawang kabataang malubhang nasugatan—parehong . . . marangal at

kalugud-lugod pagmasdan sa kabila ng kalunus-lunos na kalagayan. At nagyuko ng ulo ang isa at sinabing, ‘Iniuutos ko sa iyo, sa pangalan ni Jesucristo at sa kapangyarihan ng priesthood, na manatili kang buhay hanggang sa makakuha ako ng tulong.’” Ganito tinapos ng reporter ang kanyang artikulo: “Kaming tatlo, [ang dalawang marino at ako] ay narito ngayon sa ospital. Hindi alam ng mga doktor [kung paano sila nakarating nang buhay], pero alam ko.”¹¹

Ang mga himala ay matatagpuan saan man kapag ang priesthood ay naunawaan, kapag iginalang at ginamit nang tama ang kapangyarihan nito, at nanampalataya. Kapag pinalitan ng pananampalataya ang pag-aalinlangan,

kapag pinawi ng taos-pusong paglilingkod ang pansariling hangarin, naisasakatuparan ng kapangyarihan ng Diyos ang Kanyang mga layunin.

Ang tawag ng tungkulin ay tahimik na dumarating kapag tayo na mayhawak ng priesthood ay ginagawa ang gawaing natatanggap natin. Si Pangulong George Albert Smith, ang simple ngunit napakahusay na lider, ay nagsabi, “Tungkulin ninyo una sa lahat na alamin ang nais ng Panginoon at pagkatapos sa kapangyarihan at lakas ng Kanyang banal na Priesthood ay gampanan ang inyong tungkulin sa harap ng inyong kapwa . . . na magagalak ang mga tao na tularan kayo.”¹²

Ang gayong tawag ng tungkulin—na hindi man gaanong kamangha-



mangha ay nakasagip din ng kaluluwa —ay nangyari sa akin noong 1950 noong bagong bishop pa lang ako. Ang mga responsibilidad ko bilang bishop ay marami at iba-iba, at sinikap kong gawin ang lahat ng ipinagawa sa akin sa abot ng aking makakaya. Ibang digmaan ang kinasangkutan noon ng Estados Unidos. Dahil maraming miyembro natin ang naglilingkod sa militar, iniutos ng Church headquarters sa lahat ng bishop na bigyan ang bawat sundalo ng suskrisyon ng *Church News* at ng *Improvement Era*, ang magasin ng Simbahan noon. Bukod pa riyang inatasan ang bawat bishop na sulatan nang personal buwan-buwan ang bawat sundalong nagmula sa kanyang ward. May 23 sundalo ang ward namin. Pinagsikapan ng mga priesthood quorum na bayaran ang mga suskrisyong ito sa publikasyon. Ginawa ko ang iniatas, maging ang tungkulin, na magsulat ng 23 liham bawat buwan. Hanggang ngayon may mga kopya pa ako ng marami sa mga liham ko at mga sagot na natanggap ko. Madali akong mapaluha kapag binabasa kong muli ang mga liham na ito. Napakasaya na malamang muli ang pangako ng isang sundalo na ipamuhay ang ebanghelyo, ang pagpapasiya ng isang sundalo na manalig kasama ng kanyang pamilya.

Isang gabi iniabot ko sa isang sister sa ward ang 23 liham para sa buwang iyon. Tungkulin niya na ipadala ang mga liham at ilita ang mga pabagubagong address. Tiningnan niya ang isang sobre at, nakangiting itinanong, “Bishop, hindi ba kayo nagsasawa kahit minsan? May liham na naman kayo rito para kay Brother Bryson. Pang-17 liham na ninyo ito sa kanya na hindi niya sinasagot.”

Sabi ko, “Malay natin, baka sumagot na siya ngayong buwan.” Sumagot nga siya nang buwang *iyon*. Sa unang pagkakataon, sinagot niya ang liham ko. Naging isang magandang alaala ang sagot niya. Nadestino siya noon sa napakalayong lugar, napahiwalay, nangungulila, nag-iisa. Isinulat niya, “Mahal kong Bishop, hindi ako mahilig magsulat.” (Puwede kong sabihin sana

sa kanya *iyon* noong mga nakaraang buwan.) Sabi pa sa liham niya, “Salamat sa mga *Church News* at magasin, pero higit sa lahat salamat sa mga ipinadala mong personal na liham para sa akin. May mahahalagang nabago na sa buhay ko. Naorden na akong priest sa Aaronic Priesthood. Nag-uumpaw sa tuwa ang puso ko. Masaya ako.”

Mas masaya ang bishop ni Brother Bryson kaysa sa kanya. Natutuhan ko kung paano ipamuhay ang kasabihang “Gawin ang [inyong] tungkulin; iyan ang pinakamainam; [ang] Panginoon na ang bahala sa iba pa.”¹³

Makalipas ang ilang taon, habang nasa Salt Lake Cottonwood Stake ako noong panahong si James E. Faust pa ang pangulo nito, ikinuwento ko ang pangyayaring iyon para mas mabigyang-pansin ang ating mga sundalo. Pagkatapos ng miting, isang matikas na lalaki ang lumapit sa akin. Hinawakan niya ang kamay ko at itinanong, “Bishop Monson, natatandan pa po ba ninyo ako?”

Bigla kong naisip kung sino siya. “Brother Bryson!” Ang malakas na sabi ko. “Kumusta ka na? Ano na ang tungkulin mo sa Simbahan?”

Masaya at may pagmamalaking sumagot siya, “Mabuti naman po. Nasa panguluhan po ako ng elders quorum namin. Salamat pong muli sa pagmamalalakit ninyo sa akin at sa mga ipinadala ninyong personal na liham na pinakaingatan ko.”

Mga kapatid, kailangan ng daigdig ang ating tulong. Ginagawa ba natin ang lahat ng nararapat? Naaalala ba natin ang mga salita ni Pangulong John Taylor: “Kung hindi ninyo gampanan ang inyong mga tungkulin, papananagutin kayo ng Diyos sa mga maaari sana ninyong nailigtas kung ginawa ninyo ang inyong tungkulin.”¹⁴ May mga paa na dapat mapatatag, kamay na dapat abutin, isipan na dapat mahikayat, puso na dapat mapasigla, at mga kaluluwa na dapat mailigtas. Ang pagpapala ng kawalang-hanggan ay naghihintay sa inyo. Pribilehiyo ninyo na hindi maging tagapanood kundi maging kabahagi sa entablado ng paglilingkod sa priesthood. Pakinggan natin

ang nakapupukaw na paalalang makikita sa Sulat ni Santiago: “Maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili.”¹⁵

Nawa’y matutuhan at pag-isipan natin ang ating tungkulin. Maging handa at karapat-dapat tayong maglingkod. Nawa ay masundan natin ang halimbawa ng Panginoon sa pagganap sa ating tungkulin. Kapag sinundan natin ang landas na tinahak ni Jesus, matutuklasan natin na Siya ay hindi lamang sanggol sa Betlehem, hindi lamang anak ng anluwagi, at hindi lamang pinakadakilang guro na nabuhay sa mundo. Makikilala natin Siya bilang Anak ng Diyos, ating Tagapagligtas at ating Manunubos. Nang ibigay sa Kanya ang tawag ng tungkulin, sumagot Siya, “Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan.”¹⁶ Nawa ay ganito rin ang ating gawin, ang dalangin ko sa Kanyang banal na pangalan, ang pangalan ni Jesucristo, ang Panginoon, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 121.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 42.
3. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 139–40; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2001), 143.
5. Doktrina at mga Tipan 107:99; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. 1 Nephi 3:7; tingnan din sa mga talata 1–5.
7. Tingnan sa 1 Nephi 3:5.
8. Rabindranath Tagore, sa William Jay Jacobs, *Mother Teresa: Helping the Poor* (1991), 42.
9. Robert Louis Stevenson, sa Elbert Hubbard II, tinipon, *The Note Book of Elbert Hubbard: Mottoes, Epigrams, Short Essays, Passages, Orphic Sayings and Preachments* (1927), 55.
10. *Stand Ye in Holy Places: Selected Sermons and Writings of President Harold B. Lee* (1976), 255.
11. Sa Ernest Eberhard Jr., “Giving Our Young Men the Proper Priesthood Perspective,” typescript, Hulyo 19, 1971, 4–5, Church History Library.
12. George Albert Smith, sa Conference Report, Abr. 1942, 14.
13. Henry Wadsworth Longfellow, “The Legend Beautiful,” sa *The Complete Poetical Works of Longfellow* (1893), 258.
14. *Mga Turo: John Taylor*, 197.
15. Santiago 1:22.
16. Moises 4:2.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Mahabagin ay Kahahabagan

Kapag ang ating puso ay puno ng pag-ibig ng Diyos, tayo ay nagiging “[mapagmagandang-loob] sa isa’t isa, mga mahabagin, na [nangagpatawaran].”

Mahal kong mga kapatid, kamakailan lang ay nakatanggap ako ng liham mula sa isang nag-aalalang ina na nakiusap na magbigay kami ng mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa isang paksang makatutulong lalo na sa kanyang dalawang anak. Nagkaroon ng hinanakit ang dalawa sa isa’t isa, at hindi na sila nag-uusap. Lungkot na lungkot ang ina. Sa liham tiniyak niya sa akin na ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa paksang ito ay mapagkakasundo ang kanyang mga anak, at magiging maayos ang lahat.

Ang taos-pusong pakiusap ng inang ito ay isa lamang sa mga pahiwatig na natanggap ko nitong mga huling buwan na dapat kong talakayin ngayon ang paksang nakababahalala na sa marami—hindi lamang para sa isang nag-aalalang ina kundi para sa marami sa Simbahan at, sa katunayan, sa buong mundo.

Humanga ako sa pananalig ng mapagmahal na inang ito na mapagkakasundo ng isang mensahe sa

pangkalahatang kumperensya ang kanyang mga anak. Natitiyak ko na ang tiwala niya ay hindi sa kakayahan ng mga tagapagsalita kundi sa “bisa ng salita ng Diyos,” na may “higit [na] malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa . . . ano pa mang bagay.”¹ Mahal na kapatid, dalangin kong maantig ng Espiritu ang puso ng iyong mga anak.

Kapag Hindi Naging Maganda ang Pagsasamahan

Ang hindi maganda at nasirang pagsasamahan ay nangyayari na noon pa mang likhain ang tao. Si Cain ang unang nagpadaig sa inggit at kasamaang nadama niya sa kanyang puso. Nagtanim siya ng inggit at poot sa kanyang kalooban at hinayaang sumidhi ang damdaming ito hanggang sa magawa niya ang hindi mo iisiping magagawa niya—pinatay niya ang sarili niyang kapatid at dahil dito ay siya ang nagpasimula ng mga kasinungalingan ni Satanas.²

Magmula sa unang mga araw na iyon ang inggit at poot ay naging sanhi ng ilan sa lubhang

kahindik-hindik na mga pangyayari sa kasaysayan. Napoot si Saul kay David, ang mga anak ni Jacob sa kanilang kapatid na si Jose, sina Laman at Lemuel kay Nephi, at si Amalikeo kay Moroni.

Palagay ko lahat ng tao sa mundo ay naapektuhan kahit paano ng nakapipinsalang pagtatalu-talo, pagkamuhi, at paghihiganti. Marahil ay may mga pagkakataon pa na nadarama natin ito sa ating kalooban. Kapag tayo ay nasa-saktan, nagagalit, o naiinggit, madaling manghusga ng ibang tao, at kadalasan ay iniisip natin na may masama silang motibo para mapangatwiran natin ang ating sariling pagkamuhi.

Ang Doktrina

Mangyari pa, alam nating mali ito. Malinaw ang doktrina. Lahat tayo ay umaasa sa Tagapagligtas; walang maliligtas sa atin kung wala Siya. Ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay walang katapusan at walang hanggan. Ang kapatawaran para sa *ating* mga kasalanan ay dumarating nang may mga kundisyon. Kailangan tayong magsisi, at maging handang patawarin ang iba. Itinuro ni Jesus: “Patawarin ang isa’t isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad . . . ay [hahatulan] sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan”³ at “Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka’t sila’y kahahabagan.”⁴

Mangyari pa, ang mga salitang ito ay tila lubos na makatwiran—kapag patungkol sa ibang tao. Napakalinaw at madali nating nakikita ang masasamang bunga nito kapag *iba* ang nanghusga at naghinakit. At tiyak na hindi natin gustong husgahan tayo ng mga tao.

Ngunit pagdating sa sariling kakitiran ng ating pag-iisip at mga hinanakit, napakadalas nating pangatwiran na tama lang na magalit tayo at may batayan at matwid ang ating paghusga. Bagama’t hindi natin nakikita ang saloobin ng iba, ipinapalagay natin na sa tingin pa lang sa isang tao ay alam na natin kung siya ay may masamang motibo o masamang tao. Hindi natin isinasali ang ating sarili pagdating sa sarili nating hinanakit dahil inaakala natin, sa ginawa natin, na



Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Abril 2012

ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Packer



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



Walter F. González



L. Whitney Clayton



Jay E. Jensen



Donald L. Hallstrom



Tad R. Callister



Richard J. Maynes

ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(pagkakasunod-sunod ayon sa alpabeto)



Marcos A. Adakichits



José L. Alonso



Carlos H. Amado



Ian S. Arden



Mervyn B. Arnold



David S. Baxter



Shayne M. Bowen



Craig A. Carbon



Yoon Hwan Choi



Craig C. Christensen



Don R. Clarke



Carl B. Cook



Lawrence E. Conridge



Claudio R. M. Costa



Leonard R. Curtis Jr.



Benjamin De Hoyos



John B. Dickson



Kevin R. Duncan



Larry Echo Hawk



Stanley G. Ellis



David F. Evans



Enrique F. Folabella



Eduardo Gavarret



Robert C. Goy



Carlos A. Gooly



Christoffel Golden Jr.



Gerrit W. Gong



C. Scott Grow



Keith K. Hilbig



James J. Humula



Marlin K. Jensen



Daniel L. Johnson



Paul V. Johnson



Patrick Keaton



Paul E. Koelliker



Erich W. Kopschke



Marcus B. Nash



Brent H. Nielson



Allan F. Packer



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



Rafael E. Pino



Bruce D. Porter



Dale G. Reiland



Michael T. Ringwood



Lynn G. Robbins



Joseph W. Strati



Ulisses Soares



Kazuhiko Yamashita



Michael John U. Teli



José A. Teixeira



Octaviano Tenorio



Juan A. Uceda



Francisco J. Vines



W. Christopher Wachtel



William R. Walker



F. Michael Watson



Scott D. Whiting



Wilford W. Andersen



Koichi Aoyagi



Randall K. Bennett



Bruce A. Carlson



J. Dawn Cornish



Keith R. Edwards



Bradley D. Foster



Larry W. Gibbons



O. Vincent Hialeck



Larry R. Lawrence



Per G. Malm



James B. Marino



Jairo Mozzagardi



Kent F. Richards



Gregory A. Schwitzer



Kent D. Watson



Larry Y. Wilson

ANG PRESIDING BISHOPRIC



Gerald Causse
Unang Ipagpayo



Gary E. Stevenson
Presiding Bishop



Dean M. Davies
Pangalawang Ipagpayo



Jorge F. Zeballos



Claudio D. Zivic



W. Craig Zwick



Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay "[n]agalak sa dakilang pribilehiyo" (Alma 61:14) ng pakikinig sa at pagbabahagi ng mga mensahe ng Ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya. Ang mga nasa retrato paikot mula sa kaliwang itaas ay mga misyonero at miyembro sa Tirana, Albania; London, England; vwSão Paulo, Brazil; Minneapolis, Minnesota, USA; Moscow, Russia; Barrigada, Guam; at Paris, France.





alam natin ang lahat tungkol sa isang tao para isiping masama siya.

Sinabi ni Apostol Pablo, sa kanyang liham sa mga taga-Roma, na yaong mga humuhusga sa iba ay “wala[ng] madadahilan.” Kapag hinusgahan natin ang iba, paliwanag niya, hinuhusgahan natin ang ating sarili, sapagka’t walang taong hindi nagkakasala.⁵

Ang hindi magpatawad ay malaking kasalanan—na ibinabala ng Tagapagligtas. Ang sariling mga disipulo ni Jesus ay “naghangad ng masama laban sa isa’t isa at hindi nila pinatawad ang isa’t isa sa kanilang mga puso; at dahil sa kasamaang ito sila ay pinahirapan at labis na pinarusahan.”⁶

Malinaw na nagsalita ang ating Tagapagligtas tungkol sa paksang ito kaya imposibleng hindi natin maunawaan ang sinabi Niya. “Ako, ang Panginoon, ay magpatawad sa yaong aking patatawarin,” ngunit pagkatapos ay sinabi Niya, “. . . kayo ay *kinakailalang* magpatawad sa lahat ng tao.”⁷

Maaari bang magdagdag ako ng paliwanag dito? Kapag iniutos ng Panginoon na patawarin natin ang lahat ng tao, kabilang diyang ating sarili. Kung minsan, sa lahat ng tao sa mundo, ang taong pinakamahirap patawarin—at marahil ay siyang pinaka-kailangan nating patawarin—ay ang ating sarili.

Ang Mahalagang Tuntunin

Ang paksang ito ng paghusga sa iba ay totoong maituturo sa dalawang salita. Pagdating sa pagkapoot, tsismis, pagbabalewala, pangungutya, paghihinakit, o pagnanais na magpahamak, sundin sana ninyo ang sumusunod:

Itigil ito!

Kanyan lang kasimple. Kailangan lang tayong tumigil sa paghuhusga sa iba at palitan ng pusong puno ng pagmamahal para sa Diyos at sa Kanyang mga anak ang ating mapanghusgang isipan at damdamin. Ang Diyos ay ating Ama. Tayo ay Kanyang

mga anak. Lahat tayo ay magkakapatid. Hindi ko talaga alam kung paano ko ipaliliwanag ang puntong *huwag husgahan ang iba* nang may sapat na kalinawan, sigla, at panghihikayat upang palagi ninyo itong maalala. Maaari akong bumanggit ng isang talata sa banal na kasulatan, maaari kong subukang ipaliwanag ang doktrina, at masasabi ko pa ang nakasaad sa bumper sticker na nakita ko kamakailan. Nakadikit ito sa likod ng isang kotse na mukhang masungit ang drayber, ngunit maganda ang itinuro ng mga salita sa sticker. Sabi roon, “Huwag ninyo akong husgahan dahil iba ang kasalanan ko kaysa ninyo.”

Dapat nating matanto na lahat tayo ay hindi perpekto—tayo ay mga pulubi sa harap ng Diyos. Hindi ba lahat naman tayo, sa iba’t ibang pagkaka-taon, ay mapakumbabang dumulog sa luklukan ng awa at nagsumamong makatanggap ng biyaya? Hindi ba natin hinangad nang buong lakas ng ating kaluluwa na kahabagan tayo—na mapatawad tayo sa mga pagkakamali at pagkakasalang nagawa natin?

Dahil lahat tayo ay umaasa sa awa ng Diyos, bakit natin pagkakaitan ang iba ng kahit bahagyang biyaya na kailangang-kailangan natin para sa ating sarili? Mahal kong mga kapatid, hindi ba tayo dapat magpatawad na tulad ng nais nating mapatawad tayo?

Ang Pag-ibig ng Diyos

Mahirap ba itong gawin?

Oo naman.

Hindi madaling patawarin ang ating sarili at ang iba. Katunayan, marami sa atin ang nangangailangan ng malaking pagbabago sa ugali at isipan—maging isang pagbabago ng puso. Ngunit may mabuting balita. Itong “malaking pagbabago”⁸ ng puso ang mismong layon ng ebanghelyo ni Jesucristo na mangyari sa ating buhay.

Paano ito mangyayari? Sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos.

Kapag ang ating puso ay puno ng pag-ibig ng Diyos, may nangyayaring mabuti at dalisay sa atin. “[Tinutupad natin] ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat. Sapagka’t ang sinomang ipinanganak

ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan.”⁹

Kapag higit nating tinulutang mangibabaw ang pag-ibig ng Diyos sa ating isipan at damdamin—kapag higit nating tinulutang matigib ang ating puso ng pagmamahal sa ating Ama sa Langit—mas madaling mahalín ang iba nang may dalisay na pag-ibig ni Cristo. Kapag tinulutan nating puspu-sin tayo ng Diyos ng Kanyang pag-ibig, unti-unting mapapawi ang ating poot at inggit.

Sa tuwina, si Cristo ang ating huwaran. Sa Kanyang mga turo at maging sa Kanyang buhay, ipinakita Niya sa atin ang paraan. Pinatawad Niya ang masasama, ang mahahalay, at yaong naghangad na saktan at ipahamak Siya.

Sinabi ni Jesus na madaling mahalín ang mga nagmamahal sa atin; maging ang masasama ay magagawa *inyan*. Ngunit nagturo ng mas mataas na batas si Jesucristo. Ilang siglo na ang nakararaan nang sambitin Niya ang mga salitang ito at angkop iyon sa atin ngayon. Para iyon sa lahat ng nagnanais na maging Kanyang mga disipulo. Ang mga ito ay para sa inyo at sa akin: “Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [gumawa ng mabuti sa kanila na napopoot sa inyo,] at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig.”¹⁰

Kapag ang ating puso ay puno ng pag-ibig ng Diyos, tayo ay nagiging “[mapagmagandang-loob] sa isa’t isa, mga mahabagin, na [nangagpapatawaran] sa isa’t isa, gaya naman ng pagpapatawad sa [atin] ng Dios [alang-alang] kay Cristo.”¹¹

Mapapawi ng dalisay na pag-ibig ni Cristo ang hinanakit at pagkamuhi, na nagtutulot sa atin na ituring ang iba tulad ng pagturing sa atin ng ating Ama sa Langit: na mga mortal na may kahinaan at hindi perpekto ngunit may potensyal na higit pa sa inaakala natin. Dahil mahal na mahal tayo ng Diyos, dapat din nating mahalín at patawarin ang isa’t isa.

Ang Pamamaraan ng Disipulo

Mahal kong mga kapatid, pag-isipan ang sumusunod na mga tanong para masuri ang inyong sarili:

May hinanakit ba kayo sa ibang tao?

Nagtsi-tsismis ba kayo, kahit maaaring totoo ang sinasabi ninyo?

Pinaaalís, pinalalayo, o pinarurusahan ba ninyo ang iba dahil sa isang bagay na nagawa nila?

Lihim ba ninyong kinaiinggitan ang iba?

Hangad ba ninyong ipahamak ang isang tao?

Kung oo ang sagot ninyo sa alinman sa mga tanong na ito, magagamit ninyo ang itinuro kong dalawang salita kanina: itigil ito!

Sa mundong puno ng mga pagpaparatang at kasungitan, madaling humanap ng dahilan para kasuklaman at hindi igo ang isa’t isa. Ngunit bago natin ito gawin, alalahanin natin ang mga salita ng isang Nilalang na ating Panginoon at huwaran: “Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kanya.”¹²

Mga kapatid, ibaba natin ang ating mga bato.

Maging mabait tayo.

Magpatawad tayo.

Mahinahon nating kausapin ang isa’t isa.

Hayaang mapuno ng pag-ibig ng Diyos ang ating puso.

“Magsigawa tayo ng mabuti sa lahat.”¹³

Ipinangako ng Tagapagligtas: “Mangagbigay kayo, at kayo’y bibigyan; takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw. . . . Sapagka’t sa panukat na inyong [ginagamit] ay doon kayo muling susukatin.”¹⁴

Hindi pa ba sapat ang pangakong ito para lagi tayong magtuon sa paggawa ng mabuti, pagpapatawad, at pag-ibig sa kapwa sa halip na gumawa ng masama?

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, dapat nating gantihan ng mabuti ang masama.¹⁵ Huwag tayong maghiganti o huwag tulutang manaig ang poot sa atin.

“Sapagka’t nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.

“Kaya’t kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya’y mauhaw, painumin mo. . . .

“Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama.”¹⁶

Alalahanin: sa huli, ang mahabagin ay kahahabagan.¹⁷

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal



sa mga Huling Araw, saanman tayo naroon, hayaan nating makilala tayo bilang mga taong “may pagibig sa isa’t isa.”¹⁸

Mahalin ang Isa’t Isa

Mga kapatid, laganap na ang hinagpis at kalungkutan sa buhay na ito hindi pa man natin ito nadaragdagan ng sarili nating pagmamatigas, hinanakit, at pagkamuhi.

Hindi tayo perpekto.

Ang mga tao sa paligid natin ay hindi perpekto.¹⁹ Ang mga tao ay nakakagawa ng mga bagay na nakakayamot, nakakalungkot, at nakakagalit. Lagi itong mangyayari sa mortal na buhay na ito.

Gayunpaman, alisin natin ang ating mga hinanakit. Bahagi ng layunin ng mortalidad ang matutong alisin ang gayong mga bagay. *Iyan ang pamamaraan ng Panginoon.*

Alalahanin, karaniwan ang pangyaring ito sa mga naroon sa langit: Sila ay napatawad. At sila ay nagpatawad.

Iluhog ang inyong pasanin sa paanan ng Tagapagligtas. Huwag manghusga. Hayaang baguhin at paghilumin ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang inyong puso. Mahalin ang isa’t isa. Patawarin ang isa’t isa.

Ang mahabagin ay kahahabagan.

Pinatototohanan ko ito sa pangalan Niya na nagmahal nang lubos at ganap kaya’t ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa atin, na Kanyang mga kaibigan—sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alma 31:5.
2. Tingnan sa Moises 5:16–32.
3. Doktrina at mga Tipan 64:9.
4. Mateo 5:7.
5. Tingnan sa Mga Taga Roma 2:1.
6. Doktrina at mga Tipan 64:8.
7. Doktrina at mga Tipan 64:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Mosias 5:2.
9. I Juan 5:3–4.
10. Mateo 5:44; tingnan din sa mga talata 45–47.
11. Mga Taga Efeso 4:32.
12. Juan 8:7.
13. Mga Taga Galacia 6:10.
14. Lucas 6:38.
15. Tingnan sa Mateo 5:39–41.
16. Mga Taga Roma 12:19–21.
17. Tingnan sa Mateo 5:7.
18. Juan 13:35.
19. Tingnan sa Mga Taga Roma 3:23.



Ni Elder Russell M. Nelson

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Salamat sa Diyos

Napakaganda kung mas pagtutuunan ng lahat ang kabutihan at pagmamahal ng Diyos at ipapahayag ang pasasalamat na iyan sa Kanya.

Mahal kong mga kapatid, salamat sa inyong pagsuporta at katapatan. Pinasasalamatan at minamahal namin ang bawat isa sa inyo.

Kamakailan, natutuwing pinagmasdan namin ni Sister Nelson ang naggagandahang mga isda sa aquarium. Pabalik-balik ang langoy ng mga isdang matitingkad ang kulay at iba’t iba ang hugis at laki. Tinanong ko ang attendant na naroon, “Sino ang nagpapakain sa magagandang isdang ito?”

Sagot niya, “Ako po.”

Pagkatapos ay itinanong ko, “Nagpasalamat na ba ang mga ito sa iyo?”

Sagot niya, “Hindi pa po!”

Naisip ko ang ilang taong kilala ko na nakalilimot din sa kanilang Lumikha at tunay na “tinapay ng kabuhayan.”¹ Nabubuhay sila sa araw-araw nang hindi napapansin ang Diyos at ang kabutihan Niya sa kanila.

Napakaganda kung mas pagtutuunan ng lahat ang kabutihan at pagmamahal ng Diyos at ipapahayag ang pasasalamat na iyan sa Kanya. Itinuro ni Ammon, “Magbigay-pasasalamat tayo sa [Diyos], sapagkat siya ay nagsasagawa ng kabutihan magpakailanman.”² Nasusukat sa laki ng ating pasasalamat ang pagmamahal natin sa Kanya.

Ang Diyos ang Ama ng ating espiritu.³ Siya ay may niluwalhati, perpektong katawang may laman at buto.⁴ Nabuhay tayo sa piling Niya sa langit bago pa tayo isinilang.⁵ At nang likhain Niya ang ating katawan, nilikha tayo sa larawan ng Diyos, na bawat isa ay may sariling katawan.⁶

Isipin ninyo ang nagbibigay-buhay sa atin. Ito ay tunay na biyaya ng langit. Ang hangin, pagkain, at tubig ay kaloob sa atin ng isang mapagmahal na Ama sa Langit. Nilikha ang mundo upang maging tahanan natin sa maikling buhay natin sa mortalidad.⁷ Isinilang tayo na may kakayahang umunlad, magmahal, mag-asawa, at bumuo ng pamilya.

Ang kasal at pamilya ay inorden ng Diyos. Ang pamilya ang pinakamahalagang unit ng lipunan sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Sa dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos, ang mga pamilya ay maaaring mabuklod sa mga templo at maging handa sa pagbalik sa Kanyang banal na presensya magpakailanman. Iyan ang buhay na walang hanggan! Tinutugunan nito ang pinakamasisidhing pag-asam ng kaluluwa ng tao—ang likas na pag-asam na makasama nang walang hanggan ang mga pinakamamahil na miyembro ng kanyang pamilya.

Tayo ay bahagi ng Kanyang banal na layunin: “Ang aking gawain at aking kaluwalhatian,” sabi Niya, ay “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”⁸ Upang makamit ang mga adhikaing iyon, “Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”⁹ Iyan ay dakilang pagpapamalas ng pagmamahal ng Diyos. “Sapagka’t hindi [Niya] sinugo [ang Kanyang] Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.”¹⁰

Pinakamahalaga sa walang hanggang plano ng Diyos ang misyon ng Kanyang Anak na si Jesucristo.¹¹ Napanito Siya upang tubusin ang mga anak ng Diyos.¹² Dahil sa Pagbabayad-sala ng Panginoon, nagkatotoo ang pagkabuhay na mag-uli (o kawalang-kamatayan).¹³ Dahil sa Pagbabayad-sala, makakamit na ang buhay na walang hanggan ng lahat ng karapat-dapat dito. Ipinaliwanag ni Jesus:

“Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya:

“At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man.”¹⁴

Para sa Pagbabayad-sala ng Panginoon at sa Kanyang kaloob na pagkabuhay na mag-uli—para sa nakaaantig na mensaheng ito ng Paskua—salamat sa Diyos!

Mga Pisikal na Kaloob

Mahal ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak.¹⁵ Biniyayaan Niya ang bawat isa ng pisikal at espirituwal na mga kaloob. Tatalakayin ko ang bawat uri. Kapag inawit ninyo ang “Ako ay Anak ng Diyos,” isipin ang katawang ipinagkaloob Niya sa inyo. Ang maraming magagandang katangian ng inyong katawan ay nagpapatunay sa inyong “kabanalang mula sa Dios.”¹⁶

Bawat bahagi ng inyong katawan ay kamangha-manghang kaloob ng

Diyos. Bawat mata ay kayang magtuon sa tinitingnan nito. Kinokontrol ng mga nerve at kalamnan ang dalawang mata para makalikha ng isang three-dimensional image. Nakakonekta ang mga mata sa utak, na nagtatanda sa mga bagay na nakita.

Ang inyong puso ay isang pambihirang pambomba.¹⁷ May apat na maseselang balbula ito na kumokontrol sa daloy ng dugo. Bukas-sara ang mga balbulang ito nang mahigit 100,000 beses kada araw—36 na milyong beses sa isang taon. Gayunman, maliban kung dapuan ng sakit, nakakayanan nito ang gayong paggalaw nang halos walang katapusan.

Isipin ninyo ang mga panlaban ng katawan. Para maprotektahan ito, nakadarama ito ng sakit. Para malabanan ang impeksyon, lumilikha ito ng mga pangontra [antibody]. Ang balat ay nagbibigay ng proteksyon. Nagbabala ito laban sa pinsalang maaaring idulot ng matinding init o lamig.

Pinaninibago ng katawan ang mga hindi na magagamit sa selula nito at kinokontrol ang lebel ng mahahalong bahagi nito. Kusang ginagamot ng katawan ang mga hiwa, sugat, at baling buto nito. Ang kakayahan nitong lumikha ng bata ay isa pang sagradong kaloob ng Diyos.

Alalahanin natin na hindi kailangang maging perpekto ang katawan para makamtan ang banal na tadhana ng isang tao. Katunayan, ang ilan sa pinakamagigiliw na espiritu ay nananahan sa mga katawang mahina o may kapansanan. Ang malakas na

espirituwalidad ay madalas taglayin ng mga taong may kapansanan, dahil mismo sa malalaking pagsubok na dulot nito.

Sinomang nag-aaral ng komposisyon ng katawan ng tao ay tiyak na “nakikita ang Diyos na gumagalaw sa kanyang kamahalan at kapangyarihan.”¹⁸ Dahil pinamamahalaan ang katawan ng batas ng langit, anumang paggaling ay nagmumula sa pagsunod sa batas na iyon kung saan nakasalalay ang pagpapalang iyon.¹⁹

Subalit iniisip pa rin ng ilan na ang mga kamangha-manghang katangiang ito ng katawan ay nagkataon lamang o bunga ng isang malaking pagsabog na naganap sa kung saan. Itanong ninyo sa inyong sarili: “Kapag sumabog ang isang palimbagan, may mabubuo bang diksyunaryo?” Malamang na *wala*. Pero kung may mabuo mang diksyunaryo, hindi kusang magdidikit ang napunit na mga pahina nito kahit kailan ni makakagawa ng sarili nitong bagong edisyon!

Kung walang limitasyon ang kakayahan ng katawan sa normal na paggalaw, paglaban, paggaling, pagkontrol, at pagbubuong-muli, ang buhay sa lupa ay magpapatuloy nang walang katapusan. Oo, habang panahon na tayong naririto sa lupa! Mabuti na lang, niloob ng ating Lumikha na tumanda tayo at magdaan sa iba pang proseso na hahantong sa pagkamatay ng ating katawan. Ang kamatayan, tulad ng pagsilang, ay bahagi ng buhay. Itinuro sa mga banal na kasulatan na “hindi kapaki-pakinabang na ang



tao ay mabawi mula sa temporal na kamatayang ito, sapagkat iyon ay makawawasak sa dakilang plano ng kaligayahan.”²⁰ Ang bumalik sa Diyos sa pamamagitan ng daan na tinatawag nating kamatayan ay isang kagalakan sa mga nagmamahal sa Kanya at handang humarap sa Kanya.²¹ Darating ang panahon na bawat “ espiritu at . . . katawan ay magsasamang muli sa . . . ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasu-kasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan,”²² at hindi na kailanman maghihiwalay. Para sa mga pisikal na kaloob na ito, salamat sa Diyos!

Mga Espirituwal na Kaloob

Kasinghalaga ng katawan, ang walang kamatayang espiritu ay nananahan dito. Ang ating espiritu ay nabuhay bago pa tayo isinilang²³ at patuloy na mabubuhay kapag namatay ang katawan.²⁴ Ang espiritu ang nagpapagalaw at nagbibigay ng katauhan sa katawan.²⁵ Sa buhay na ito at sa kabilang buhay, ang katawan at ang espiritu, kapag pinagsama, ay magiging isang buhay na kaluluwa na may sagradong kahalagahan.

Dahil napakahalaga ng espiritu ng tao, ang pag-unlad nito ay walang hanggan ang ibubunga. Lumalakas ito kapag mapakumbaba tayong nanalangin sa ating mapagmahal na Ama sa Langit.²⁶

Ang mga katangiang pagbabatayan ng paghatol sa atin ay espirituwal.²⁷ Kabilang dito ang pagmamahal, kabanalan, integridad, habag, at paglilingkod sa kapwa.²⁸ Ang inyong espiritu, na kasama at nananahan sa inyong katawan, ay kayang taglayin at ipamalas ang mga katangiang ito sa mga paraang mahalaga sa inyong walang-hanggang pag-unlad.²⁹ Ang espirituwal na pag-unlad ay natatamo sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, binyag, kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas, pati na ang endowment at mga ordenansa ng pagbubuklod sa banal na templo.³⁰

Tulad din ng kailangang pakainin ang katawan para mabuhay, kailangan ding pakainin ang espiritu. Ang espiritu ay pinakakain



ng walang-hanggang katotohanan. Noong nakaraang taon ipinagdiwang natin ang ika-400 anibersaryo ng King James translation ng Banal na Biblia. At nasa atin na ang Aklat ni Mormon nang halos 200 taon. Naisalin na ito ngayon nang buong-buo o ang mga piling bahagi sa 107 wika. Dahil dito at sa iba pang katangi-tanging mga banal na kasulatan, alam natin na ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Para sa mga espirituwal na kaloob na ito, salamat sa Diyos!

Mga Kaloob ng Ebanghelyo

Alam natin na ang mga propeta ng maraming dispensasyon, tulad nina Adan, Noe, Moises, at Abraham, ay pawang nagturo tungkol sa kabanalan ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo. Ang ating kasalukuyang dispensasyon ay ipinaalam ng Ama sa Langit at ni Jesucristo nang magpakita Sila kay Propetang Joseph Smith noong 1820. Itinatag ang Simbahan noong 1830. Ngayon, 182 taon kalaunan, nakikipagtipan pa rin tayong dalhin ang ebanghelyo sa “bawat bansa, lahi, wika, at tao.”³¹ Kapag ginawa natin ito, ang mga nagbibigay at tumatanggap ay kapwa pagpapalain.

Responsibilidad nating turuan ang Kanyang mga anak at ipaalam sa kanila na may Diyos. Sinabi ni Haring Benjamin noong araw:

“Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; . . .

“ . . . Maniwala na kayo ay kinakailangang magsisi ng inyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos; at humingi nang taos sa puso nang kayo ay kanyang patawarin; at ngayon, kung kayo ay naniniwala sa lahat ng bagay na ito, tiyaking ito ay inyong gagawin.”³²

Ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ngunit tayo ay hindi. Bawat araw, isang hamon sa atin ang kamtin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala upang tunay tayong makapagbago, maging higit na katulad ni Cristo, at maging karapat-dapat sa kaloob na kadakilaan at mabuhay nang walang hanggan sa piling ng Diyos, ni Jesucristo, at ng ating pamilya.³³ Sa mga kapangyarihan, pribilehiyo, at mga kaloob na ito ng ebanghelyo, salamat sa Diyos!

Pinatotohanan ko na Siya ay buhay, si Jesus ang Cristo, at ito ang Kanyang Simbahan, na ipinanumbalik sa mga huling araw na ito upang isakatuparan ang banal na tadhana nito. Pinamumunuan tayo ngayon ni Pangulong Thomas S. Monson, na ating minamahal at sinasang-ayunan nang buong puso, at sinasang-ayunan

din natin ang kanyang mga tagapayo at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapagayag. Pinatotohanan ko ito sa sagra-dong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 6:35, 48; tingnan din sa talata 51.
2. Alma 26:8; tingnan din sa Alma 7:23.
3. Tingnan sa Mga Gawa 17:27–29.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
5. Tingnan sa Moises 6:51; Mga Taga Roma 8:16; Sa mga Hebreo 12:9; Jeremias 1:4–5.
6. Tingnan sa Genesis 2:7; I Mga Taga Corinto 15:44; Moises 3:7.
7. Tingnan sa 1 Nephi 17:36.
8. Moises 1:39.
9. Juan 3:16.
10. Juan 3:17.
11. Ang Kanyang mga layunin ay malinaw na ibinuod sa 3 Nephi 27:13–22.
12. Tingnan sa Alma 11:40.
13. Tingnan sa 2 Nephi 9:6–7, 20–22.
14. Juan 11:25–26.
15. Tingnan sa 1 Nephi 17:40; I Juan 4:10.
16. II Pedro 1:4.
17. Nagbobomba ang puso ng mga 2,000 galon (7,570 L) bawat araw.
18. Doktrina at mga Tipan 88:47.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:21. Tunay nang hindi mapapasubalian ang batas na iyan ng langit.
20. Alma 42:8.
21. Ipinahayag ng Mang-aawit ang pananaw ng Diyos: “Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kaniyang mga banal” (Mga Awit 116:15); tingnan din sa Ecclesiastes 12:7.
22. Alma 11:43; tingnan din sa Ecclesiastes 12:7; Alma 40:23; Doktrina at mga Tipan 138:17.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:38.
24. Tingnan sa Alma 40:11; Abraham 3:18.
25. Ang espiritu ay kawangis ng kanyang katauhan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 77:2).
26. Tingnan sa 3 Nephi 14:9–11.
27. Ang espiritu, hindi ang katawan, ang aktibo at responsableng bahagi ng kaluluwa. Kung wala ang espiritu, ang katawan ay patay (tingnan sa Santiago 2:26). Ang espiritu, kung gayon, ang pumipili ng mabuti o masama at mananagot kapwa sa mabuti at masamang katangiang taglay nito sa Huling Paghuhukom (tingnan sa Alma 41:3–7).
28. Kabilang din sa mga katangiang espirituwal ang “pananampalataya, karangalan, kaalaman, kahinahunan, tiyaga, kabaitang pangkapatid, kabanalan, pag-ibig sa kapwa-tao, kababaang-loob, [at] sigasig” (Doktrina at mga Tipan 4:6).
29. Tingnan sa 2 Nephi 2:11–16, 21–26; Moroni 10:33–34.
30. Ito ang doktrina ni Cristo (tingnan sa 2 Nephi 31:11–21).
31. Mosias 15:28; tingnan din sa 1 Nephi 19:17; 2 Nephi 26:13; Mosias 3:20; 15:28; 16:1; Alma 37:4; Doktrina at mga Tipan 1:18–23; 77:11; 133:37.
32. Mosias 4:9–10.
33. Ang “buhay na walang hanggan . . . ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos” (Doktrina at mga Tipan 14:7).



Ni Elder Ronald A. Rasband
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Natatanging mga Aral

Dalangin ko na nawa’y patuloy nating batahin nang may pagtitiis ang ating mga pasanin at tulungan natin ang mga tao sa ating paligid na nahihirapan.

Sa nakaraang 20 buwan, nagkaroon kami ng pribilehiyong isilang sa aming pamilya ang isang napaka-espesyal na sanggol.

Ang munting si Paxton, ang aming apo, ay isinilang na may pambahirang sakit na iregularidad sa chromosome, isang genetic disorder na literal na nagpaiba sa kanya sa milyun-milyong tao. Para sa aming anak na babae at sa kanyang asawa, nagsimula ang diinaasahang pangyayari na nagpabago sa kanilang buhay nang isilang si Paxton. Napakahirap ng pagsubok na ito para matuto ng mahahalagang aral na may kaugnayan sa mga kawalang-hanggan.

Itinuro ng mahal nating si Elder Russell M. Nelson, na katatapos lang magsalita sa atin:

“Sa mga kadahilanang karaniwan ay hindi nalalaman, may ilang taong isinisilang na may mga pisikal na limitasyon. Maaaring abnormal ang ilang bahagi ng katawan. Maaaring hindi gumana nang angkop ang mga sistema sa katawan. At ang buong katawan natin ay daranas ng sakit at kamatayan. Gayunman, ang pisikal na katawan na ipinagkaloob sa atin ay [walang katumbas]. . . .

“Hindi kailangang maging perpekto ang katawan para makamantan ang banal na tadhana. Katunayan, ang ilan sa

pinakamagigiliw na espiritu ay nana-nahan sa mga katawang mahina. . . .

“Darating ang panahon na bawat “espiritu at . . . katawan ay magsa-samang muli sa . . . ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasu-kasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan” (Alma 11:43). At dahil dito, maraming salamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo ay magiging ganap sa Kanya.”¹

Kayong lahat na nahihirapan, nag-aalala, nawawalan ng pag-asa, o nalulungkot dahil sa inyong mahal sa buhay, alamin ito: lakip ang walang hanggang pagmamahal at walang katapusang pagkahabag, mahal ng Diyos na ating Ama sa Langit ang mga may kapansanan sa inyo at mahal Niya kayo!

Maaaring magtanong ang ilan kapag nakaranas ng ganitong paghihirap, bakit hinayaan ng Makapangyarihang Diyos na mangyari ito? At tiyak na susundan ng tanong na, bakit nangyari ito sa akin? Bakit kailangan nating magdanas ng sakit at mga pangyayari na pumipinsala o nagsasanhi ng maagang pagpanaw ng mga kapamilya o nagpapatagal sa kanilang paghihirap dahil sa sakit? Bakit tayo kailangang magdanas ng mga kasawian?

Sa mga sandaling ito maiisip natin ang dakilang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit. Ang planong iyan, nang ihayag sa buhay bago pa tayo isinilang, ay nagpahiyaw sa atin sa kagalakan.² Sa madaling salita, ang buhay na ito ay paghahanda para sa walang hanggang kadakilaan, at ibig sabihin niyan ay susubukan tayo. Iyan ang plano mula pa sa simula, at lahat ng tao ay susubukan.

Ang pagtitiwala sa kalooban ng Diyos ay mahalagang bahagi ng ating mortalidad. Sa pagsampalataya sa Kanya, makakahugot tayo ng lakas sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo sa mga panahong iyon na marami tayong katanungan at iilan lamang ang nasasagot.

Matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli at magpunta sa mga lupain ng Amerika, inanyayahan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang lahat:

“Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalangin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa. . . .

“At ito ay nangyari na, nang siya ay makapagsalita nang gayon, lahat ng tao, ay magkakaayong humayo kasama ang kanilang maykaramdaman at mga nahihirapan, at kanilang mga lumpo, at kasama ang kanilang mga bulag, at kasama ang kanilang mga pipi, at ang lahat sa kanila na nahihirapan sa anumang dahilan; at pinagaling niya ang bawat isa sa kanila na dinala sa kanya.”³

Makakahugot kayo ng lakas sa mga salitang “lahat ng tao ay . . . humayo” —*lahat*, mga kapatid. Tayong *lahat* ay dumaranas ng mga pagsubok. At pagkatapos ay ang mga katagang: “nahihirapan sa anumang paraan.” Nakakaugnay tayong lahat sa mga katagang ito, hindi ba?

Matapos isilang ang mahal naming si Paxton, alam namin na pagpapalain kami ng Ama sa Langit at tuturuan ng natatanging mga aral. Nang ipatong



namin ng kanyang ama ang aming mga daliri sa munti niyang ulo para bigyan siya ng una sa maraming basbas ng priesthood, naisip ko ang mga salita mula sa ikasiyam na kabanata ng Juan: “upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Dios.”⁴

Tunay na naipakita ang mga gawa ng Diyos sa pamamagitan ni Paxton.

Natutuhan naming magtiis, manampalataya, at magpasalamat sa nagbibigay-ginhawang paglilingkod, napakaraming oras ng pag-aalala, mga luha ng pagdamay, at mga panalangin at pagpapakita ng pagmamahal sa mga minamahal na nangangailangan, lalo na kay Paxton at sa kanyang mga magulang.

Sinabi ni Pangulong James E. Faust, ang stake president ko noong bata ako: “Malaki ang paghanga ko sa magmamahal na mga magulang na iyon na matapang na tinitii at kinakaya ang kanilang kapighatian at kalungkutan para sa isang anak na isinilang na mayroon o nagkaroon ng malubhang kapansanan sa isip o katawan. Ang kapighatiang ito ay kadalasang nagpapatuloy araw-araw, nang walang

pahinga, sa buong buhay ng magulang o ng anak. Kadalasan, matinding pag-aalaga ang kailangang ibigay ng mga magulang nang walang humpay, araw man o gabi. Maraming ina ang dumaranas ng hirap ng katawan at damdamin, sa pagbibigay ng ginhawa at kapanatagan sa espesyal niyang anak na nahihirapan.”⁵

Tulad ng inilarawan sa Mosias, naksakihan namin ang dalisay na pagmamahal ng Tagapagligtas sa pamilya ni Paxton, pagmamahal na madarama ng lahat ng tao: “At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinaagan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.”⁶

Isang gabi sa mga unang araw ni Paxton, naroon kami sa neonatal intensive care unit ng magandang Primary Children’s Medical Center sa Salt Lake City, Utah, at namamangha sa dedikado at nakatuong pagmamalasakit ng mga doktor, nars, at tagapag-alaga.

Itinanong ko sa anak ko kung paano namin mababayaran ito at hinulaan namin ang aming babayaran. Isang doktor na nakatayo sa malapit ang nagsabing “napakababa” ng hula ko at lalong higit pa rito ang babayaran namin. Nalaman namin na halos lahat ng babayaran namin sa ospital na ito ay sinagot na ng mga taong bukas-palad na nagbigay ng kanilang panahon at pera. Napakumbaba ako sa sinabi niya nang maisip ko ang kahalagahan ng munting kaluluwang ito sa mga taong nag-alaga nang husto sa kanya.

Naalala ko ang isang banal na kasulatang pamilyar sa mga misyonero na nagkaroon ng bagong kahulugan: “Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos.”⁷

Umiyak ako nang mapagnilay ko ang walang katapusang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo sa bawat isa sa atin, habang natututuhan ko sa nakaaantig na paraan kung ano ang kahalagahan ng kaluluwa sa Diyos, kapwa sa pisikal at espirituwal.

Nalaman ng pamilya ni Paxton na nalilibutan sila ng di-mabilang na naglilingkod na mga anghel sa langit at lupa. Ang ilan ay tahimik na dumating sa oras na sila ay kailangan at tahimik ding umalis. Ang iba ay nagbigay ng pagkain, naglaba, sumundo sa mga kapatid ni Paxton, tumawag para magpalakas ng loob, at nagdasal lalo na para kay Paxton. Dahil dito isa pang natatanging aral ang natutuhan: Kung nakita mong nalulunod ang isang tao, magtatanong ka pa ba kung kailangan niya ng tulong—o mas mabuting tumalon ka na lang at iligtas siya sa malalim na tubig? Ang pagsasabing, “Sabihin mo lang kung may maitutulong ako” bagama’t mabuti ang layon at madalas banggitin, ay hindi talaga nakakatulong.

Patuloy nating natututuhan ang kahalagahan ng pagbibigay-pansin at pagmamalasakit sa buhay ng mga taong nasa paligid natin, na natututuhan hindi lamang ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa kundi ang nakapupuspos na kagalakang hatid nito.

Sinabi ng mahal nating si Pangu-long Thomas S. Monson, na isang napakabuting halimbawa ng pagtulong sa mga nahihirapan: “Pagpapalain ng Diyos ang mga taong tumutulong sa kanilang kapwa, na nagbibigay upang mapaginhawa ang mga nahihirapan, na nagsisikap sa abot ng kanilang makakaya na mas mapaganda ang mundo. Hindi ba ninyo napapansin na mas maganda ang ngiti ng mga taong iyon? Mas matatag at panatag sila. Mababanaag sa kanila ang kapanatagan at kasiyahan . . . sapagkat walang taong tumutulong sa kanyang kapwa na hindi nakatatanggap mismo ng malaking pagpapala.”⁸

Bagama’t daranas tayo ng mga pagsubok, paghihirap, kapansanan, pighati, at lahat ng uri ng paghihirap, laging naririyang ang ating mapagmalasakit at mapagmahal na Tagapagligtas. Ipinangako Niya:

“Hindi ko kayo iiwang magisa; ako’y paririto sa inyo. . . .

“Ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.”⁹

Malaki ang pasasalamat namin sa aming Ama sa Langit para sa aming mabait na si Paxton. Sa pama-magitan niya naihayag ng Panginoon ang Kanyang mga gawa at patuloy na itinuturo sa amin ang mahahalaga,

sagrado, at natatanging mga aral na ito.

Gusto kong tapusin ang aking mensahe sa mga salitang nagmula sa ating magandang himno:

*Tayo ay kasapi hangga’t may tunggali;
O kay saya! O kay saya!
Mga kawal, may nakalaang
tagumpay;
At ito’y ating makakamtan.*¹⁰

Mga kapatid, dalangin ko na nawa’y patuloy nating batahin nang may pagtitiis ang ating mga pasanin at tulongan natin ang mga tao sa ating paligid na nahihirapan at kailangang pasiglahin at palakasin. Nawa’y pasalamatang ng bawat isa sa atin ang Diyos para sa Kanyang mga pagpapala at muli tayong mangako sa ating Ama sa Langit na mapakumbaba nating paglilingkuran ang Kanyang mga anak. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “We Are Children of God,” *Liahona*, Ene. 1999, 103.
2. Tingnan sa Job 38:7.
3. 3 Nephi 17:7, 9.
4. Juan 9:3.
5. James E. Faust, “The Works of God,” *Ensign*, Nob. 1984, 54.
6. Mosias 24:15.
7. Doktrina at mga Tipan 18:10.
8. Thomas S. Monson, “Our Brothers’ Keepers,” *Ensign*, Hunyo 1998, 39.
9. Juan 14:18, 27.
10. “Tayo ay Kasapi,” *Mga Himno*, blg. 152.





Ni Julie B. Beck

Na-release Kamakailan na Relief Society General President

Ang Pananaw ng mga Propeta tungkol sa Relief Society: Pananampalataya, Pamilya, Kaginhawahan

Pananampalataya, pamilya, at kaginhawahan—sa tatlong simpleng salitang ito naipahayag ang pananaw ng mga propeta para sa kababaihan ng Simbahan.

Nitong mga nakaraang taon nagkaroon ako ng inspirasyong magsalita nang madalas tungkol sa Relief Society—sa mga layunin at katangian nito,¹ sa kahalagahan ng kasaysayan nito,² sa gawain nito, at sa pakikipagtulungan sa mga bishop at mga Melchizedek Priesthood quorum.³ Tila mahalagang pagtuunan naman ngayon ang pananaw ng mga propeta tungkol sa Relief Society.⁴

Tulad sa patuloy na pagtuturo ng mga propeta ng Panginoon sa mga elder at high priest ng kanilang mga layunin at tungkulin, ibinahagi nila ang kanilang pananaw para sa

kababaihan ng Relief Society. Mula sa kanilang payo, malinaw na ang mga layunin ng Relief Society ay pag-ibayuhin ang pananampalataya at sariling kabutihan, palakasin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin at tulongan ang mga nangangailangan. *Pananampalataya, pamilya, at kaginhawahan*—sa tatlong simpleng salitang ito naipahayag ang pananaw ng mga propeta para sa kababaihan ng Simbahan.

Mula nang magsimula ang Panunumbalik, ibinahagi na ng mga propeta ang kanilang pananaw tungkol sa kababaihang matatag, tapat, at puno

ng layunin na nakauunawa sa kanilang walang-hanggang kahalagahan at layunin. Nang itatag ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society, inutusan niya ang unang pangulo nito na “[mamuno] sa samahang ito, sa pangangalaga sa mga maralita—pangangasiwa sa kanilang mga kailangan, at pag-aasikaso ng iba’t ibang gawain ng samahang ito.”⁵ Nakinita niya ang organisasyon bilang “isang natatanging samahan, na hiwalay sa lahat ng kasamaan ng mundo.”⁶

Pinagbilinan ni Brigham Young, ang ikalawang Pangulo ng Simbahan, ang kanyang mga tagapayo at ang Korum ng Labindalawang Apostol na utusan ang mga bishop na “hayaang iorganisa [ng kababaihan] ang mga Female Relief Society sa iba’t ibang ward.” Dagdag pa niya, “Maaaring isipin ng ilan na maliit na bagay lamang ito, ngunit hindi.”⁷

Kalaunan, sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith na taliwas sa mga organisasyon sa mundo, na “gawa [ng kalalakihan], o gawa [ng] kababaihan,” ang Relief Society ay “buong kabalang itinayo, binigyang kapahintulutan, pinasimulan, inorden ng Diyos.”⁸ Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith sa kababaihan na “binigyan sila ng kapangyarihan at awtoridad na gawin ang maraming dakilang bagay.”⁹ Sabi niya, “Kayo ay mga miyembro ng pinakadakilang samahan ng kababaihan sa daigdig, isang organisasyon na mahalagang bahagi ng kaharian ng Diyos sa lupa at mahusay na ipinlano at pinamamahalaan kaya’t natutulungan nito ang matatapat na miyembro upang magkaroon ng buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama.”¹⁰

Isang Napakalawak na Impluwensya

Taun-taon, daan-daang libong kababaihan at kabataang babae ang nagiging bahagi nitong patuloy na lumalaking “samahan ng kababaihan.”¹¹ Simula noon, saanman nakatira at naglilingkod ang isang babae, doon siya nananatiling miyembro at kabilang sa Relief Society.¹² Dahil sa mahahalagang layunin ng Relief Society, ipinahayag ng Unang Pangu-luhan ang hangarin nilang simulan ng



Kolkata, India

mga kabataang babae ang kanilang paghahandang mapabilang sa Relief Society bago pa man sila mag-18 taong gulang.¹³

Ang Relief Society ay hindi isang programa. Ito ay isang opisyal na bahagi ng Simbahan ng Panginoon na “inorden ng Diyos” upang magturo, magpalakas, at magbigay-inspirasyon sa kababaihan sa kanilang layunin tungkol sa pananampalataya, pamilya, at kaginhawahan. Ang Relief Society ay isang uri ng pamumuhay para sa kababaihang Banal sa mga Huling Araw, at ang impluwensya nito ay hindi lamang sa isang klase sa araw ng Linggo o pagtitipon. Sinusundan nito ang huwaran ng mga babaeng disipulo na naglingkod sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang mga Apostol sa Kanyang Simbahan noong araw.¹⁴ Tinuruan tayo na “obligasyon ng isang babae na taglayin sa kanyang buhay ang mabubuting katangiang itinataguyod ng Relief Society gaya ng obligasyon ng kalalakihan na taglayin sa kanilang buhay ang mga huwaran ng pag-uugaling itinataguyod ng priesthood.”¹⁵

Nang inorganisa ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society, itinuro niya sa kababaihan na “magbigay-ginhawa sa mga dukha” at “magligtas ng mga kaluluwa.”¹⁶ Sa kanilang tungkuling “magligtas ng mga kaluluwa,” awtorisado ang kababaihan na mag-organisa at makibahagi sa isang napakalawak

na impluwensya. Ang unang Relief Society president ay itinalaga upang ipaliwanag ang mga banal na kasulatan, at nasa Relief Society pa rin ang mahalagang responsibilidad na magturo sa Simbahan ng Panginoon. Nang sabihin ni Joseph Smith sa kababaihan na ihahanda sila ng organisasyon ng Relief Society sa “mga pribilehiyo, pagpapala, at kaloob ng Priesthood,”¹⁷ nabuksan sa kanila ang gawain ng kaligtasan ng Panginoon. Kabilang sa pagliligtas ng mga kaluluwa ang pagbabahagi ng ebanghelyo at pakikibahagi sa gawaing misyonero. Kabilang dito ang pagsasagawa ng gawain sa templo at family history. Kabilang dito ang paggawa ng lahat ng posible para makaasa sa sarili sa espirituwal at temporal.


Ipinahayag ni Elder John A. Widtsoe na naghahandog ang Relief Society ng “pag-aahon sa kahirapan, pagpapagaling sa karamdaman; pagpawi sa pag-aalinlangan, pagdaig sa kamangmangan—pag-aalis sa lahat ng humahadlang sa kagalakan at pag-unlad ng kababaihan. Napakadakilang gawain!”¹⁸

Inihalintulad ni Pangulong Boyd K. Packer ang Relief Society sa “isang nagpoprotektang pader.”¹⁹ Ang responsibilidad na protektahan ang kababaihan at kanilang pamilya ay nagpapaibayo sa kahalagahang mangalaga at maglingkod ng mga visiting teacher, at ito ay nagpapamalas ng ating kahandaang alalahanin ang ating

mga tipan sa Panginoon. Bilang mga “[tagapaglingkod sa] mga nangangailangan at nagdadalamhati,” nakikipagtulungan tayo sa mga bishop sa pangangalaga sa temporal at espirituwal na mga pangangailangan ng mga Banal.²⁰

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Maraming kababaihan ang namumuhay sa mga basahan—espirituwal na mga basahan. May karapatan silang magsuot ng magagandang [kasuotan], ng mga espirituwal na [kasuotan]. . . . Pribilehiyo ninyong magpunta sa mga tahanan at palitan ng [magagandang kasuotan] ang mga basahan.”²¹ Ibinahagi ni Pangulong Harold B. Lee ang pananaw na ito. Sabi niya: “Hindi ba ninyo nakikita kung bakit iniatang ng Panginoon sa . . . Relief Society ang pagdalaw sa mga tahananang ito? Dahil, maliban sa Panginoon, wala nang iba pa sa Simbahan ang may taglay ng higit na kabaitan, higit na pag-unawa sa mga puso at buhay ng mga indibiduwal na ito.”²²

Binalaan ni Pangulong Joseph F. Smith ang kababaihan ng Relief Society at kanilang mga lider, sinasabi na ayaw niyang “dumating ang panahon na ang ating mga Relief Society ay susunod, o makikihalubilo at mawawala ang kanilang sariling pagkakakilanlan sa pakikisalamuha sa mga organisasyong . . . gawa ng kababaihan.” Inaasahan niya na ang kababaihan “ang [aakay] sa daigdig at . . . lalo na [sa] kababaihan ng daigdig, sa lahat



ng bagay na maipagkakapuri, sa lahat ng bagay na maka-Diyos, sa lahat ng bagay na nagbibigay-sigla at nakapag-papadalisay sa mga anak ng tao.”²³ Ang kanyang payo ay nagbibigay-diin sa utos na alisin ang mga tradisyon, tema, uso, at kalakaran, at ilakip ang mga gawing tugma sa mga layunin ng Relief Society.

Ang mga lider na naghahangad ng paghahayag ay makatitiyak na isinasakatuparan ng bawat pulong, aralin, klase, aktibidad, at gawain ng Relief Society ang mga layunin ng pagkaorganisa nito. Ang pagkakalapit, pagkakaibigan, at pagkakaisang hangad natin ang magiging magagandang bunga ng paglilingkod na kasama ng Panginoon sa Kanyang gawain.

Pagsasakatuparan ng Pananaw ng mga Propeta

Kamakailan ay nagpatotoo si Pangulong Thomas S. Monson at kanyang mga tagapayo “na ipinambalik ng Panginoon ang kabuuan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at na ang Relief Society ay mahalagang bahagi ng panunumbalik na iyon.” Bilang patunay sa hangarin nilang maingat ang “maringal na pamana” ng Relief Society, kamakailan ay naglathala at namahagi sa buong mundo ang Unang Panguluhan ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society*. Sa mga pahina ng aklat na ito, matatagpuan natin ang mga hwaran at halimbawa ng kababaihan at kalalakihang nakikipagtulungan sa mga pamilya at sa Simbahan, at matututuhan natin ang mga alituntunin kung sino tayo, ano ang ating pinaniniwalaan, at sino ang dapat nating protektahan. Hinikayat tayo ng Unang Panguluhan na pag-aralan ang mahalagang aklat na ito at “hayaang mabigyang-inspirasyon ng walang-hanggang mga katotohanan at nakaaantig na mga halimbawa nito ang [ating] buhay.”²⁴

Kapag mas umayon ang kababaihan sa mga layunin ng Relief Society, maisasakatuparan ang pananaw ng mga propeta. Sabi ni Pangulong

Kimball, “May kapangyarihan sa organisasyong ito [ng Relief Society] na hindi pa lubusang nagagamit para palakasin ang mga tahanan ng Sion at itayo ang Kaharian ng Diyos—at hindi ito magagamit hangga’t hindi nauunawaan kapwa ng kababaihan at ng priesthood ang mithiin ng Relief Society.”²⁵ Ipinropesiya niya na “karamihan sa malalaking pag-unlad na mangyayari sa Simbahan sa mga huling araw ay darating dahil marami sa mabubuting kababaihan ng mundo (na kadalasan ay may gayon kalalim na espirituwalidad) ang madadala sa Simbahan. Mangyayari ito sa antas na . . . ang kababaihan ng Simbahan . . . [ay] makikitang kakaiba—sa masayang paraan—kung ihahambing sa kababaihan ng mundo.”²⁶

Nagpapasalamat ako sa pananaw ng mga propeta tungkol sa Relief Society. Gaya ni Pangulong Gordon B. Hinckley, “kumbinsido ako na wala nang iba pang organisasyon kahit saan na makapapantay sa Relief Society ng Simbahang ito.”²⁷ Responsibilidad natin ngayon na iayon ang ating sarili sa pananaw ng mga propeta tungkol sa Relief Society sa pagpapaibayo ng pananampalataya, pagpapalakas ng mga pamilya, at pagbibigay ng kaginhawahan.

Magtatapos ako sa mga salita ni Pangulong Lorenzo Snow: “Maganda ang bukas na naghihintay sa [Relief] Society. Sa paglago ng Simbahan, ito ay lubos na mapapakinabangan, at lalo pa itong magagamit sa kabutihang kaysa noon.”²⁸ Sa kababaihang tumutulong na isulong ang kaharian ng Diyos, sabi niya, “Sa pakikibahagi ninyo sa mga gawaing ito, halos makatitiyak kayo na kabahagi kayo sa tagumpay ng gawain at sa kadakilaan at kaluwalhatiang ibibigay ng Panginoon sa Kanyang matatapat na anak.”²⁹ Ang pananaw na ito ay akin ding pinatotohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Julie B. Beck, “Pagsasakatuparan ng Layunin ng Relief Society,” *Liahona*, Nob. 2008, 108–11.
2. Tingnan sa Julie B. Beck, BYU Women’s Conference address (Abr. 29, 2011), [\[ce.byu.edu/cw/womensconference/archive/2011/pdf/JulieB_openingS.pdf\]\(http://ce.byu.edu/cw/womensconference/archive/2011/pdf/JulieB_openingS.pdf\); “Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apog Babae \(at Lalaki\) tungkol sa Relief Society,” *Liahona*, Nob. 2011, 109–13; “Relief Society: Isang Sagradong Gawain,” *Liahona*, Nob. 2009, 110–14.](http://

</div>
<div data-bbox=)

3. Tingnan sa Julie B. Beck, “Why We Are Organized into Quorums and Relief Societies” (Brigham Young University devotional address, Ene. 17, 2012), speeches.byu.edu.
4. Ang mensaheng ito ay hindi isang malawak na paglalahad ng lahat ng ipinahayag ng mga propeta tungkol sa Relief Society. Isang halimbawa lamang ito ng kanilang pananaw at direksyon. Ang *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Kasaysayan at Gawain ng Relief Society*, mga ulat sa kumperensya, at iba pang lathalain ng Simbahan ay naglalaman ng mas maraming turo tungkol sa paksang ito.
5. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 16.
6. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 18.
7. Brigham Young, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 49.
8. Joseph F. Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 78.
9. Joseph Fielding Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 167.
10. Joseph Fielding Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 113.
11. Boyd K. Packer, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 102.
12. Tingnan sa Boyd K. Packer, “The Circle of Sisters,” *Ensign*, Nob. 1980, 110.
13. Tingnan sa mga liham ng Unang Panguluhan, Mar. 19, 2003, at Peb. 23, 2007.
14. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 3–7.
15. Boyd K. Packer, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 19.
16. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 20.
17. Joseph Smith, sa *History of the Church*, 4:602.
18. John A. Widtsoe, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 29.
19. Boyd K. Packer, *Ensign*, Nob. 1980, 110.
20. Joseph Fielding Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 167.
21. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 139.
22. Harold B. Lee, “The Place of Relief Society in the Welfare Plan,” *Relief Society Magazine*, Dis. 1946, 842.
23. Joseph F. Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 78.
24. Ang Unang Panguluhan, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, ix.
25. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 166.
26. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 113–14.
27. Gordon B. Hinckley, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 188.
28. Lorenzo Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 21.
29. Lorenzo Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 8.



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Doktrina ni Cristo

Sa Simbahan ngayon, gaya noong una, ang pagtatatag ng doktrina ni Cristo o pagwawasto sa paglihis sa doktrina ay ginagawa sa pamamagitan ng banal na paghahayag.

Lubos naming pinasalamatan at minamahal sina Sister Beck, Sister Allred, at Sister Thompson, at ang Relief Society board.

Nakita natin nitong huli ang pagkakaroon ng interes ng mga tao sa mga pinaniniwalaan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tinatanggap natin ito dahil ang pangunahing layunin ng Simbahan ay ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo, ang Kanyang doktrina, sa buong mundo (tingnan sa Mateo 28:19–20; D at T 112:28). Ngunit dapat nating tanggapin na nagkaroon at mayroon pa ring ilang kalituhan tungkol sa ating doktrina at kung paano ito naitatag. Iyan ang paksang nais kong talakayin ngayon.

Itinuro ng Tagapagligtas ang Kanyang doktrina sa kalagitnaan ng panahon, at lubos na nahirapan ang Kanyang mga Apostol na pangalagaan ito laban sa pagdagsa ng maling tradisyon at pilosopiya. Ang mga Sulat sa Bagong Tipan ay nagbabanggit ng maraming pangyayari na nagpapakita na nagsisimula na ang matindi at malawakang apostasiya noong panahon ng pangangasiwa ng mga Apostol.¹

Ang sumunod na mga siglo ay manaka-nakang nabigyang-liwanag ng ebanghelyo hanggang, noong ika-19

na siglo, sumilay ang maningning na liwanag ng Panunumbalik sa mundo, at ang ebanghelyo ni Cristo, na buo at kumpleto, ay muling napasalupa. Ang maluwalhatang araw na ito ay nagsimula nang, sa “isang haligi ng liwanag na . . . higit pa sa liwanag ng araw” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16), bumisita ang Diyos Ama at Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo sa binatilyong si Joseph Smith at pasimulan ang pagbuhos ng paghahayag na lakip ang banal na kapangyarihan at awtoridad.

Sa mga paghahayag na ito sa mga huling araw ay makikita ang matawag nating pangunahing doktrina ng Simbahan ni Jesucristo na muling itinatag dito sa mundo. Ipinaliwanag mismo ni Jesus ang doktrinang iyon sa mga salitang ito na nakatala sa Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo:

“At ito ang aking doktrina, at ito ang doktrinang ibinigay ng Ama sa akin; at ako ay nagpapatotoo sa Ama, at ang Ama ay nagpapatotoo sa akin, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa akin; at ako ay nagpapatotoo na inuutusan ng Ama ang lahat ng tao, saan man, na magsisi at maniwala sa akin.

“At sinuman ang maniniwala sa akin, at mabinyagan, siya rin ay

maliligtas; at sila yaong magmamana ng kaharian ng Diyos.

“At sinuman ang hindi maniniwala sa akin, at hindi mabinyagan, ay mapapahamak.

“. . . At sinuman ang naniniwala sa akin ay naniniwala rin sa Ama; at sa kanya ang Ama ay magpapatotoo ng tungkol sa akin, sapagkat kanya siyang dadalawin ng apoy at ng Espiritu Santo. . . .

“Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na ito ang aking doktrina, at sinuman ang magtatayo sa ibabaw nito ay nagtatayo sa ibabaw ng aking bato, at ang mga pintuan ng impierno ay hindi mananaig laban sa kanila” (3 Nephi 11:32–35, 39).

Ito ang ating mensahe, ang batong ating kinatatayuan, ang pundasyon ng lahat sa Simbahan. Tulad ng lahat ng nagmumula sa Diyos, ang doktrinang ito ay dalisay, malinaw, madaling maunawaan—kahit ng isang bata. Malugod naming inaanyayahan ang lahat na tanggapin ito.

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, “naniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9). Ibig sabihin kahit na marami pa tayong hindi alam o nauunawaan, ang mga katotohanan at doktrinang natanggap natin ay dumating at patuloy na darating sa pamamagitan ng banal na paghahayag. Sa ilang kaugalian sa relihiyon, sinasabi ng mga iskolar nila na ang kanilang awtoridad na magturo ay kapantay ng pamunuan ng relihiyon, at ang mga bagay ukol sa doktrina ay maaaring maging tagisan ng kanilang mga opinyon. Ang ilan ay nakasalig sa malalaking konsehong nagtataguyod ng pagkakaisa ng mga Kristiyano at sa kanilang mga turo. Ang iba naman ay nakatuong mabuti sa pagsisikap ng mga iskolar, pagkaraang mamatay ang mga apostol, na pag-aralan ang paraan ng interpretasyon ng Biblia at paggawa ng interpretasyon nito. Pinahahalagahan natin ang karunungan

na nagpapaigi sa pang-unawa, ngunit sa Simbahan ngayon, tulad noon, ang pagbuo ng doktrina ni Cristo o pagwawasto ng mga paglihis sa doktrina ay inihahayag ng langit sa mga taong pinagkalooban ng Panginoon ng karapatan bilang apostol.²

Noong 1954, si Pangulong J. Reuben Clark Jr., na tagapayo noon sa Unang Panguluhan, ay nagpaliwanag kung paano ipinalalaganap ang doktrina sa Simbahan at ang mahalagang tungkuling ginagampanan ng Pangulo ng Simbahan. Sa pagsasalita tungkol sa mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, sinabi niya: “Dapat [nating tandaan] na ang ilan sa mga General Authority ay nabigyan ng natatanging tungkulin; maytaglay silang espesyal na kaloob; sila ay sinang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, na nagbibigay sa kanila ng espirituwal na kaloob na may kaugnayan sa kanilang pagtuturo sa mga tao. Sila ay may karapatan, kapangyarihan, at awtoridad na ipahayag ang kalooban at kagustuhan ng Diyos sa kanyang mga tao, sa ilalim ng buong kapangyarihan at awtoridad ng Pangulo ng Simbahan. Ang ibang mga General Authority ay hindi nabibigyan ng ganitong espesyal na espirituwal na kaloob at awtoridad sa kanilang pagtuturo; sila ay may kaukulang limitasyon, at ang limitasyon ng kanilang kapangyarihan at awtoridad sa pagtuturo ay angkop sa iba pang mga pinuno at miyembro ng Simbahan, sapagkat wala ni isa sa kanila ang espirituwal na pinagkalooban na gaya ng propeta, tagakita, at tagapaghayag. Bukod pa rito, gaya ng kasasaad lamang, ang Pangulo ng Simbahan ay may higit at natatanging espirituwal na kaloob hinggil sa bagay na ito, sapagkat siya ang Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag para sa buong Simbahan.”³

Paano inihahayag ng Tagapagligtas ang Kanyang kalooban at doktrina sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag? Maaari Siyang magsugo o Siya mismo ang mangusap. Maaaring Siya mismo ang magsalita o sa pamamagitan ng tinig ng Banal na Espiritu— isang pakikipag-ugnayan ng Espiritu



sa espiritu na maipararating sa salita o sa damdamin na nagpaparating ng pang-unawang hindi kayang ipaliwanag (tingnan sa 1 Nephi 17:45; D at T 9:8). Maaari Siyang mangusap sa bawat isa sa Kanyang mga lingkod o sa lupon ng Kanyang mga lingkod (tingnan sa 3 Nephi 27:1–8).

Babanggit ako ng dalawang salaysay mula sa Bagong Tipan. Ang una ay isang paghahayag na ibinigay sa pinuno ng Simbahan. Sa unang bahagi ng aklat ng Mga Gawa, makikita natin na ang mga Apostol ni Cristo ay sa mga Judio lamang nangangaral ng ebanghelyo, na sinusunod ang huwaran ng ministeryo ni Jesus (tingnan sa Mateo 15:24), ngunit ngayon, ayon sa takdang oras ng Panginoon, dumating na ang panahon para baguhin

ito. Sa Joppe, nanaginip si Pedro na nakakita siya ng iba't ibang klase ng hayop sa “isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok” (Mga Gawa 10:11) na ibinaba sa lupa mula sa langit at inutusan siyang “magpatay, at kumain” (Mga Gawa 10:13). Nagatubili si Pedro dahil ang ilan sa mga hayop ay “marumi” ayon sa batas ni Moises, at hindi kailanman nilabag ni Pedro ang kautusang huwag kainin ang mga iyon. Gayunman, sinabi ng tinig kay Pedro sa kanyang panaginip, “Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na marumi” (Mga Gawa 10:15).

Naging malinaw ang kahulugan ng panaginip nang hindi pa natatagalan pagkatapos niyon, dumating sa tirahan ni Pedro ang ilang lalaking isinugo ng



Romanong senturion na si Cornelio at hiniling nila na pumunta siya sa kanilang pinuno para turuan ito. Natipon ni Cornelio ang malaking grupo ng mga kamag-anak at kaibigan, at nang makitang sabik silang naghihintay na matanggap ang kanyang mensahe, sinabi ni Pedro:

“Ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang tao’y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal. . .

“ . . . Tunay ngang natatalastastako na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao:

“Kundi sa bawa’t bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya” (Mga Gawa 10:28, 34–35; tingnan din sa mga talata 17–24).

“Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakinig ng salita.

“At silang [mga kasama ni Pedro] ay nangamanghang lahat . . . sapagka’t ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo.

“ . . . Nang magkagayo’y sumagot si Pedro,

“Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?” (Mga Gawa 10:44–47).

Sa karanasang ito at paghahayag

kay Pedro, binago ng Panginoon ang kaugalian sa Simbahan at higit na ipinaunawa ang doktrina sa Kanyang mga disipulo sa pamamagitan ng paghahayag. Kaya nga ang pangangaral ng ebanghelyo ay lumaganap sa buong sangkatauhan.

Sa bandang huli sa aklat na Mga Gawa, makikita natin ang tila kaugnay na paglalarawan, na sa pagkakataong ito ay nagpapakita kung paano maaaring dumating sa isang kapulungan ang paghahayag hinggil sa doktrina. Nagkaroon ng pagtatalo kung ang pagpapatuling kailangan sa ilalim ng batas ni Moises ay dapat ituring na isang kautusan sa ebanghelyo at Simbahan ni Cristo (tingnan sa Mga Gawa 15:1, 5). “At nangagkatipon ang mga apostol at ang mga [elder] upang pagusapan ang bagay na ito” (Mga Gawa 15:6). Ang ating tala tungkol sa kapulungang ito ay hindi kumpleto, ngunit sinabi sa atin na pagkaraan ng “maraming pagtatalo” (Mga Gawa 15:7), tumindig si Pedro, ang senior na Apostol, at ipinahayag ang bagay na pinagtibay sa kanya ng Banal na Espiritu. Ipinaalala niya sa kapulungan na nang simulang ipangaral ang ebanghelyo sa hindi tuling mga Gentil sa bahay ni Cornelio, natanggap nila ang Espiritu Santo na tulad ng mga binyagang tuling Judio. Sabi niya, ang Diyos ay “hindi nagtatangi sa kanila, na nilinis sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang mga puso.

“Ngayon nga bakit ninyo tinutukso ang Dios, na inyong nilalagyan ng pamatok ang batok ng mga alagad na kahit ang ating mga magulang ni tayo man ay hindi maaaring makadala?

“Datapuwa’t naniniwala tayo na tayo’y mangaliligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesus, na gaya rin naman nila” (Mga Gawa 15:9–11; tingnan din sa talata 8).

Matapos magsalita sina Pablo, Bernabe, at marahil ay ang iba pa para suportahan ang sinabi ni Pedro, isinusog ni Santiago na ipatupad ang desisyon sa isang liham sa Simbahan, at “[nagkaisa]” ang kapulungan (Mga Gawa 15:25; tingnan din sa mga talata 12–23). Sa liham na nagsasaad

ng kanilang desisyon, sinabi ng mga Apostol, “Minagaling ng Espiritu Santo, at namin” (Mga Gawa 15:28), o sa madaling salita, ang desisyong ito ay dumating sa pamamagitan ng banal na paghahayag ng Banal na Espiritu.

Ang mga huwarang ito ay sinusunod ngayon sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Ang Pangulo ng Simbahan ay maaaring maglahad o magbigay-kahulugan sa mga doktrina batay sa paghahayag sa kanya (tingnan, halimbawa ang D at T 138). Ang paliwanag ukol sa doktrina ay maaari ding dumating sa pamamagitan ng magkasamang kapulungan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan, halimbawa ang, Opisyal na Pahayag 2). Palaging nababanggit sa pinag-uusapan sa kapulungan ang mga banal na kasulatan, mga turo ng mga lider ng Simbahan, at mga dating ginagawa. Ngunit sa huli, tulad sa Simbahan sa Bagong Tipan, ang adhikain ay hindi lamang ang magkaisa ang mga miyembro ng kapulungan kundi ang magtamo ng paghahayag mula sa Diyos. Ito ay prosesong kinapapalooban kapwa ng katwiran at pananampalataya na makamit ang kagustuhan at kalooban ng Panginoon.⁴

Dapat ding alalahanin na hindi lahat ng pahayag ng isang lider ng Simbahan, noon o ngayon, ay doktrina na kaagad. Nauunawaan ng lahat sa Simbahan na ang isang pahayag ng isang lider sa isang pagkakataon ay kadalasang kumakatawan sa personal na opinyon, bagama’t pinag-isipang mabuti, at hindi nilayong maging opisyal o maybisa sa buong Simbahan. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na “ang propeta [ay] isang propeta lamang kapag kumikilos siya bilang gayon.”⁵ Si Pangulong Clark, na nabanggit kanina, ay nagsabing:

“Sa puntong ito isang spleng kuwento ang isinalaysay sa akin ng tatay ko noong bata pa ako, hindi ko alam kung sa anong awtoridad, ngunit inilalarawan nito ang puntong iyon. Ikinuwento niya na noong nagkakagulo ang mga tao sa pagdating ng [Johnston] Army, si Brother Brigham ay nangangaral sa mga tao isang

umaga sa pulong na nagpapahayag ng matinding pagtutol sa paparating na hukbo, at paglaban at pagtaboy sa mga ito pabalik. Sa pulong sa hapon siya ay tumindig at sinabing si Brigham Young ang nagsalita kaninang umaga, ngunit ang Panginoon naman ang magsasalita ngayon. At ibinigay niya ang isang mensahe, na ang mensahe ay kabaligtaran ng sinabi noong umaga. . . .

“ . . . Malalaman ng Simbahan sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo sa mga miyembro kung ang mga kapatid ay ‘pinakikilos ng Espiritu Santo’ sa paglalahad ng kanilang pananaw; at sa tamang panahon ang kaalamang iyon ay ipamamalas.”⁶

Pinagtibay ni Propetang Joseph Smith ang mahalagang tungkuling ginagampanan ng Tagapagligtas sa ating doktrina sa isang mahalagang pahayag: “Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit: at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito.”⁷ Nagpatotoo si Joseph Smith na si Jesus

ay buhay, “sapagkat siya ay [kanyang] nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama” (D at T 76:23; tingnan din sa talata 22). Sumasamo ako sa lahat ng nakikinig o bumabasa sa mensaheng ito na hangarin sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang patotoo ring iyon ukol sa banal na pagkatao, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Tanggapin ang Kanyang doktrina sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay habambuhay ninyong sundin ang mga batas at tipan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa pagsapit ng pagdiriwang natin ng Paskua, ipinahahayag ko ang aking patotoo na si Jesus ng Nazaret ang Anak ng Diyos, ang mismong Mesiyas na ipinropesiya noong unang panahon. Siya ang Cristo, na nagdusa sa Getsemani, namatay sa krus, inilibing, at tunay na nagbangong muli sa ikatlong araw. Siya ang nabuhay na mag-uling Panginoon, na sa pamamagitan Niya tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli at lahat ng magnanais ay matutubos at

dadakilain sa Kanyang kaharian sa langit. Ito ang ating doktrina, na nagpapatunay sa lahat ng naunang mga tipan ni Jesucristo at sinariwa sa ating panahon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Neal A. Maxwell, “From the Beginning,” *Ensign*, Nob. 1993, 18–19: “Nagpayo si Santiago laban sa ‘mga pagaaway [ng mga miyembro]’ ng Simbahan (Santiago 4:1). Ikinalungkot ni Pablo ang ‘mga pagkakabahabahagi’ sa Simbahan at kung paanong hindi pinatawad ng ‘mga ganid na lobo’ ang ‘kawan’ (I Mga Taga Corinto 11:18; Mga Gawa 20:29–31). Alam niyang may parating na apostasiya at isinulat sa mga taga-Tesalonica na ang ikalawang pagparito ni Jesus ay hindi magaganap ‘maliban [na] dumating [muna] ang pagtaliwakas’; na nagpapayo na ‘ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na’ (II Mga Taga Tesalonica 2:3, 7).

“Sa bandang huli, kinilala ni Pablo kung gaano kalawak ang pagtalikod sa katotohanan: ‘Nagsihawalay sa akin ang lahat ng nangasa Asia’ (II Kay Timoteo 1:15). . . .

“Ang laganap na pangangalunya at pagsamba sa mga diyus-diyosan ay nakabahala sa mga apostol (tingnan sa I Mga Taga Corinto 5:9; Mga Taga Efeso 5:3; Judas 1:7). Nagdalamhati sina Juan at Pablo sa paglitaw ng mga huwad na Apostol (tingnan sa II Mga Taga Corinto 11:13; Apocalipsis. 2:2). Malinaw na inaatake ang Simbahan. Ang ilan ay hindi lamang nag-apostasiya kundi hayagang sumalungat. Sa isang sitwasyon, mag-isang nanindigan si Pablo at nagdalamhati nang ‘walang kumampi sa akin’ (II Kay Timoteo 4:16). Pinuna rin niya ang mga ‘nagsisipanggulo sa buong mga sangbahayan’ (Kay Tito 1:11).

“Ang ilang lokal na lider ay nagrebelde, tulad noong hindi tanggapin ng isa, na gustung-gusto ang mataas niyang katungkulan, ang mga kapatid (tingnan sa III Ni Juan 1:9–10).

“Kaya pala napansin ni Pangulong Brigham Young: ‘Sinasabi na inalis ang Priesthood sa Simbahan, ngunit hindi iyan totoo, ang Simbahan ang lumayo sa Priesthood’ (sa *Journal of Discourses*, 12:69).”

Sa paglipas ng panahon, gaya ng sabi ni Elder Maxwell, “katwiran, na tradisyon ng pamimilosopo ng mga Griyego, ang nangibabaw, at humalili, sa pag-asa sa paghahayag, na malamang ay bunga na pinabilis ng mga Kristiyanong mabuti ang layon na gustong ipatanggap sa kultura ang kanilang mga pinaniniwalaan. . . .

“ . . . Mag-ingat [din] tayo sa pag-aakma ng inihayag na teolohiya sa karaniwang karunungan” (*Ensign*, Nob. 1993, 19–20).

2. Ang mga apostol at propetang tulad ni Joseph Smith ay nagpapahayag ng salita ng Diyos, ngunit bukod pa rito, naniniwala tayo na karaniwan ay matututo sa at magagabayan ng banal na inspirasyon



ang kalalakihan at kababaihan at maging ang mga bata bilang sagot sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Tulad noong panahon ng mga sinaunang Apostol, ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay binibigyan ng kaloob na Espiritu Santo, na nagbibigay-daan sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa kanilang Ama sa Langit o, sa madaling salita, sa personal na paghahayag (tingnan sa Mga Gawa 2:37–38). Sa ganitong paraan, ang Simbahan ay nagiging grupo ng tapat at espirituwal na mga tao na ang pananampalataya ay hindi bulag kundi nakakakita—nabigyang-kaalaman at pinagtibay ng Banal na Espiritu. Hindi ito nangangahulugan na bawat miyembro ay magsasalita para sa Simbahan o maaaring magpaliwanag sa mga doktrina nito kundi bawat isa ay makatatanggap ng banal na patnubay sa pagharap sa mga hamon at oportunidad sa kanyang buhay.

3. J. Reuben Clark Jr., “When Are Church Leaders’ Words Entitled to Claim of Scripture?” *Church News*, Hulyo 31, 1954, 9–10; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 28:1–2, 6–7, 11–13.

4. Ang kailangang paghahanda at kwalipikasyon para sa mga makikibahagi sa kapulungan ay “kabutihan, . . . kabanalan, at kababaaan ng puso, kaamuan at mahabang pagtititiis, . . . pananampalataya, at kabaitan, at kaalaman, kahinahunan, pagtititiis, pagkamaka-diyos, pagmamahal pangkapatid at pag-ibig sa kapwa-tao;

“Dahil ang pangako ay, kung ang mga bagay na ito ay nananagana sa kanila sila ay hindi magiging di mabunga sa kaalaman ng Panginoon” (Doktrina at mga Tipan 107:30–31).

5. Joseph Smith, sa *History of the Church*, 5:265.

6. J. Reuben Clark Jr., “Church Leaders’ Words,” 10. Patungkol sa ikinuwento ng tatay niya tungkol kay Brigham Young, isinulat pa ni Pangulong Clark:

“Hindi ko alam kung nangyayari nga ito, ngunit sinasabi kong naglalarawan ito ng isang alituntunin—na maging ang Pangulo ng Simbahan, mismo, ay maaaring hindi palaging ‘pinakikilos ng Espiritu Santo,’ kapag nagsasalita siya sa mga tao. Nangyayari ito sa mga bagay na may kinalaman sa doktrina (na karaniwang batay sa sariling pananaw) kung saan nadarama ng sumunod na mga Pangulo ng Simbahan at ng mga tao mismo na sa pagpapahayag ng doktrina, ang nagsalita ay hindi ‘pinakikilos ng Espiritu Santo.’

“Paano malalaman ng Simbahan kung ang mga pananaw na ito ng mga kapatid hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa doktrina ay naaayon sa mga alituntunin kung kaya’t ang mga nagsasalita nito ay ‘pinakikilos ng Espiritu Santo?’ Malalaman ng Simbahan sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo sa mga miyembro kung ang mga kapatid ay ‘pinakikilos ng Espiritu Santo’ sa paglalalahad ng kanilang pananaw; at sa tamang panahon ang kaalamang iyon ay ipamamalas” (“Church Leaders’ Words,” 10).

7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Ang Takbo ng Buhay

Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito? Saan tayo pupunta pagkamatay natin? Hindi na mananatiling walang sagot ang mga tanong na ito ng sansinukob.

Mahal kong mga kapatid, sa umagang ito nais kong magsalita sa inyo tungkol sa mga walang-hanggang katotohanan—mga katotohanang magpapabuti ng ating buhay at gagabay sa atin sa ligtas na pagbalik sa ating Ama sa Langit.

Saanmang lugar ay nagmamadali ang mga tao. Mabilis na inililipad ng mga eroplano ang mahahalagang taong sakay nito patawid sa malalawak na kontinente at malalaking karagatan para makadalo sa mga miting na ukol sa negosyo, makatugon sa mga obligasyon, makapagbakasyon, o makabisita sa mga kapamilya. Ang mga kalsada sa lahat ng dako—pati na mga freeway, thruway, at motorway—ay dinaraan ng milyun-milyong sasakyan, sakay ang milyun-milyong katao, na tila walang-tigil sa pagdaloy at para sa iba’t ibang kadahilanan habang minamadali natin ang mga gawain sa bawat araw.

Sa napakabilis na takbo ng buhay na ito, tumitigil ba tayo sandali para magnilay—para mag-isip kahit tungkol sa mga walang-hanggang katotohanan?

Kumpara sa mga walang-hanggang katotohanan, karamihan sa mga tanong natin sa buhay araw-araw ay talagang walang halaga. Ano ang kakainin natin? Anong kulay ang

ipipintura natin sa salas? Isasali ba natin si Johnny sa soccer? Ang mga tanong na ito at napakarami pang ibang katulad nito ay nawawalan ng halaga sa oras ng krisis, kapag nasaktan o nasugatan ang mga mahal sa buhay, kapag may nagkasakit, kapag nagkasakit nang malubha at malapit nang mamatay ang isang tao. Lumilinaw ang ating isipan, at madali nating natutukoy kung ano ang talagang mahalaga at ano ang walang halaga.

Nakausap ko kamakailan ang isang babaeng mahigit dalawang taon nang nakikibaka sa isang sakit na naka-mamatay. Sinabi niya na bago siya nagkasakit, marami siyang ginagawa araw-araw tulad ng paglilinis nang husto ng bahay at pagpupuno nito ng magaganda at mamahaling kasangkapan. Pumupunta siya nang dalawang beses sa isang linggo sa parlor at gumugugol ng pera at oras bawat buwan sa kabibili ng damit. Bihira niyang imbitahang bumisita ang kanyang mga apo, dahil lagi siyang nag-aalala na baka mabasag o masira ng munti at walang-ingat nilang mga kamay ang mamahalin niyang mga ari-arian.

Pagkatapos ay nakatanggap siya ng nakakagulat na balita na nanganganib ang kanyang buhay at baka hindi na siya magtagal. Sinabi niya na nang



marinig niya ang resulta ng pagsusuri ng doktor, alam niya kaagad na iuukol niya ang nalalabi niyang panahon sa kanyang pamilya at mga kaibigan at itutuon ang kanyang buhay sa ebanghelyo, dahil ang mga ito ang pinakamahalaga sa kanya.

Ang gayong mga oras ng kaliwagan ay dumarating sa ating lahat anumang oras, bagama't hindi laging ganito katindi ang sitwasyon. Malinaw nating nakikita ang pinakamahalaga sa ating buhay at kung paano tayo dapat mamuhay.

Sabi ng Tagapagligtas:

“Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito’y

sumisira ang mga tanga at ang kalawang, at dito’y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

“Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo’y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo’y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

“Sapagka’t kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doon ang iyong puso.”¹

Sa mga oras ng ating pinakamalalim na pagmumuni-muni o pinakamabigat na pangangailangan, humihingi ng tulong sa langit ang kaluluwa ng tao, sa paghahanap ng sagot sa mahihirap

na tanong ng buhay: *Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito? Saan tayo pupunta pagkamatay natin?*

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay hindi natutuklasan sa mga aklat sa paaralan o sa pagtingin sa Internet. Ang mga tanong na ito ay hindi lamang sa mortalidad na ito. Sakop nito ang kawalang-hanggan.

Saan tayo nanggaling? Hindi maiiwasang maisip ang tanong na ito, kung hindi man masabi, ng bawat tao.

Sinabi ni Apostol Pablo sa mga taga-Athens sa Mars’ Hill na “tayo nga’y [anak] ng Dios.”² Dahil alam natin na ang ating katawan ay nagmula sa ating mortal na mga magulang, dapat nating saliksikin ang kahulugan ng pahayag ni Pablo. Ipinahayag ng Panginoon na “ang espiritu at ang katawan ang kaluluwa ng tao.”³ Kung gayon ang espiritu ang anak ng Diyos. Tinukoy Siya ng manunulat ng Sa mga Hebreo bilang “Ama ng mga espiritu.”⁴ Ang mga espiritu ng lahat ng tao ay literal na Kanyang “mga isinilang na anak na lalaki at babae.”⁵

Napapansin natin na sumusulat ang mga inspiradong makata, para mapag-isipan natin ang paksang ito, ng mga nakaaantig na mensahe at pambihirang kaisipan. Isinulat ni William Wordsworth ang katotohanang:

Ang ating pagsilang ay pagtulog at pagkalimot:

Ang kaluluwa natin ay parang Bituin, Umiral na bago pa tayo isinilang,

At malayo ang pinagmulan:

Hindi ganap na nalimutan,

Kundi lubos na napaghandaan,

Lahat tayo’y isinilang na may kabanalan

Mula sa Diyos, na siyang ating tahanan:

*Bilang sanggol tayo’y malapit sa kalangitan!*⁶

Pinagninilayan ng mga magulang ang kanilang responsibilidad na magturo, magbigay ng inspirasyon, patnubay, gabay, at mabuting halimbawa. At habang nagninilay ang mga magulang, nagtatanong ang mga bata—lalo na ang mga kabataan—ng isang napakahalagang tanong, bakit

tayo narito? Karaniwan, tahimik itong sinasabi sa kaluluwa nang ganito, bakit *ako* narito?

Dapat tayong magpasalamat nang husto sa matalinong Lumikhang lumalang ng isang mundo at inilagay tayo rito, na may lambong ng pagkalinot tungkol sa ating pinagmulan para subukan tayo, isang pagkakataong patunayan ang ating sarili upang maging karapat-dapat sa lahat ng inihanda ng Diyos na matanggap natin.

Malinaw na ang isang pangunahing layunin ng pagparito natin sa lupa ay ang magkaroon ng katawang may laman at mga buto. Binigyan din tayo ng kaloob na kalayaan. Sa napakaraming paraan may pribilehiyo tayong magpasiya para sa ating sarili. Dito tayo natututo mula sa mahihirap na karanasan. Nahihiwatigan natin ang mabuti at masama. Alam natin ang pagkakaiba ng mapait sa matamis. Alam natin na may mga bunga ang ating mga ginagawa.

Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, maaari tayong maging karapat-dapat sa “bahay” na binanggit ni Jesus nang sabihin Niyang: “Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan. . . . ako’y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan . . . upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.”⁷

Bagama’t tayo ay “isinilang na may kabanalan,” sa mortalidad, walang humpay na sumusulong ang buhay. Nagiging tinedyer ang bata, at hindi napapansin ang kanyang pagtanda. Mula sa ating karanasan natutuhan nating humingi ng tulong sa langit habang patuloy tayong naglalakbay sa landas ng buhay na ito.

Minarkahan ng ating Diyos Ama at ni Jesucristo, na ating Panginoon, ang landas tungo sa kasakdalan. Tinatawag Nila tayo na sundin ang mga walang-hanggang katotohanan at maging sakdal, na tulad Nila na sakdal.⁸

Inihalintulad ni Apostol Pablo ang buhay sa isang karera ng takbuhan. Hinimok niya ang mga Hebreo, “Itabi . . . ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin.”⁹

Sa ating pagsusumigasig, huwag nating kaligtaan ang mahusay na payo sa Ecclesiastes: “Ang paguunahan ay hindi sa mga matulin, ni ang pagbabaka man ay sa mga malakas.”¹⁰ Ang totoo, ang gantimpala ay sa kanya na nagtitiis hanggang wakas.

Kapag pinag-iisipan ko ang takbo ng buhay, naaalala ko ang isa pang uri ng pagtakbo, maging noong bata pa ako. Kumukuha kami ng laseta ng mga kaibigan ko at, mula sa malambot na kahoy ng isang punong willow, gumagawa kami ng maliliit na bangka-bangkaan. Kapag nalagyan na ng tatsulok na layag ang bangka-bangkaan, ipupuwesto na ng bawat isa ang kanyang bangka-bangkaan para magkarera sa maalong Provo River ng Utah. Tumatakbo kami sa tabi ng ilog at nakamasid sa maliliit na bangkang kung minsan ay lulubog-lilitaw sa mabilis na alon at kung minsan ay payapang naglalayag habang palalim ang tubig.

Sa isang partikular na karera ng mga bangka-bangkaan napansin namin na may isang bangkang nangunguna sa lahat papunta sa finish line. Bigla itong tinangay ng alon nang napakalapit sa malaking uliuli, at tumagilid ang bangka at tumaob. Natangay ito nang paikut-ikot, at hindi makabalik sa daloy ng agos. Sa wakas tumigil din ito sa gitna ng mga labi ng mga sirang barko at kargamento na pumaligid dito, at sumabit sa berdeng mga lumot.

Ang mga bangka-bangkaan noong kabataan ko ay walang katig na pamapatag, walang timon na magbibigay ng direksyon, at walang makinarya. Hindi maiwasang ang kanilang destinasyon ay pababa—ang landas na hindi na malalabanan.

Hindi katulad ng mga bangka-bangkaan, binigyan tayo ng mga banal na katangian upang gabayan tayo sa ating paglalakbay. Naparito tayo sa mortal na buhay na ito hindi para magpatangay sa agos ng buhay kundi nang may kakayahang mag-isip, magpasiya, at magtagumpay.

Hindi tayo pinapunta rito ng ating Ama sa Langit sa ating walang-hanggang paglalakbay nang hindi naglalaan ng paraan upang

matanggap natin mula sa Kanya ang patnubay na titiyak sa ating ligtas na pagbalik. Ang tinutukoy ko ay ang panalangin. Tinutukoy ko rin ang mga bulong ng marahan at banayad na tinig; at hindi ko kinaliligtaan ang mga banal na kasulatan, na naglalaman ng salita ng Panginoon at mga salita ng mga propeta—na ibinigay sa atin upang tulungan tayong matagumpay na marating ang finish line.

Sa ilang panahon sa ating mortalidad, nakadarama tayo ng pag-aalinlangan, pananamlay ng ngiti, pasakit ng karamdaman—pati na ang pagwawakas ng kabataan, pagputi ng buhok, pagtanda, at kamatayan.

Lahat ng taong mapag-isip ay naitanong na sa kanyang sarili ang sinabi ni Job noong araw: “Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?”¹¹ Subukan man nating iwaksi ang tanong na iyan sa ating isipan, lagi itong bumabalik. Dumarating sa lahat ng tao ang kamatayan. Dumarating ito sa matatanda kapag mabagal na silang lumakad. Ang pagtawag nito ay naririnig ng mga taong halos hindi nakarating sa katanghalian ng buhay. At madalas ay pinatahimik nito ang halakhak ng mga batang musmos.

Ngunit may buhay ba pagkatapos ng kamatayan? Kamatayan ba ang wakas ng lahat? Tinuligsa ni Robert

Salvador, Brazil



Blatchford, sa kanyang aklat na *God and My Neighbor*, ang mga paniniwala ng mga Kristiyano tungkol sa Diyos, kay Cristo, sa panalangin, at lalo na sa imortalidad. Buong tapang niyang ipinahayag na ang kamatayan ang katapusan ng ating pag-iral at walang sinumang makapagpapatunay na may buhay pa pagkatapos ng kamatayan. Pagkatapos may nangyaring naka-kagulat. Biglang gumuho ang kawalang-paniniwala niya. Naiwan siyang nag-iisa at walang kalaban-laban.

Unti-unti siyang bumalik sa panampalataya na kanyang tinuligsa at tinalikuran. Ano ang nagpabago nang malaki sa kanyang pananaw? Namatay ang kanyang asawa. Naghihinagpis na nagtungo siya sa silid kung saan nakahimlay ang mortal na katawan nito. Minasdan niyang muli ang mukha ng kanyang pinakamamahal. Sa kanyang paglabas sa silid, sinabi niya sa isang kaibigan: “Siya iyon, pero parang hindi. Parang nabago ang lahat. Isang bagay na naroon ang kinuha sa kanya. Hindi na siya ang dati. Ano ang nawala kung hindi ang kaluluwa?”

Kalaunan ay isinulat niya: “Ang kamatayan ay hindi ang iniisip ng ilang tao. Ito ay parang pagpasok lang sa isa pang silid. Sa silid na iyan makikita natin . . . ang mahal nating kababaihan at kalalakihan at magigiliw na bata na minahal natin at pumanaw.”¹²

Mga kapatid ko, alam natin na hindi kamatayan ang wakas. Ang katoohanang ito ay itinuro ng mga buhay na propeta sa lahat ng panahon. Makikita rin ito sa ating mga banal na kasulatan. Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang partikular at nakapapanatag na mga salitang ito:

“Ngayon, hinggil sa kalagayan ng kaluluwa sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli—Masdan, ipinaalam sa akin ng isang anghel, na ang espiritu ng lahat ng tao matapos na sila ay lumisan sa katawang mortal na ito, oo, ang espiritu ng lahat ng tao, maging sila man ay mabuti o masama, ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay.

“At sa gayon ito ay mangyayari na ang mga espiritu ng yaong mabuti ay tatanggapin sa kalagayan ng



kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan.”¹³

Matapos ipako sa krus ang Tagapagligtas at ang Kanyang katawan ay mahimlay sa libingan nang tatlong araw, muling pumasok ang espiritu. Iginulong ang bato ng libingan, at lumabas ang Manunubos, na nabibihisan ng imortal na katawang may laman at mga buto.

Nasagot ang tanong ni Job, “Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?” nang pumunta si Maria at ang iba pa sa libingan at nakita ang dalawang lalaking nakasuot ng makinang na damit na nangusap sa kanila: “Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa’t nagbangon.”¹⁴

Dahil nadaig ni Cristo ang kamatayan, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Ito ang katubusan ng kaluluwa. Isinulat ni Pablo: “Mayroon[ng] . . . mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwa’t iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba ang ukol sa lupa.”¹⁵

Selestiyal na kaluwalhatian ang hangad natin. Sa piling ng Diyos natin nais manirahan. Nais nating mapabilang sa pamilyang walang hanggan. Ang mga pagpapalang iyan ay makakamtan sa pamamagitan ng habambuhay na pagsisikap, pagsusumigasig, pagsisisi, at sa huli ay pagtatagumpay.

Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito? Saan tayo pupunta pagkamatay natin? Hindi na mananatiling walang sagot ang mga tanong na ito

ng sansinukob. Mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa at may lubos na pagpapakumbaba, pinatotohanan ko na totoo ang mga sinabi ko.

Nagagalak ang ating Ama sa Langit sa mga sumusunod sa Kanyang mga utos. Nag-aalala Siya sa batang nawawala, sa makupad na tinedyer, sa naliligaw na kabataan, sa iresponsableng magulang. Magiliw na nangusap ang Panginoon sa kanila, at maging sa lahat: “Magsibalik kayo. Magsilapit kayo. Magsipasok kayo. Magsiuwi kayo. Magsilapit sa akin.”

Sa isang linggo ay ipagdiriwang natin ang Paskua. Matutuon ang ating isipan sa buhay ng Tagapagligtas, sa Kanyang kamatayan at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Bilang Kanyang natatanging saksi, pinatotohanan ko sa inyo na buhay Siya, at hinihintay Niya ang matagumpay nating pagbalik. Nawa’y matagumpay tayong makabalik, ang mapakumbaba kong panalangin sa Kanyang banal na pangalan—maging si Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Manunubos, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 6:19–21.
2. Mga Gawa 17:29.
3. Doktrina at mga Tipan 88:15.
4. Sa mga Hebreo 12:9.
5. Doktrina at mga Tipan 76:24.
6. William Wordsworth, *Ode: Intimations of Immortality from Recollections of Early Childhood* (1884), 23–24.
7. Juan 14:2–3.
8. Tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48.
9. Sa mga Hebreo 12:1.
10. Eclesiastes 9:11.
11. Job 14:14.
12. Tingnan sa Robert Blatchford, *More Things in Heaven and Earth: Adventures in Quest of a Soul* (1925), 11.
13. Alma 40:11–12.
14. Lucas 24:5–6.
15. I Mga Taga Corinto 15:40.



Ni Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Kapangyarihang Magligtas

Tayo ay maliligtas mula sa mga gawain ng masasama sa pamamagitan ng pagbaling sa mga turo ng mga banal na kasulatan.

Mayroon akong napakabait na kaibigan na nagpapadala sa akin ng bagong kurbata na isuot ko sa sesyon kung saan mag-sasalita ako sa bawat pangkalahatang kumperensya. Mahusay siyang pumili, 'di ba?

Ang bata kong kaibigan ay dumaranas ng ilang mahihirap na pagsu-bok. Nalilimitahan siya nito sa ilang kaparaanan, ngunit sa ibang bagay ay kahanga-hanga siya. Halimbawa, ang kanyang katapangan bilang misyonero ay maihahalintulad sa mga anak ni Mosias. Ang kasimplehan ng kanyang paniniwala ay lalo pang nagpatibay at nagpatatag sa kanyang pananalig. Naniniwala ako na hindi maubos-maisip ni Scott kung bakit hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang lahat ng tao at hindi pa nababasa ng lahat ang Aklat ni Mormon at wala pang patotoo sa katotohanan nito.

Hayaan ninyong ikuwento ko sa inyo ang isang pangyayari sa buhay ni Scott nang una siyang mag-isang sumakay sa eroplano para bisitahin ang

kanyang kapatid. Isang kapitbahay na nasa kalapit na upuan ang nakarinig sa pakikipag-usap ni Scott sa taong katabi niya:

“Hello, ang pangalan ko ay Scott. Ano’ng pangalan mo?”

Sinabi ng kanyang katabi ang pangalan nito.

“Ano ang trabaho mo?”

“Inhinyero ako.”

“Maganda ‘yan. Saan ka nakatira?”

“Sa Las Vegas.”

“May templo kami roon. Alam mo ba kung nasaan ang templo ng mga Mormon?”

“Oo. Magandang gusali iyon.”

“Mormon ka ba?”

“Hindi.”

“Dapat maging miyembro ka. Magandang relihiyon ito. Nabasa mo na ba ang Aklat ni Mormon?”

“Hindi.”

“Dapat mabasa mo ito. Napakaganda ng aklat na ito.”

Buong puso akong sumasang-ayon kay Scott—ang Aklat ni Mormon ay napakaganda. Ang mga salita ni Propetang Joseph Smith na binanggit

sa pahina ng pambungad ng Aklat ni Mormon ay palaging espesyal sa akin: “Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat.”

Sa taong ito sa ating mga klase sa Sunday School, pinag-aaralan natin ang Aklat ni Mormon. Sa paghahanda at pakikilahok natin, nawa ay mahikayat tayong tularan ang katapangan ni Scott na ibahagi ang ating pagmamahal sa espesyal na banal na kasulatang ito sa mga taong hindi natin karelihiyon.

Ang pangunahing tema ng Aklat ni Mormon ay inilahad sa huling talata ng unang kabanata ng 1 Nephi. Isinulat ni Nephi, “Datapwat masdan, ako, si Nephi, ay magpapatunay sa inyo na ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalihat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, upang gawin silang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas” (1 Nephi 1:20).

Nais kong mangusap kung pa-anong ang Aklat ni Mormon, na magiliw na awa ng Panginoon na inilaan para sa mga huling araw na ito, ay magliligtas sa atin sa pamamagitan ng pagtuturo sa atin ng doktrina ni Cristo sa paraang dalisay at “pinakatumpak.”

Marami sa mga kuwento sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa pagliligtas. Ang paglisan ni Lehi patungo sa ilang kasama ang kanyang pamilya ay tungkol sa kaligtasan mula sa pagkawasak ng Jerusalem. Ang kuwento ng mga Jaredita ay kuwento ng kaligtasan, gayon din ang kuwento ng mga Mulekita. Si Nakababatang Alma ay nailigtas mula sa kasalanan. Ang mga kabataang mandirigma ni Helaman ay nakaligtas sa digmaan. Sina Nephi at Lehi ay iniligtas mula sa bilangguan. Ang tema ng pagliligtas ay makikita sa buong Aklat ni Mormon.

May dalawang kuwento sa Aklat ni Mormon na magkatulad na magkatulad at nagtuturo ng mahalagang aral. Ang una ay sa aklat ni Mosias,



simula sa ika-19 na kabanata. Dito ay nalaman natin ang tungkol kay Haring Limhi na nakatira sa lupain ng Nephi. Nakipagdigmaan ang mga Lamanita sa mga tao ni Limhi. Ang ibinunga ng digmaan ay na hahayaan ng mga Lamanita si Haring Limhi na mamuno sa kanyang sariling mga mamamayan, ngunit sila ay magiging bihag nila. Ito ay walang kapanatagang kapayapaan. (Tingnan sa Mosias 19–20.)

Nang mapuno na ang mga tao ni Limhi sa mga pagpapahirap ng mga Lamanita, hinimok nila ang kanilang

hari na makipagdigmaan sa mga Lamanita. Tatlong beses natalo ang mga tao ni Limhi. Mabibigat na pasanin ang ipinataw sa kanila. Sa huli sila ay nangagpakumbaba at taimtim na nagsumamo sa Panginoon na iligtas Niya sila. (Tingnan sa Mosias 21:1–14.) Sinasabi sa atin sa talata 15 ng kabanata 21 ang sagot ng Panginoon: “At ngayon, ang Panginoon ay mabagal sa pakikinig sa kanilang pagsusumamo dahil sa kanilang mga kasamaan; gayon pa man, dininig ng Panginoon ang kanilang pagsusumamo, at

nagsimulang palambutin ang mga puso ng mga Lamanita kung kaya’t nagsimula nilang pagaanin ang kanilang mga pasanin; gayon man hindi pa minarapat ng Panginoon na palayain sila mula sa pagkaalipin.”

Kalaunan, matapos dumating si Ammon at ang maliit na grupo ng kalalakihan mula sa Zarahemla, at kasama si Gedeon—isa sa mga lider ng mga tao ni Limhi—ginawa ang isang plano na naging matagumpay, at nakaligtas sila sa mga pagpapahirap ng mga Lamanita. Ang Panginoon ay mabagal sa pakikinig sa kanilang mga pagsusumamo. Bakit? Dahil sa kanilang mga kasamaan.

Ang pangalawang kuwento ay kahalintulad nito sa maraming bagay ngunit may pagkakaiba rin. Ang salaysay ay nakatala sa Mosias 24.

Si Alma at ang kanyang mga tao ay naninirahan sa lupain ng Helam, nang mapunta ang isang hukbo ng mga Lamanita sa mga hangganan ng lupain. Nag-usap sila at nagsagawa ng isang mapayapang solusyon. (Tingnan sa Mosias 23:25–29.) Hindi nagtagal nagsimulang ipilit ng mga lider ng mga Lamanita ang kanilang kagustuhan sa mga tao ni Alma at nagpataw ng mabibigat na pasanin sa kanila (tingnan sa Mosias 24:8). Sa talata 13 mababasa natin, “At ito ay nangyari na, na ang tinig ng Panginoon ay nagsusap sa kanila sa kanilang mga paghihirap, sinasabing: Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin.”

Ang mga tao ni Alma ay nailigtas mula sa mga kamay ng mga Lamanita at ligtas na nakabalik at nakasama ang mga tao ng Zarahemla.

Ano ang kaibhan ng mga tao ni Alma at ng mga tao ni Haring Limhi? Kitang-kitang may ilang pagkakaiba: ang mga tao ni Alma ay mapayapa at mas mabubuti; nabinyagan na sila at gumawa ng tipan sa Panginoon; nagpakumbaba sila sa harap ng Panginoon bago pa man nagsimula ang kanilang paghihirap. Ang lahat ng pagkakaibang ito ay tama lamang at makatwiran kaya mabilis silang

nailigtas ng Panginoon sa mahimalang paraan mula sa mga kamay ng mga nang-aalipin sa kanila. Ang mga banal na kasulatang ito ay nagtuturo sa atin ng kapangyarihan ng Panginoon na magligtas.

Ang mga propesiya na nagbabadya sa buhay at misyon ni Jesucristo ay nangako sa atin ng kaligtasan na Kanyang ibibigay. Tayong lahat ay nailigtas ng Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na mag-uli mula sa pisikal na kamatayan at, kung magsisisi tayo, makaliligtas tayo mula sa kamatayang espirituwal, lakip ang mga pagpapala ng buhay na walang hanggan. Ang mga pangako ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, ang mga pangako ng kaligtasan mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan, ay inihiyag ng Diyos kay Moises nang sabihin Niya, “Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Taliwas sa magandang plano para sa atin sa mga banal na kasulatan, nakikita natin ang pagsalungat ng mundo sa matagal nang mga pinaniniwalaan sa mga banal na kasulatan—mga kasulatang nagbibigay sa atin ng gabay sa nakalipas na maraming siglo sa pagtuturo ng mga walang hanggang pinahahalagahan at paman-tayan para maisagawa natin sa buhay. Sinasabi nila na ang mga turo sa Biblia ay mali at ang mga turo ng Panginoon ay hindi napapanahon. Sinasabi nila na bawat tao ay dapat may kalayaang magtakda ng sarili niyang mga paman-tayan; tinangka nilang baguhin ang mga karapatan ng mga naniniwala sa Diyos, taliwas sa itinuro sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta.

Isang pagpapala ang magka-roon ng tala tungkol sa misyon ng ating Panginoon at Tagapagligtas na inilahad sa Aklat ni Mormon na magdaragdag ng pagpapatibay sa doktrinang inihayag sa Biblia. Bakit mahalaga na parehong makamtan ng mundo ang Biblia at Aklat ni Mormon? Naniniwala ako na ang sagot ay matatagpuan sa ika-13 kabanata ng



1 Nephi. Itinala ni Nephi: “At nangu-sap ang anghel sa akin, sinasabing: Ang mga huling talaang ito, na nakita mo sa mga Gentil [ang Aklat ni Mormon], ang magpapatibay sa katotohanan ng una [ang Biblia], na nagmula sa labindalawang apostol ng Kordero, at ipaalam ang malilina at mahahalagang bagay na inalis sa mga yaon; at ipaalam sa lahat ng lahi, wika, at tao, na ang Kordero ng Diyos ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at na ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas” (talata 40).

Hindi sapat kung Biblia lang o Aklat ni Mormon lang. Ang dalawang ito ay mahalaga upang maituro at matutuhan natin ang buo at kumpletong doktrina ni Cristo. Ang pangangailangan sa isa ay hindi nagpapawalanghalaga sa isa man sa mga ito. Ang Biblia at Aklat ni Mormon ay kapwa mahalaga sa ating kaligtasan at kadakilaan. Tulad ng matinding itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: “Kapag magkasamang ginamit, wawasakin ng Biblia at Aklat ni Mormon ang mga

maling doktrina” (“A New Witness for Christ,” *Ensign*, Nob. 1984, 8)).

Gusto kong tapusin ang aking mensahe sa pagtalakay ng dalawang kuwento—ang isa ay mula sa Lumang Tipan, at ang isa ay mula sa Aklat ni Mormon—upang ipakita ang magandang pagkakatumang ng mga aklat.

Ang kuwento tungkol kay Abraham ay nagsimula sa pagkaligtas niya mula sa mga Caldeo na sumasamba sa mga diyus-diyusan (tingnan sa Genesis 11:27–31; Abraham 2:1–4). Sila ng kanyang asawang si Sara, ay nailigtas kalaunan mula sa kalungkutan at pinangakuan na sa pamamagitan ng kanilang mga inapo ang lahat ng bansa sa mundo ay pagpapalain (tingnan sa Genesis 18:18).

Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng salaysay tungkol kay Abraham nang isama niya si Lot, na kanyang pamangkin, palabas ng Egipto. Dahil pinapili ng lupain, pinili ni Lot ang kapatagan ng Jordan, at nagtayo ng tolda na nakaharap sa Sodoma, isang lungsod na napakasama. (Tingnan sa Genesis 13:1–12.) Karamihan sa mga problemang nakaharap kalaunan

ni Lot sa kanyang buhay, at ito ay marami, ay maiuugnay sa kanyang nanang desisyong iharap ang pintuan ng kanyang tolda sa Sodoma.

Si Abraham, ang ama ng matatapat, ay iba ang naranasan sa buhay. Totoong maraming mga pagsubok, ngunit sa kabila nito pinagpala ang kanyang buhay. Hindi natin alam kung saan nakaharap ang pintuan ng tolda ni Abraham, ngunit may malakas na pahiwatig sa huling talata ng ika-13 kabanata ng Genesis. “At binuhat ni Abram [o Abraham] ang kaniyang tolda, at yumaon at tuma-han sa mga punong encina ni Mamre na nasa Hebron, at siya’y nagtayo roon ng dambana sa Panginoon” (Genesis 13:18).

Bagama’t hindi ko alam, naniniwala ako na nakaharap ang pintuan ng tolda ni Abraham sa dambana na kanyang itinayo sa Panginoon. Paano ko naisip ang konklusyong ito? Dahil alam ko ang kuwento sa Aklat ni Mormon tungkol sa mga tagubilin ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao nang magtipon sila upang marinig ang huli niyang mensahe. Iniutos sa kanila ni Haring Benjamin na iharap ang mga pintuan ng kanilang mga tolda sa templo (tingnan sa Mosias 2:1–6).

Tayo ay maliligtas mula sa mga gawain ng masasama sa pamamagitan ng pagbaling sa mga turo ng mga banal na kasulatan. Ang Tagapagligtas ay Dakilang Tagapagligtas, sapagkat iniligtas Niya tayo mula sa kamatayan at mula sa kasalanan (tingnan sa Mga Taga Roma 11:26; 2 Nephi 9:12).

Ipinahahayag ko na si Jesus ang Cristo at na mapapalapit tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo. Ang unang mga tipan ng ating Tagapagligtas ay ang mga Luma at Bagong Tipan—o ang Biblia.

Muli, alalahanin natin ang paglalarawan ng aking kaibigang si Scott tungkol sa Aklat ni Mormon. “Napakaganda ng aklat na ito” At pinatototohanan ko sa inyo na ang kagandahan ng Aklat ni Mormon ay nagmumula halos sa pagkakatugma nito sa Banal na Biblia, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder M. Russell Ballard

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Upang Mahanap ang Naliligaw

Habang ipinamumuhay ninyo ang ebanghelyo at doktrina ni Cristo, gagabayan kayo at ang inyong pamilya ng Espiritu Santo.

Mga kapatid, ayon sa mga banal na kasulatan, ang Liahona ay “isang bilog na bola na kahanga-hanga ang pagkakagawa” na may dalawang ikiran, isa dito ang nagtuturo sa landas na dapat puntahan ng pamilya ni Amang Lehi sa ilang (1 Nephi 16:10).

Palagay ko alam ko na kung bakit nagulat nang husto si Lehi nang una niyang makita ito, dahil naaalala ko ang reaksyon ko nang una akong makakita ng isang GPS unit. Naisip ko na ito ay makabagong kagamitan “na kahanga-hanga ang pagkakagawa.” Kahit paano, sa paraang hindi ko maisip, ang munting gamit na ito, na nasa telepono ko mismo, ay naituturo kung nasaan ako at nasasabi sa akin kung paano pumunta sa nais kong puntahan.

Para sa amin ng asawa kong si Barbara, ang GPS ay isang biyaya. Para kay Barbara ibig sabihin nito ay hindi niya ako kailangang pahintuin para magtanong ng direksiyon; at para sa akin tama ako kapag sinabi kong, “Hindi ko kailangang magtanong. Alam ko kung saan ako pupunta.”

Ngayon, mga kapatid, nasa atin ang

isang kasangkapan na higit na kahanga-hanga kaysa pinakamainam na GPS. Lahat ay naliligaw kahit paano. Sa pamamagitan ng mga paramdam ng Espiritu Santo tayo ay ligtas na naibabalik sa tamang landas, at ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ang makapagpapabalik sa atin.

Ang pagkaligaw ay nangyayari sa buong lipunan gayundin sa bawat tao. Nabubuhay tayo sa panahon kung kailan malaking bahagi ng mundong ito ang naliligaw, lalo na sa mga pinahalalagahan at prayoridad sa loob ng ating mga tahanan.

Isang daang taon na ang nakalilipas, direktang iniugnay ni Pangulong Joseph F. Smith ang kaligayahan sa pamilya at pinayuhan tayong ituo doon ang ating mga pagsisikap. Sabi niya: “Walang anumang tunay na kaligayahan ang maihihiwalay at maibubukod mula sa tahanan. . . . Walang kaligayahan [kung] walang paglilingkod at walang paglilingkod na higit na dakila [kaysa sa paggawa sa] tahanan na isang banal na institusyon, na nagsusulong at nagpapanatili sa buhay pampamilya. . . . Ang tahanan ang

kailangang baguhin” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1998], 39, 40).

Ang ating mga tahanan at pamilya ang kailangang baguhin sa lalong nagiging materyalistiko at sekular na daigdig na ito. Isang nakagugulat na halimbawa ang patuloy na pagbalewala sa kasal dito sa Estados Unidos. Sa simula ng taong ito ay iniulat ng *New York Times* na “ang porsiyento ng mga batang isinilang sa mga babaing hindi ikinasal ay napakataas: mahigit kalahati sa mga ipinapanganak ng kababaihan sa Amerika na wala pang edad 30 ay isinilang nila nang hindi sila ikinasal” (Jason DeParle and Sabrina Tavernise, “Unwed Mothers Now a Majority Before Age of 30,” *New York Times*, Feb. 18, 2012, A1).

Alam din natin na sa bilang ng mga magkasintahan sa Estados Unidos na nagpapakasal, halos kalahati ang nagdidiborsyo. Kahit ang mga mag-asawa ay madalas na nalilihis ng landas dahil hinahayaan nilang may mamagitan ibang bagay sa kanilang pagsasama.

Nakababaha rin ang lumalaking agwat ng mayayaman at mahihirap at ng mga nagsisikap na pangalagaan ang mga pinahahalagahan ng pamilya at ng mga tumigil na sa paggawa nito. Batay sa estadistika, ang mga may mababang pinag-aralan at dahil dito’y maliit ang kinikita ay malamang na hindi na mag-asawa at magsimba at malamang na masangkot sa mga krimen at magkaroon ng mga anak kahit hindi pa kasal. At ang ganitong kalakaran ay nakababaha rin sa iba pang panig ng daigdig. (Tingnan sa W. Bradford Wilcox and others, “No Money, No Honey, No Church: The Deinstitutionalization of Religious Life among the White Working Class,” makukuha sa www.virginia.edu/marriageproject/pdfs/Religion_WorkingPaper.pdf.)

Taliwas sa iniisip noon ng marami, ang kaunlaran at edukasyon ay tila iniuugnay sa pagkakaroon ng tradisyonal na pamilya at pinahahalagahan.

Ang talagang dapat itanong, mangyari pa, ay tungkol sa *dahilan* at *epekto*. Ang ilang sektor ba ng lipunan ay may mas matatag na



pinahahalagahan at mga pamilya *dahil* mas edukado at maunlad sila, o mas edukado at maunlad sila *dahil* may mga pinahahalagahan sila at matatatag na pamilya? Sa pandaigdigang Simbahan na ito alam natin na tama ang huli. Kapag ang mga tao ay matapat sa pamilya at relihiyon at sa mga alituntunin ng ebanghelyo, mas nagiging maunlad sila sa espirituwal na bagay at kadalasan gayundin sa temporal na bagay.

At, siyempre, ang mga lipunan sa pangkalahatan ay napalalakas kapag lalong tumatatag ang mga pamilya. Ang katapatan sa pamilya at mga pinahahalagahan ang pangunahing *dahilan*. Halos lahat ng iba pang bagay ay *epekto* lamang nito. Kapag ang mga magkasintahan ay nagpapakasal at naging matapat sa isa’t isa, nadaragdagan ang pagkakataong umunlad ang kanilang kabuhayan. Kapag ang mga anak ay isinilang sa mag-asawang ikinasal at nariyan kapwa ang kanilang ama at ina, ang kanilang mga oportunidad at tagumpay sa trabaho ay lalong nadaragdagan. At kapag ang mga pamilya ay gumagawa at naglalaro nang sama-sama, ang mga kapitbahayan at komunidad ay umuunlad, nagiging maayos ang kabuhayan, at nababawasan ang gastusin ng gobyerno sa pagtulong sa kanila.

Kaya’t ang masamang balita ay na ang pagkasira ng pamilya ang sanhi ng maraming problema sa lipunan

at kabuhayan. Ngunit ang mabuting balita ay na, gaya ng iba pang sanhi at epekto, ang mga problemang iyon ay maaaring malutas kung babaing ang sanhi ng mga ito. Ang hindi pagkakapantay ay malulutas sa pagsunod sa mga wastong prinsipyo at pinahahalagahan. Mga kapatid, ang pinakamahalagang *dahilan* ng ating buhay ay ang ating mga pamilya. Kung ilalaan natin ang ating sarili dito, mapagbubuti natin ang bawat aspeto ng ating buhay at, bilang mga tao at bilang simbahan, magiging halimbawa at tanglaw tayo sa lahat ng tao sa buong mundo.

Ngunit hindi ito madali sa isang mundo na kung saan ang mga puso ay nakabaling sa maraming direksiyon at ang buong planeta ay tila palaging gumagalaw at nagbabago sa napakabilis na paraan. Walang nananatiling gayon sa matagal na panahon. Ang mga estilo, pananamit, mga uso, pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba, at maging ang pananaw sa tama at mali ay nagbabago. Gaya ng ipinropesiya ng propetang si Isaias, ang mali ay sinasabing tama at ang tama ay sinasabing mali (tingnan sa Isaias 5:20).

Lalong lumalaki ang agwat sa pagitan ng mabuti at masama habang lalong nanlilinlang ang masama at hinahatak ang mga tao na tulad ng isang maitim na magnet—tulad din ng ebanghelyo ng katotohanan at liwanag na humahatak sa matapat ang puso at mararangal na tao sa mundo, na naghahangad ng tama at mabuti.

Maaaring kakaunti ang ating bilang, ngunit bilang mga miyembro ng Simbahang ito maaari tayong tumulong na paliitin ang mga lumalaking agwat na ito. Alam natin ang kapangyarihang dulot ng paglilingkod na nakatuon kay Cristo na nagbibigkis sa mga anak ng Diyos anuman ang kanilang espirituwal na katayuan o katayuan sa buhay. Isang taon na ang nakararaan inanyayahan tayo ng Unang Pangu-luhan na sumali sa isang araw na paglilingkod na gumugunita sa ika-75 taon ng programang pangkapanan, na tumutulong sa mga tao na lalong matustusan ang kanilang mga pangangailangan. Milyun-milyong oras ang

iniambag ng ating mga miyembro sa buong mundo.

Ang Simbahan ay isang kanlungan sa maunos na karagatang ito, isang angkla sa maalon na tubig ng pagbabago at pagkakabaha-bahagi, at tanglaw sa mga nagpapahalaga at naghahangad ng kabutihan. Ginagamit ng Panginoon ang Simbahang ito bilang kasangkapan sa paghatak sa Kanyang mga anak sa buong mundo para mapangalagaan ng Kanyang ebanghelyo.

Ang Espiritu ni Elijah, na walang hangganan, ay dakilang kapangyarihan din sa mga layunin ng Panginoon para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak. Sa mga salita ni Malakias, ibinabaling ng Diwa ng Espiritu Santo “ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang” (Malakias 4:6).

Ang Simbahan ay nagsisilbing halimbawa ng pagbaling ng puso at pinagmumulan ng kabutihan sa mundo. Sa mga miyembro ng Simbahan na ikinasal sa templo at regular na dumadalo sa mga pulong sa Linggo, ang porsiyento ng diborsyo ay talagang napakaliit kung ikukumpara sa mundo, at ang mga pamilya ay nananatiling mas malapit at palaging may komunikasyon sa isa’t isa. Mas malusog ang ating mga pamilya, at mas humahaba ang ating buhay kaysa sa iba. Mas marami tayong naiambag sa pananalapi at mas marami ang nagagawang serbisyo sa mga nangangailangan, at mas ginugusto nating magkaroon ng mas mataas na pinag-aralan. Binabanggit ko ang mga bagay na ito hindi para ipagyang kundi para magpatotoo na mas mainam ang buhay (at mas masaya) kapag ang mga puso ay nakabaling sa pamilya at kapag ang mga pamilya ay namumuhay sa liwanag ng ebanghelyo ni Cristo.

Kung gayon, ano ang magagawa natin upang huwag maligaw? Una, imumungkahi ko na ilista ang ating mga *prayoridad*. Ang lahat ng ginagawa ninyo sa labas ng tahanan ay iayon at isalig ninyo sa nangyayari sa loob ng inyong tahanan. Tandaan ang payo ni Pangulong Harold B. Lee

na “ang pinakamahalagang gawain . . . na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan” (*Mga Turo: Harold B. Lee* [2000], 158) at ang walang-kupas na payo ni Pangulong David O. McKay “Walang ibang tagumpay na makahahalili sa kabiguan sa tahanan” (sinipi mula sa J. E. McCulloch, *Home: The Savior of Civilization* [1924], 42; sa Conference Report, Abr. 1935, 116).

Isaayos ang inyong buhay upang makapaglaan ng oras para sa panalangin at banal na kasulatan at aktibidad ng pamilya. Bigyan ang inyong mga anak ng mga responsibilidad sa tahanan na magtuturo sa kanila kung

paano magtrabaho. Ituro sa kanila na ang pamumuhay ng ebanghelyo ang aakay sa kanila palayo sa karumihan, kaguluhan, at karahasan sa Internet, media, at mga video game. Hindi sila maliligaw, at magiging handa silang humarap sa responsibilidad kapag ipinagkatiwala ito sa kanila.

Pangalawa, kailangan nating gawin ang mga bagay sa *tamang kaayusan!* Magpakasal muna at pagkatapos ay magkaroon ng pamilya. Marami sa mundo ang nakalimot na sa likas na kaayusang ito ng mga bagay at iniisip na mababago nila ito o mababaligtad pa. Alisin ang inyong mga pangamba nang may pananampalataya.





mga anak dapat nating matutuhan sa tahanan na mahalín ang Diyos at malaman na makahihingi tayo sa Kanya ng tulong kapag kailangan. Lahat ng tao, may asawa o wala, ay maaaring lumigaya at sumuporta anumang uri ang inyong pamilya.

At ang huli, gamitin ang *mga magkukunang tulong para sa pamilya* ng Simbahan. Sa pagpapalaki ng mga anak, ang mga pamilya ay makahihingi ng tulong sa ward. Suportahan at makipagtulungan sa priesthood at mga lider ng auxiliary, at samantalahin ang mga programa ng Simbahan para sa kabataan at pamilya. Alalahanin ang isa pang makabuluhang kataga ni Pangulong Lee—na ang Simbahan ay balangkas na suporta na pagsasaligan natin sa pagbuo ng mga walang hanggang pamilya (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2000], 148).

Ngayon, kung sa anumang dahilan ikaw o kayo bilang pamilya ay naligaw, ang kailangan lamang ninyong gawin ay ipamuhay ang mga turo ng Tagapagligtas na nasa Lucas, kabanata 15, upang itama ang inyong landas. Dito ay ikinuwento ng Tagapagligtas ang pagsisikap ng isang pastol sa paghahanap sa kanyang nawawalang tupa, ng babae sa paghahanap ng nawawalang barya, at sa malugod na pagtanggap sa pag-uwi ng alibughang anak. Bakit itinuro ni Jesus ang mga talinghagang ito? Nais Niyang malaman natin na walang sinuman sa atin na maliligaw na hindi makahahanap sa ating daan pabalik sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at Kanyang mga turo.

Habang ipinamumuhay ninyo ang ebanghelyo at doktrina ni Cristo, gagabayan kayo at ang inyong pamilya ng Espiritu Santo. Magkakaroon kayo ng espirituwal na GPS na palaging magsasabi sa inyo kung nasaan na kayo at saan kayo patungo. Nagpapatotoo ako na mahal tayong lahat ng nabuhay na mag-uling Manunubos ng sangkatauhan, at nangako Siya na kung susundin natin Siya, aakayin Niya tayo nang ligtas pabalik sa piling ng ating Ama sa Langit, na pinatotohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Magtiwalang gagabayan kayo ng kapangyarihan ng Diyos.

Sa inyo na hindi pa nag-aasawa, pagtuunang mabuti ng pansin ang paghahanap ninyo ng makakasama sa walang hanggan. Mga kabataang lalaki, alalahanin ang isa pang sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith: “Ang hindi pag-aasawa . . . ay [naghihikayat] sa may mababaw na pag-iisip na [ito ay] kaaya-aya dahil maliit na responsibilidad lang ang [ibinibigay nito]. . . . Ang talagang may kasalanan ay ang mga kabataang lalaki. Dahil mahaba pa ang kanilang panahon ipinagpapaliban nila ang tungkulin at responsibilidad na magkapamilya. . . . Ang mga kababaihan sa Simbahan ang siyang mga biktima . . . [na] mag-aasawa kung maaari, at malugod na tatanggapin ang mga responsibilidad ng buhay-pamilya” (*Gospel*

Doctrine, ika-5 edisyon [1939], 281).

At sa inyo mga kabataang babae, idaragdag ko na hindi rin ninyo dapat kalimutan ang responsibilidad na ito. Walang propesyon na magdudulot sa inyo ng malaking kasiyahan maliban sa pagkakaroon ng pamilya. At kapag nasa edad ko na kayo, mas malalaman ninyong tama ito.

Pangatlo, mga mag-asawa, kayo ay dapat *magkatuwang* sa inyong pagsasama. Basahin nang madalas at unawain ang pagpapahayag tungkol sa pamilya at sundin ito. Iwasan ang anumang uri ng di-makatwirang pamamahala. Walang sinumang nagmamay-ari sa asawa o mga anak; Ang Diyos ang Ama nating lahat at binigyan tayo ng pribilehiyong magkaroon ng sariling pamilya, na dating Kanya lamang, upang tulungan tayong maging higit na katulad Niya. Bilang Kanyang



Ni Elder O. Vincent Haleck
Ng Pitumpu

Magkaroon ng Mithiing Kumilos

Kung gusto nating umunlad sa halip na mapasama, dapat makita natin ang ating sarili kung paano tayo nakikita ng Tagapagligtas.

Tulad ng lahat ng mabubuting magulang, gusto ng mga magulang ko na magkaroon ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak. Hindi miyembro ang aking ama, at dahil sa kakaibang sitwasyon noon, ipinasiya ng aking mga magulang na lisanin naming magkakapatid ang tahanan namin sa American Samoa, sa South Pacific, at magtungo sa Estados Unidos para mag-aral.

Ang desisyong mawalay sa amin ay mahirap sa mga magulang ko, lalo na kay Inay. Alam nila na mahihirapan kami dahil maiiba ang aming kapaligiran. Gayunpaman, itinuloy nila ang plano nang may pananampalataya at determinasyon.

Dahil lumaking Banal sa mga Huling Araw, alam ng aking ina ang mga alituntunin ng pag-aayuno at pagdarasal, at parehong naramdaman ng aking mga magulang na kailangan nila ng pagpapala ng langit para matulungan ang kanilang mga anak. Sa hangaring iyon, nagsimula silang magtakda ng isang araw sa isang linggo para ipag-ayuno at ipagdasal kami. Mithiin nilang ihanda ang kanilang

mga anak para sa isang magandang kinabukasan. Dahil sa mithiing ito, kumilos sila at may pananampalatayang hinangad ang mga pagpapala ng Panginoon. Sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagdarasal, nakadama sila ng katiyakan, kapanatagan, at kapayapaan na magiging maayos ang lahat.

Sa gitna ng mga pagsubok sa buhay, paano tayo nagkakaroon ng pang-unawang kailangan para magawa ang mga bagay na mas maglalapit sa atin sa Tagapagligtas? Sa pagbanggit sa pang-unawa, itinuro ng aklat ng Mga Kawikaan ang katotohanang ito: “Kung saan walang pangitain [pang-unawa], ang bayan ay sumasama” (Mga Kawikaan 29:18). Kung gusto nating umunlad sa halip na mapasama, dapat makita natin ang ating sarili kung paano tayo nakikita ng Tagapagligtas.

Higit pa ang nakita ng Tagapagligtas sa mga hamak na mangingisdang iyon na Kanyang pinasunod sa Kanya kaysa sa nakita nila sa kanilang sarili noon; nakita Niya ang maaaring maging kahinatnan nila. Nakita Niya ang kanilang kabutihan at potensyal,

at tinawag Niya sila. Wala pa silang gaanong karanasan noong una, ngunit nang sumunod sila, nakita nila ang Kanyang halimbawa, naantig ng Kanyang mga turo, at naging Kanyang mga disipulo. May isang pagkakataong lumayo sa Kanya ang ilan sa Kanyang mga disipulo dahil ang mga bagay na narinig nila ay mahirap para sa kanilang gawin. Nababatid na maaaring umalis din ang iba, itinanong ni Jesus sa Labindalawa, “Ibig baga ninyong magsialis din naman?” (Juan 6:67). Nakita sa sagot ni Pedro kung paano siya nagbago at kung paano niya naunawaan kung sino ang Tagapagligtas. “Kanino kami magsisiparoon? ikaw ang mga may salita ng buhay na walang hanggan” (Juan 6:68), ang sagot niya.

Sa pagkaunawang iyon, nagawa ng matatapat na disipulong ito ang mahihirap na bagay habang naglalakbay sila para ipangaral ang ebanghelyo at itatag ang Simbahan nang lumisan ang Tagapagligtas. Sa huli, ilan sa kanila ang nagbuwis ng buhay para sa kanilang patotoo.

May iba pang halimbawa sa mga banal na kasulatan ng mga taong nakaunawa sa ebanghelyo at pagkatapos ay kumilos dahil sa pag-unawang iyan. Nakaunawa si Alma nang marinig niya si Abinadi na matapang na nagtuturo at nagpapatotoo sa harap ni Haring Noe. Tumalima si Alma sa mga itinuro ni Abinadi at itinuro ang mga bagay na natutuhan niya, at bininyagan ang maraming naniniwala sa kanyang mga salita (tingnan sa Mosias 17:1–4; 18:1–16). Habang inuusig ang mga naunang Banal, si Apostol Pablo ay nagbalik-loob habang patungo sa Damasco at dahil dito ay nagturo at nagpatotoo tungkol kay Cristo (tingnan sa Mga Gawa 9:1–6, 20–22, 29).

Sa ating panahon maraming kabataang lalaki, kababaihan, at mga mag-asawang may-edad na ang tumugon sa panawagan ng propeta ng Diyos na magmisyon. May pananampalataya at tapang na nilisan nila ang kanilang tahanan at lahat ng nakasanayan dahil naniniwala sila sa magandang magagawa nila bilang mga misyonero. Nang tumalima sa kanilang mithiing

maglingkod, napagpala nila ang buhay ng marami at, dahil doon, ay nabago ang sarili nilang buhay. Sa huling pangkalahatang kumperensya, pinasalamatan tayo ni Pangulong Thomas S. Monson sa paglilingkod natin sa isa't isa at ipinaalala sa atin ang ating responsibilidad na maging mga kamay ng Diyos sa pagpapala ng Kanyang mga anak dito sa lupa (tingnan sa “Sa Muli Nating Pagkikita,” *Liahona*, Nob. 2011, 108). Nakaaantig ang pagsunod sa atas na ito nang kumilos ang mga miyembro ng Simbahan dahil sa mithiin niyang ito.

Dahil alam Niya na kakailanganin natin ang tulong, ito ang sinabi ng Tagapagligtas bago Siya lumisan, “Hindi ko kayo iiwang magisa” (Juan 14:18). Itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo, “Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi” (Juan 14:26). Ito rin ang Espiritu Santo na magpapalakas at maghihikayat sa ating gawin ang mga bagay na itinuturo ng ating Tagapagligtas at ng ating mga makabagong propeta at apostol.

Habang ipinamumuhay natin ang mga turo ng ating mga lider, lumalalim ang ating pang-unawa sa nakikinita ng Diyos sa atin. Sa buong kumperensyang ito nakatanggap tayo ng magagandang payo mula sa mga propeta at apostol. Pag-aralan ang kanilang mga turo at pagbulay-bulayin ang mga ito sa inyong mga puso habang hinahangad ang Banal na Espiritu Santo para tulungan kayong maunawaan ang mga turong ito sa inyong buhay. Taglay ang pang-unawang iyan, sundin nang may pananampalataya ang kanilang payo.

Saliksikin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan na may layuning maliwanagan at malaman pa ang kanilang mensahe sa inyo. Pagbulay-bulayin ang mga ito sa inyong puso at hayaang bigyang-inspirasyon kayo nito. Pagkatapos ay sundin ang natanggap na inspirasyon.

Tulad ng natututuhan natin bilang isang pamilya, nahihikayat tayong



kumilos kapag nag-aayuno at nagdarasal tayo. Binanggit ni Alma ang pag-aayuno at pagdarasal bilang mga paraan na makatatanggap ng katiyakan nang sabihin niyang “Ako ay nag-aayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili” (Alma 5:46). Malalaman din natin kung pano harapin ang mga hamon sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagdarasal.

Nakararanas tayo ng mahihirap na bagay sa ating buhay na kung minsan ay nakababawas ng ating pang-unawa at pananampalatayang gawin ang mga dapat gawin. Lubha tayong nagiging abala kaya nahihirapan tayo at wala nang magawang anuman. Bagama’t tayo ay magkakaiba, mapagkumbaba kong iminumungkahing ibatay natin ang ating mithiin sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo. Ano ang nakita Niya kina Pedro, Santiago, at Juan at sa iba pang Apostol na naghikayat sa Kanya na anyayahan silang sumunod sa Kanya? Tulad ng nakita Niya sa kanila, nakikitaan din tayo ng Tagapagligtas ng malaking potensyal. Kakailanganin natin ng pananampalataya at tapang na taglay ng mga unang Apostol para magtuon tayong muli sa mga bagay na pinakamahalaga

na magdudulot ng walang hanggang kaligayahan at galak.

Kapag pinag-aralan natin ang buhay ng Tagapagligtas at Kanyang mga turo, makikita natin Siyang nagtuturo, nagdarasal, nagbibigay ng inspirasyon, at nagpapagaling sa mga tao. Kapag tinularan natin Siya at ginawa ang mga bagay na nakikita nating ginagawa Niya, nakikinita na natin ang ating kahihinatnan. Bibiyayaan kayo ng inspirasyong gumawa pa ng tama sa tulong ng Espiritu Santo. Magkakaroon ng pagbabago, at maiaayos ninyo ang inyong buhay na magdudulot ng pagpapala sa inyo at sa inyong pamilya. Noong siya ay nagministeryo sa mga Nephita, itinanong ng Tagapagligtas, “Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” Sumagot Siya, “Maging katulad ko” (3 Nephi 27:27). Kailangan natin ang Kanyang tulong para maging katulad Niya, at ipinakita Niya sa atin ang paraan: “Kaya nga, humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan; sapagkat siya na humihingi ay tumatanggap; at siya na kumakatok ay pagbubuksan” (3 Nephi 27:29).

Alam ko na kapag nakikinita natin ang ating sarili tulad ng nakikita sa atin ng Tagapagligtas, at kapag kumilos tayo ayon dito, pagpapalain ang ating buhay sa paraang hindi

natin inaasahan. Dahil sa mithiin ng aking mga magulang, hindi lamang napagpala ang aking buhay ng mga natamo kong edukasyon, nagbigay rin ito sa akin ng pagkakataong matagpuan at matanggap ang ebanghelyo. At ang mas mahalaga, natutuhan ko ang kahalagahan ng mababait at matatapat na magulang. Sa madaaling salita, nabago ang aking buhay magpakailanman.

Tulad ng aking mga magulang na nahikayat ng kanilang mithiin na ipag-ayuno at ipagdasal ang kapakanan ng kanilang mga anak at tulad ng mga naunang Apostol na nahikayat ng kanilang nakinita at sumunod sa Tagapagligtas, mauunawaan din natin ang mithiing iyon at bibigyang inspirasyon at tutulungan tayo nito na kumilos. Mga kapatid, tayo ay mga taong kilalang may mga mithiin at pananampalataya at tapang na kumilos. Tingnan ninyo kung saan tayo nagsimula at ang mga pagpapalang natanggap na natin! Maniwalang ipauunawa Niya ang inyong mithiin at bibigyan kayo ng tapang na kumilos.

Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang hangaring makabalik tayo sa Kanya. Upang magawa iyan, dapat may pananampalataya tayong kumilos—sundin Siya at maging tulad Niya. Sa iba't ibang pagkakataon sa ating buhay, iniaabot Niya ang Kanyang kamay at inaanyayahan tayo:

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:29–30).

Tulad ng nakita ng Tagapagligtas na malaking potensyal ng Kanyang mga disipulo noong una, nakikita rin Niya ito sa atin. Tingnan natin ang ating sarili kung paano tayo nakikita ng Tagapagligtas. Dalangin ko na mapasaatin ang pang-unawang iyan nang may pananampalataya at tapang na kumilos, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Larry Y. Wilson
Ng Pitumpu

Tanging Alinsunod Lamang sa mga Alituntunin ng Kabutihan

Inihahanda ng matatalinong magulang ang kanilang mga anak na makapamuhay nang mag-isa kahit wala sila. Binibigyan nila ng pagkakataong umunlad ang mga anak habang nagkakaroon sila ng espirituwal na kahustuhan para gamitin ang kalayaan nilang pumili sa tamang paraan.

Isang buwan o mahigit pa matapos kaming ikasal, nasa mahabang pagbibiyahen kami ng aking asawa. Siya ang nagmamaneho, at pinipilit kong magpahinga. Sinasabi kong *pinipilit* dahil kilala ang highway na dinadaan namin sa matutuling takbo ng sasakyan, at matuling magmaneho ang asawa ko noong mga panahong iyon. Sabi ko, “Ang bilis mong magpatakbo. Bagalan mo lang.”

Sa isip ng asawa ko, “Naku, halos 10 taon na akong nagmamaneho, at maliban sa tisser ko sa pagmamaneho, wala pang nagsabi sa akin kung paano magmaneho.” Kaya ang sagot niya, “Ano ang karapatan mong magsabi sa akin kung paano magmaneho?”

Aaminin ko, nagulat ako sa tanong

niya. Kaya't sa kagustuhan kong gampanan ang bago kong responsibilidad bilang lalaking may-asawa, sinabi kong, “Eh—dahil ako ang asawa mo at may priesthood ako.”

Mga kapatid, isang tip lang: kung nasa ganoon kayong situwasyon, *hindi* iyon ang tamang sagot. At natutuwa akong sabihin na iyon lamang ang tanging pagkakataon na nagawa ko ang kamaliang iyon.

Ipinaliliwanag ng Doktrina at mga Tipan na ang karapatang gamitin ang priesthood sa tahanan o saanman ay direktang may kaugnayan sa kabutihan sa ating buhay: “Ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan.”¹ Sinasabi pa



na mawawala sa atin ang kapangyarihang iyon kapag tayo ay “gumagamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng [iba], sa *alinmang* antas ng kasamaan.”²

Sinasabi sa banal na kasulatang ito na dapat tayong mamuno sa pamamagitan ng “mga alituntunin ng kabutihan.” Ang ganoong mga alituntunin ay para sa lahat ng lider sa Simbahan pati na rin sa mga ama at ina sa kanilang mga tahanan.”³ Mawawalan tayo ng karapatan sa Espiritu ng Panginoon *at* sa anumang awtoridad na taglay natin galing sa Diyos kapag pinipilit natin ang ibang tao sa masamang paraan.⁴ Maaaring iniisip natin na ang ganoong mga pamamaraan ay para sa kabutihan ng ating “pinamamahalaan.” Nguni sa oras na pinipilit natin ang isang tao sa kabutihan na *kaya at dapat* naman niyang gawin para sa kanyang kalayaang pumili, masama ang ginagawa natin. Kung ang pagbibigay ng limitasyon sa isang tao *ay* kailangan, ang mga limitasyong iyon ay dapat ipinapataw nang may pagmamahal, tiyaga, at sa paraang nagtuturo ito ng walang-hanggang mga alituntunin.

Hindi natin kailangang puwersahin

ang iba na gawin ang tama. Malinaw na sinasabi sa mga banal na kasulatan na hindi ito ang paraan ng Diyos. Ang pamimilit ay nagbubunga ng galit. Hatid nito ang kawalan ng tiwala, at inaalis nito ang tiwala ng tao sa kanyang sarili. Nawawala ang pagkakataon ng tao na matuto kapag ang mga taong nagkokontrol ay buong kayabangang iniisip na nasa kanila ang lahat ng kasagutan para sa iba. Sinasabi ng mga banal na kasulatan na “likas at kaugalian ng halos lahat ng tao” na gumamit ng “di makatwirang pamamahala,”⁵ kaya dapat alam natin na iyon ay isang pagkakamaling madaling magawa. Maaari ding makagawa ng di makatwirang pamamahala ang kababaihan, kahit na ang problemang tinutukoy sa mga banal na kasulatan ay mas nakapatungkol sa kalalakihan.

Madalas kasama sa hindi makatwirang pamamahala ang palagiang pamimintas at pagkakait ng pahintulot o pagmamahal. Nadarama ng mga nakatatanggap nito na hindi nila kailanman mapasasaya ang kanilang mga lider o magulang at na palagi silang nagkukulang. Ang matatalinong

magulang ay kailangang magpasiya kung kailan maaaring gamitin ng mga anak ang kalayaang mamili sa partikular na aspeto ng kanilang buhay. Subalit kapag ang *lahat* ng desisyon ay nasa magulang at kinikilala nila ito bilang “karapatan” nila, labis nilang nililimitahan ang pagsulong at pag-unlad ng kanilang mga anak.

Kaunting panahon lang ang ilalagi ng ating mga anak sa tahanan. Kung hihintayin natin ang panahong aalis na sila sa piling natin at saka pa lamang natin ibibigay sa kanila ang kalayaang pumili, naghintay tayo nang napakataagal. Hindi magiging madali sa kanila ang magdesisyon nang tama kung hindi sila kailanman naging malaya sa pagpili ng anumang mahalagang desisyon habang kapiling natin sila. Ang ganoong mga anak ay kadalasang nagrebelde sa pamimilit na ito o magiging mahina sa pagdedesisyon para sa kanilang sarili.

Inihahanda ng matatalinong magulang ang kanilang mga anak na makapamuhay nang mag-isa kahit wala sila. Binibigyan nila ng pagkaka-taong umunlad ang mga anak habang nagkakaroon sila ng espirituwal na kahustuhan para gamitin ang kalayaan nilang pumili sa tamang paraan. At oo, ibig sabihin nito ang mga anak ay magkakamali kung minsan at matututo sa mga iyon.

May isang karanasan ang aming pamilya na nagturo sa amin tungkol sa pagtulong sa aming mga anak na paunlarin ang kanilang kakayahang pumili. Ang anak naming si Mary ay napakahusay na soccer player noong kabataan niya. May isang taon na nakapasok sa championship ang kanyang team, at, sa kasamaang-palad, ito ay gaganapin sa araw ng Linggo. Bilang tinedyer, maraming taon nang napag-aralan ni Mary na ang Linggo ay araw ng pahinga at pagpapalakas sa espirituwal, hindi paglilibang. Nguni dama pa rin niya ang pamimilit ng kanyang mga coach at kapwa manlalaro, at ang kanyang hangarin na huwag biguin ang kanilang team.

Tinanong niya kami kung ano ang gagawin niya. Madali lang sa aming mag-asawa ang magdesisyon para sa

kanya. Ngunit, nagdesisyon kami matapos ang mapanalanging pagsaalang-alang na sa situwasyong ito handa na ang aming anak na gumawa ng sarili niyang desisyon. Nagbasa kami ng ilang talata sa banal na kasulatan kasama siya at hinikayat si Mary na magdasal at pag-isipan ang tungkol doon.

Makalipas ang ilang araw, ipinalam niya ang kanyang desisyon. Maglalaro siya sa araw ng Linggo. Ngayon, ano na ang gagawin namin? Matapos ang mahabang pag-uusap at makatanggap ng kapanatagan mula sa Espiritu, ginawa namin ang ipinangako namin at hinayaan siyang maglaro. Pagkatapos ng laro, mabagal na naglakad si Mary papunta sa naghihintay niyang ina. “Naku, Inay,” sabi niya, “*hindi maganda* ang pakiramdam ko. Ayoko na ulit maramdaman ang ganoon. Hindi na po ako maglalaro sa araw ng Linggo kahit kailan.” At hindi na nga niya ginawa iyon.

Naintindihan na ni Mary sa kanyang sarili ang alituntunin na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Kung pinilit namin siyang huwag maglaro, naipagkait sana namin sa kanya ang isang natatangi at mabisang karanasan na maturuan ng Espiritu.

Gaya ng nakita ninyo, sa pagtulong sa mga batang gamitin ang kanilang kalayaang pumili nang tama, kailangang turuan sila kung paano magdasal at makatanggap ng sagot sa kanilang mga panalangin. Kailangan din nating ituro ang kahalagahan at layunin ng pagsunod pati ang tungkol sa lahat ng iba pang mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo.⁶

Sa pagpapalaki ng aming pamilya, nagdesisyon kami na ang pinakamahalaga naming mithiin ay tulongan ang aming mga anak na magkaroon ng sariling pakikipag-ugnayan sa langit. Alam namin na sa huli kailangan nilang umasa sa Panginoon, hindi sa amin. Sinabi ni Brigham Young, “Kung gagawa ako ng pagtatangi sa lahat ng tungkulin na kinakailangan sa mga anak ng tao, . . . ilalagay ko sa una at pinakamahalaga ang tungkulin ng paghahanap sa Panginoon nating Diyos hanggang mabuksan natin ang

daan ng komunikasyon mula langit patungo sa mundo—mula sa Diyos patungo sa sarili nating kaluluwa.”⁷

Nakatanggap na ng maraming sagot sa panalangin si Mary sa iba pang mga situwasyon bago iyon, kaya’t tiwala kami na bukas ang komunikasyon ng langit sa buhay ng aming anak. Natuto siya ng positibong bagay sa kanyang karanasan at naging handa nang gumawa ng magagandang desisyon sa hinaharap. Kung wala ang patnubay ng Espiritu, kapwa mga anak at magulang ay pangangatwiran ang mga maling desisyon dahil malaya silang pumili. Ang pangako sa banal na kasulatan ay na “sila na matatalino . . . at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang patnubay [ay hindi] mga nalinlang.”⁸

Isa pang masaklap na epekto ng di makatuwirang pamamahala ang pagkawala ng tiwala sa pag-ibig ng Diyos. May nakilala akong ilang tao na nakaranas ng pamimilit at pagkontrol ng mga lider o magulang, at nahirapan silang madama ang mismong pagmamahal mula sa kanilang Ama sa Langit na aalalay at gaganyak sa kanila sa landas ng kabutihan.

Kung tayo ay tutulong sa mga ipinagkatiwala sa atin na gumawa ng napakahalagang ugnayan sa langit, kailangan tayong maging isang



magulang o lider na inilalarawan sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 121. Kailangan natin ng “paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at hindi pakunwaring pag-ibig.”⁹ Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, “Sa lahat ng tulong na maibibigay natin . . . sa mga kabataan, ang pinakamaganda ay madama nila na nagtiwala tayo sa kanila, na nasa tamang landas sila pabalik sa Diyos at magagawa nila ito.”¹⁰

Sa pagsasaalang-alang natin sa mga alituntunin na dapat gumabay sa atin sa Simbahan, hayaang magtapos ako sa paglalarawan ng isang bahagi sa talambuhay ni Pangulong Thomas S. Monson. Sabi ni Ann Dibb, na kanyang anak, na hanggang ngayon, kapag siya ay nasa harapang pintuan na ng bahay kung saan siya lumaki, sasabihin ng kanyang ama, “Oh, tingnan ninyo kung sinong nandito. ‘Di ba masaya tayo, at ‘di ba maganda siya?’ Sabi pa niya: “Palagi akong pinupuri ng mga magulang ko; hindi mahalaga kung ano ang hitsura ko o kung ano ang ginawa ko. . . . Kapag binibisita ko ang mga magulang ko, alam kong may nagmamahal sa akin, napupuri ako, tanggap ako, nasa sariling tahanan talaga ako.”¹¹

Mga kapatid, ito ang paraan ng Panginoon. Kahit nasaktan ang damdamin ninyo noon, alam kong hangad ng Panginoon na lumapit kayo sa Kanya.¹² *Lahat* ay mahal Niya. *Lahat* ay malugod na tinatanggap. Sa pangalalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:36.
2. Doktrina at mga Tipan 121:37; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Tingnan sa Neal A. Maxwell, “Put Off the Natural Man, and Come Off Conqueror,” *Tambuli*, Ene. 1991, 13–14.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:37.
5. Doktrina at mga Tipan 121:39.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25–29.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 44.
8. Doktrina at mga Tipan 45:57.
9. Doktrina at mga Tipan 121:41.
10. Henry B. Eyring, “Tulongan Sila na Makabalik,” *Liahona*, Mayo 2010, 25.
11. Tingnan sa Heidi S. Swinton, *To the Rescue: The Biography of Thomas S. Monson* (2010), 372.
12. Tingnan sa Mateo 11:28.



Ni Elder David F. Evans
Ng Pitumpu

Sulit Ba Ito?

Ang natural at normal na pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong mahalaga at mahal sa atin ang magiging gawain at galak ng ating buhay.

Sa kumperensyang ito at sa iba pang mga pulong¹ kamakailan, marami sa atin ang nagtatanong, ano ang magagawa ko upang makatulong sa pagtatatag ng Simbahan ng Panginoon at makita ang tunay na paglago nito sa lugar na aking tinitirhan?

Dito at sa lahat ng iba pang mahalagang gawain, ang pinakamahalagang gawain natin ay lagi nang sa sarili nating tahanan at pamilya.² Sa mga pamilya naitatag ang Simbahan at nangyayari ang tunay na paglago.³ Inutusan tayong ituro sa ating mga anak ang mga alituntunin at doktrina ng ebanghelyo. Kailangan natin silang tulongang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at ihanda silang mabinyagan kapag sila ay walong taong gulang na.⁴ Kailangang tayo mismo ay tapat upang makita nila ang halimbawa ng ating pagmamahal sa Panginoon at sa Kanyang Simbahan. Ipinadarama nito sa ating mga anak ang galak sa pagsunod sa mga utos, kaligayahan sa mga pamilya, at pasasalamat sa paglilingkod sa iba. Sa loob ng ating tahanan dapat nating sundin ang huwarang ibinigay ni Nephi nang sabihin niya:

“Masigasig kaming gumagawa . . . upang hikayatin ang ating mga anak

. . . na maniwala kay Cristo, at maki-pagkasundo sa Diyos. . .

“ . . . Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”⁵

Masigasig tayong gumagawa upang maihatid ang mga pagpapalang ito sa ating mga anak sa pamamagitan ng pagsisimba kasama sila, pagdaraos ng family home evening, at sama-samang pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Araw-araw tayong nagdarasal kasama ang ating pamilya, tumatanggap ng mga tungkulin, bumibisita sa maysakit at nalulumbay, at gumagawa ng iba pang mga bagay na nagpapaalam sa ating mga anak na mahal natin sila at ang ating Ama sa Langit, ang Kanyang Anak, at ang Kanilang Simbahan.

Nangungusap tayo at nagpopropesiya tungkol kay Cristo kapag nagtuturo tayo sa family home evening o sinasabi natin sa ating anak na mahal natin siya at pinatototohanan natin ang ipinanumbalik na ebanghelyo.

Makasusulat tayo tungkol kay Cristo sa pamamagitan ng pagliham sa mga

nasa malayo. Ang mga misyonerong naglilingkod, mga anak na lalaki o babae sa militar, at yaong mga mahal natin ay nabibiyayaang lahat sa mga liham na ipinadadala natin. Ang mga liham na nagmumula sa tahanan ay hindi lamang basta maiikling e-mail. Ang mga tunay na liham ay naglalaan ng isang bagay na mahahawakan, mapag-iisipan, at maitatangi.

Tinutulungan natin ang ating mga anak na umasa sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at malalaman na nagpapatawad ang mapagmahal na Ama sa Langit kung magmamahal at magpapatawad tayo bilang mga magulang. Ang ating pagmamahal at pagpapatawad ay hindi lamang naglalapit sa atin sa ating mga anak kundi nagpapatatag din ito ng kanilang pananampalataya dahil alam nilang mahal sila ng kanilang Ama sa Langit at patatawarin Niya sila kapag nagsisikap silang magsisi at gumagawa ng mas mabuti at nagiging mas mabuti. Tiwala sila sa katotohanang ito dahil naranasan na nila ito mula sa kanilang mga magulang sa lupa.

Bukod pa sa gawaing gagawin natin sa sarili nating pamilya, itinuro ni Nephi na “masigasig kaming gumagawa upang . . . hikayatin ang ating . . . mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos.”⁶ Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, bawat isa sa atin ay may pagpapala at responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo. Ang ilan sa mga nangangailangan ng ebanghelyo sa kanilang buhay ay hindi pa miyembro ng Simbahan. Ang ilan ay minsan na nating nakasama ngunit kailangang madama nilang muli ang kagalakang nadama nila noong una nilang tanggapin ang ebanghelyo sa kanilang buhay. Mahal ng Panginoon ang taong hindi kailanman nakarinig ng ebanghelyo at ang taong nagbabalik sa Kanya.⁷ Para sa Kanya at sa atin, hindi iyon mahalaga. Iisang gawain lang iyan. Ang kahalagahan ng mga kaluluwa, anuman ang kalagayan nila, ang mahalaga sa ating Ama sa Langit, sa Kanyang Anak, at sa atin.⁸ Ang



gawain ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak ay “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan”⁹ ng lahat ng Kanyang anak, anuman ang kanilang sitwasyon ngayon. Pagpapala nating tumulong sa dakilang gawaing ito.

Ipinaliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson kung paano tayo makatutulong nang sabihin niya: “Ang ating mga karanasan sa misyon ay kailangang nasa panahon. Hindi sapat ang maging kampante at pagbulay-bulayan ang mga dating karanasan. Para magtagumpay, kailangan ninyong patuloy na ibahagi ang ebanghelyo nang natural at normal.”¹⁰

Ang natural at normal na pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong mahalaga at mahal sa atin ang magiging gawain at galak ng ating buhay. Ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa dalawang gayong karanasan.

Si Dave Orchard ay lumaki sa Salt Lake City, kung saan karamihan sa

kanyang mga kaibigan ay miyembro ng Simbahan. Malaking impluwensya sila sa kanya. Bukod dito, palagi siyang inaanyayahan ng mga lider ng Simbahan sa kanilang lugar sa mga aktibidad. Ganoon din ang ginawa ng mga kaibigan niya. Kahit hindi pa siya sumasapi sa Simbahan noon, habang lumalaki siya ay pinalad siyang maimpluwensyahan ng mabubuting kaibigang LDS at ng mga aktibidad ng Simbahan. Nang magkolehiyo siya, lumipat siya ng bahay, at karamihan sa kanyang mga kaibigan ay nagpuntahan na sa misyon. Hinanap-hanap niya ang impluwensya nila sa kanyang buhay.

Hindi pa nakaalis ang isa sa mga kaibigan ni Dave sa high school. Kina-kausap ng kaibigan niyang ito ang bishop niya linggu-linggo sa pagsisikap na iayos ang kanyang buhay at makapagmisyon. Nagkasama sila ni Dave sa isang inuupahang kuwerto at, tulad ng natural at normal na mangyayari,

pinag-usapan nila kung bakit hindi pa siya nagmimisyon at bakit madalas silang mag-usap ng bishop. Ipinahayag ng kaibigan ang pasasalamat at paggalang nito sa kanyang bishop at ang pagkakataong magsisi at maglingkod. Pagkatapos ay itinanong nito kay Dave kung gusto niyang sumama sa susunod na interbyu. Napakagandang paanyaya! Ngunit dahil magkaibigan sila at gayon ang sitwasyon, natural at normal lang iyon.

Pumayag si Dave at hindi naglaon ay kausap na niya mismo ang bishop. Naging daan ito para magpasiya si Dave na makipag-usap sa mga misyonero. Nagkaroon siya ng patotoo na ang ebanghelyo ay totoo, at itinakda ang petsa ng kanyang binyag. Si Dave ay bininyagan ng kanyang bishop, at isang taon kalaunan, ikinasal sina Dave Orchard at Katherine Evans sa templo. Sila ay may limang magagandang anak. Si Katherine ay bunso kong kapatid. Pasasalamat ko magpakailanman ang mabait na kaibigang ito na nagdala kay Dave sa Simbahan, sa tulong ng butihing bishop.

Nang ikuwento ni Dave ang kanyang pagpapabinyag at magpatotoo tungkol sa mga pangyayaring ito, nagtanong siya, “Kung gayon, sulit ba ito? Lahat ba ng pagsisikap ng mga kaibigan at lider ng mga kabataan at bishop ko, sa lahat ng nagdaang taon, ay nasulit nang nabinyagan ang iisang bata lang?” Habang nakaturo kay Katherine at sa kanyang limang anak, sinabi niya, “Para sa aking asawa at limang anak namin, ang sagot ay oo, sulit iyon.”

Tuwing ibinabahagi ang ebanghelyo, kahit kailan hindi “iisang bata lang” ang naapektuhan. Tuwing nabibinyagan o nagbabalik ang isang tao sa Panginoon, isang pamilya ang naliligtas. Nang lumaki na ang mga anak nina Dave at Katherine, tinanggap nilang lahat ang ebanghelyo. Nakapagmisyon na ang isang anak nilang babae at dalawang anak na lalaki, at katatanggap pa lang ng isa sa kanyang tawag na maglingkod sa Alpine-German-Speaking Mission. Ang dalawang nakatatanda ay ikinasal na sa templo, at ang bunso ay high

school na ngayon, at tapat sa lahat ng paraan. Sulit ba ito? Oo, sulit ito.

Dumalo si Sister Eileen Waite sa stake conference na iyon kung saan ikinuwento ni Dave Orchard ang kanyang pagpapabinyag. Sa buong kumperensya, ang tanging nasa isip niya ay ang sarili niyang pamilya at lalo na ang kanyang kapatid na si Michelle, na matagal nang lumayo sa Simbahan. Diborsyada si Michelle at nagsisikap itaguyod ang apat na anak. Naisip ni Eileen na padalhan siya ng kopya ng aklat ni Elder M. Russell Ballard na *Our Search for Happiness*, na may nakasulat na patotoo niya, at ginawa niya ito. Nang sumunod na linggo sinabi ng isang kaibigan kay Eileen na nadama rin niya na dapat niyang kontakin si Michelle. Sumulat din ang kaibigang ito kay Michelle, at ibinahagi ang kanyang patotoo at pagmamahal. Hindi ba nakaaantig na kumikilos nang madalas ang Espiritu sa ilang tao para tulungan ang isang nangangailangan?

Lumipas ang panahon. Tinawagan ni Michelle si Eileen at pinasalaman ito para sa aklat. Unti-unti na raw niyang nalalaman kung ano ang espirituwal na kahungkagan sa kanyang buhay. Sinabi sa kanya ni Eileen na ang kapayapaang hinahanap niya ay matatagpuan sa ebanghelyo. Sinabi niya kay Michelle na mahal niya ito at gusto niyang maging masaya ito. Sini-mulang baguhin ni Michelle ang kanyang buhay. Hindi nagtagal at nakilala niya ang isang mabait na lalaki na aktibo sa Simbahan. Nagpakasal sila at pagkaraan ng isang ay ibinuklod sila sa Ogden Utah Temple. Kamakailan ay nabinyagan ang kanyang 24-anyos na anak na lalaki.

Sa ibang mga kapamilya ni Michelle at sa lahat ng iba pang hindi pa nakaaalam na totoo ang Simbahang ito, inaanyayahan ko kayo na mapanalangin pag-isipan kung totoo nga ang Simbahan. Hayaan ninyong tulungan kayo ng inyong pamilya, mga kaibigan at misyonero. Kapag nalaman ninyo na ito ay totoo, na siya namang tunay, sumama kayo sa amin at gawin ang gayunding hakbang sa inyong buhay.

Hindi pa naisusulat ang katapusan ng kuwentong ito, ngunit napagpala ang mabait na babaeng ito at ang kanyang pamilya dahil kumilos ang mga nagmamahal sa kanya ayon sa paramdam at sa natural at normal na paraan ay ibinahagi ang kanilang patotoo at inanyayahan siyang bumalik.

Madalas kong maisip ang dalawang karanasang ito. Tinulungan ng isang binatang nagsisikap na ayusin ang sarili niyang buhay ang isa pang binatang naghahanap sa katotohanan. Ibinahagi ng isang babae ang kanyang patotoo at panampalataya sa kanyang kapatid na babaeng 20 taon nang napalayo sa Simbahan. Kung magdarasal tayo at magtatanong sa Ama sa Langit kung sino ang matutulungan natin at mangangakong kikilos ayon sa mga paramdam Niya sa atin para ipaalam kung paano tayo makakatu-long, sasagutin Niya ang ating mga dalangin at magiging kasangkapan tayo sa Kanyang mga kamay upang gawin ang Kanyang gawain. Ang pagkilos dahil sa pagmamahal ayon sa mga paramdam ng Espiritu ang nagiging paraan.¹¹

Sa pakikinig ninyo sa mga karanasang ito tungkol sa natural at normal na pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong mahalaga sa inyo, marami sa inyo ang nakaranas ng nadama ni Eileen Waite. Naisip ninyo ang isang taong dapat ninyong tulungan at anyayahang bumalik o bahaginan ng inyong damdamin tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang paanyaya ko ay kumilos kayo, at huwag magpaliban, sa paramdam na iyon. Kausapin ang inyong kaibigan o kapamilya. Gawin ito sa natural at normal na paraan. Ipaalam ang inyong pagmamahal sa kanila at sa Panginoon. Makatutulong ang mga misyonero. Ang aking payo ay katulad ng ibinigay ni Pangulong Monson nang maraming beses mula sa pulpitong ito mismo: “Huwag ipagpaliban ang paramdam.”¹² Kapag kumilos kayo ayon sa paramdam at ginawa ninyo ito nang may pagmamahal, asahang ang paggamit ng ating Ama sa Langit sa inyong kahandaang kumilos ay maghahatid ng himala sa

inyong buhay at sa buhay ng taong mahalaga sa inyo.¹³

Mahal kong mga kapatid, maitatatag natin ang Kanyang Simbahan at makakakita ng tunay na paglago kapag sinikap nating dalhin ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa ating pamilya at sa mga mahal natin sa buhay. Ito ang gawain ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak. Alam ko na Sila ay buhay at sinasagot Nila ang mga dalangin. Kapag kumilos tayo ayon sa mga paramdam na iyon, na nananalig sa Kanilang kakayahang maghatid ng himala, magaganap ang mga himala at magbabago ang mga buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Worldwide Leadership Training Meeting, Peb. 11, 2012, LDS.org.
2. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2000), 158.
3. Tingnan sa Boyd K. Packer, “Priesthood Power in the Home,” Worldwide Leadership Training Meeting, Peb. 11, 2012, LDS.org.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25–28.
5. 2 Nephi 25:23, 26.
6. 2 Nephi 25:23.
7. Tingnan sa Lucas 15:4–7.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10.
9. Moises 1:39.
10. “Status Report on Missionary Work: A Conversation with Elder Thomas S. Monson, Chairman of the Missionary Committee of the Council of the Twelve,” *Ensign*, Okt. 1977, 14.
11. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Sabik sa Paggawa,” *Liahona*, Nob. 2004, 56–59; “Sa Pagsaklolo,” *Liahona*, Hulyo 2001, 57–60; “The Doorway of Love,” *Liahona*, Okt. 1996, 2–7.
12. Tingnan sa Ann M. Dibb, “My Father Is a Prophet” (Brigham Young University–Idaho devotional, Peb. 19, 2008), byui.edu/devotionalsandspeeches; Thomas S. Monson, “Gampanan ang Tungkuling Itinalaga sa Iyo,” *Liahona*, Mayo 2003, 54–57; “Pumayapa, Tumahimik Ka,” *Liahona*, Nob. 2002, 53–56; “Priesthood Power,” *Liahona*, Ene. 2000, 58–61; “The Spirit Giveth Life,” *Ensign*, Mayo 1985, 68–70.
13. Bukod pa kay Pangulong Thomas S. Monson, itinuro din ng iba pang mga propeta ang alituntuning ito. Halimbawa, itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball ang kahalagahan ng pagkilos ayon sa mga paramdam ng Espiritu nang sabihin niyang: “Totoong binibigyang-pansin tayo ng Diyos, at nangangalaga sa atin. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan. Samakatuwid, lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa sa kaharian” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 100).



Ni Elder Paul B. Pieper
Ng Pitumpu

Panatilihing Sagrado

Ang sagradong mga bagay ay dapat higit na pakaingatan, bigyan ng higit na paggalang, at mas pagpitaganan.

Mga 1,500 taon bago isinilang si Cristo, isang pastol ang lumapit sa nagliliyab na palumpung sa mga dalisdis ng Bundok Horeb. Ang sagradong karanasang iyon ang simula ng pagbabago ni Moises na isang pastol na naging propeta at sa kanyang gawain na pagpapastol ng tupa na naging pagtitipon ng Israel. Makaraan ang labintalong siglo, isang mapalad na batang saserdote sa hukuman ng hari ang humanga sa patotoo ng nahatulang propeta. Ang karanasang iyon ang simula ng pagbabago ni Alma mula sa pagiging lingkod ng pamahalaan hanggang sa pagiging lingkod ng Diyos. Makaraan ang halos 2,000 taon, isang 14-na-taong-gulang na bata ang pumunta sa kakahuyan para ihingi ng sagot ang isang taimtim na tanong. Ang karanasan ni Joseph Smith sa kakahuyan ay humantong sa kanyang pagiging propeta at sa panunumbalik.

Ang buhay nina Moises, Alma, at Joseph Smith ay binagong lahat ng sagradong mga karanasan. Pinalakas sila ng mga karanasang ito upang manatiling tapat sa Panginoon at sa Kanyang gawain nang habambuhay sa kabila ng matinding oposisyon at mahihirap na pagsubok.

Ang ating mga sagradong karanasan ay maaaring hindi direkta o madamdamin ni ang mga hamon sa

ating buhay ay hindi ganoon katindi. Gayunpaman, gaya ng mga propeta, ang ating lakas na matapat na makapagtiis ay depende sa pagtukoy, pagalaala, at pagpapanatiling sagrado ng ipinagkaloob sa atin ng langit.

Ngayon ang awtoridad, mga susi, at ordenansa ay naibalik na sa lupa. Mayroon ding mga banal na kasulatan at natatanging mga saksi. Ang mga naghahanap sa Diyos ay maaaring mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan at kumpirmasyon sa “pagpapatong ng mga kamay para sa pagbibinyag ng apoy at ng Espiritu Santo” (D at T 20:41). Pagkatapos nating matanggap ang natatangi at ibinalik na mga kaloob na ito, ang ating mga sagradong karanasan ay kadalasang kabibilangan ng ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, ang Espiritu Santo.

Sa marahang tinig, Espiritu’y nangusap

Upang ako’y gabayan, iligtas.
 (“The Still Small Voice,” *Children’s Songbook*, 106)

*Banal na Espiritu;
Turo’y katotohanan.
Saksi kay Jesucristo,
Liwanag sa isipan.*

(“Banal na Espiritu,” *Mga Himno*, blg. 85)

Sa paghahanap natin ng kasagutan mula sa Diyos, nadarama natin ang marahan at banayad na tinig na bumubulong sa ating espiritu. Ang mga pahiwatig na ito—ang mga impresyong ito—ay likas na sa atin at bahagya lang maramdaman kaya’t maaaring hindi mapansin at ipalagay na isang kutob lamang. Ang mga personal na mensaheng ito ay nagpapatotoo sa pagmamahal at pagmamalasakit ng Diyos sa bawat isa sa Kanyang mga anak at sa kanilang kani-kanyang misyon sa lupa. Ang araw-araw na pagninilay at pagsusulat ng mga impresyong mula sa Espiritu ay tutulong sa ating (1) alamin ang sariling sagradong karanasan at (2) panatilihin at alagaan ang mga ito para sa ating sarili at mga inapo. Ang pagsusulat sa mga ito ay pormal na pagpapakita at pagpapahayag ng ating pasasalamat sa Diyos, sapagkat “walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay” (D at T 59:21).

Patungkol sa natatanggap natin sa pamamagitan ng Espiritu, sinabi ng Panginoon, “Tandaan na yaong nagmumula sa kaitaasan ay banal” (D at T 63:64). Ang Kanyang paha-yag ay hindi lamang paalala; ito ay pakahulugan din at paliwanag. Ang liwanag at kaalamang mula sa langit ay sagrado. Ito ay sagrado dahil langit ang pinagmulan nito.

Ang ibig sabihin ng *sagrado* ay nararapat pagpitaganan at igalang. Sa pagsasabing sagrado ang isang bagay, ipinahihiwatig ng Panginoon na ito ay mas pinahahalagahan at inuuna kaysa ibang bagay. Ang sagradong mga bagay ay dapat higit na pakaingatan, bigyan ng higit na paggalang, at mas pagpitaganan. Ang bagay na sagrado ang pinakamahalaga sa kalangitan.

Ang sagrado sa Diyos ay nagiging sagrado lang sa atin sa pamamagitan ng malayang pagpili; bawat isa ay dapat piliing tanggapin at panatilihing sagrado ang bagay na sagrado sa Diyos. Siya ay nagpapadala ng liwanag at kaalaman mula sa kalangitan.



siya ng lakas na magtiis at malampasan ang kanyang mga pagsubok.

Si Joseph Smith ay nahirapan ding pumili noong una niyang isalin ang Aklat ni Mormon. Alam niyang sagrado ang mga lamina at ang gawain ng pagsasalin. Gayunman nahimok siya ni Martin Harris na unahin ang pagkakaibigan at problema ukol sa pera, na salungat sa mga banal na tagubilin. Bunga nito, ang manuskrito ng naisalin na ay nawala. Pinagsabihan ng Panginoon si Joseph sa pagbigay ng “yaong banal, sa kasamaan” (D at T 10:9) at sandaling ipinagkait sa kanya ang mga lamina at ang kaloob na magsalin. Nang maiwastong muli ni Joseph ang kanyang mga prayoridad, ang sagradong mga bagay ay ibinalik at nagpatuloy ang gawain.

Ang Aklat ni Mormon ay nagbigay ng iba pang mga halimbawa ng pakikipaglaban upang bigyang prayoridad ang sagradong bagay. Binanggit nito ang mga nananam-palataya na nahikayat na lumapit sa punongkahoy dahil sa pananalig at upang makakain ng sagradong bunga nito, ang pag-ibig ng Diyos. Pagkatapos, ang pangungutya ng mga nasa malawak at malaking gusali ay nag-udyok sa kanila na alisin ang pansin sa sagradong bagay at bumaling sa sekular na bagay. (Tingnan sa 1 Nephi 8:11, 24–28.) Kalaunan pinili ng mga Nephita ang kapalaluan at itinatwa ang diwa ng propesiya at paghahayag, “na kinukutya ang yaong banal” (Helaman 4:12). Kahit ang ilang nakasaksi sa mga tanda at himalang kaugnay ng pagsilang ng Panginoon ay mas piniling paniwalaan ang mga sinasabi ng mundo kaysa paniwalaan ang sagradong pagpapamalas mula sa langit (tingnan sa 3 Nephi 2:1–3).

Patuloy pa rin ang pagtatalo hanggang sa ngayon. Ang sekular na mga tinig ay lalong lumalakas at tumitindi. Lalong nanghahamak ang daigdig at hinihimok ang mga nananampalataya na talikuran ang mga paniniwalang itinuturing ng daigdig na di-makatwiran at walang kabuluhan. Dahil “malabo tayong nakakikita sa isang salamin” (1 Mga Taga Corinto 13:12) at “hindi

Inaanyayahan Niya tayong tanggapin at ituring na sagrado ito.

Ngunit “may pagsalungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11). Ang kabaligtaran ng sagrado ay lapastangan o sekular—yaong bagay na temporal o makamundo. Ang bagay na makamundo ay palaging umaagaw ng ating pansin sa bagay na sagrado at mga prayoridad. Ang sekular na kaalaman ay mahalaga sa temporal na pamumuhay natin sa araw-araw. Dagdag pa dito, inutusan tayo ng Panginoon na hangaring mag-aral at matuto, pag-aralan ang mabubuting aklat, at maging bihasa sa mga salita, wika, at tao (tingnan sa D at T 88:118; 90:15). Dahil dito, ang mga pagpili sa sagrado at sekular na bagay ay dapat bigyan ng prayoridad, hindi ang isa lamang at balewalain na ang isa pa; “ang maging marunong ay mabuti *kung* [tayo] ay makikinig sa mga payo ng Diyos” (2 Nephi 9:29; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pag-una sa sagrado o sa sekular na bagay ay nagtatalo sa puso ng tao at mailalarawan sa karanasan ni Moises sa naglilibay na palumpung. Doon natanggap ni Moises kay Jehova ang sagradong tungkuling iligtas ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin. Gayunman, dahil alam niya ang kapangyarihan ng Egipto at ng faraon, siya ay nag-alinlangan noong una. Sa huli, ipinakita ni Moises ang pananalig sa salita ng Panginoon, isinantabi niya ang kanyang sekular na kaalaman at nagtiwala sa sagradong kaalaman. Ang pagtitiwalang iyan ay nagbigay sa kanya ng lakas na makayanan ang temporal na mga pagsubok at pamunuan ang Israel palabas ng Egipto.

Noong makatakas si Alma sa mga hukbo ni Noe pero naging alipin naman ni Amulon, maaari na sana niyang pagdudahan ang espirituwal na patotoong natanggap niya sa pakikinig kay Abinadi. Gayunman, nagtiwala siya sa sagradong bagay at binigyan

nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay” (1 Nephi 11:17), maaaring matukso tayo at mangailangan ng higit na espirituwal na katiyakan. Sinabi ng Panginoon kay Oliver Cowdery:

“Kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito.

“Hindi nga ba’t ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?” (D at T 6:22–23).

Pinaalalahanan ng Panginoon si Oliver at tayo na umasa sa sagrado at sariling paghahayag na natanggap na natin kapag sinusubok ang ating pananampalataya. Tulad ng nangyari kina Moises, Alma, at Joseph noon, ang mga sagradong karanasang ito ay nagsisilbing espirituwal na angkla para mapanatili tayong ligtas at nasa tamang landas sa oras ng pagsubok.

Hindi maaaring pipiliin lang natin ang sagradong bagay na gusto natin. Ang mga pinipiling talikuran kahit ang isang sagradong bagay lang ay madirimlan ang kaisipan (tingnan sa D at T 84:54, at kung hindi sila magsisisi, ang taglay nilang liwanag ay babawiin sa kanila (tingnan sa D at T 1:33). Dahil hindi nakaangkla sa sagradong bagay, matatagpuan nila ang sarili na sinisiklot-siklot ng alon sa sekular na karagatan. Sa kabaligtaran, ang mga nakahawak sa sagradong mga bagay ay tumatanggap ng sagradong mga pangako: “Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw” (D at T 50:24).

Nawa’y pagpalain tayo ng Panginoon na palaging matukoy, maalaala, at ituring na sagrado ang ipinagkaloob sa atin ng langit. Nagpapatotoo ako na kapag ginawa natin ito, magkakaroon tayo ng kapangyarihan na tiisin ang mga pagsubok at daigin ang mga hamon sa ating panahon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Neil L. Andersen

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ano ang Iniisip ni Cristo Tungkol sa Akin?

Kapag Siya ay inyong minahal, pinagtiwalaan, pinaniwalaan, at sinunod, madarama ninyo ang Kanyang pagmamahal at pagsang-ayon.

Pinag-aralan ng isang reporter ng isang nangungunang magasing Brazilian ang Simbahan sa paghahanda para sa isang malaking balita.¹ Sinuri niya ang ating doktrina at binisita ang missionary training center at humanitarian center. Kinausap niya ang mga kaibigan ng Simbahan at ang ibang hindi gaanong palakaibigan. Sa interbyu niya sa akin, tila talagang nagtataka ang reporter at itinanong niya, “Paano naaatim ng isang tao na hindi kayo ituring na Kristiyano?” Alam ko na ang Simbahan ang tinutukoy niya, pero kahit paano ay pinersonal ko ang tanong, at itinanong ko sa sarili, “Nababanaag ba sa buhay ko ang pagmamahal at katapatan ko sa Tagapagligtas?”

Itinanong ni Jesus sa mga Fari-seo, “Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?”² Sa bandang huli, hindi mga kaibigan o kaaway ang hahatol sa ating personal na pagkadisipulo. Bagkus, tulad ng sabi ni Pablo, “Tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman [ni Cristo].”³ Sa araw na iyon ang mahalagang itanong ng bawat isa sa atin ay, “Ano ang iniisip ni Cristo tungkol sa akin?”

Maging sa pagmamahal Niya sa buong sangkatauhan, pasumbat na tinukoy ni Jesus ang ilang nakapaligid sa Kanya na mga mapagpaimbabaw,⁴ mangmang,⁵ at manggagawa ng [kasamaan].⁶ Tinawag Niya ang iba na mga anak ng kaharian⁷ at ilaw ng sanglibutan.⁸ Pagalit Niyang tinukoy ang ilan na binulag⁹ at walang bunga.¹⁰ Pinuri Niya ang iba na malinis ang puso¹¹ at uhaw sa katuwiran.¹² Nalungkot Siya na may ilang walang pananampalataya¹³ at [makamundo],¹⁴ ngunit ang iba ay itinuring Niyang hinirang,¹⁵ mga alagad,¹⁶ mga kaibigan.¹⁷ Kaya nga itinatanong natin, “Ano ang iniisip ni Cristo tungkol sa akin?”

Inilarawan ni Pangulong Thomas S. Monson ang ating panahon na lumalayo “sa bagay na espirituwal . . . [sa] pagbabago ng daigdig sa ating paligid at nakikita natin ang [patuloy na] paghina ng moralidad ng lipunan.”¹⁸ Panahon ito ng lumalagong kawalan ng paniniwala at pagbabalewala kay Cristo at sa Kanyang mga turo.

Sa magulong kapaligirang ito, nagagalak tayong maging mga disipulo ni Jesucristo. Nakikita natin ang kamay ng Panginoon sa buong paligid

natin. Maayos na nakahanda ang ating destinasyon sa ating harapan. “Ito ang buhay na walang hanggan,” pagdarasal ni Jesus, “na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo.”¹⁹ Ang maging disipulo sa mga panahong ito ay magiging isang karangalan sa buong kawalang-hanggan.

Ang mga mensaheng narinig natin sa kumperensyang ito ay mga tandang gabay mula sa Panginoon sa paglalakbay natin sa pagkadisipulo. Sa pakikinig natin nitong nakaraang dalawang araw, na nagdarasal para sa espirituwal na patnubay, at kapag pinag-aralan at ipinagdasal natin ang mga mensaheng ito sa susunod na mga araw, personal tayong papatnubayan ng Panginoon sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo. Lalo tayong ibinabaling sa Diyos ng mga damdamang ito, na nagsisisi, sumusunod, naniniwala, at nagtitiwala. Tumutugon ang Tagapagligtas sa mga pagpapakita natin ng pananampalataya. “Kung ang [isang lalaki o babae] ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya’y iibigin ng aking Ama, at kami’y pasasa ka niya, at siya’y gagawin naming aming tahanan.”²⁰

Ang panawagan ni Jesus na “Pumarito ka, sumunod ka sa akin”²¹ ay hindi lamang para sa mga handang lumahok sa espirituwal na Olympics.

Angie, Gancci, at Gansly Saintelus



Katunayan, ang pagkadisipulo ay hindi isang paligsahan kundi isang paanyaya sa lahat. Ang paglalakbay natin sa pagkadisipulo ay hindi isang maikling pagtakbo paikot, ni hindi ito lubos na maikukumpara sa isang mahabang marathon. Sa katunayan, habambuhay na paglalakbay ito patungo sa mas selestiyal na mundo.

Ang kanyang paanyaya ay panawagan sa pang-araw-araw na tungkulin. Sabi ni Jesus: “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.”²² “Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.”²³ Maaaring hindi tayo napakabait sa araw-araw, ngunit kung nagsisikap tayo, ang paanyaya ni Jesus ay puno ng panghihikayat at pag-asa: “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nanga-bibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.”²⁴

Saanman kayo naroon ngayon sa landas ng pagkadisipulo, kayo ay nasa tamang landas, ang landas tungo sa buhay na walang hanggan. Mapasisigla at mapalalakas natin ang isa’t isa nang sama-sama sa dakila at maha-halagang araw na darating. Anumang mga paghihirap ang dinaranas natin, mga kahinaang pumipigil sa atin, o mga imposibleng bagay na nakapaligid sa atin, sumampalataya tayo sa

Anak ng Diyos, na nagpahayag, “Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya.”²⁵

Ibabahagi ko sa inyo ang dalawang halimbawa ng pagkadisipulo. Ang una ay nagmula sa buhay ni Pangulong Thomas S. Monson, na nagpapamalas ng kapangyarihan ng simpleng kabaitan at turo ni Jesus, “Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo.”²⁶

Halos 20 taon na ang nakararaan, nagsalita si Pangulong Monson sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa isang 12-anyos na dalagitang may kanser. Ikinuwento niya ang katapangan nito at ang kabaitan ng kanyang mga kaibigan na nagbuhat sa kanya paakyat ng Mount Timpanogos sa central Utah.

Ilang taon pa lang ang nakararaan nakilala ko si Jami Palmer Brinton at narinig ko ang kuwento mula sa ibang pananaw—ang pananaw na epekto ng nagawa ni Pangulong Monson para sa kanya.

Nakilala ni Jami si Pangulong Monson noong Marso 1993, isang araw matapos siyang sabihan na ang bukol niya sa kanang tuhod ay kanser sa buto na mabilis lumaki. Sa tulong ng kanyang ama, binigyan siya ni Pangulong Monson ng basbas ng priesthood, na nangangakong, “Si Jesus ay pasasa iyong kanan at sa iyong kaliwa upang pasiglahin ka.”

“Nang lisanin ko ang kanyang opisina noong araw na iyon,” sabi ni Jami, “kinalas ko ang isang lobo sa pagkakatali sa wheelchair ko at ibinigay iyon sa kanya. ‘Napakagaling Ninyo!’ ang nakasulat doon sa makinang na letra.”

Sa kanyang mga chemotherapy at operasyon sa tuhod, hindi siya kinalimutan ni Pangulong Monson. Sabi ni Jami, “Si Pangulong Monson ay halimbawa ng kahulugan ng tunay na disipulo ni Cristo. Pinasigla [niya] ako at binigyan ng malaki at matibay na pag-asa.” Tatlong taon matapos ang una nilang pagkikita, muling naupo si Jami sa opisina ni Pangulong Monson. Pagkatapos nilang mag-usap, may ginawa ito na hinding-hindi malilimutan ni Jami. Sa likas na pagiging maalalahanin ni Pangulong Monson,



sinorpresa siya nito ng mismong lobo na ibinigay niya rito tatlong taon na ang nakararaan. “Napakagaling Ninyo!” ang nakapahayag sa lobo. Itinago niya ito, batid na babalik siya sa opisina nito kapag nagamot ang kanyang kanser. Labing-apat na taon matapos ang una nilang pagkikita ni Jami, ikinasal ni Pangulong Monson si Jami kay Jason Brinton sa Salt Lake Temple.²⁷

Marami tayong matututuhan sa pagkadisipulo ni Pangulong Monson. Madalas niyang ipaalala sa mga

General Authority na tandaan ang simpleng tanong na ito: “Ano ang gagawin ni Jesus?”

Sinabi ni Jesus sa pinuno ng sinagoga, “Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.”²⁸ Ang pagkadisipulo ay paniniwala sa Kanya sa mga panahon ng kapayapaan at sa mga panahon ng kahirapan, sa panahong ang ating pasakit at takot ay pinapayapa lamang ng paniniwala na mahal Niya tayo at tinutupad ang Kanyang mga pangako.

Kamakailan ay nakilala ko ang isang pamilya na isang magandang halimbawa ng kung paano tayo naniniwala sa Kanya. Ibinahagi sa akin nina Olgan at Soline Saintelus, taga-Port-au-Prince, Haiti, ang kuwento nila.

Noong Enero 12, 2010, nasa trabaho si Olgan at nasa simbahan si Soline nang dumating ang mapanirang lindol sa Haiti. Ang tatlo nilang anak—sina Gancci, limang taon, Angie, tatlong taon, at Gansly, isang taon—ay nasa apartment nila kasama ang isang kaibigan.

Malaki ang kapinsalaan sa lahat ng dako. Kung matatandaan ninyo, libu-libo ang namatay noong Enerong iyon sa Haiti. Dali-daling pinuntahan nina Olgan at Soline ang kanilang apartment para hanapin ang mga bata. Gumuho ang tatlong-palapag na apartment na tinitirhan ng pamilya Saintelus.

Hindi nakalabas ang mga bata. Walang isasagawang rescue operation sa isang gusaling nawasak nang lubusan.

Kapwa nagmisyon nang full-time sina Olgan at Soline Saintelus at ikinasal sa templo. Naniwala sila sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga pangako sa kanila. Subalit labis silang nagdalamhati. Umiyak sila nang umiyak.

Sabi ni Olgan sa akin, sa pinakamalungkot niyang sandali ay sinimulan niyang magdasal. “Ama sa Langit, kung kalooban ninyo, kung may kahit isang anak man lang akong buhay, pakiusap po, tulungan ninyo kami.” Paulit-ulit niyang nilibot ang gusali, na nagdarasal para sa inspirasyon. Sinikap siyang panatagin ng mga kapitbahay at tinulungan siyang tanggapin ang pagkawala ng kanyang mga anak. Patuloy na nilibot ni Olgan ang mga labi ng gumuhong gusali, umaasa, nagdarasal. Pagkatapos ay may nangyaring himala. Narinig ni Olgan ang halos hindi marinig na iyak ng sanggol. Iyak iyon ng kanyang sanggol na anak.

Ilang oras na nagkumahog ang mga kapitbahay sa paggalugad sa mga labi, kahit manganib ang sarili nilang buhay. Sa dilim ng gabi, sa pamamagitan ng malalakas na ingay ng martilyo at pait, nakarinig ng isa pang



ingay ang mga sumasagip. Tumigil sila sa pagpukpok at nakinig. Hindi sila makapaniwala sa kanilang naririnig. Ingay iyon ng isang batang musmos—at at kumakanta siya. Sinabi kalaunan ng limang-taong-gulang na si Gancci na alam niyang maririnig siya ng kanyang ama kung kakanta siya. Sa ilalim ng bigat ng nakadudurog na semento na naging sanhi kalaunan ng pagkaputol ng kanyang braso, kinanta ni Gancci ang paborito niyang awiting, “Ako ay Anak ng Diyos.”²⁹

Sa paglipas ng mga oras sa gitna ng dilim, kamatayan, at kawalang-pag-asa ng napakaraming iba pang minamahal na mga anak ng Diyos sa Haiti, nagkaroon ng himala ang pamilya Saintelus. Sina Gancci, Angie, at Gansly ay natagpuang buhay sa ilalim ng gumuhong gusali.³⁰

Ang mga himala ay hindi laging nangyayari kaagad-agad. Kung minsan iniisip natin kung bakit ang himalang ipinagdarasal natin ay hindi nangyayari dito ngayon mismo. Ngunit kung magtitiwala tayo sa Tagapagligtas, mangyayari ang mga himala. Sa buhay mang ito o sa kabila, lahat ay itatama. Ipinahayag ng Tagapagligtas: “Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.”³¹ “Sa sanglibutan ay

mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”³²

Pinatototohanan ko na kapag Siya ay inyong minahal, pinagtiwalaan, pinaniwalaan, at sinunod, madarama ninyo ang Kanyang pagmamahal at pagsang-ayon. Kapag nagtanong kayo, “Ano ang iniisip ni Cristo tungkol sa akin?” malalaman ninyo na kayo ay Kanyang disipulo; kayo ay Kanyang kaibigan. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, gagawin Niya para sa inyo ang hindi ninyo magagawa para sa inyong sarili.

Sabik nating hinihintay ang pangwakas na mensahe ng ating pinakamamahal na propeta. Si Pangulong Thomas S. Monson ay inorden bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo noong ako ay 12 taong gulang. Mahigit 48 taon na niya kaming pinagpapalang marinig siyang magpatotoo tungkol kay Jesucristo. Pinatototohanan ko na siya ngayon ang senior na Apostol ng Tagapagligtas sa ibabaw ng lupa.

Taglay ang malaking pagmamahal at paghanga sa maraming disipulo ni Jesucristo na hindi miyembro ng Simbahang ito, mapagpakumbaba naming ipinapahayag na nakabalik

na sa lupa ang mga anghel sa ating panahon. Ang Simbahan ni Jesucristo ayon sa pagkatatag Niya rito noong araw ay naipanumbalik na, na may kapangyarihan, mga ordenansa, at mga pagpapala ng langit. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo. Siya ay nagdusa at namatay para sa ating mga kasalanan at nagbangon sa ikatlong araw. Siya ay nabuhay na mag-uli. Sa hinaharap, bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magpapahayag na Siya ang Cristo.³³ Sa araw na iyon, ang problema natin ay hindi, “Itinuturing ba akong Kristiyano ng iba?” Sa oras na iyon, mapapako ang ating mga mata sa Kanya, at matutuon ang ating kaluluwa sa tanong na, “Ano ang iniisip ni Cristo tungkol sa akin?” Siya ay buhay. Ito ang aking patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa André Petry, “Entre a Fé e a Urna,” *Veja*, Nob. 2, 2011, 96.
2. Mateo 22:42.
3. Mga Taga Roma 14:10.
4. Tingnan sa Mateo 6:2.
5. Tingnan sa Mateo 23:17.
6. Tingnan sa Mateo 7:23.
7. Tingnan sa Mateo 13:38.
8. Tingnan sa Mateo 5:14.
9. Tingnan sa Mateo 15:14.
10. Tingnan sa Mateo 13:22.
11. Tingnan sa Mateo 5:8.
12. Tingnan sa Mateo 5:6.
13. Tingnan sa Mateo 17:17.
14. Tingnan sa Juan 8:23.
15. Tingnan sa Juan 6:70.
16. Tingnan sa Juan 13:35.
17. Tingnan sa Juan 15:13.
18. Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 83, 86.
19. Juan 17:3.
20. Juan 14:23.
21. Lucas 18:22.
22. Juan 14:15.
23. Lucas 9:23.
24. Mateo 11:28.
25. Marcos 9:23.
26. Mateo 23:11.
27. Jami Brinton, liham sa may-akda, Ene. 27, 2012.
28. Marcos 5:36.
29. “Ako ay Anak ng Diyos,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 2–3.
30. Mula sa isang pakikipag-usap kina Olgan at Soline Saintelus noong Feb. 10, 2012; tingnan din sa Jennifer Samuels, “Family Reunited in Miami after Trauma in Haiti,” *Church News*, Ene. 30, 2010, 6.
31. Juan 14:27.
32. Juan 16:33.
33. Tingnan sa Mga Taga Roma 14:11.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Sa Pagtatapos Nitong Kumperensya

Pag-isipan nawa ninyo ang mga katotohanang narinig ninyo, at nawa matulungan kayo ng mga ito na maging mas mabuting tao kaysa nang magsimula ang kumperensya.

Puspos ng kaligayahan ang puso ko sa pagtatapos ng napakagandang kumperensyang ito. Nabiyayaan tayong mabuti sa pakikinig sa payo at mga patotoo ng mga nagsalita sa atin. Sa palagay ko sasang-ayon kayo na nadama natin ang Espiritu ng Panginoon habang naaantig ang ating mga puso at pinalalakas ang ating mga patotoo.

Minsan pa ay nakapakinig tayo ng magandang musika, na nagpaganda pa at nagpasigla sa bawat sesyon ng kumperensya. Ipinaaabot ko ang aking pasasalamat sa lahat ng nagbahagi sa atin ng kanilang mga talento sa bagay na ito.

Taos-puso ang pasasalamat ko sa bawat isa sa na nagsalita sa atin gayundin sa mga nag-alay ng panalangin sa bawat sesyon.

Maraming tao ang kumikilos sa likod ng lahat ng kaganapan nating ito o sa mga di gaanong nakikitang posisyon sa bawat kumperensya. Hindi natin maidaraos ang mga sesyong ito kung wala ang kanilang mga tulong. Ipinaaabot ko ang aking pasasalamat sa kanilang lahat.

Alam kong kaisa ko kayo sa

pagpapasalamat sa mga kalalakihan at kababaihan na na-release sa kumperensyang ito. Hahanap-hanap natin sila. Ang kanilang kontribusyon sa gawain ng Panginoon ay napakalaki at madarama sa mga susunod pang henerasyon.

Sinang-ayunan din natin, sa

Brigham Young University-Idaho



pagtataas ng mga kamay, ang kalalakihan at kababaihan na tinawag sa mga bagong katungkulan sa kumperensyang ito. Binabati natin sila at gusto nating malaman nila na inaasam nating makapaglingkod na kasama nila sa layunin ng Panginoon. Sila ay tinawag sa pamamagitan ng inspirasyon mula sa langit.

Mas malawak kaysa dati ang saklaw ng kumperensya, natatawid nito ang mga kontinente at mga karagatan tungo sa mga tao sa lahat ng dako. Bagama't malayo kami sa marami sa inyo, dama namin ang inyong sigla at dedikasyon, at ipinaaabot ang aming pagmamahal at pasasalamat sa inyo saanman kayo naroon.

Napakapalad natin, mga kapatid, na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nasa ating buhay at ating mga puso. Nagbibigay ito ng kasagutan sa malalaking tanong sa buhay. Ito ay nagbibigay ng kahulugan at layunin at pag-asa sa ating buhay.

Nabubuhay tayo sa magulong panahon. Tinitiyak ko sa inyo na alam ng ating Ama sa Langit ang mga pagsubok na kinakaharap natin. Mahal Niya ang bawat isa sa atin at nais na pagpalain at tulungan tayo. Nawa'y manalangin tayo sa Kanya, gaya ng payo Niya nang sabihin Niyang, "Manalangin tuwina, at aking ibubuhos ang aking Espiritu sa



inyo, at malaki ang inyong magiging pagpapala—oo, maging mas higit pa sa kung iyong matatamo ang mga kayamanan ng mundo.”¹

Mga minamahal kong kapatid, nawa ang inyong mga tahanan ay mapuno ng pagmamahalan at paggalang at ng Espiritu ng Panginoon. Mahalin ang inyong mga pamilya. Kung may mga hindi pagkakasundo o pagtatalo sa inyo, hinihimok ko kayong lutasin ang mga ito ngayon. Sabi ng Tagapagligtas:

“Hindi dapat magkaroon ng mga pagtatalu-talo sa inyo. . . .

“Sapagkat katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa’t isa.

“[Ngunit] masdan, hindi ito ang aking doktrina . . . ; kundi *ito* ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi.”²

Bilang inyong abang lingkod, inuulit ko ang mga salita ni Haring Benjamin sa mensahe niya sa kanyang mga tao nang sabihin niya:

“Hindi ko kayo inutusang . . . isipan na ako sa aking sarili ay higit sa isang mortal na tao.

“Kundi ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako, ay pinili . . . ng kamay ng Panginoon . . . at inaruga at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran



kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon.”³

Minamahal kong mga kapatid, hangarin ng buong puso ko na gawin ang kalooban ng Diyos at paglingkuran Siya at kayo.

Ngayon, sa pag-alis natin sa kumperensyang ito, dalangin kong pagpalain kayo ng langit. Nawa kayo na malayo sa inyong mga tahanan ay makabalik doon nang ligtas. Pag-isipan nawa ninyo ang mga katotohanang narinig ninyo, at nawa matulungan kayo ng mga ito na maging mas mabuting tao kaysa noong makalawa nang magsimula ang kumperensya.

Hanggang sa muli nating pagkikita anim na buwan mula ngayon, hiling kong mapasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon at, maging sa ating lahat, at ginagawa ko ito sa Kanyang banal na pangalan—maging si Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas—amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 19:38.
2. 3 Nephi 11:28–30; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Mosias 2:10–11.



Ni Ann M. Dibb

Pangalawang Tagapayo sa Young Women
General Presidency

Bumangon at Magliwanag

Ang isa sa pinakamagandang paraan para tayo makabangon at magliwanag ay ang tiwalang sundin ang mga utos ng Diyos.

Isang pribilehiyo ang makasama kayo sa gabing ito. Tuwing Enero, sabik kong inaasam ang pagpapahayag ng bagong tema ng Mutual. Gayunman, lagi kong sumandaling pinagninilayan kung naipamuhay kong mabuti ang mga natutuhan ko sa tema ng *nakaraang* taon.

Sandali nating balikan ang mga nakaraang tema: “Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay,”¹ “Maging matatag at huwag matitinag, laging nananagana sa mabubuting gawa,”² “Maging uliran ng mga nagsisisampalataya,”³ “Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang na mabuti,”⁴ at ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya: “Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawangawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao.”⁵

Dahil sa pag-aaral at pagtutuhan sa mga banal na kasulatang ito nang isang buong taon naging bahagi ito ng ating puso, kaluluwa, at patotoo. Umaasa kami na patuloy ninyong susundin

ang kanilang patnubay kapag nagtuon tayo sa tema ng Mutual sa 2012 na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan.

Ipinaliliwanag sa heading ng bahagi 115 na ang taon ay 1838 at ang lugar ay Far West, Missouri. “Ipinaaalam [ni Joseph Smith] ang kalooban ng Diyos hinggil sa pagtatatag ng lugar na yaon at ng Bahay ng Panginoon.” Puno ng pag-asa at sigla ang Propeta. Sa talata 5, kung saan makikita natin ang tema ngayong taon, sinabi ng Panginoon sa kanya, “Katotohanang sinasabi ko sa inyong lahat: Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa.”

Ano ang naiisip ninyo kapag naririnig ninyo ang salitang *bumangon*? Ako, kayo ang naiisip ko—ang mararangal na kabataan ng Simbahan. Nakikinita ko na matiyaga kayong bumabangon mula sa inyong higaan tuwing umaga para sa early-morning seminary. Nakikinita ko na tapat kayong tumitindig mula sa pagkalahod matapos manalangin sa

araw-araw. Naiisip ko kayo na buong tapang na tumatayo para magpatotoo at ipagtanggol ang inyong mga pamantayan. Pinasisigla ako ng inyong katapatan sa ebanghelyo at mabubuting halimbawa. Marami sa inyo ang tumanggap na sa paanyayang ito na bumangon at magliwanag, at hinihi-kayat ng inyong liwanag ang iba na gawin din ito.

Ang isa sa pinakamagandang paraan para tayo makabangon at magliwanag ay ang tiwalang sundin ang mga utos ng Diyos. Natututuhan natin ang mga utos na ito sa mga banal na kasulatan, sa mga makabagong propeta, at sa mga pahina ng buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Bawat isa sa inyo ay dapat magkaroon ng sariling kopya nito. Sa sarili kong kopya, binilugan ko ang mga salitang *para sa at inyo*, tulad ng itinuro sa akin ng isang iginagalang kong kaibigan. Ang simpleng gawaing ito ay nagpapaalala sa akin na ang mga pamantayang ito ay hindi lamang mga pangkalahatang patnubay—ang mga ito ay talagang *para sa akin*. Sana’y mabilugan ninyo ang mga salitang iyon sa sarili ninyong buklet, mabasa ninyo ito mula simula hanggang wakas, at madama ninyo ang patotoo ng Espiritu na ang mga pamantayan ay *para sa inyo* rin.

Maaaring may ilan sa inyo na natutuksong balewalain o isantabi ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Maaari nilang tingnan ang buklet at sabihing, “Tingnan ninyo, Inay, hindi tinalakay sa buklet ang [punan ng kasalukuyang isyu].” O maaari silang mangatwiran na, “Wala namang masama sa ginagawa ko. Hindi naman ako kasinsama ni [isingit ang pangalan ng isang kaibigan o kakilala].”

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee, “Ang pinakamahalaga sa lahat ng mga kautusan ng Diyos ay yaong pinakamahirap ninyong masunod ngayon.”⁶ Ipinaliwanag ni Haring Benjamin, “Hindi ko masasabi sa inyo ang lahat ng bagay kung saan kayo ay maaaring magkasala; sapagkat maraming magkakaiibang daan at mga paraan, na lubhang napakarami kung kaya’t hindi



ko na yaon magagawang bilangin.”⁷ Kung nahihirapan kayong sundin ang mga pamantayan at kautusang ito, hinihikayat ko kayong humanap ng tulong sa ebanghelyo. Basahin ang inyong mga banal na kasulatan. Mag-ukol ng oras sa official website ng Simbahan, ang LDS.org, para humanap ng mga sagot sa inyong mga tanong. Kausapin ang inyong mga magulang, lider ng Simbahan, at mga taong maganda ang halimbawa sa pamumuhay ng ebanghelyo. Manalangin. Buksan ang puso ninyo sa inyong Ama sa Langit, na nagmamahal sa inyo. Magsisi araw-araw. Maglingkod sa kapwa. At higit sa lahat, pakinggan at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo.

Hinihikayat tayong lahat ni Pangulong Thomas S. Monson sa mga salitang ito: “Mga kaibigan kong kabataan, maging matatag. . . Alam

ninyo kung ano ang tama at mali, at hindi iyan mababago ng anumang balatkayo, gaano man ito kaakit-akit. . . Kung ipagagawa sa inyo ng itinuturing ninyong mga kaibigan ang alam ninyong mali, *kayo* ang manindigan sa tama, kahit nag-iisa kayo.”⁸

Ayaw ng Ama sa Langit na umasa tayo sa mundo at *sumunod* sa pagbabago nitong kalakaran. Nais Niyang umasa tayo sa Kanya at sumunod sa Kanyang hindi-nagbabagong patnubay. Nais Niyang ipamuhay natin ang ebanghelyo at *akayin* ang iba rito sa pamamagitan ng pagtatakda ng mataas na pamantayan.

Maraming magagandang halimbawa sa mga banal na kasulatan na maglalarawan sa ideyang ito. Sa aklat ng Mga Hukom sa Lumang Tipan, napag-aralan natin si Samson. Si Samson ay isinilang na may malakas na potensyal. Pinangakuan ang kanyang

ina, “Kaniyang pasisimulang iligtas ang Israel sa kamay ng mga Filisteo.”⁹ Ngunit nang lumaki si Samson, mas umasa siya sa mga tukso ng kamunduhan kaysa sa patnubay ng Diyos. Gumawa siya ng mga pasiya na “lubhang nakalulugod [sa kanya]”¹⁰ at hindi dahil tama ang mga ito. Paulit-ulit na ginamit sa mga banal na kasulatan ang mga katagang “at siya’y lumusong”¹¹ sa paglalahad ng mga paglalakbay, ginawa, at pasiya ni Samson. Sa halip na bumangon at magliwanag si Samson para makamit ang kanyang malaking potensyal, nadaig siya ng mundo, nawala sa kanya ang lakas na kaloob ng Diyos, at namatay siya nang maaga sa kalunus-lunos na paraan.

Sa kabilang banda, ang mga banal na kasulatan ay naglalaan ng halimbawa ni Daniel. Si Daniel ay isinilang na may malaki ring potensyal. Sa aklat ni Daniel, kabanata 6, mababasa natin,

“ang Daniel na ito ay natangi sa mga pangulo at sa mga satrapa, sapagka’t isang marilag na espiritu ay nasa kaniya.”¹² Nang magkaroon ng mga makamundong hamon si Daniel, hindi niya hinamak ang mundo— bumangon siya at umasa sa langit. Sa halip na sundin ang utos ng hari na hindi dapat manalangin ang isang tao kaninuman maliban sa hari sa loob ng 30 araw, “pumasok [si Daniel] sa kaniyang bahay; ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem; at siya’y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa.”¹³

Hindi natakot bumangon at magliwanag si Daniel sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Bagama’t magdamag siyang hindi komportable sa yungib ng mga leon dahil pinanindigan niya ang tama, pinangalagaan siya at pinagpala sa kanyang pagsunod. Nang alisin ni Haring Dario si Daniel mula sa yungib ng mga leon kinabukasan, iniutos niya na dapat matakot ang lahat sa Diyos ni Daniel at tularan ang katapatan ni Daniel. Tunay na ipinakita sa atin ni Daniel ang ibig sabihin ng maging sagisag sa mga bansa at huwag ibaba kailanman ang ating mga pamantayan sa harap ng mga tukso.

Mapalad akong marinig sa makabagong panahong ito ang maraming halimbawa ng mga kabataang tulad ninyo na hindi takot bumangon at magliwanag at maging pamantayan ang kanilang halimbawa sa mga kadedad nila. Si Joanna ay nag-iisang miyembro ng Simbahan sa high school nila at nag-iisang kabataang babae sa ward nila. Nangako siya sa sarili at sa Panginoon na hindi siya magsasalita ng masama kailanman. Nang itambal siya sa isang binatilyong hindi ganoon katibay ang pangako para sa isang proyekto ng paaralan, hindi niya ibinaba ang kanyang mga pamantayan. Hiniling niya sa binatilyo na igalang ang kanyang mga pinahahalagahan. Sa paglipas ng panahon, sa maraming mahinahon at matinding paalala, nagbago ang ugali ng kanyang kaibigan at hindi na ito nagsalita ng masama.



Maraming taong nakapansin sa pagbabago, pati na ang ama ng binatilyo, na nagpasalamat kay Joanna sa pagiging mabuting impluwensya sa buhay ng kanyang anak.¹⁴

Sa assignment ko sa Pilipinas kamakailan, nakilala ko si Karen, na nagbahagi ng karanasan bilang Laurel habang nag-aaral para sa kursong hotel and restaurant management. Iniutos ng guro na dapat matutuhan ng lahat ng estudyante ang paggawa at pagtikim ng sari-saring inumin na isisilbi sa kanilang mga restawran. Ang ilan sa mga inumin ay alak, at alam ni Karen na labag sa mga utos ng Panginoon na tumikim siya nito. Sa harap ng matinding ibubunga nito, nagkaroon ng tapang na bumangon at magliwanag si Karen, at hindi niya tinikman ang mga inumin.

Ipinaliwanag ni Karen: “Nilapitan ako ng titser ko at tinanong kung bakit hindi ako tumitikim. Sabi niya, ‘Miss Karen, paano mo malalaman ang lasa at maipapasa ang mahalagang asignaturang ito kung hindi mo man lang titikman ang mga inumin?’ Sinabi ko sa kanya na miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at bilang mga miyembro, hindi tayo umiinom ng mga bagay na

makapipinsala sa atin. Anuman ang inasahan niya sa akin, ibagsak man niya ako, mauunawaan ko, pero lagi kong ipamumuhay ang personal kong mga pamantayan.”

Lumipas ang mga linggo, at hindi na nabanggit pa ang tungkol sa araw na iyon. Sa pagtatapos ng semestre, alam ni Karen na makikita sa huling marka niya ang pagtanggap niyang tikman ang mga inumin. Nag-atubili siyang tingnan ang kanyang marka, ngunit nang tingnan niya ito, natuklasan niya na siya ang may pinakama-taas na marka sa klase.

Sabi niya: “Natutuhan ko sa karansang ito na ang Diyos . . . ay tiyak na pagpapalain tayo kapag sinunod natin Siya. Alam ko rin na kahit bumagsak ako, hindi ko pagsisisihan ang ginawa ko. Alam ko na hinding-hindi ako babagsak sa paningin ng Panginoon kapag pinili kong gawin ang alam kong tama.”¹⁵

Mahal kong mga kabataang babae, bawat isa sa inyo ay isinilang na may malaking potensyal. Kayo ay minamahal na mga anak ng Ama sa Langit. Kilala at mahal Niya kayo. Inaan-yayahan Niya kayong “bumangon at magliwanag,” at nangako Siya na kapag ginawa ninyo ito, tutulungan Niya kayo at pagpapalain. Dalangin ko na bawat isa sa inyo ay magkaroon ng tapang na tanggapin ang Kanyang paanyaya at matanggap ang Kanyang mga pangako, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:45.
2. Mosias 5:15.
3. I Kay Timoteo 4:12.
4. Josue 1:9.
5. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Harold B. Lee (2001), 36.
7. Mosias 4:29.
8. Thomas S. Monson, “Mga Halimbawa ng Kabutihang,” *Liahona*, Mayo 2008, 65.
9. Mga Hukom 13:5.
10. Mga Hukom 14:3.
11. Mga Hukom 14:7.
12. Daniel 6:3.
13. Daniel 6:10.
14. Para sa isang bahagi ng kuwentong ito, tingnan sa Joanna Ehrisman, “The Thing about Being Mormon,” sa Katilin Medlin at iba pa, mga editor, *Going on 15: Memoirs of Freshmen* (2010), 93–96.
15. Personal na pakikipag-ugnayan sa may-akda, 2012.



Ni Mary N. Cook

Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Maghangad na Matuto: May Gawain Kayong Gagawin

Pagpalain ang inyong mga anak at magiging tahanan sa pamamagitan ng pag-aaral ngayon hangga't kaya ninyo.

Mahal kong mga kabataang babae, mahal na mahal namin ang bawat isa sa inyo. Naki-kita namin na buong tapang kayong bumabangon at nagliliwanag sa isang mundong may malalaking hamong kaakibat ang malalaking oportunidad. Dahil dito maaaring maisip ninyo, ano ang magiging kinabukasan ko? Tinitiyak ko sa inyo na kapag mabuti kayong anak ng Diyos, maganda ang inyong kinabukasan! Nabubuhay kayo sa panahon na naibalik na ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at matatagpuan ang mga katotohanang ito sa inyong mga banal na kasulatan. Natanggap ninyo ang kaloob na Espiritu Santo noong kayo ay binyagan, at ituturo sa inyo ng Espiritu Santo ang katotohanan at ihahanda kayo para sa mga hamon ng buhay.

Binigyan kayo ng Diyos ng kalyang moral at ng pagkakataong matuto habang narito sa lupa, at may ipagagawa Siya sa inyo. Upang maisagawa ito, responsibilidad ng bawat isa sa inyo na maghangad na matuto.

Ang susi sa inyong kinabukasan, ang inyong “sinag ng pag-asa,”¹ ay matatagpuan sa bagong buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa ilalim ng paksang edukasyon at sa pinahahalagahan ng Young Women na kaalaman.

“Ang edukasyon ay . . . magbubukas ng mga oportunidad.”² Kapag sinunod ninyo ang payo ng Panginoon na “maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananam-palataya,”³ hindi lamang kaalaman ang inyong natatamo mula sa inyong pag-aaral kundi pati na dagdag na kaliwanagan habang natututo kayo nang may pananampalataya.

Maghangad na matuto sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral. Bihira kayong makapaglalaan ng maraming oras sa pagkatuto na kagaya ngayon. Buong talinong nagpayo si Pangulong Gordon B. Hinckley sa mga kabataan ng Simbahan: “Ang nakagawian ninyong paraan ng pag-aaral noong nag-aaral pa kayo ay magkakaroon ng malaking epekto sa hangarin

ninyong matuto.”⁴ “Kailangan ninyong pag-aralan ang lahat ng kaya ninyong pag-aralan. . . . Isakripisyo ang mga bagay na kailangang isakripisyo upang magawa ninyo ang gawain ng mundong [ito]. . . . Hasain ang inyong isipan at kakayahan upang maging impluwensya sa kabutihan habang kayo ay nabubuhay.”⁵

Sa pagsasalita lalo na sa kababaihan, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Madalas ay hindi natin alam ang hinaharap; samakatwid, kailangan nating maghanda para sa mga alangang sitwasyon. . . . Hinihimok kong ipagpatuloy ninyo ang inyong pag-aaral at pag-aralan ang magagamit na mga kasanayan upang, kung sumapit ang sitwasyong iyon, kayo’y handang maglaan.”⁶

Mga kabataan, sundin ang payo ng matatalino at inspiradong mga propetang ito. Maging mahusay na estudyante. Bumangon at magliwanag sa inyong mga paaralan nang buong kasigasilan, katapatan, at integridad. Kung kayo ay nahihirapan o may problema sa pag-aaral, magpatulong sa inyong mga magulang, guro, at matulunging mga miyembro ng Simbahan. Huwag sumuko kailanman!

Isulat ang mga bagay na gusto ninyong matutuhan; pagkatapos “ipalam ang mga nais ninyong makamit sa pag-aaral sa inyong pamilya, mga kaibigan, at mga lider para masupportahan at mahikayat nila kayo.”⁷ Ito ang huwaran ng Pansariling Pag-unlad.

Sa tulong ng teknolohiya nasasak-sihan ninyo ang pagbuhos ng kaalaman. Palagi kayong nalilibutan ng musika, video, at networking. Maging mapili at huwag hayaang makagam-bala o magpabagal sa pag-unlad ninyo ang pagdagsang ito ng impormasyon. Bumangon, mga kabataang babae! *Kayo* ang magtakda ng inyong mga mithiin. *Kayo* ang magpasiya kung ano ang ipapasok ninyo sa inyong puso’t isipan.

Ang ilan sa pinakamahalagang matututuhan ninyo ay nasa labas ng silid-aralan. Palibutan ang inyong sarili ng ulirang kababaihang makapagtuturo sa inyo ng mga kasanayang pantahanan, sining, musika, family



history, isport, pagsusulat, o pagsasalita. Kilalanin sila at magpaturo kayo sa kanila. Kapag may bago kayong nalaman, ituro ito sa Mutual o magturo sa ibang mga kabataang babae bilang bahagi ng mga kailangang gawin para makamit ang inyong Honor Bee.

Bukod pa sa aking napakabuting ina, maraming nagturo sa akin. Una akong naturuan sa labas ng aming tahanan noong ako ay siyam na taong gulang lamang. Tinuruan ako ng aking guro sa Primary na mag-cross-stitch ng “Dadalhin Ko ang Liwanag ng Ebanghelyo sa Aking Tahanan,” isang larawang nakasabit sa silid ko noong tinedyer ako. Palagi akong ginabayan, iwinasto, at hinikayat ng aking guro. May iba pang sumunod na mga tagapagturo. Dalawang mahuhusay na modista sa ward namin ang nagturo sa aking manahi. Sa kanilang paggabay, tiyaga, at panghihikayat, sumali ako sa paligsahan sa pananahi noong ako ay 14 na taong gulang at nanalo nga ako! Ang karanasang ito ay lalong nagpatindi sa hangarin kong matuto at humusay sa iba pang mga bagay.

Ang pagtatamo ng kaalaman ngayon ay magiging napakahalaga kapag naging ina na kayo. “Ang narating ng isang ina sa pag-aaral ay may malaking impluwensya sa pipiliing kurso ng kanyang [mga anak].”⁸ Ang pinag-aralan ng isang ina ay maaaring

maging “susi upang matigil [ang] paulit-ulit na karalitaan.”⁹ Ang edukadong kababaihan “ay may tendensiyang: Magsilang ng mas malulusog na sanggol, magkaroon ng mas malulusog na anak, mas magtiwala sa sarili, matibay at mas magaling mangatwiran at humatol.”¹⁰

Nalaman natin sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” na “ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak.”¹¹ Ang pagpapaaral sa inyong mga anak ay bahagi ng pag-aarugang iyon at ng inyong sagra-dong responsibilidad. Gaya ng mga kabataang mandirigma, na “tinuruan ng kanilang mga ina,”¹² kayo ang magiging pinakamahalagang guro ng inyong mga anak, kaya piliing mabuti ang inyong pag-aaralan. Pagpalain ang inyong mga anak at magiging tahanan sa pamamagitan ng pag-aaral ngayon hangga’t kaya ninyo.

Maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. Natututo tayo sa pamamagitan ng pananampalataya kapag masigasig tayong nagtatamo ng espirituwal na kaalaman sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsunod at kapag hinangad natin ang patnubay ng Espiritu Santo, na nagpapatunay sa lahat ng katotohanan. Kapag ginawa ninyo ang inyong

bahagi para magtamo ng kaalaman, mabibigyang-liwanag ng Espiritu Santo ang inyong isipan. Sa pagsisikap ninyong manatiling karapat-dapat, papatnubayan kayo ng Espiritu Santo at daragdagan ang inyong kaalaman.

Noong dalagita pa ako, nanghiram ako ng ski na napakahaba at botang napakalaki, at tinuruan ako ng kaibigan kong mag-ski! Nag-ski kami isang magandang araw ng tagsibol na masikat ang araw, tamang-tama ang niyebe, at maaliwalas at bughaw ang kalangitan. Ang pag-aalala ko sa matatarik na dalisdis ay napalitan ng tuwa nang matuto ako. At kahit ilang beses akong natumba gamit ang mahahabang ski na iyon, tumayo ako at patuloy ko itong sinubukan. Nagustuhan ko ang isport!

Gayunman, hindi nagtagal ay natuklasan ko na hindi lahat ng araw at panahon ng pag-ski ay gayon kaganda. Sa mga araw na maup, nag-ski kami sa panahong tinatawag na “flat light.” Nagkakaroon ng flat light kapag ang liwanag mula sa araw ay natatakpan ng mga ulap. Kapag tumingin ka sa puting niyebe, wala ka nang gaanong makikita, at mahirap tantiyahin ang tarik ng dalisdis o makita ang mga nakaumbok na niyebe sa burol.

Mga kabataang babae, maaaring inaasam ninyo ang inyong kinabukasan tulad ng pagtingin ko sa matarik na dalisdis na iyon. Maaaring kung minsan ay nadarama ninyo na wala kayong gaanong makita, na hindi nakikita ang naghihintay sa inyo. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay magbibigay sa inyo ng tiwala sa sarili at tutulong sa inyong paglalakbay sa mga panahon ng kawalang-katiyakan.

Sa ika-25 kabanata ng Mateo, itinuro sa atin ng talinghaga ng sampung dalaga na napakahalaga ng espirituwal na paghahanda at dapat itong gawin ng bawat isa. Maaalala ninyo na inanyayahan ang sampung dalaga na samahan ang kasintahang lalaki papunta sa piging ng kasal, ngunit limang matatalinong dalaga lamang ang may handang langis sa kanilang ilawan.



“At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka’t nangamamatay ang aming mga ilawan.

“Datapuwa’t nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo.

“At samantalang sila’y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan.”¹³

Maaaring isipin ninyo na maramot ang limang matatalinong dalagang hindi nagbahagi ng kanilang langis, ngunit imposible iyon. Ang espirituwal na paghahanda ay dapat gawing mag-isa, nang paunti-unti, at hindi maaaring ibahagi.

Ngayon ang panahon para masigasig ninyong dagdagan ang inyong espirituwal na kaalaman—nang paunti-unti—sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsunod. Ngayon ang panahon para tapusin ang inyong

pag-aaral—nang paunti-unti. Bawat mabuting kaisipan at gawa ay nagdagdag din ng langis sa inyong mga ilawan, ginagawa kayong marapat na patnubayan ng Espiritu Santo, na ating banal na guro.

Papatnubayan kayo ng Espiritu Santo sa inyong paglalakbay sa buhay na ito, kahit wala kayong gaanong makita, at hindi nakatitiyak sa mangyayari. Hindi kayo dapat matakot. Kapag nanatili kayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan, papatnubayan kayo ng Espiritu Santo sa inyong mga desisyon at pag-aaral.

Pinatotohanan ko mula sa sarili kong karanasan na kung hangad ninyong matuto hindi lamang sa pag-aaral kundi maging sa pananampalataya, kayo ay papatnubayan sa anumang “kailangang ipagawa at ipaalam sa inyo ng Panginoon.”¹⁴

Natanggap ko ang aking patriarchal blessing noong dalagita ako at pina-yuhan akong ihanda ang aking sarili na mag-aral na mabuti at matutuhan nang maaga sa buhay ang magagandang katangiang iyon na magagamit sa pangangasiwa sa tahanan at pag-aaruga ng pamilya. Gustung-gusto kong magkaroon ng pamilya ngunit natupad lamang iyan noong 37 taong gulang na ako, nang mag-asawa ako kalaunan. Balo na ang asawa ko, kaya noong araw na ibuklod kami sa templo, bigla akong nabiyayaan hindi lamang ng isang asawa kundi ng apat na anak din.

Bago iyan, maraming araw na para akong nag-ski sa maulap na kalangitan, na nagtatanong, “Ano ang magiging kinabukasan ko?” Sinikap kong sundin ang mga payo sa aking patriarchal blessing. Masigasig akong nag-aral na maging guro at nagpatuloy sa pag-aaral para maging prinsipal sa elementarya. Nanalangin ako sa Ama sa Langit at naghagad ng patnubay ng Espiritu Santo. Pinanghawakan ko ang pangako ng mga propeta na nagbigay-katiyakan sa akin na kung ako ay “mananatiling totoo at tapat, tutupdin ang [aking] mga tipan, maglilingkod sa Diyos, mamahalin ang [aking] Ama sa Langit at ang Panginoong Jesucristo, [ako]

ay hindi pagkakaitan ng alinman sa mga walang hanggang pagpapala ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang matatapat na anak.”¹⁵

Alam ko na inihanda ako ng aking pinag-aralan para sa buhay na malayo sa naisip ko noong dalagita pa ako. Akala ko nag-aral ako para makapag-turo sa paaralan at sa magiging mga anak ko, ngunit hindi ko alam na inihanda rin ako noon ng Panginoon na magturo ng Ingles sa Mongolia noong magmisyon kaming mag-asawa at magturo sa mga kabataang babae ng Simbahan sa buong mundo at maituro sa mga apo ko ang kahalagahan ng kaalaman—pawang magagandang pagpapalang hindi ko naisip noon.

Pinatotohanan ko na kilala at mahal kayo ng ating Ama sa Langit. Malaki ang tiwala Niya sa inyo at may ipagagawa Siya na *kayo* lamang ang makagagawa. Tinitiyak ko sa inyo na kayo ay magiging handa para sa dakilang gawaing iyon kung hahangarin ninyong matuto sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, “Pagtulong upang Maiangat ang Kapwa,” *Liahona*, Ene. 2002, 67.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 9.
3. Doktrina at mga Tipan 88:118.
4. Gordon B. Hinckley, *Way to Be! Nine Ways to Be Happy and Make Something of Your Life* (2002), 28.
5. Gordon B. Hinckley, “Seek Learning,” *New Era*, Set. 2007, 2, 4.
6. Thomas S. Monson, “Kung Kayo ay Handa Kayo ay Hindi Matatakot,” *Liahona*, Nob. 2004, 116.
7. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 9.
8. Cheryl Hanewicz at Susan R. Madsen, “The Influence of a Mother on a Daughter’s College Decision,” *Utah Women and Education Project Research Snapshots*, blg. 3 (Ene. 2011): 1.
9. Marjorie Cortez, “Mom’s Education Key to Halt Poverty Cycle,” *Deseret News*, Set. 23, 2011, A1.
10. Olene Walker, “More Utah Women Need to Finish College,” *Salt Lake Tribune*, Okt. 30, 2011, O4.
11. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
12. Alma 56:47.
13. Mateo 25:8–10.
14. Henry B. Eyring, “Education for Real Life,” *Ensign*, Okt. 2002, 18.
15. M. Russell Ballard, “Preparing for the Future,” *Ensign*, Set. 2011, 27.



Ni Elaine S. Dalton
Young Women General President

Panahon na para Bumangon at Magliwanag!

Bilang mga anak na babae ng Diyos, ipinanganak kayo para mamuno.

Mula sa bintana ko sa opisina ng Young Women, tanaw ko ang napakagandang Salt. Araw-araw kong nakikita si anghel Moroni na nakatayo sa tuktok ng templo bilang maningning na sagisag hindi lamang ng kanyang pananampalataya kundi maging ng ating pananampalataya. Mahal ko si Moroni dahil, sa gitna ng masamang lipunan, nanatili siyang dalisay at tapat. Siya ang idolo ko. Mag-isa siyang nanindigan. Nakatayo siya sa tuktok ng templo ngayon, na parang hinihikayat tayong maging matapang, na alalahanin kung sino tayo, at maging karapat-dapat na pumasok sa templo—na “bumangon at magliwanag,”¹ at tulad ng sinabi sa propesiya ni Isaias, “Halina kayo, at . . . magsiahon sa bundok ng Panginoon”²—ang banal na templo.

Narito ngayon ang mga piling anak na babae ng Panginoon. Wala nang iba pang mas malakas na grupo na naninindigan sa katotohanan at kabutihan sa buong mundo maliban

sa mga kabataang babae at kababaihan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nakikita ko ang inyong dangal at alam ko ang inyong banal na pagkakakilanlan at kahihinatnan. Namukod-tangi kayo bago pa man kayo nabuhay sa mundo. Taglay ng inyong angkan ang mga tipan at pangako. Minana ninyo ang mga espirituwal na katangian ng matatapat na amang sina Abraham, Isaac, at Jacob. Isang propeta ng Diyos ang minsa’y tinukoy ang bawat isa sa inyo bilang “maningning na sinag ng pag-asa”³ ng hinaharap. At sang-ayon ako! Sa daigdig na puno ng hamon, ang inyong liwanag ay nagniningning. Tunay ngang “ang mga araw na ito ay hindi maaaring malimutan.”⁴ Ito ang *inyong* panahon, at *ngayon* ang panahon para sa mga kabataang babae saanman na “bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa.”⁵

“Ang pamantayan ay panuntunang sukatan kung saan ibinabatay ng tao ang pagiging wasto o perpekto.”⁶

Dapat tayong maging pamantayan ng kabanalang titingnan ng sanlibutan! Ang bagong rebisyon ng buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay hindi lang naglalaman ng mga pamantayang dapat ipamuhay nang wasto kundi pati mga ipinangakong biyaya kung susunod kayo. Ang mga salita sa mahalagang buklet na ito ay mga pamantayan para sa mundo, at kapag ipinamuhay ang mga pamantayang ito malalaman ninyo ang dapat gawin upang higit na matulad sa Tagapagligtas at maging maligaya sa mundong pasama nang pasama. Ang pagsunod sa mga pamantayan sa buklet na ito ay tutulong sa inyong maging karapat-dapat na makasama ang Espiritu Santo. At sa mundong inyong ginagalawan, kakailanganin ninyo ang Espiritu Santo sa paggawa ng mahahalagang desisyon na magtatakda ng halos lahat ng magiging tagumpay at kaligayahan ninyo. Ang pamumuhay ayon sa mga pamantayang ito ay tutulong sa inyo na maging karapat-dapat sa banal na templo ng Panginoon at matanggap doon ang mga pagpapala at kapangyarihang naghihintay sa inyo sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan.⁷

Noong maliit pa ang aming anak na si Emi, gustung-gusto niyang pagmasdan ang bawat galaw ko habang gumagayak ako para magsimba. Matapos masdan ang ginagawa ko, magsusuklay siya at magsusuot ng kanyang damit, at laging magpapahid sa akin ng “pampaningning.” Ang “pampaningning” na tinutukoy niya ay ang malapot na cream na ginagamit ko para hindi mangulubot ang aking balat. Tulad ng hiling niya, ipapahid ko ito sa kanyang mga pisngi at labi, at pagkatapos ay ngingiti siya at sasabihing, “Ngayon handa na po tayong umalis!” Ang hindi alam ni Emi ay mayroon na siyang “pampaningning.” Nagniningning sa ganda ang kanyang mukha dahil siya ay dalisay at inosente at mabait. Nasa kanya ang Espiritu, at nakikita ito.

Nawa ang bawat isa sa inyo ay malaman at maunawaan na ang inyong ganda—ang inyong “ningning at liwanag”—ay hindi nakasalalay sa pampanganda, sa ipinapahid na

cream, o sa mga usong damit at ayos ng buhok. Nakasalalay ito sa inyong kadalisan. Kapag ipinamumuhay ninyo ang mga pamantayan at karapat-dapat na makasama palagi ang Espiritu Santo, malaki ang magiging impluwensya ninyo sa mundo. Ang inyong halimbawa, maging ang mga kislap ng inyong mga mata, ay maikimpluwensya sa ibang makakakita ng inyong “ningning at liwanag,” at gugustuhin nilang maging tulad ninyo. Saan ninyo makukuha ang liwanag na ito? Ang Panginoon ang liwanag, “at ang Espiritu ay nagbibigay-liwanag sa bawat tao sa pamamagitan ng daigdig, na nakikinig sa tinig ng Espiritu.”⁸ Ang banal na liwanag ay nagpapaningning sa ating mga mata at mukha kapag lumalapit tayo sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Ganyan natin nakukuha ang “pampaningning”! At isa pa, tulad nang nakikita ninyong lahat, wala naman talagang epekto ang “pampaningning na cream” sa mga kulubot ko!

Ang panawagang “bumangon at magliwanag” ay panawagan sa inyo na pamunuan ang daigdig sa isang magiting na adhikain—ang itaas ang pamantayan—at pamunuan ang henerasyong ito nang may dangal, kadalisan, at pagiging marapat sa templo. Kung nais ninyong gumawa ng kaibhan sa mundo, *dapat kayong maiba sa mundo*. Babanggitin kong muli ang sinabi ni Joseph F. Smith, sa kababaihan noong kanyang panahon: Hindi kayo dapat padala sa mga [kabataang] babae ng sanlibutan; dapat na pamunuan ninyo ang . . . mga [kabataang] babae ng sanlibutan sa lahat ng . . . makapagpapalinis sa mga anak ng tao.”⁹ Angkop pa rin ang mga salitang ito ngayon. Bilang mga anak na babae ng Diyos, ipinanganak kayo para mamuno.

Sa daigdig na ating ginagalawan, ang kakayahan ninyong mamuno ay mangangailangan ng gabay at palaging pagsama ng Espiritu Santo, na magsasabi sa inyo ng “lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin”¹⁰ habang nadarama ninyo at umaasa kayo sa Kanyang paggabay at mga pahiwatig. At dahil hindi nananahan ang Espiritu

Santo sa maruming templo, kailangang suriin ng bawat isa sa atin ang ating gawi at nadarama. Lahat tayo ay may kailangang baguhin—pagsisihan. Tulad ng sinabi ni Haring Lamoni sa Aklat ni Mormon, “Tatalikuran ko ang *lahat* ng aking kasalanan upang makilala kayo.”¹¹ Handa ba tayo, ikaw at ako, na gawin din ang gayon?

Isang grupo ng mga kabataan sa Queen Creek, Arizona, ang nagpasiyang “bumangon at magliwanag” at pamunuan ang mga kabataan sa kanilang komunidad sa pamumuhay ng mga pamantayang isinasaad sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Bawat isa ay nagsulat sa journal nila ng isang bagay na sa palagay nila ay pumipigil sa kanila o isang bagay na gusto nilang baguhin sa buhay nila, at pagkatapos ay gumawa sila ng hukay. Nagsama-sama sila, pinunit ang pahinang pinagsulatan sa journal at itinapon ito sa hukay, tulad ng ginawa ng mga tao ni Ammon sa Aklat ni Mormon sa kanilang mga sandata.¹² Pagkatapos ay ibinaon nila ang mga pahinang iyon, at nang araw na iyon ay nangakong magbabago. Sila ay nagsipagsisi. Determinado silang bumangon!

May isang bagay ba sa buhay ninyo na gusto ninyong baguhin? Mababago ninyo ito. Makapagsisisi kayo dahil sa walang hanggang pagbabayad-salang

sakripisyo ng Tagapagligtas. Ginawa niyang posible para sa atin na magbago, na maging dalisay at malinis na muli, at maging tulad Niya. At Kanyang ipinangako na kapag nagsisi tayo, hindi na Niya maaalala pa ang ating mga kasalanan at pagkakamali.¹³

Kung minsan parang imposibleng manatiling maningning. Marami kayong hamong kinakaharap na maaaring magpalabo sa pinagmumulan ng lahat ng liwanag, ang Tagapagligtas. Kung minsan mahirap ang daan, at kung minsan pa nga ay may makapal na ulap na lumalambong sa liwanag. Gayon ang nangyari sa dalagitang nanggangalang Florence Chadwick. Mula pa noong 10 taong gulang siya, natuklasan na ni Florence na mahusay siyang lumangoy. Nilangoy niya ang English Channel sa loob ng 13 oras at 20 minuto. Gusto ni Florence na nasusubok ang kanyang galing, kaya kalaunan ay sinubukan niyang lumangoy mula sa baybayin ng Cali hanggang Catalina Island—na mga 21 milya ang pagitan (34 km). Sa paglangoy na ito napagod siya matapos lumangoy nang 15 oras. Isang makapal na hamog ang lumambong sa may baybayin. Nakaantabay sa kanya ang kanyang ina na nakasakay sa bangka, at sinabi ni Florence sa kanyang ina na baka hindi niya matapos ang



paglangoy. Hinikayat siya ng kanyang ina at kanyang trainer na magpatuloy, pero ang tanging nakikita niya ay ang hamog. Hindi niya itinuloy ang paglangoy, subalit nang nasa bangka na, nalaman niyang isang milya (1.6 km) na lamang pala ang layo niya sa baybayin. Kalaunan, nang interbyuhin siya kung bakit hindi niya tinapos ang paglangoy, inamin niyang hindi ang malamig na tubig at distansya ang dahilan. Sabi niya, “Hamog ang tumalo sa akin.”¹⁴

Kalaunan muli niyang tinangkang languyin iyon, at minsan pa, naroon na naman ang makapal na hamog. Pero sa pagkakataong ito, nagpatuloy siya hanggang sa matagumpay niyang narating ang baybayin. Sa pagkakataong ito nang tanungin kung ano ang naging kaibhan, sinabi niyang hindi niya inalis sa isip niya ang baybayin sa gitna ng makapal na hamog at hanggang sa matapos ang kanyang paglangoy.¹⁵

Para kay Florence Chadwick, ang baybayin ang minithi niyang marating. Para sa bawat isa sa atin, ang templo ang minimithi natin. Mga kabataang babae, manatiling nakapokus. Huwag kalimutan ang inyong mga mithiin. Huwag hayaang hadlangan kayo ng makapal na hamog ng imoralidad at ng nakaliligaw na tinig ng daigdig sa pagkakamit ng inyong mga mithiin, pamumuhay ng mga pamantayan, pagtatamasa ng patnubay ng Espiritu Santo, at pagiging karapat-dapat na pumasok sa templo. Manatiling naka-tuon sa templo—sa banal na bahay ng Tagapagligtas—sa inyong mga puso’t isipan.

Ilang linggo na ang nakalipas tumayo ako sa loob ng silid-selestiyal ng Reno. Ang ilaw sa silid na iyon ay napakaliwanag at lalo pang pinatindi ng kristal na chandelier, na ang mga inukit na bahagi ay kababanaagan ng liwanag na nagmistulang bahaghari sa buong silid. Namangha ako nang aking matanto na ang Tagapagligtas ang “liwanag at buhay ng daigdig,”¹⁶ na ang *Kanyang* liwanag ang dapat nating kapitan at pagnilayan. *Tayo* ang maliit na kristal na kababanaagan ng Kanyang liwanag, at upang magawa



iyon, dapat ay malinis tayo at wala tayong alabok ng mundo. Sa pagtayo ko sa templo nang araw na iyon, naisip kong muli ang panawagan ni Moroni sa atin—mga anak na babae ng Sion: “Gumising at bumangon mula sa alabok.”¹⁷ “At huwag humipo ng masamang kaloob ni ng maruming bagay.”¹⁸ “Gumising at bumangon . . . at isuot mo ang iyong magagandang kasuotan, O anak na babae ng Sion . . . , upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan na kanyang ginawa sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay matupad.”¹⁹

Ang mga ipinangakong pagpapala ng templo ay hindi lang para sa inyo kundi sa lahat ng henerasyon. Habang minimithi ninyo ang templo, ang inyong impluwensya para sa kabutihan ay lalampas pa sa buhay na ito, at ang gawaing isinasagawa ninyo sa mga yumao na ang magiging katuparan ng propesiya!

Noong huling pangkalahatang kumperensya napakasaya ko nang mapakinggan ang paanyaya ni Elder David A. Bednar sa bawat isa sa inyo na maging sabik sa paggawa ng inyong family history at gawain sa templo para sa mga pumanaw na hindi nakaranas ng pagpapala ng ipinang-balik na ebanghelyo ni Jesucristo.²⁰ Nang ibigay niya ang paanyayang

iyon sa inyo, napalukso sa tuwa ang puso ko. Sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin ang tungkol sa “iba pang mga piling espiritu na nilaang bumangon sa kaganapan ng panahon upang makiisa sa paglalata ng saligan ng dakilang gawain ng huling araw, kasama ang pagtatayo ng . . . mga templo at ang pagsasagawa ng mga ordenansa rito para sa pagtubos ng mga patay.”²¹ Ito ang inyong panahon, at nagsimula na ang gawain ninyo! Panahon na para maging karapat-dapat sa at magkaroon ng temple recommend. Sa paggawa ninyo ng gawaing ito, kayo ay magiging mga tagaligtas sa Bundok ng Sion.²²

Ganito ang sinabi ni Elder Russell M. Nelson tungkol sa inyo, “Ang impluwensya ng mga kabataang babae ng Simbahan, tulad ng natutulong na higante, ay gigising, babangon, at bibigyang-inspirasyon ang mga tao sa mundo bilang magigiting na impluwensya para sa kabutihan.”²³ Mga kabataang babae, bumangon at makibahagi sa maluwalathing mga kaganapan na huhubog ng inyong kinabukasan at sa kinabukasan ng daigdig. Ngayon na ang panahon!

“Sa tuktok ng bundok bandila’y hinirang. Masda’t nagwagayway sa sandaigdigan!”²⁴ Mga kabataang babae, kayo ang bandila! Maging banal at

dalisay, hangaring makasama ang Es-
piritu Santo, ibaon ang mga kasalanan
at paglabag, manatiling nakapokus at
huwag hayaang padilimin ng imorali-
dad ang inyong mga mithiin. Maging
karapat-dapat na pumasok sa templo
ngayon. Gamitin ninyo ang inyong
“pampaningning”! Pinatototohanan ko
nang taos-puso na buhay ang Diyos
at bibigyang-liwanag Niya ang ating
buhay habang lumalapit tayo sa Kan-
yang Pinakamamahala na Anak—ang
ating Tagapagligtas na si Jesucristo. At
dalangin ko na, tulad ni Moroni, tayo
ay “[babangon] at magliliwanag, upang
ang [ating] liwanag ay maging sagisag
sa mga bansa”!²⁵ Sa banal na pangalan
ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 115:5.
2. Isaias 2:3; 2 Nephi 12:3.
3. Gordon B. Hinckley, “Pagiging Matatag
at Di Natitinag,” *Pandaigdigang Pulong
sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Ene. 10,
2004, 20.
4. Oliver Cowdery, sa Joseph Smith—
Kasaysayan 1:71, tala.
5. Doktrina at mga Tipan 115:5.
6. Ezra Taft Benson, “Strengthen Thy Stakes,”
Tambuli, Ago. 1991, 4.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22.
8. Doktrina at mga Tipan 84:46.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan:*
Joseph F. Smith (1998), 22122.
10. 2 Nephi 32:5.
11. Alma 22:18; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Tingnan sa Alma 24:17.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:42.
14. Tingnan sa Sterling W. Sill, sa Conference
Report, Abr. 1955, 117.
15. Tingnan sa Randy Alcom, “Florence
Chadwick and the Fog,” [epm.org/
resources/2010/Ene/21/florence-chadwick-
and-fog](http://epm.org/resources/2010/Ene/21/florence-chadwick-and-fog). Tingnan din sa “Florence
Chadwick,” sa *Encyclopedia of World
Biography*, tomo 19 (2004): 64–66;
“Navigation Information” at “Swim
Successes,” Catalina Channel Swimming
Federation, swimcatalina.com, accessed
Mar. 27, 2012. Karagdagang mga kuwento
tungkol kay Florence Chadwick.
16. 3 Nephi 9:18.
17. Moroni 10:31.
18. Moroni 10:30.
19. Moroni 10:31.
20. Tingnan sa David A. Bednar, “Ang mga
Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,”
Liahona, Nob. 2011, 24–27.
21. Doktrina at mga Tipan 138:53–54.
22. Tingnan sa Obadias 1:21; Doktrina at mga
Tipan 103:9; at *Mga Turo ng mga Pangulo
ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 554–55.
23. Russell M. Nelson, “Daughters of Zion,”
New Era Young Women Special Issue,
YW Nob. 1985, 9.
24. “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*,
blg. 4.
25. Doktrina at mga Tipan 115:5.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Maniwala, Sumunod, at Magtiis

*Maniwala na ang pananatiling matatag at tapat sa mga
katotohanan ng ebanghelyo ang pinakamahalaga sa lahat.
Pinatototohanan ko na ito ang pinakamahalaga!*

Mahal kong mga batang kapa-
tid, napakalaking responsibi-
lidad ang magsalita sa inyo.
Dalangin kong tulungan ako ng langit,
upang maging marapat ako sa gayong
oportunidad.

Noong nakaraang 20 taon hindi pa
ninyo nasimulan ang inyong paglalak-
bay sa mortalidad. Naroon pa kayo sa
tahanan sa langit. Doon ay kapiling
ninyo ang mga nagmamahal sa inyo
at inisip nila ang inyong walang-
hanggang kapakanan. Kalaunan, ang
buhay sa mundo ay naging mahalaga
sa inyong pag-unlad. Walang dudang
nangagpaalam tayo, at nagpahayag ng
tiwala sa isa’t isa. Nagkaroon kayo ng
katawan at naging mortal, nawalay sa
piling ng inyong Ama sa Langit.

Gayunman, buong kagalakang
hinintay ang pagdating ninyo sa
mundo. Ang mga unang taon na iyon
ay mahalaga, at espesyal. Walang
kapangyarihan si Satanas na taksuhin
kayo, dahil wala pa kayo sa edad ng
pananagutan. Kayo ay inosente sa
harap ng Diyos.

Hindi nagtagal pumasok kayo sa
panahon na tinatawag ng ilan na “te-
ribleng tinedyer.” Mas gusto ko itong

tawaging “magagaling na tinedyer.”
Napakagandang pagkakataon, isang
panahon ng pagsulong, panahon ng
pag-unlad—ng pagkakaroon ng kaala-
man at paghahanap sa katotohanan.

Walang sinumang nagsabing madali
ang mga taon ng pagiging tinedyer.
Kadalasang mabuway ang nasa gani-
tong edad, nadaramang hindi sapat
ang nagagawa ninyong kabutihan,
pilit na nakikisama sa inyong mga ka-
barkada. Ito ang panahon na nagiging
mas malaya kayo—at siguro gusto
ninyo ng dagdag na kalayaan kaysa
handang ibigay sa inyo ng inyong
mga magulang sa ngayon. Ito rin ang
pinakamahahalagang taon na tutuk-
suhin kayo ni Satanas at gagawin niya
ang lahat upang ilayo kayo sa landas
na aakay sa inyo pabalik sa tahanan sa
langit na pinagmulan ninyo at paba-
lik sa inyong mga mahal sa buhay at
pabalik sa inyong Ama sa Langit.

Ang mundong nakapaligid ay
walang maitutulong sa inyo upang
malampasan ang mapanganib na
paglalakbay na ito. Marami sa ating
lipunan ngayon ang tila lumisya na sa
landas ng kaligtasan at lumayo na sa
daungan ng kapayapaan.



Ang kaluwagan, imoralidad, pornograpiya, droga, ang puwersa ng hatak ng barkada—lahat ng ito at marami pang iba—ang dahilan ng paglulubalob ng mga tao sa kasalanan at nawawalan na sila ng pagkakataon, napagkakaitan ng mga pagpapala, at gumuguhong mga pangarap.

May landas ba tungo sa kaligtasan? Matatakas ba ang nagbabantang kapahamakan? Ang sagot ay isang matunog na *oo!* Ang payo ko sa inyo ay tumingin sa parola ng Panginoon. Sinabi ko na ito noon; muli ko itong sasabihin: walang napakakapal na hamog, walang gabing napakadilim, walang hangin na napakalakas, walang marinong naliligaw na hindi maililigtas ng parola ng Panginoon. Tumatanglaw ito sa kabila ng mga unos ng buhay. Ang panawagan nito ay, *“Ito ang landas tungo sa kaligtasan. Ito ang landas pauwi.”* Naghuhudyat ito ng liwanag na madaling makita at palaging nakasindi. Kung susundin, ang mga hudyat na iyon ang aakay sa inyo pabalik sa inyong tahanan sa langit.

Nais kong banggitin ngayong gabi ang tatlong mahahalagang hudyat mula sa parola ng Panginoon na tutulong sa inyo upang makabalik doon sa Ama na sabik na naghihintay sa matagumpay ninyong pag-uwi. Ang tatlong hudyat na iyon ay *maniwala*, *sumunod*, at *magtiis*.

Una, babangitin ko ang hudyat na simple at mahalaga: *maniwala*. Maniwala na ikaw ay anak ng Ama sa Langit, na mahal ka Niya, at narito ka para sa isang maluwalhang layon—ang makamit ang iyong walang-hanggang kaligtasan. Maniwala na ang pananatiling matatag at tapat sa mga katotohanan ng ebanghelyo ang pinakamahalaga sa lahat. Pinatotohanan ko na ito ang pinakamahalaga!

Mga bata kong kaibigan, maniwala sa mga salitang binibigkas ninyo bawat linggo sa pagbigkas ninyong Young Women theme. Isipin ang kahulugan ng mga salitang iyon. May katotohanan doon. Palaging sika-ping ipamuhay ang mga itinakdang pinahalagahan. Maniwala, gaya ng nakasaad sa inyong tema, na kung tatanggapin at isasagawa ninyo ang mga pinahalagahang ito, magiging handa kayong palakasin ang tahanan at mag-anak, gawin at sundin ang mga sagradong tipan, tanggapin ang mga ordenansa sa templo, at tamsahin ang mga biyaya ng kadakilaan. Ito’y magagandang katotohanan ng ebanghelyo, at sa pagsunod sa mga ito, magiging mas maligaya kayo sa buhay na ito at sa kabilang-buhay kaysa kung babalewalain ninyo ang mga ito.

Itinuro sa karamihan sa inyo ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula pa sa inyong pagkabata. Tinuruan

kayo ng mapagmahal na mga magulang at malingap na mga guro. Ang mga katotohanang ibinahagi nila sa inyo ay nakatulong sa pagkakaroon ninyo ng patotoo; naniwala kayo sa itinuro sa inyo. Bagamat ang patotoong iyon ay patuloy na mapalakas sa espirituwal at lalago habang kayo ay nag-aaral, habang nagdarasal kayo para humingi ng patnubay, at habang dumadalo kayo sa mga pulong ng Simbahan bawat linggo, nasa inyo na kung patuloy ninyong pag-aalabin ang patotoong iyon. Gagawin ni Satanas ang lahat upang sirain ito. Kailangan ninyong pangalagaan ito habang kayo’y nabubuhay. Tulad ng nag-aalab na ningas ng apoy, ang inyong patotoo—kung hindi patuloy na pangangalagaan—ay mamamatay at lubusang manlalamig. Hindi ninyo dapat hayaang mangyari ito.

Bukod sa pagdalo sa inyong mga pulong sa Linggo at sa mga aktibidad sa buong linggo, kapag may pagkakataon kayong sumali sa seminary, ito man ay sa early morning o sa released-time class, samantalahin ninyo ang pagkakataong iyon. Marami sa inyo ngayon ang dumadalo sa seminary. Gaya ng iba pang bagay sa buhay, karamihan sa natututuhan ninyo sa seminary ay batay sa inyong pag-uugali at kahandaan ninyong maturuan. Nawa’y maging

mapagpakumbaba kayo at hangaring matuto. Malaki ang pasasalamat ko na nagkaroon ako ng pagkakataon noong tinedyer ako na makadalo sa early-morning seminary, dahil mahalaga ang naging papel nito sa aking pag-unlad at sa paglago ng aking patotoo. Ang seminary ay nakapagpapabago ng buhay.

Ilang taon na ang nakararaan ako'y nasa isang board of directors kasama ang isang butihing lalaki na talagang naging matagumpay sa buhay. Humanga ako sa kanyang integridad at kapatatan sa Simbahan. Nalaman ko na nagkaroon siya ng patotoo at sumapi sa Simbahan dahil sa seminary. Nang mag-asawa siya, ang kanyang kabiyak ay matagal nang miyembro ng Simbahan. Wala siyang kinabibilangang simbahan. Sa paglipas ng mga taon at sa kabila ng pagsisikap ng kanyang asawa, hindi nagpakita ang lalaki ng interes na magsimba kasama ng kanyang asawa at mga anak. Pagkatapos ay sinimulan niyang ihatid ang dalawa niyang anak na babae sa early-morning seminary. Doon lang siya sa loob ng kotse habang nasa klase sila, at pagkatapos ay ihahatid na niya sila sa paaralan. Isang araw ay umulan, at sinabi ng isa sa kanyang mga anak, "Pasok kayo, Dad. Puwede kayong umupo sa pasilyo." Tinanggap niya ang paanyaya. Ang pinto sa silid ay nakabukas noon, at nagsimula siyang makinig. Naantig ang kanyang puso. Sa nalalabing bahagi ng taong iyon siya ay dumalo sa seminary kasama ng kanyang mga anak, at kalaunan siya ay naging miyembro at buong buhay siyang naging aktibo sa Simbahan. Hayaang tumulong ang seminary sa pagpapalakas ng inyong patotoo.

May mga pagkakataong mahaharap kayo sa mga hamon na maglalagay sa panganib sa inyong patotoo, o maaaring mapabayaang ninyo ito sa paghahangad ninyo ng ibang bagay. Nakikiusap ako na panatilihin ninyo itong matatag. Responsibilidad ninyo, at pananagutan ninyo, na panatilihin naging nagningas ang apoy nito. Kinakailangan ang pagsisikap, ngunit ito'y pagsisikap na hindi ninyo kailanman pagsisisihan. Naaalala ko ang mga titik

ng awiting isinulat ni Julie de Azevedo Hanks. Sa pagtukoy sa kanyang patotoo, isinulat niya:

*Sa kabila ng pagbabago
At ng sakit na dulot nito
Nakataya dito ang buhay ko
Kailangan ko ang init—kailangan ko
ang liwanag
Kahit napakalakas ng unos
At malakas na ulan ay bumuhos
Ako'y mananatiling
Nag-aalab ang damdamin.¹*

Nawa'y maniwala kayo at nawa'y palagi ninyong pag-alabin ang ningas ng inyong patotoo, anuman ang mangyari.

Susunod, mga kabataang babae, nawa kayo ay *sumunod*. Sundin ang inyong mga magulang. Sundin ang mga batas ng Diyos. Ibinigay ito sa atin ng mapagmahal na Ama sa Langit. Kapag sinusunod ang mga ito, ang buhay natin ay magiging mas makabuluhan, hindi gaanong kumplikado. Ang mga hamon at problema ay mas madaling mapagtituisan. Matatanggap natin ang mga ipinangakong pagpapala ng Panginoon. Sinabi Niya, "Hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito."²

Minsan lang kayo mabubuhay. Umiwas kayo sa gulo hangga't maaari. Kayo ay tutuksuhin, minsan ng mga taong inakala ninyong mga kaibigan.

Ilang taon na ang nakalilipas naka-usap ko ang isang Mia Maid adviser na nagkuwento ng naging karanasan niya sa isa sa mga dalagita sa kanyang klase. Ang dalagitang ito ay paulit-ulit na natuksong iwan ang landas ng katotohanan at tahakin ang likong landas ng kasalanan. Sa panghihikayat tuwina ng ilan sa kanyang mga kaibigan sa paaralan, pumayag siyang tahakin ang likong landas. Gumawa ng plano: sasabihin niya sa kanyang mga magulang na dadalo siya sa pang-gabing aktibidad ng Young Women. Gayunman, nagplano siyang lumagi doon hanggang sa sunduin siya ng kanyang mga kaibigan at ng kanilang

mga kadeyt. Pagkatapos ay dadalo sila sa isang party kung saan inom sila ng alak at kung saan ang mga ikikilos ay talagang salungat sa nalalaman ng dalagita na tama.

Ang guro ay nanalangin na makatanggap ng inspirasyon upang matulungan ang lahat ng kanyang mga dalagita lalo na ang batang ito, na parang hindi alam ang kanyang gagawin sa ebanghelyo. Nakatanggap ang guro ng inspirasyon nang gabing iyon na huwag nang ituloy ang dati niyang plano at magsalita sa mga dalagita tungkol sa kalinisang-puri. Nang simulan niyang ibahagi ang kanyang mga iniisip at nadarama, ang dalagita ay paulit-ulit na tumingin sa relo para matiyak na hindi niya makakaligtaan ang usapan nila ng kanyang mga kaibigan. Gayunman, sa pagpapatuloy ng talakayan, naantig ang kanyang puso, nabuksan ang kanyang isipan, at naisip niyang muli ang nararapat niyang gagawin. Nang dumating ang sandali, binalewala niya ang paulit-ulit na pagbusina ng kotseng susundo sa kanya. Nanatili siya sa piling ng kanyang guro at ng iba pang dalagita sa klase nang gabing iyon. Ang taksong tahakin ang likong landas na taliwas sa landasin ng Diyos ay naiwasan. Nabigo si Satanas. Ang dalagita ay lumagi kahit nakaalis na ang iba para pasalamatan ang kanyang guro sa aral na ibinahagi nito at para ipaalam kung paano siya natulungan nito upang maiwasan ang masaklap sanang pangyayari. Nasagot ang panalangin ng isang guro.

Kalaunan ay nalaman ko na dahil sa desisyon niyang huwag sumama sa kanyang mga kaibigan nang gabing iyon, ilan sa pinakatanyag na mga bata sa paaralan, ang umiwas sa dalagita at sa loob ng maraming buwan ay wala siyang mga kaibigan sa paaralan. Hindi nila matanggap na hindi niya gagawin ang mga bagay na ginawa nila. Napakahirap at napakalungkot na panahon iyon para sa kanya, ngunit nanatili siyang matatag at kalaunan ay nagkaroon ng mga kaibigan na katulad niya ang mga pamantayan. Ngayon, makalipas ang ilang taon, nakasal siya sa templo at nagkaroon ng apat na magagandang anak. Iba sana



Minneapolis, Minnesota, USA

ang naging buhay niya kung sumama siya sa mga kaibigan niya. Ang ating mga desisyon ang nagpapasiya ng ating tadhana.

Minamahal na kabataan, sikaping makapasa ang bawat desisyon ninyo sa pagsubok na ito: “Ano ang ginagawa nito sa akin? Ano ang ginagawa nito para sa akin?” At huwag ninyong ugaliing itanong ang “Ano ang iisipin ng ibang tao?” kundi sa halip “Ano ang iisipin ko sa aking sarili?” Makinig sa marahan at banayad na tinig. Alalahanin na may isang awtoridad na nagpatong ng kanyang mga kamay sa inyong ulo noong kumpirmasyon ninyo at sinabing, “Tanggapin ang Espiritu Santo.” Buksan ang inyong puso, maging ang inyong kaluluwa mismo, sa espesyal na tinig na nagpapatotoo sa katotohanan. Gaya ng pangako ng propetang Isaias, “Ang iyong mga pakinig ay makakarinig ng salita . . . na nagsasabi, Ito ang daan, lakaran ninyo.”³

Kaluwagan ang kalakaran sa ating panahon. Ipinakikita ng mga magasin at palabas sa telebisyon ang mga artista sa pelikula, ang mga bidang atleta sa larangan ng palakasan—ang mga taong gustong gayahin ng maraming kabataan—bilang mga taong nagbabalewala sa mga batas ng Diyos at hayagang gumagawa ng mga kasalanan,

na para bang wala itong masamang ibinubunga. Huwag kayong maniwala dito! May panahon ng pagsusulit—ng pagbalanse ng ledger. Kailangan nating lahat na harapin ang bunga ng ating mga gawa—kung hindi man sa buhay na ito, doon sa kabilang-buhay. Ang Araw ng Paghuhukom ay darating sa lahat. Handa ka na ba? Nasisiyahan ka ba sa mga ginawa mo mismo?

Kung mayroon mang nadapa sa kanyang paglalakbay, ipinapangako ko na may landas pabalik. Ang proseso ay tinatawag na pagsisipi. Namatay ang ating Tagapagligtas para ibigay sa iyo at sa akin ang pinagpalang kaloob na iyon. Kahit mahirap ang landas, ang pangako ay tunay. Sabi ng Panginoon: “Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe.”⁴ “At hindi ko na . . . aalalahanin [ang mga ito].”⁵

Mahal kong mga batang kapatid, nasa inyo ang mahalagang kaloob ng kalayaan sa pagpili. Nakikiusap ako sa inyo na piliin ninyong sumunod.

Panghuli, nawa kayo ay *magtiis*. Ano ang ibig sabihin ng magtiis? Gustung-gusto ko ang paliwanag na ito: *manindigan nang may tapang*. Maaaring kailanganin ang katapangan upang maniwala kayo; may mga

sandaling kakailanganin ito habang sumusunod kayo. Talagang kakailanganin ito habang nagtitiis kayo hanggang sa araw ng inyong pagpanaw.

Sa paglipas ng mga taon ay marami na akong nakausap na mga tao na nagsabi sa akin na, “Napakarami kong problema, na talagang nakakabahala. Napakarami ng hamon sa aking buhay. Ano ang magagawa ko?” Inalok ko na sila, at inaalok ko sa inyo ngayon, ang mungkahing ito: hingin ang patnubay ng langit sa bawat araw. Mahirap mabuhay nang puro pag-aalala sa hinaharap; ngunit ang mabuhay nang nilulutas unti-unti ang problema sa ngayon ay mas madali. Bawat isa sa atin ay maaaring maging tapat sa loob ng isang araw—at tapos ay sa susunod na araw at sa susunod pa pagkatapos niyon—hanggang sa buong buhay tayong gabayan ng Espiritu, habambuhay na malapit sa Panginoon, habambuhay na gumagawa ng mabuti. Nangako ang Tagapagligtas, “Tumingin kayo sa akin, at magtiis hanggang wakas, at kayo ay mabubuhay; sapagkat siya na makapagtitiis hanggang wakas ay bibigyan ko ng buhay na walang hanggan.”⁶

Ito ang dahilan kaya kayo naparito sa mundo, mga bata kong kaibigan. Wala nang mas mahalaga pa kaysa sa mithiing sinisikap ninyong kamtin—maging ang buhay na walang hanggan sa kaharian ng inyong Ama.

Kayo ay mga minamahal na anak ng inyong Ama sa Langit na ipinadala sa lupa sa panahong ito para sa isang layunin. Kayo ay inireserba para sa mismong oras na ito. Kagila-gilalas, maluwalhating mga bagay ang naghihintay sa inyo kung kayo lamang ay maniniwala, susunod, at magtitiis. Ito nawa ang maging pagpapala sa inyo, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■

MGA TALA

1. Julie de Azevedo Hanks, “Keeper of the Flame,” *Treasure the Truth* (compact disc, 1997).
2. Doktrina at mga Tipan 64:34.
3. Isaias 30:21.
4. Isaias 1:18.
5. Jeremias 31:34.
6. 3 Nephi 15:9.

Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang panimula sa talakayan ng pamilya o personal na pagbubulay.

Ang mga numero ng pahina na nakalista sa ibaba ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

Para sa mga Bata

- Nagbahagi ng dalawang mahahalagang salita si Pangulong Dieter F. Uchtdorf shared na nais niyang tandaan natin kapag natutukso tayong maging malupit sa isang tao (pahina 70). Natatandaan ba ninyo kung ano ang dalawang salitang iyon? Kausapin ang inyong mga magulang tungkol sa ilan sa mga

pag-uugaling ipinapatigil niya sa atin. Pag-isipan kung paano ninyo higit na matutularan si Jesucristo sa pagtrato ninyo sa iba.

- Tinalakay ni Elder Russell M. Nelson ang maraming kamangha-manghang kakayahan ng ating pisikal na katawan (pahina 77), at itinuro ni Elder Ronald A. Rasband na mahal tayong ating Ama sa Langit kahit hindi perpekto ang ating katawan (pahina 80). Ano ang pakiramdam ninyo sa pagkakaroon ng katawan? Pag-isipan ang lahat ng iba't ibang bagay na magagawa ng inyong

katawan. Kapag nanalangin kayo, pag-isipan kung ano ang masasabi ninyo sa Ama sa Langit upang pasalamatan Siya para sa kaloob na ito.

Para sa mga Kabataan

- May kilala ba kayong mga taong nagtatanong ng tatlong bagay na binanggit ng propeta sa kanyang mensahe sa sesyon sa Linggo ng umaga (pahina 90): “Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito? Saan tayo pupunta pagkamatay natin?” Basahin ang sagot niya sa mga tanong na iyon at pag-isipan kung paano ninyo maibabahagi ang mga katotohanang iyon sa mga taong wala pa nito.
- Hindi nauunawaan ng ilang tao na pinaniniwalaan at sinusunod ng mga Banal sa mga Huling Araw si Jesucristo. Basahin ang mensahe ni Elder Dallin H. Oaks na, “Sakripisyo,” at pag-isipan ang pahayag na ito: “Ang ating paglilingkod at sakripisyo ang pinaka-akmang pahayag ng ating pangakong maglingkod sa Panginoon at sa ating kapwa” (pahina 19). Ano ang makikita sa inyong pamumuhay tungkol sa inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas?
- Itinuro ni Elder Quentin L. Cook, “Kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang himig ng pananampalataya, wala sa kanya ang Espiritu”



(pahina 41). Pag-isipan kung ano ang tunog ng instrumentong wala sa tono at ano ang maaaring magsanhi ng pagkawala sa tono ng isang instrumento. Anong mga partikular na bagay ang magagawa ninyo para “[maunawaan ninyo] ang himig ng pananampalataya”?

- Binanggit ng ilang tagapagsalita sa kumperensyang ito ang kanilang pamilya—kabilang na ang mga pamilyang hindi lahat ay miyembro, mga pamilyang nag-iisa ang magulang, at mga pamilyang dumaranas ng iba’t ibang paghihirap. Ano ang natutuhan ng mga tagapagsalitan ito mula sa at pinasalamatan tungkol sa kanilang pamilya? Ano ang gustung-gusto at pinasalamatan ninyo tungkol sa inyong pamilya? Paano kayo makapag-aambag at makapagpapasigla sa mga miyembro ng inyong pamilya?

Para sa Matatanda

- Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, “Isa sa mga pinakamagandang tuklas ng pagiging magulang ay ang higit nating natutuhan kung ano ang talagang mahalaga mula sa ating mga anak kaysa natutuhan natin mula sa ating mga magulang” (pahina 6). Kung kayo ay isang magulang, pag-isipan ang ilan sa mahahalagang aral na natutuhan ninyo mula sa inyong mga anak, o kung hindi kayo isang magulang, pag-isipan ang mga aral na natutuhan ninyo mula sa mga batang kilala ninyo. Isiping ibahagi ang mga aral na iyon—at ang mga sitwasyon ninyo nang matutuhan ninyo ang mga ito—sa inyong asawa, sa isang kaibigan, sa inyong mga anak, o sa iba.
- Maaari tayong makaligtas mula sa kasamaan kapag bumaling tayo sa mga turo ng mga banal na kasulatan, pagtuturo ni Elder L. Tom Perry (pahina 94). Paano kayo nailigtas ng mga turo mula sa mga banal na kasulatan? Paano ito nakatulong sa inyo na piliin ang tama?
- May ilang mensahe na nagtuon sa mga tipan, lalo na sa mga tipan sa templo. Pag-isipan ang sinabi ni Elder Robert D. Hales: “Kausapin



natin at tanungin ang ating sarili sa salamin, ‘Ano na ang lagay ko sa pamumuhay ng aking mga tipan?’” (pahina 34). Pag-isipan ang inyong sagot at marahil ay ang magagawa ninyo para higit na maipamuhay ang inyong mga tipan—at anyayahan ang iba na gawin at ipamuhay ang sa kanila.

- Binanggit nina Elder Jeffrey R. Holland (pahina 31), Elder Neil L. Andersen (pahina 111), at ng iba pa ang tungkol sa pagkadisipulo at sa proseso ng paglapit kay Cristo. Ano ang nangyari sa proseso ng sarili ninyong pagkadisipulo? Anong mga bagay ang natutuhan ninyo mula rito o sa iba pang mga mensahe tungkol sa patuloy na paglapit sa Tagapagligtas?
- “Ang pangunahing layunin [natin],” pagtuturo ni Elder D. Todd Christofferson, “ay ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo, ang Kanyang doktrina, sa buong mundo” (pahina 86). Muling basahin ang mensahe ni Elder Christofferson at gayundin ang mensahe ni Elder Donald L. Hallstrom (pahina 13) at

isipin kung ano ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ano ang mga pagkakataon ninyong ituro ito sa inyong tahanan, sa inyong tungkulin, at sa inyong mga kasamahan? ■

ANG MGA BANAL NA KASULATAN SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

Tinuruan tayo ng mga tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya mula sa mga banal na kasulatan. Isiping pag-aralan nang mas madalas ang mga banal na kasulatang tinukoy:

- Juan 13:35
- 2 Nephi 2:11
- Doktrina at mga Tipan 18:10*;
68:25–28*; 88:118; 115:5; 121:37
- Moses 1:39*

* *Mga seminary scripture-mastery verse*

Conference Story Index

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay magagamit sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

TAGAPAGSALITA	KUWENTO
Pangulong Boyd K. Packer	(6) Nagbigay ng mensahe ng pag-asa ang mga misyonero sa nagdadalamhating mga magulang. (6) Pinalaki ng matatapat na magulang si Boyd K. Packer, kahit di-gaanong aktibo sa Simbahan ang kanyang ama.
Cheryl A. Esplin	(10) Ipinagdarasal ng apong babae ni Cheryl A. Esplin na maging mabait ang kanyang kapatid na lalaki.
Elder Donald L. Hallstrom	(13) Nakikinig ang batang si Donald L. Hallstrom kay Pangulong David O. McKay sa Honolulu Tabernacle.
Elder Paul E. Koelliker	(16) Hinikayat ng tinanggihang mga misyonero ang isa't isa, na umantig sa puso ng isang lalaki.
Elder Dallin H. Oaks	(19) Tinanong ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang isang bagong miyembro kung handa siyang magsa-kripisyo nang husto para sa ebanghelyo. (19) Nagtrabaho ang 16-na-taong-gulang na kapatid ng isang misyonerong Brazilian para suportahan ang kanyang pamilya.
Elder David A. Bednar	(48) Itinanong ng ama ni David A. Bednar kung bakit hindi ginagawa ng mga mayhawak ng priesthood ang kanilang home teaching.
Bishop Richard C. Edgley	(52) Tinawag ni Richard C. Edgley, bilang miyembro ng isang stake presidency, ang isang di-gaanong aktibong babae na maging stake missionary. (52) Ipinagdasal ng mga tagasagip ang ililigtas nilang mga bilanggo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
Adrián Ochoa	(55) Hinikayat ng isang binatilyong priest sa South Africa ang isa pang priest na bumalik sa simbahan. (55) Nabinyagan ng isang binatilyong priest sa Chile ang kanyang kaibigan.
Pangulong Thomas S. Monson	(66) Binasbasan ng isang marino ang sugatan niyang kasamahan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. (66) Bilang bishop, personal na sinulatan ni Thomas S. Monson buwan-buwan ang mga sundalo. (90) Nang malamang maysakit siya, nagpasiya ang isang babae na baguhin ang kanyang buhay. (90) Nawala ang pag-aalinlangan ng isang lalaki nang mamatay ang kanyang asawa.
Elder L. Tom Perry	(94) Ibinahagi ng isang miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo sa katabi niya sa eroplano.
Elder O. Vincent Haleck	(101) Nag-ayuno at nanalangin ang mga magulang ni O. Vincent Haleck para sa kanilang mga anak.
Elder Larry Y. Wilson	(103) Hindi maganda ang pakiramdam ng anak na babae ni Larry Y. Wilson tungkol sa paglalaro ng soccer sa araw ng Linggo.
Elder David F. Evans	(106) Sumapi sa Simbahan ang isang binatilyo matapos makita ang halimbawa ng kanyang mga kaibigan at kasama sa kuwarto.
Elder Neil L. Andersen	(111) Itinago ni Pangulong Thomas S. Monson nang tatlong taon ang isang lobo para ibalik sa batang gumaling sa kanser. (111) Nasagip ang tatlong bata sa pamilya Saintelus pagkaraan ng lindol sa Haiti.
Ann M. Dibb	(117) Hinikayat ng isang dalagita ang kanyang kaklase na tumigil sa pagsasalita ng masama. (117) Sinunod ng isang dalagita ang Word of Wisdom sa kabila ng pag-uudyok ng iba na suwayin niya ito.
Elaine S. Dalton	(123) Tinapos ni Florence Chadwick ang kanyang paglangoy sa kabila ng makapal na ulap.
Pangulong Thomas S. Monson	(126) Naniwala ang isang ama sa ebanghelyo matapos dumalo sa seminary na kasama ng kanyang anak na dalagita. (126) Nadaig ng isang dalagita ang tukso dahil sa pagdalo sa Mutual.

Mga Turo para sa Ating Panahon

Ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay ilalaan sa “Mga Turo para sa Ating Panahon.” Bawat aralin ay maihahanda mula sa isa o mahigit pang mensaheng ibinigay sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa chart sa ibaba). Ang mga stake at district president ay maaaring pumili ng mensaheng dapat gamitin, o maiaatas nila ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president. Dapat bigyang-diin ng mga lider na mahalagang magkapatid ang mga mensaheng pag-aaralan ng mga kapatid sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa magkakaparehong Linggo.

Yaong mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan at dalhin sa klase ang isyu ng magasin sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya.

Mga Mungkahi para sa Paghahanda ng Isang Aralin mula sa mga Mensahe

Ipanalanging mapasainyo ang Banal na Espiritu sa pag-aaral at pagtuturo ninyo ng (mga) mensahe. Maaari kayong matuksong gumamit

ng ibang mga materyal sa paghahanda ng aralin, ngunit mga mensahe sa kumperensya ang inaprubahang kurikulum. Ang tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan at ipamahay ang ebanghelyo ayon sa turo sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya ng Simbahan.

Repasuhin ang (mga) mensahe, na hinahanap ang mga alituntunin at doktrinang tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Humanap din ng mga kuwento, reperensya sa mga banal na kasulatan, at pahayag mula sa (mga) mensahe na makakatulong sa inyo na maituro ang mga katotohanang ito.

Gumawa ng outline kung paano ituturo ang mga alituntunin at doktrina. Ang outline ninyo ay dapat kabilangan ng mga tanong na nakakatulong sa mga miyembro ng klase:

- Humanap ng mga alituntunin at doktrina sa (mga) mensahe.
- Pag-isipan ang kahulugan ng mga ito.
- Magbahagi ng pag-unawa, mga ideya, karanasan, at patotoo.
- Ilangkop ang mga alituntunin at doktrinang ito sa buhay nila. ■

MGA BUWAN NA ITINUTURO ANG MGA ARALIN

Abril 2012–Oktubre 2012

Oktubre 2012–Abril 2013

MGA MATERYAL SA ARALIN PARA SA IKAAPAT NG LINGGO

Mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012*

Mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012*


* Para sa mga aralin sa Abril at Oktubre, maaaring piliin ang (mga) mensahe mula sa nakaraang kumperensya o sa pinakahuling kumperensya. Ang mga mensahe ay makukuha sa maraming wika sa conference.lds.org.

Mga General Auxiliary Presidency

RELIEF SOCIETY



Carole M. Stephens
Unang Tagapayo



Linda K. Burton
Pangulo



Linda S. Reeves
Pangalawang Tagapayo


YOUNG WOMEN



Mary N. Cook
Unang Tagapayo



Elaine S. Dalton
Pangulo




Ann M. Dibb
Pangalawang Tagapayo

PRIMARY



Jean A. Stevens
Unang Tagapayo



Rosemary M. Wixom
Pangulo



Cheryl A. Esplin
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN



Larry M. Gibson
Unang Tagapayo



David L. Beck
Pangulo



Adrián Ochoa
Pangalawang Tagapayo

SUNDAY SCHOOL



David M. McConkie
Unang Tagapayo



Russell T. Osguthorpe
Pangulo



Matthew O. Richardson
Pangalawang Tagapayo

Kasama sa Ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ang mga Pagbabago sa Pamunuan ng Pitumpu, Bishopric, at Relief Society

"Hindi tayo maaaring magsama-samang lahat sa iisang bubong," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, Pangulo ng Simbahan, sa pagbubukas ng sesyon ng Ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya noong Marso 31, 2012, "ngunit kaya na natin ngayong makibahagi sa mga kaganapan nitong kumperensya dahil sa [kamanghamanghang dulot] ng telebisyon, radyo, cable, satellite transmission, at Internet—maging sa mga mobile device. Nagkakaisa tayong nagtitipon, nagsasalita ng maraming wika, nakatira sa maraming lupain, ngunit lahat ay may iisang pananampalataya at isang doktrina at isang layunin."

Totoo ang pahayag na iyan sa mahigit 100,000 kataong dumalo sa mga sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Marso 31 at Abril 1—at sa milyun-milyon pang nanood o nakinig sa TV, radyo, satellite, at mga Internet broadcast. Sa pagitan ng mga live at delayed broadcast, nakibahagi o maaaring makibahagi ang mga miyembro at iba pa sa buong mundo sa 94 na wika.

Bago pa man nagsimula ang pangkalahatang kumperensya, marami nang miyembro ng Simbahan ang gumamit ng mga makabagong teknolohiyang ito para anyayahan ang iba na makibahagi sa kumperensya. Ang mga widget, banner, at info graphics na inilunsad noong Marso, na makukuha sa iba't ibang wika, ay ipo-post sa conference.lds.org ilang linggo bago sumapit ang bawat pangkalahatang kumperensya.

Nagkaroon ng ilang pagbabago sa pamunuan ng Simbahan sa sesyon sa Sabado ng hapon; kasama sa mga na-release ang mga miyembro ng Presiding Bishopric at ng Relief Society

general presidency. Na-release si Elder Steven E. Snow mula sa Panguluhan ng Pitumpu; 37 Area Seventy rin ang na-release. Para sa buong listahan ng mga sinang-ayunan at na-release, tingnan sa pahina 27.

Tinawag sa Presiding Bishopric sina Gary E. Stevenson, Presiding Bishop; Gérald Caussé, Unang Tagapayo; at Dean M. Davies, Pangalawang Tagapayo. Tinawag sa bagong Relief Society general presidency sina Linda K. Burton, pangulo; Carole M. Stephens, unang tagapayo; at Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo.

Si Elder Richard J. Maynes naman ng Unang Korum ng Pitumpu ay tinawag na maglingkod sa Panguluhan ng Pitumpu.

Tinawag bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Elder

Larry Echo Hawk, Elder Robert C. Gay, at Elder Scott D. Whiting. Tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu mula sa Pangalawang Korum sina Elder Craig A. Cardon at Elder Stanley G. Ellis.

Magkakasamang naglingkod si Bishop H. David Burton at ang kanyang mga tagapayo sa Presiding Bishopric nang mahigit 16 na taon. Bagama't may mga Presiding Bishop na naglingkod nang mas matagal, walang Presiding Bishopric na magkakasamang naglingkod nang ganito katagal.

Basahin ang talambuhay ng mga bagong tawag na pinuno simula sa pahina 135. ■

Para sa mga teksto, audio, at video archive ng pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bisitahin ang conference.lds.org.



Sa kumperensya, nagkaroon ng ilang pagbabago sa pamunuan ng Simbahan sa sesyon sa Sabado ng hapon; kasama sa mga tinawag ang mga miyembro ng Presiding Bishopric at ng Relief Society general presidency. Si Elder Richard J. Maynes ay tinawag sa Panguluhan ng Pitumpu; 40 Area Seventy rin ang tinawag.



Elder Richard J. Maynes

Ng Panguluhan ng Pitumpu

“Bawat tao sa buong mundo ay anak ng Diyos, at pantay-pantay ang pagmamahal Niya sa lahat ng Kanyang anak,” sabi ni Elder Richard John Maynes, bagong tawag sa Panguluhan ng Pitumpu. Iyan, sabi niya, ang unang alituntunin ng ebanghelyo na naiisip niya kapag pinagmumuni-muni niya ang masigasig na paglilingkod niya sa iba’t ibang bansa, pati na ang mga assignment niya sa Uruguay, Paraguay, Mexico, Ecuador, Peru, at sa Pilipinas.

“Ang mga walang-hanggang pagpapala na nagmumula sa pagtanggap at pamumuhay ng mga alituntuning itinuro ni Jesucristo ay magdudulot ng kadakilaan sa huli sa lahat ng anak ng Ama sa Langit, saanman sila nakatira o anumang mga hamon ang kanilang kinakaharap sa buhay na ito na puno ng mga pagsubok,” dagdag pa niya.

Si Elder Maynes, na isinilang noong Oktubre 1950 sa Berkeley, California, USA, kina Stan at Betty Maynes, ay nagsimula ng kanyang paglilingkod sa ibang bansa noong 1969 nang mag-full-time mission siya sa Paraguay at Uruguay hanggang 1971.

Pinakasalan niya si Nancy Purrington, na nakilala niya habang nagtatrabaho sa isang resort sa Idaho, noong Agosto 1974 sa Manti Utah Temple. Mayroon silang apat na anak.

Si Elder Maynes ay nagtapos sa taon ding iyon ng business management sa Brigham Young University at kalaunan ay nakamtan ang MBA mula sa Thunderbird School of Global Management. Ginamit niya ang kanyang pinag-aralan bilang may-ari at CEO ng isang kumpanyang bihasa sa factory automation.

Si Elder Maynes ay naging pangulo ng Mexico Monterrey Mission mula 1989 hanggang 1992. Tinawag siya bilang General Authority noong 1997. Simula noon nakapaglingkod na siya sa mga panguluhan ng South America Northwest Area, South America West Area, at Philippines Area. Nakapaglingkod na rin siya sa Priesthood Executive Council ng Simbahan, bilang Assistant Executive Director sa Missionary Department, at bilang Executive Director ng Family History Department.

Tinawag siyang maglingkod noong Enero 20, 2012, sa Panguluhan ng Pitumpu, kapalit ni Elder Steven E. Snow, na tinawag bilang Church Historian and Recorder. ■



Elder Craig A. Cardon

Ng Pitumpu

Kinikilala ni Elder Craig Allen Cardon, na tinawag kama-kailan sa Unang Korum ng Pitumpu mula sa Pangalawang Korum, ang impluwensya ng Espiritu sa bawat mabuting bagay sa kanyang buhay.

“Tinulungan ako ng aking ina at ama noong bata pa ako na makilala ang tinig ng Espiritu, upang malaman ko ang aking nadarama,” paggunita niya. “Ang pakikipag-ugnayang iyan ng Panginoon ay matatamasa ng lahat ng masigasig na naghahangad dito at mahalaga sa dakilang gawaing ito.”

Pagkatapos magmisyon sa Italy, pinakasalan ni Elder Cardon si Deborah Louise Dana noong Nobyembre 1970 sa Mesa Arizona Temple. Pagkaraan lamang ng 13 taon, naging pangulo ng Italy Rome Mission si Elder Cardon. Sa panahong iyon, pito na sa kanilang walong anak ang ipinanganak at ang edad nila ay mula siyam na buwan hanggang 11 taon.

“Diyan lang ay marami na kayong malalaman tungkol kay Sister Cardon,” sabi ni Elder Cardon. “Ang kanyang pananampalataya, pagmamahal, pasensya, at kabaitan ay napakalakang pagpapala sa akin, sa aming pamilya, at sa lahat ng kakilala niya.”

Mula 2006 hanggang 2011, naglingkod si Elder Cardon sa Africa West Area Presidency, isang karanasang inilalarawan niya bilang isang “pambihirang pagpapala ang magtrabaho sa piling ng mga taong mahal na mahal natin.”

Sa buong buhay niya, inilaan ni Elder Cardon ang halos buong panahon niya sa pagkakawanggawa sa mga organisasyong para sa mga pamilya at kabataan sa loob at labas ng bansa.

Si Elder Cardon ay isinilang kina Wilford Pratt at Vilate Allen Cardon sa Mesa, Arizona, USA, noong Disyembre 1948. Matapos tumanggap ng bachelor’s degree sa accounting mula sa Arizona State University, nakapagtrabaho siya sa iba’t ibang kalakalan. Kalaunan ay tumanggap siya ng MPA (Master of Public Administration degree) mula sa Kennedy School ng Harvard University.

Bago tinawag bilang General Authority, naglingkod siya bilang elders quorum president, stake missionary, mission president, bishop, stake president, Gospel Doctrine teacher, at institute instructor.

“Tinitipon ng Panginoon ang Kanyang mga anak sa buong daigdig,” sabi ni Elder Cardon. “Anuman ang sitwasyon ng tao, sapat ang biyaya ni Jesucristo sa lahat ng lumalapat sa Kanya.” ■



Elder Larry Echo Hawk

Ng Pitumpu

Simula noong araw na marinig ni Elder Larry Echo Hawk si Elder Spencer W. Kimball (1895–1985) noong 1972 na magsalita tungkol sa nakikinitang pagiging edukadong lider ng mga Katutubong Amerikano, inilaan na niya ang kanyang buhay sa “pagpapasigla ng mga tao.”

Miyembro ng Pawnee Nation, isinilang si Elder Echo Hawk sa Cody, Wyoming, USA, noong Agosto 1948 kina Ernest at Jane Echo Hawk. Lumaki siya sa Farmington, New Mexico, USA, kung saan sila ng kanyang pamilya ay naturuan at nabinyagan ng mga misyonerong LDS noong 1962.

Sa edad na 17, matapos matamaan ng bola ng baseball sa mata, nangako siya sa Panginoon na kung hindi siya mabubulag ay babasahin niya ang Aklat ni Mormon. Nagamit niyang muli ang kanyang mata at nagbasa siya ng 10 pahina araw-araw sa loob halos ng tatlong buwan.

“Iyon ang pinakamatinding espirituwal na karanasan ko, nang patotohanan sa akin ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo,” sabi ni Elder Echo Hawk. “Ang karanasang iyon ang nagpalakas sa akin sa buong buhay ko para maging mas mabuti.”

Inanyayahan siya sa Brigham Young University–Provo sa isang football scholarship at nagtapos ng mga degree sa physical education at zoology. Noong 1970 marangal siyang ini-release mula sa United States Marine Corps matapos maglingkod nang dalawang taon. Nagtapos siya sa University of Utah na may juris doctorate degree noong 1973.

Si Elder Echo Hawk ay nakapaglingkod bilang abugado, state legislator, state attorney general, BYU law professor, at Assistant Secretary ng Department of the Interior for Indian Affairs—isang katungkulang bibitiwan niya para tanggapin ang tungkulin sa Unang Korum ng Pitumpu.

Si Elder Kimball ang nagkasal kina Elder Echo Hawk at sa kanyang asawang si Terry Pries, sa Salt Lake Temple noong Disyembre 1968. Sinuportahan siya nito nang maglingkod siya bilang guro, bishop, high councilor, at stake president. Mayroon silang anim na anak. ■



Elder Stanley G. Ellis

Ng Pitumpu

Batid ni Elder Stanley Gareld Ellis na walang sinumang makapagpapatunay na mayroong Diyos sa pamamagitan ng siyensya, ngunit sa Harvard University nalaman niya na mapapatunayan niyang mayroong Diyos sa pamamagitan ng pagsubok sa Kanyang mga pangako. Sa kalagitnaan ng unang taon niya sa kolehiyo, naubusan siya ng pera at nagtrabaho para mabayaran ang kanyang mga gastusin. Bagama’t nagduda siya na makapagbabayad siya ng ikapu at mababayaran pa niya ang lahat ng gastusin niya, nagpasiya siyang “subukin” ang Panginoon (tingnan sa Malakias 3:10).

“Binayaran ko muna ang aking ikapu, at may nangyaring himala,” sabi ni Elder Ellis, na kamakailan ay natawag sa Unang Korum ng Pitumpu mula sa Pangalawang Korum. “Nakaraos ako hanggang sa sumunod na suweldo. At nangyari iyan kada dalawang linggo sa buong semestre. Sa pagsubok sa Panginoon, napatibay ko ang aking patotoo na Siya ay totoo at tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako.”

Si Elder Ellis ay isinilang kina Stephen at Hazel Ellis noong Enero 1947 sa Burley, Idaho, USA, at lumaki roon sa isang sakahan at rantso. Pagkaraan ng isang taon sa Harvard naglingkod siya sa Brazilian Mission mula 1966 hanggang 1968. Nang makauwi siya, pinakasalan niya si Kathryn Kloepfer noong Hunyo 1969 sa Los Angeles California Temple. Mayroon silang siyam na anak.

Nang maka-graduate sa Harvard, kung saan siya nagtamo ng bachelor’s degree sa government, nagtamo siya ng degree sa abugasya mula sa Brigham Young University. Si Elder Ellis ay nagtrabaho sa tax planning at naging chief executive officer ng isang financial consulting company.

Bago tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, si Elder Ellis ay naglingkod sa mga panguluhan ng North America Southwest Area, Brazil North Area, Brazil Area, at sa Boundary and Leadership Change Committee. Mula 1999 hanggang 2002 naglingkod siya bilang pangulo ng Brazil São Paulo North Mission. Naglingkod din siya bilang stake president, tagapayo sa stake presidency, high councilor, tagapayo sa isang bishopric, elders quorum president, at ward at stake Young Men president. ■



Elder Robert C.
Gay
Ng Pitumpu

Sa mga tungkulin niya sa Simbahan, madalas sabihin ni Elder Robert Christopher Gay na ang mensahe ni Jesucristo ay “isang ebanghelyo ng kaligtasan.”

“Iyan ang aming nakita at naranasan sa buong buhay namin,” sabi ni Elder Gay, na tinutukoy ang sarili at ang kanyang asawang si Lynette Nielsen Gay. “Sinasamba natin ang Diyos ng kaligtasan: espirituwal, pisikal, mental, at emosyonal. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, lahat ng pasanin natin ay gagaan. Sa pamamagitan Niya, natatagpuan natin ang lakas, kapayapaan, at biyayang kailangan para matiis ang mga pagsubok sa buhay at makabalik sa ating Ama sa Langit.”

Nakakamtan ni Elder Gay ang pinakamalaki niyang kasiyahan sa paglilingkod sa tao na mapalad na naibibigay nila ni Sister Gay, sa labas at loob ng kanilang bansa. Halimbawa, bago at matapos maglingkod bilang pangulo ng Accra Ghana Mission mula 2004 hanggang 2007, nagtrabaho sila ni Sister Gay sa mga bayan sa Africa at sa ibang lugar para magtayo ng mga paaralan at klinika at magturo ng pagbasa at pagsulat at mga micro-loan program. Natulongang mapagaan ng mga organisasyong itinatag nila ng kanyang mga kasamahan ang buhay ng milyun-milyong maralita sa buong mundo.

Isinilang noong Setyembre 1951 sa Los Angeles, California, USA, kina Bill at Mary Gay, ipinakilala siya sa kanyang magiging asawa ng kaibigan nila sa high school na kalaunan ay tinulungan nilang sumapi sa Simbahan. Nagpakasal sila sa Los Angeles California Temple noong Abril 1974 at mayroon silang pitong anak.

Si Elder Gay ay nagtapos ng bachelor’s degree mula sa University of Utah at ng doctorate mula sa Harvard University, kung saan nagturo din siya ng economics.

Kasama sa pribadong industriya ng stock exchange nang mahigit 25 taon, nagtrabaho si Elder Gay sa labas ng bansa para mamuhunan at magpalago ng mga negosyo.

Nang tawagin siya sa Unang Korum ng Pitumpu, naglilingkod siya bilang Area Seventy sa North America Southeast Area. Bukod pa sa full-time mission sa Spain mula 1971 hanggang 1973, nakapaglingkod na si Elder Gay bilang tagapayo sa bishop, high councilor, high priests group leader, Gospel Doctrine teacher, ward mission leader, at ward Young Men president. ■



Elder Scott D.
Whiting
Ng Pitumpu

Naniniwala si Elder Scott Duane Whiting na ang mga pagkakataon niya sa buhay na makapaglingkod sa Diyos ay batay sa ilang mahahalagang desisyon.

Isinilang noong Abril 1961 kina Duane at Beverly Whiting, lumaki si Elder Whiting sa Salt Lake City, Utah, USA. Pakiramdam niya ay pagmimisyon ang unang mahalaga niyang desisyon, na sinundan ng desisyon kung gaano katagal siyang maglilingkod. Dahil sa sitwasyon niya noon, pinagpasiyahan ni Elder Whiting kung maglilingkod siya nang 18 buwan o dalawang taon. “Ang desisyon kong dagdagan ng anim na buwan ang aking paglilingkod ay malaking tulong sa paghahanda kong maglingkod sa Simbahan kalaunan,” wika niya.

Matapos maglingkod sa Japan Tokyo North Mission, nakilala niya ang magiging asawa niyang si Jeri Olson sa pamamagitan ng pareho nilang kaibigan. Ang pasiyang pakasalan siya ay isa pang mahalagang desisyon. Nabuklod sila sa Salt Lake Temple noong Abril 1984.

Nang makatapos ng bachelor’s degree sa Japanese sa Brigham Young University, kalaunan ay nagtamo si Elder Whiting ng juris doctorate mula sa University of the Pacific, McGeorge School of Law.

Ang isa pang mahalagang desisyon ni Elder Whiting ay nang tanggapin niya ang isang tungkulin, na ibinigay ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, na maglingkod bilang bishop. Tinanong siya ni Elder Ballard kung magagampanan niya ang kanyang mga responsibilidad. Nangako siya sa Apostol, at kahit dumating ang mga trabahong mas mataas ang suweldo na kakailanganin niyang lumipat ng bahay, tinupad ni Elder Whiting ang kanyang pangako.

Nakatulong ang kanyang paglilingkod sa pagkakaroon niya ng sigasig na “pumunta sa bahay ng mga di-gaanong aktibong miyembro at tulungan silang magpanibago o gumawa ng mga tipan sa Diyos.”

Ang mga Whiting ay may limang anak. Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, nagtrabaho siya sa isang real estate investment company sa Hawaii. Si Elder Whiting ay nakapaglingkod na bilang elders quorum president, bishop, high councilor, stake Young Men president, stake president, at Area Seventy. ■



Bishop Gary E. Stevenson
Presiding Bishop

Sinabi ni Bishop Gary Evan Stevenson na namasdan niya halos buong buhay niya ang mahalagang gawaing ginagampanan ng mga bishop sa iba't ibang dako ng mundo. Ang kanyang ama, sabi niya, ang “bishop noong binatilyo ako, at malaki ang epekto sa akin ng kanyang paglilingkod.”

Sa maraming pagkakataon, niyayaya siya ng kanyang amang si Bishop Stevenson sa pagbisita sa isa sa mahigit 60 balo na sakop ng kanilang ward. Mula sa kanyang ama, maraming natutuhan si Bishop Stevenson tungkol sa paglilingkod na katulad ng kay Cristo at pagmamalasakit sa mga nangangailangan. Ang mga aral na iyon, sabi niya, ay makatutulong nang malaki sa kanyang tungkulin bilang Presiding Bishop ng Simbahan.

“Ang mga bishop ng Simbahan ay mga bayani ko talaga,” wika niya. “Bawat araw malaki ang epekto nila sa mga miyembro ng Simbahan, lalo na sa mga bata at kabataang lalaki at babae.”

Isinilang noong Agosto 1955 kina Evan N. at Vera Jean Stevenson, lumaki si Bishop Stevenson sa isang pamilyang nagmula sa angkan ng mga pioneer sa Cache Valley sa Utah.

Noong binata siya, tinanggap niya ang tungkuling magmisyon sa Japan. Ang gawaing iyon ay nagkintal ng pagmamahal sa puso ni Bishop Stevenson para sa Asia at sa pagbabahagi ng ebanghelyong nananatili habambuhay.

Pagkauwi mula sa kanyang misyon, nag-aral siya sa Utah State University. Doon niya nakilala (at agad niyang inibig) si Lesa Jean Higley. Ikinasal ang dalawa noong Abril 1979 sa Idaho Falls Idaho Temple. Ang mga Stevenson ay may apat na anak na lalaki.

Magtatapos ng degree sa business administration si Bishop Stevenson at kalaunan ay nagtatag at naging presidente ng isang exercise equipment manufacturing company.

Nakapaglilingkod siya sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan, pati na bilang tagapayo sa isang stake presidency, bishop, at pangulo ng Japan Nagoya Mission (2004–07). Tinawag siya sa Unang Korum ng Pitumpu noong 2008 at naglingkod bilang tagapayo at pangulo sa Asia North Area. ■



Bishop Gérald Caussé
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Mula sa kanyang pagkabata, si Bishop Gérald Jean Caussé, na kamakailan ay tinawag bilang Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric, ay laging masaya sa paglilingkod sa Simbahan. Mabuting bagay iyon, sabi niya, dahil sa kanyang maliit na branch sa Bordeaux, France, lahat ay kailangan para mapatakbo ang unit. Bukod pa sa paglilingkod sa mga korum ng Aaronic Priesthood sa kabataan niya, naglingkod siya bilang Primary pianist sa edad na 12, bilang tagapayo sa Sunday School presidency sa edad na 14, at bilang Sunday School president sa edad na 16.

“Nagkaroon ako ng patotoo dahil sa paglilingkod ko sa Simbahan,” wika niya. Ang kanyang ama, na ilang beses naglingkod bilang branch president at bishop, ay naging kasangkapan lalo na sa magandang karanasan ni Bishop Caussé.

“Noong tinedyer ako, isinasama niya ako sa home teaching o sa pagbisita sa mga pamilyang nangangailangan,” sabi ni Bishop Caussé. “Ang pagmamasid sa kanya siguro ang pinakamaganda kong karanasan sa paghahanda para sa pamumuno sa priesthood.”

Kalaunan, naglingkod si Bishop Caussé bilang ward clerk, elders quorum president, high priests group leader, tagapayo sa bishop, tagapayo sa stake president, stake president, Area Seventy, at nitong huli ay bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu.

Si Bishop Caussé ay isinilang sa Bordeaux, France, noong Mayo 1963, kina Jean at Marie-Blanche Caussé. Naglingkod siya sa French Air Force nang isang taon noong binata siya, kung saan nadestino siya sa isang NATO agency.

Nagkamit siya ng master's degree sa business mula sa ESSEC noong 1987. Nagsimula siya sa kanyang propesyon sa strategy consulting, kung saan gumugol siya ng anim na taon sa pagtatrabaho sa mga opisina ng isang consulting firm sa Paris at London. Kalaunan ay nagtrabaho siya sa pinakamalaking retail group sa Europe, at bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu noong 2008, nagtatrabaho siya bilang general manager at board member sa pinakamalaking distributor ng pagkain sa France.

Sila ni Valérie Lucienne Babin ay ikinasal noong Agosto 1986 sa Bern Switzerland Temple. Sila ay may limang anak. ■



Bishop Dean M. Davies

Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Kapag nagtatanong ng mga detalye ang Pangulo ng Simbahan kay Bishop Dean Davies tungkol sa isang lugar na pagtatayuan ng templo, tulad ng gaano katagal itong lakarin mula sa pinakamalapit na sakayan ng bus, hindi lang katotohanan ng mga bagay-bagay ang sinasabi ni Brother Davies. Alam niya mismo ang naranasan ng patron sa pamamagitan ng paglalakad papunta roon.

“Paano mo ginagawa iyon?” minsan ay itinanong sa kanya ni Pangulong Gordon B. Hinckley.

Namumuhay si Bishop Dean Myron Davies—ang bagong tawag na Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric—nang may lubos na katapatan at pag-uukol ng pansin sa mga detalye.

Isinilang sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Setyembre 1951 kina Oliver T. at Myra Davies, lumaki si Bishop Davies sa isang pamilya na pagmamahal at pagtatrabaho ang gabay na mga alituntunin. Kung may isang bagay siyang gusto, kailangan niya itong pagtrabahuhan. Kapag hindi niya nakuha ang gustung-gusto niyang laruan sa paulit-ulit na pagsamo sa ina, pinag-iisipan niya ang kanyang mga opsiyon. Natatandaan pa niya ang hirap at ang resultang kasiyahan sa pagtulak sa isang lumang lawn mower sa matataas na damo sa bakuran ng isang kapitbahay.

Matapos maglingkod sa Uruguay/Paraguay Mission mula 1970 hanggang 1972, umuwi siya at pinakasalan si Darla James, isang kaibigan noon pa mang kabataan niya, noong Hunyo 1973 sa Salt Lake Temple. Nakamtan ni Bishop Davies ang bachelor’s degree sa agricultural economics mula sa Brigham Young University noong 1976 at kalaunan ay tumanggap ng advanced executive training sa Stanford University at sa Northwestern University.

Sa paglipas ng mga taon, silang mag-asawa at ang lima nilang anak ay nanirahan sa anim na estado nang maging interesado siya sa industriya ng real estate. Naglingkod siya bilang stake president, bilang tagapayo sa mga stake presidency, sa limang high council, sa mga bishopric, at sa iba’t ibang tungkulin sa ward. Naglingkod din siya bilang pangulo ng Puerto Rico San Juan Mission mula 1998 hanggang 2001. Nitong huling pagtawag sa kanya, nagtatrabaho siya bilang managing director ng Special Projects Department ng Simbahan.

Kabilang sa mga aral na natutuhan niya ay “mahal at ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang mga anak.” ■



Linda K. Burton

*Relief Society
General President*

Noong tinedyer pa siya, may biglang natanto si Linda Kjar Burton habang nasa isang pulong ng Simbahan sa Christchurch, New Zealand. “Alam ko na ang ebanghelyo ay totoo,” paggunita niya. “Alam ko rin na matagal ko nang alam iyan.” Ang patotoong iyan ang susuporta sa kanya sa paglilingkod bilang Relief Society general president.

Isinilang sa Salt Lake City, Utah, USA, kina Marjorie C. at Morris A. Kjar, si Sister Burton ay 13 taong gulang nang lisanin ng kanyang pamilya ang Utah para makapangulo ang kanyang ama sa New Zealand South Mission. Si Sister Burton—na pangalawa sa anim na anak—ay nag-aral sa Church College of New Zealand at nakasama niya ang mga tinedyer na Banal sa mga Huling Araw mula sa iba’t ibang dako ng Pacific. Nagbalik siya sa Salt Lake City na may pagmamahal hindi lamang sa iba’t ibang kultura at tradisyon kundi lalo na sa Panginoon at sa kanyang pamilya.

Si Sister Burton ay nag-aaral sa University of Utah nang makilala niya at pakasalan si Craig P. Burton noong Agosto 1973 sa Salt Lake Temple. Nagpasiya ang mag-asawa na huwag ipagpaliban ang pagkakaroon ng mga anak; halos isang taon kalaunan ay isinilang ang una sa kanilang anim na anak.

Sa pagtutulungan nilang mag-asawa, nakapanatili siya sa bahay sa piling ng mga anak habang nagtatrabaho sa real estate ang kanyang asawa. Dahil maaga nilang naranasan ang hirap sa pananalapi natutong umasam ang mag-asawa sa hinaharap nang may tiwala “dahil alam namin na nagawa namin ang isang bagay na mahirap gawin sa tulong ng Panginoon,” paliwanag niya.

Simple ang mga bakasyon ng pamilya at nagagalak silang magkasama-sama. Si Sister Burton ay naglingkod sa Young Women, Primary, at Sunday School at sa general board ng Primary at ng Relief Society. Magkasama silang naglingkod ng kanyang asawa nang mangulo ang huli sa Korea Seoul West Mission mula 2007 hanggang 2010. Sa misyon, natanto ni Sister Burton—tulad noong nasa New Zealand sila ilang taon bago iyon—na hindi hadlang ang wika at kultura sa pagpapakita ng pagmamahal.

Inaasam niyang magawang muli sa kanyang bagong tungkulin ang isang bagay na natutuhan niya sa isang kaibigan sa Korea: “Madarama nila ang iyong pagmamahal.” ■



Carole M. Stephens

*Unang Tagapayo
sa Relief Society
General Presidency*

Noon pa man ay iginagalang na ni Carole Manzel Stephens ang mga bagay na sagrado at banal. Ang pagpipitagang iyan ay nagsimula noong bata pa siya, nang mabuklod sa templo ang kanyang pamilya kasunod ng pagtanggap ng kanyang ina sa ebanghelyo.

“Hindi ko naunawaan ang lahat ng nangyayari,” sabi ng bagong unang tagapayo sa Relief Society general presidency. “Pero alam kong espesyal iyon. Sapat na ang edad ko para maalala na ang templo ay isang sagradong lugar.”

Isinilang noong Marso 1957 kina Carl L. at Forest Manzel, si Sister Stephens ang pangatlo sa siyam na anak at lumaki sa Ogden, Utah, USA. Tandang-tanda pa niya ang mga halimbawa ng paglilingkod, pagsasakripisyo, at ang kahulugan ng pag-uuna sa pamilya at sa Simbahan na ipinakita ng kanyang mga magulang.

“Ang ebanghelyo ang lahat-lahat sa kanila, at ipinakita nila sa amin ang halimbawa ng paglilingkod na katulad ng kay Cristo,” wika niya. “Itinuro nila sa amin ang kahulugan ng paglilingkod—kung paano talaga maglilingkod.”

Nang maglilingkod ang kanyang mga magulang sa iba’t ibang tungkulin, isinasama nila ang kanilang mga anak. Sa mga pagkakataong iyon sila naging magkakaibigan—isang bagay na sinikap nilang gawin ng kanyang asawang si Martin “Marty” Stephens, sa anim nilang anak.

Nagkakilala sila ni Marty nang mag-aral sila sa Weber State University sa Ogden, Utah, kung saan siya nag-aral ng early childhood education. Nagpakasal sila noong Abril 1976 sa Logan Utah Temple. Sabi ni Sister Stephens, sila raw mag-asawa ay naging mahusay na “tag-team” sa paglipas ng mga taon dahil sinuportahan nila ang isa’t isa sa iba’t ibang tungkulin, pati na sa kanyang mga tungkulin bilang stake at ward Relief Society president, tagapayo, at guro; ward Young Women president; ward Primary counselor, guro, at Cub Scout leader; seminary teacher; at Church-service missionary.

“Sa lahat ng kaabalahan ito, nakatagpo kami ng malaking kagalakan at kaligayahan,” wika niya. “Kasama namin ang aming mga anak at apo sa aming paglilingkod. Dahil diyari, nagkaroon kami ng matibay na ugnayan sa pamilya habang magkakasama kaming naglilingkod.” ■



Linda S. Reeves

*Pangalawang Tagapayo
sa Relief Society
General Presidency*

Natutuhan ni Linda Sheffield Reeves sa kanyang matatag na miyembrong ina noong kabataan niya na bumaling sa Diyos sa oras ng paghihirap at sikaping magpakahusay ayon sa turo ng kanyang ama.

“Maaga akong nagkaroon ng malakas na patotoo sa buhay ko dahil sa mga hamon na nakatulong sa akin sa mabilis na pag-unlad ng aking espirituwalidad,” wika niya.

Si Sister Reeves ay isinilang sa Los Angeles, California, USA, noong Agosto 1951 kina Elbert Jolley at Barbara Welsch Sheffield. Naaalala niya na tumingala siya sa mabituang langit noong 13-taong-gulang siya sa Young Women camp at nag-alay ng simple at taos-pusong panalangin: “Ama, nariyan po ba Kayo?”

“Nabalot ako ng Kanyang Espiritu, ng kaalaman ng Kanyang presensya at realidad, at ng pagmamahal Niya sa akin,” wika niya.

Nakilala ni Sister Reeves si Melvyn Kemp Reeves sa kanyang ward sa Pasadena. Nagdeyt sila habang nag-aaral sa Brigham Young University pagkatapos ng misyon ni Melvyn. Ikinasal sila noong Hunyo 1973 sa Los Angeles California Temple at nagkaroon ng 13 anak.

Sa gitna ng mga pagsubok, tumangan si Sister Reeves sa kanyang patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala, lalo na nang mamatay ang kanyang 17-taong-gulang na anak na si Emily Michelle sa isang aksidente sa sasakyan noong 2005.

“Ang paghihirap ay isang magaling na guro,” wika niya. “Ang paghihirap ay nagpapatibay at naghahanda sa atin sa paglilingkod sa kaharian, sa ating tahanan, at sa ating komunidad sa hinaharap, at maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon.”

Bago tinawag sa Relief Society general presidency, naglilingkod si Sister Reeves kasama ang kanyang asawa nang mangulo ang huli sa California Riverside Mission mula 2008 hanggang 2011. Nakapaglilingkod siya bilang stake Relief Society president, ward Young Women president, Primary chorister, at Sunday School teacher.

Si Sister Reeves ay nagtapos mula sa BYU noong 1974 na may bachelor’s degree sa special education. Marami siyang gustong gawin, kabilang na ang sining, musika, photography, family history, at gawaing misyonero. Hindi siya takot ibulalas ang nasa isip niya, lalo na pagdating sa pagbabahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng maki-kilala niya. ■

Idinagdag ang Audio at Video Simula Noong 1971 sa mga Archive ng Kumperensya

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Sa pagsisikap na mas madaling maakses ng mga miyembro ang payo ng pinakamamahal nating mga propeta at apostol noon at ngayon, idaragdag ng Simbahan ang mga audio at video archive sa section ng pangkalahatang kumperensya sa LDS.org.

Pagsapit ng Hunyo 2012, itatampok sa mga online archive sa Ingles ang audio at video ng bawat pangkalahatang kumperensya mula Abril 1971 hanggang ngayon. Dati-rati, teksto lang ng mga kumperensya simula noong 1971 ang makikita roon; mga Ingles na video na simula lamang noong 2002. Gayundin pagsapit ng Hunyo 2012, maglalaan ng audio at video format ng mga mensahe sa kumperensya ang Simbahan simula 2008 sa mahigit 70 karagdagang wika.

“Bagama’t pinupuntahan ng karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ang section na pangkalahatang

kumperensya sa LDS.org para magbasa, manood, at makinig sa mga mensahe sa pinakahuling kumperensya, maraming miyembro ang interesado ring maakses ang mga nakaraang kumperensya,” sabi ni Elder Patrick Kearon ng Pitumpu. “Ang layunin ng inisyatibong ito ay para mas madaling maakses ng mga miyembro ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo ang mga mensahe sa kumperensya.”

Magdaragdag din ng musika ang Simbahan sa mga archive ng kumperensya. Sa kasalukuyan, maaaring makinig ang mga miyembro sa pagtatanghal ng Mormon Tabernacle Choir simula pa noong 2008 sa pagklik sa **Show Music** sa itaas ng bawat section ng kumperensya sa **LDS.org**. Sa pamamagitan ng isang bagong music archive (GCmusic.lds.org) masasaliksik ang iba’t ibang archive at kumperensya.

May mga plano nang gawing mas madaling maakses ang mga archive hindi lamang sa LDS.org kundi magiging sa mga mobile apps ng Simbahan, tulad ng Gospel Library app, at iba pang media, pati na ang Mormon Channel sa Roku at YouTube. ■

Maaari nang pakinggan o i-download ngayon ang musika mula sa lahat ng kumperensya simula noong 2008 mula sa GCmusic.lds.org.



Mga Auxiliary Training Meeting Online sa Ingles at Espanyol

Para matulungan ang mga lider sa kanilang mga tungkulin at mailunsad ang mga materyal na mapagkukunan na magagamit sa priesthood at auxiliary leadership training, nagdaos ng training ang mga general presidency ng apat sa mga auxiliary ng Simbahan para sa mga lider ng stake at ward auxiliary noong mga huling araw ng Marso. (Ang training para sa mga lider ng Young Men ay gaganapin sa Mayo 10). Ang mga webcast, kapwa live at on-demand, ay inilaan o ilalaan para sa lahat ng limang auxiliary sa Ingles at Espanyol. Isang buod ng apat na training session na idinaos noong Marso ang inilaan dito para sa mga walang akses.

Primary

Ang layunin ng Primary ay tulungan ang mga bata sa landas patungo sa pananalig at pagtanggap ng ebanghelyo, sabi ni Rosemary M. Wixom, Primary general president, sa auxiliary training para sa mga lider ng Primary noong Marso 28 at 29.

“Nais naming makadama, magmahal, at kumilos [ang mga bata sa Primary],” wika niya. “Nais naming magkaroon sila ng patotoo. . . . Ang ibig sabihin ng patotoo ay pagpapahayag. Nais naming gumawa nang higit pa rito. Ang ibig sabihin ng manalig at tanggapin ang ebanghelyo ay kumilos. Nais naming magkaroon at madama ng mga batang ito ang mga binhi ng pananalig at pagtanggap ng ebanghelyo sa kanilang buhay.”

Sinabi ni Sister Wixom at ng kanyang mga tagapayo na sina Jean A. Stevens at Cheryl A. Esplin sa mga lider ng ward at stake Primary na makatutulong sila sa mga magulang na maitanim ang mga binhing iyon ng pananalig at pagtanggap ng ebanghelyo. Sinabi ni Sister Wixom na ang pananalig at pagtanggap ng

ebanghelyo ay nagsisimula sa napakabatang edad. “Hangga’t maaari ay dapat itong magsimula sa tahanan, kung saan minamahal ng mga magulang ang Panginoon nang buong puso, buong kaluluwa, at buong lakas. Pagkatapos ay tinuturuan nila ang kanilang mga anak.”

Mauunawaan daw ng mga bata ang kahulugan ng manalig “kung mag-uukol lang tayo ng panahon na turuan sila.” At, dagdag pa niya, kung hindi sila tuturuan ng mga magulang at lider ng Primary, “ang mundo ang magtuturo sa kanila.”

Nagpakita rin ng mga pagtatanghal ang mga miyembro ng Primary general board tungkol sa paggamit ng musika sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo at sa mga mapagkukunang materyal para sa mga lider ng Primary na makikita sa LDS.org.

Relief Society

“Dakilang gawain ang inyong pinamumunuan!” sabi ni Julie B. Beck, na na-release bilang Relief Society general president sa sesyon ng kumperensya sa Sabado ng hapon, sa mga lider ng Relief Society sa isang sesyon ng auxiliary training noong Marso 27 at 28. “Ito ang gawain ng Panginoon. . . . Napakahalaga ng ating responsibilidad.”

Maraming paksang tinalakay si Sister Beck, pati na ang mga layunin ng Relief Society, ang mahalagang tungkulin ng mga babae sa kanilang pamilya, pagtuturo (lalo na sa mga bagong miyembrong babae ng



Simbahan), pagtatrabaho sa mga komite, at mga tuntunin sa pamumuno.

Magtuon sa mga pinakamahalinga, sabi ni Sister Beck. “Simpleng trabaho ito, at nililina ng Panginoon ang mga ideya. Kung uunawain natin ang kailangan nating gawin, tutulungan Niya tayong makatanggap ng paghahayag at maipatupad ito. Tatanggap tayo ng paghahayag habang ginagawa natin ito.”

Sa lahat ng kanilang pagtuturo, nagtuon ang panguluhan at mga miyembro ng general board ng Relief Society sa paghahanap ng mga sagot sa *Handbook 2: Administering the Church* gayundin sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society*.

Sunday School

Ang Leadership Training Library, na bagong tampok sa LDS.org, ang pinagtuunan nang husto sa Sunday School auxiliary leadership training meeting na idinaos noong Marso 28.

Nagpakita ng mga bahagi ng iba’t ibang video clip mula sa library para suportahan ang pagtalakay sa ibinalangkas ni Russell T. Osguthorpe, Sunday School general president, na apat na pangunahing paksa sa pulong:

- Ang tungkulin ng isang ward o stake Sunday School leader.
- Paano tutulungan ang iba na mauunawaan ang tungkulin ng Sunday School presidency sa pagpapahusay ng pagtuturo sa lahat ng organisasyon ng ward at stake.
- Paano magsasanggian nang mas epektibo bilang panguluhan.
- Paano tuturuan ang mga guro at maglalaan ng epektibo at patuloy na suporta.

“Makikita ninyo na ang Leadership Training Library ay magiging isa sa pinakamahahalagang kasangkapan ninyo para tulungang masanay ang mga miyembro ng iba pang mga auxiliary at ang Sunday School sa kanilang mga responsibilidad,” sabi ni David M. McConkie, unang tagapayo sa Sunday School general presidency. “Ang library ay inihanda ng lahat ng auxiliary

sa Simbahan, ng mga miyembro ng Pitumpu, [at] ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Napakatagal nang proyekto nito, at umabot na ito sa maraming kontinente.”

Ang library ay maaakses sa LDS.org sa pag-klik muna sa **Menu** sa home page pagkatapos ay mag-klik sa **Leadership Training Library** link sa **Service** column.

Young Women

“Hindi nagbabago ang mga paman-tayan, ngunit nagbago na ang mundo,” sabi ni Elaine S. Dalton, Young Women general president, sa mga Young Women auxiliary training meeting noong Marso 27 at 28. Hinikayat niya ang mga lider na “baguhin ang mundo” sa pamamagitan ng pagiging mabuting halimbawa ng pamumuhay nang matwid.

“Hindi nagkataon lang ang mga tungkulin ninyo,” wika niya. “Ang inyong hitsura, pananamit, at ngiti ay makakaapekto sa mga kabataang babae ng ito . . . sa pagsama ninyo at pagtuturo sa kanila ng galak ng pagiging babae at pamumuhay ng ebanghelyo. . . . Kailangan tayong maging disente. Kailangan tayong mag-ingat. Kailangan tayong magturo sa pamamagitan ng halimbawa at malaking pagmamahal.”

Nagsalita ang mga tagapayo sa Young Women general presidency na sina Mary N. Cook at Ann M. Dibb tungkol sa kahalagahan ng “hayaang mamuno ang mga Laurel.” Ginamit ng mga tagapayo ang Young Women camp—na nagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ngayong taon—bilang halimbawa ng pagkakataong hayaang mamuno ang mga Laurel, ngunit sinabi na laging may mga pagkakataon ang mga lider na magbigay ng mga responsibilidad, na nagtutulot sa mga kabataang babae na makabahagi.

Nagtuon din ang mga naglahad sa maraming mapagkukunan—mga website, artikulo, video, manual, at binagong bersyon ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*—na magagamit ng mga lider sa paghahanap ng mga ideya at tulong. ■

Iniangbag ng *Church News*

Idinagdag sa LDS.org ang Bagong Impormasyon para sa mga Disability Specialist

Ni Melissa Merrill

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Si Julie Brink ng Indiana, USA, ay nag-aruga ng isang anak na babaeng Bingi at naglingkod nang maraming taon bilang American Sign Language interpreter sa kanyang stake. Si Elaine Allison ng Arizona, USA, ay nagtrabaho nang matagal bilang guro sa pampublikong paaralan, kung saan nakahalubilo niya nang tuwiran at di-tuwiran ang mga estudyanteng may kapansanan. May pamangkin din siyang may Down syndrome at malalapit na kaibigang may multiple sclerosis at

ALS, o Lou Gehrig's disease.

Hindi itinuturing ni Sister Brink o ni Sister Allison ang kanilang sarili na “mga dalubhasa” sa daigdig ng mga may kapansanan, subalit kapwa sila naglilingkod bilang mga stake disability specialist, isang tungkuling dinagdagan ng bagong impormasyon sa Serving in the Church section ng LDS.org sa 10 wika. (Maaaring may ganitong tungkulin na sa stake o ward o, kung saan kinakailangan, parehong mayroon nito.)

Bagama't bahagya lang nabanggit ang tungkulin ng ward o stake disability specialist sa *Handbook 2: Administering the Church*, naiwang nag-iisip ang ilang lider kung ano ang kabilang sa tungkuling iyan.

“May mga sitwasyon na maaaring hindi makita ng mga lider ng ward ang isang pangangailangan o hindi nila malaman ang gagawin para tungunang isang partikular na pangangailangan kapag nakita nga nila ito,” sabi ni Christopher Phillips, manager ng Disability Services para sa Simbahan. “May mga sitwasyon na maaaring



Ang bagong impormasyon sa LDS.org sa 10 wika ay tumutulong sa mga taong tinawag bilang mga stake disability specialist na palakasin ang mga miyembro ng Simbahan na may kapansanan.

makatulong ang isang disability specialist, ngunit hindi alam ng lahat na may ganitong tungkulin.

“Ang bagong online section ng Serving in the Church ay hindi ipinali-liwanag nang detalyado ang dapat gain ng taong nasa katungkulang ito,” pagpapatuloy niya, “ngunit nagbibigay ito ng mga ideya at mapagkukunan para matulungan ng taong naglilingkod sa tungkuling ito ang mga lider, guro, at pamilyang may mga problema tungkol sa kapansanan.”

Ang impormasyong makikita sa LDS.org sa 10 wika ay nakatuon sa kung paano matutulungan ng mga specialist ang mga lider ng ward at stake:

- Tukuyin at kilalanin ang mga taong may kapansanan at ang kanilang pamilya sa ward o stake.
- Isama ang mga miyembrong may kapansanan sa mga pulong at aktibidad.
- Sagutin ang mga tanong at problema ng mga magulang, lider, at iba pa tungkol sa kapansanan.
- Tukuyin ang makabuluhang mga pagkakataong makapaglingkod ang mga miyembrong may kapansanan.
- Tukuyin ang partikular na mga pangangailangan ng mga pamilya (pati na ang mga kailangan sa pangangalaga) at, kung naaangkop, tukuyin ang mga mapagkukunan sa komunidad, ward, at stake upang mailaan ang mga pangangailangang iyon.

Mahalagang malaman na hindi lamang ang disability specialist ang gumagawa ng mga bagay na ito. Subalit, tungkulin niyang tulungan ang iba pang mga lider na mas maunawaan at mapaglingkuran ang mga may kapansanan. Bukod pa rito, ang disability specialist ay “tinutulungan [din] ang mga indibiduwal at magulang na apektado ng mga kapansanan na magbahagi ng impormasyon sa mga miyembro at lider ng ward sa kapakinabang na paraan.” ■

Para mabasa ang iba pa sa artikulong ito tungkol sa mga disability specialist, bisitahin ang news.lds.org.

Ipinahayag ang mga Nagwagi sa International Art Exhibit, Nagbukas ang Exhibit

Noong Biyernes, Marso 16, 2012, sa pagbubukas ng Ninth International Art Competition exhibit, nagtipon ang mga artist mula sa iba't ibang panig ng mundo upang tumanggap ng mga award para sa nilikha nilang sining na may temang LDS.

Pinagkalooban ng Merit Award ang 20 artist na “namumukod-tangi” ang mga likha, samantalang 15 pang artist ang nagtamo ng Purchase Award, na ibig sabihin ay binili ng Church History Museum, na nag-isponsor sa paligsahan, ang kanilang likha para isama sa koleksyon nito.

Dumalo si Elder Marlin K. Jensen ng Pitumpu, Church Historian and Recorder, at nagbigay ng maikling pahayag bago ipinagkaloob ang mga award.

Binuksan ang art exhibit noong Marso 16, 2012, at bubuksan ito hanggang Oktubre 14, 2012, sa Church History Museum sa Salt Lake City, Utah, USA.

Ang paligsahan sa taong ito, *Make Known His Wonderful Works [Ipaalam ang Kanyang mga Kamanghang Gawa]* (D at T 65:4), ay umakit sa 1,149 entry mula sa lahat ng panig ng mundo sa iba't ibang media, pati na sa eskultura, quilting at sining na yari sa iba pang tela, paper art, at mga painting. Idisplay ng museo ang 198 ng mga gawang-sining.

Ayon kay Rita R. Wright, Curator of Art and Artifacts sa museo, hinatulan ang mga gawang-sining alinsunod sa kahusayan sa paggawa at pagsunod nito sa tema. Makikita sa mga gawa ang iba't ibang media at tradisyon sa kultura na nagpapatotoo sa kamanghang-manghang mga gawa ng Panginoon, sabi niya, at kadalasan ay gumagamit ng mga simbolo upang kumatawan at magturo.

Halimbawa, ang entry ng tubong-Ukraine na si Valentyna Musiienko na



Ikakalat Ko ang Kanilang Salita (si Jacob na Guro), ni Elspeth Caitlin Young, Estados Unidos)



Matriarch, ni Brandon Daniel Hearty, Canada

Kyiv Ukraine Temple, na nagwagi ng Purchase Award, ay idinisenyo muli sa colored paper ang ilang simbolong matatagpuan sa templo.

Si Brandon Daniel Hearty—taga-Alberta, Canada, na nagwagi ng Merit Award—ay gumamit ng oil portrait ng kanyang kalola-lolahan (*Matriarch*) bilang representasyon ng family history at kaugnayan ng mga henerasyon.

Sinabi ni Alexandra Gomez Chaves, ng Bogotá, Colombia, na ang paligsahan ay isang paraan ng pagpapatotoo. Nilikha niya ang kanyang sining na

Living Waters [Tubig na Buhay], na nagwagi ng Merit Award sa tulong ng kanyang ina, na pumanaw bago nagbukas ang exhibit.

“Ang mga taong nakakakita sa gawang-sining na ito . . . ay makikita ang patotoo na si Jesucristo at ang Kanyang ebanghelyo ay bukal ng tubig na buhay,” wika niya. “Sa sining na ito, makikita nila ang lubos na pagmamahal na maituturo ng isang ina sa kanyang mga anak dahil kinuha ng inang ito ang pitsel at sinabi sa kanyang anak na ituro ang ebanghelyo.”

Libreng pumasok sa exhibit, at hinihikayat ang mga patron na isama ang kanilang pamilya. Maaari silang bumoto sa paborito nilang gawang-sining, at anim na Visitors' Choice Awards ang ipagkaloob sa Setyembre, batay sa boto ng mga patron.


Hindi maglalaon, mapapanood na ng mga tao ang mga interbyu sa 11 iba't ibang artist na sumali sa paligsahan sa Church History website sa Ingles. Ipapalabas din ang mga video sa museo.

Ang Church History Museum ay nagpapalano rin ng isang online exhibit sa history.lds.org/artcompetition.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa exhibit, bisitahin ang history.lds.org o tumawag sa 801-240-4615. ■

Panawagan para sa mga Artikulo

Kalakihan: Kailangan ng mga kabataang lalaki ng magagandang halimbawa, hindi lamang mula sa mga magulang kundi maging mula sa mga lider. Kung minsan ay malaki ang kaibhang magagawa ng isang mabuting lider ng Young Men, guro sa Sunday School, o Scout leader. Noong bata ka pa, may lider ba sa ward ninyo na nagpabago sa buhay mo nang kaibiganin ka niya at maging mabuti siyang halimbawa? Ikuwento mo sa amin ang tungkol sa taong ito. Limitahan lamang ang iyong karanasan sa 500 salita, sulatan ito ng “Good Example,” at ipadala sa liahona@ldschurch.org bago sumapit ang Mayo 31, 2012. ■



Libingan sa Hardin, ni Linda Curley Christensen

“At kinuha ni Jose ang bangkay at bindalot niya ng isang malinis na kayong lino,

“At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang hinukay sa bato” (Mateo 27:59–60).

Nakahimlay ang katawan ng Panginoon sa libingan sa loob ng tailong araw, at pagkatapos Siya ay bumangon mula sa mga patay. Si Jesucristo ang unang taong nabuhay na mag-uli. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 15:3–4, 20–22).



Napakapalad natin, mga kapatid, na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nasa ating buhay at ating mga puso. Nagbibigay ito ng kasagutan sa malalaking tanong sa buhay. Ito ay nagbibigay ng kahulugan at layunin at pag-asa sa ating buhay,” sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa huling sesyon ng ika-182 Taunang Pangkalahatang Kumperensya. “Nabubuhay tayo sa magulong panahon. Tinitiyak ko sa inyo na alam ng ating Ama sa Langit ang mga pagsubok na kinakaharap natin. Mahal Niya ang bawat isa sa atin at nais na pagpalain at tulungan tayo.”

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

4
0210485893
6